ANG MENSAHE NG ISLAM

رسالة الإسلام باللغة الفلبينية

Ni

Abd Ar-Rahman bin Abd Al-Kareem Ash-Sheha

د. عبد الرحمن بن عبد الكريم الشيحة

Isinalin sa tagalog nina:

Ahmad Jibreel Salas
at Jamal Joves

(Revised Edition)

WWW.ISLAMLAND.COM


ISLAM LAND
GROW GOODNESS BY YOUR HAND
EXPLORE ISLAM IN ALL LANGUAGES
You Tube
WWW.ISLAMLAND.COM

ANG MGA NILALAMAN

Ang Mga Katagang Ginamit sa Aklat na Ito

(Sinipi mula sa Aklat ni Sheikh Mahmoud Murad na:
'Common Mistakes in Translation')

Rabb: Ang katagang Rabb ay kadalasang isinasalin ng iba bilang katumbas ng salitang Panginoon (Lord). Subali't, bukod sa katotohanang ang huli ay isang katagang ginamit sa Bibliya, ang katagang ito ay ginagamit din kapag tinutukoy si Propeta Hesus (عليه السلام) bilang kanilang Panginoon. Ang salitang Panginoon (Lord) ay isang kataga na ang karaniwang kahulugan nito ay nakahangga lamang sa isang "guro, pinuno, may-ari o tagapamahala", na sadyang kapos at kulang sa diwa o kahulugan kung ihahambing ito sa katagang Rabb sapagka't ang Rabb (na mula sa wikang arabik) ay mayroong malawak na kahulugan at kahalagahan. Ang ilang mahahalagang kahulugan ng Rabb ay ang Tagapaglikha, ang Tagapaghubog (Tagapag-anyo), ang Tagapanustos, ang Tanging Isa na inaasahan ng lahat ng mga nilikha upang patuloy na mabuhay, at Siya ang Tanging Isa na nagbibigay ng Buhay at nagdudulot ng Kamatayan. Sa aklat na ito, gagamitin natin ang katagang Rabb na may panaklong na (Panginoon) upang maging madali sa mga mambabasa.

1. **Deen**: Ang salitang Deen ay isinalin bilang Relihiyon, na sa wikang Arabik, ito ay karaniwang tumutukoy at nakaugnay sa isang Pamamaraan ng Buhay, maging ito man ay pansarili o pangkalahatan. Ito ay isang malawak na kataga na may kahulugan na: 'mga gawang pagsamba, ang mga kasanayang pampulitika, masusing alituntuning nauukol sa kagandahang-asal, kabilang na rito ang kalinisan at tamang pag-uugali'.

2. (ﷺ) **Sal'lal'laaho a'laihi wa sal'lam,** ay nangangahulugan na:, 'Nawa'y purihin at itampok ng Allah (ﷻ) ang kanyang pangalan (Propeta Muhammad (ﷺ) at pangalagaan at ilayo siya at maging ang kanyang pamilya laban sa anumang masamang bagay'.

3. (ﷻ) **Subhaanaho wa Ta'aala**, ay nangangahulugan na:, 'Siya ay Ganap na malayo at malaya sa anumang kakulangan, kapintasan at kamalian'.

PANIMULA

Ako ay magsisimula sa Ngalan ng Allah,
Ang Mahabagin, Ang Maawain

Lahat ng papuri at pagsamba ay nauukol lamang sa Allah (ﷻ[1]), ang Rabb ng mga Daigdig at nawa'y purihin at itampok ng Allah (ﷻ) ang pagbanggit sa huling Propeta (Muhammad, ﷺ) at iligtas siya at ang kanyang pamilya sa anumang pagkukulang at pangalagaan sila mula sa anumang kasamaan.

Ang Allah, ang Makapangyarihan ay nagsabi:

"Sabihin: (O Muhammad) O, Mga taong pinagkalooban ng (Banal na) Kasulatan! (Hudyo at Kristiyano) Halina sa isang salita na makatarungan sa amin at sa inyo: na wala tayong dapat sambahin maliban sa Allah, na hindi tayo mag-uugnay ng sinuman (bilang diyos bukod pa sa Allah), na wala tayong itatakdang (iba pang) mga Panginoon bukod sa Allah. Pagkaraan nito, kung sila ay magsilayo (at magsitalikod), inyong sabihin: 'Kayo ang saksi na kami ay Muslim' (mga taong sumusuko at sumasamba lamang sa Allah)." (Qur'an 3:64)

Ang Islam ay relihiyong batay sa likas na katuwiran ng tao. Ito ay nag-aanyaya sa mga Muslim at nananawagan sa kanila na magtanong tungkol sa mga bagay na hindi nila ganap na nauunawaan. Iminumungkahi sa kanila na humingi ng kaukulang kasagutan mula sa mga mapananaligan at maalam na awtoridad (may taglay na malawak na karunungan). Sa relihiyong Islam, walang nakalilito o himalang mga bagay at iminumungkahi sa lahat na kailangang magtanong tungkol sa mga paksa o bagay na hindi nauunawaan. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi :
"… Kaya, inyong tanungin yaong nakaaalam ng Kasulatan (ang mga maalam na tao) kung ito ay hindi ninyo nalalaman." (Qur'an 16: 43)

[1] (ﷻ) swt =Subhanahu Wa Ta'ala), ang ibig sabihin ay Luwalhati sa Kanya (Allah) ang Kataas-taasang Makapangyarihan.

Likas sa tao na maraming katanungan nabubuo sa kanyang isip na nangangailangan ng kaukulang kasagutan, mga kasagutan na sadyang makatuwiran at malinaw. At ang Qur'an ay nagbibigay ng mga kasagutan sa paraang makatuwiran, maliwanag at makatotohanan. Ang mga paksang maaari nating pagtuunan nang pansin ay mga ilang pangunahing katanungan tulad ng:

a. Tungkol sa pinagmulan ng tao; matatagpuan ang kasagutan nito mula sa Banal na Kapahayagan ng Allah (ﷻ) —ang Qur'an:

" At tunay nga na Aming nilikha ang tao mula sa hinangong luwad (tubig at lupa). Pagkaraan niyaon, ginawa Namin siyang isang Nutfah (pinaghalong patak ng semilya ng lalaki at babae at ito ay inilagak) sa isang matiwasay na sisidlan (sa sinapupunan ng ina). Saka, Aming ginawa ang Nutfah na isang Alaqah (namuong kimpal ng dugo, pagkaraan ang namuong kimpal ng dugo ay ginawa Naming isang Mudhgah (maliit na kapirasong laman), at mula sa maliit na kapirasong laman, ginawa Namin ang buto, at pagkaraan ay binalutan ang buto ng mga laman at pagkatapos ito ay lumitaw bilang isang bagong nilikha (ang sanggol). Kaya, Mapagpala ang Allah, ang Pinakamahusay na Manlilikha." (Qur'an 23: 12-14)

b. Tungkol sa katayuan ng tao sa sandaigdigan, at ang kanyang kalagayan mula sa mga ibang nilikha… Ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

"At tunay nga na Aming pinarangalan ang mga anak ni Adan at Amin silang dinala sa lupain at (ipinalaot) sa karagatan at pinagkalooban sila nang mabubuti at malilinis na bagay at pinili sila nang higit sa anupamang nilikha Namin nang may (tanda ng) kahigtang antas." (Qur'an 17:70)

c. Tungkol sa layunin ng pagkakalikha ng tao… Ang Makapangyarihang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

"At Aking nilikha lamang ang Jinn at Tao upang sila ay sumamba sa Akin. Wala Akong kahilingan sa kanila para sa ikabubuhay (nila o ng ibang nilikha) o humihiling sa kanila para pakainin (ang

kanilang sarili o ng ibang nilikha). Sapagkat, ang Allah ang Siyang nagbibigay (lahat) ng kabuhayan. Ang Panginoon ng Kapangyarihan, ang (Ganap na) Malakas." (Qur'an 51: 56-58)

Ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi rin:

"Inaakala ba ninyo na nilikha Namin kayo sa paglalaro lamang (na walang layunin) at hindi kayo magbabalik sa Amin (upang magbayad sala)? Higit sa Kataas-taasan ang Allah, Ang Tunay na Hari: 'La ilaha illa Huwa' (Walang ibang diyos na dapat sambahin kundi Siya (Allah), ang Panginoon ng Marangal na Trono!" (Qur'an 23: 115-116)

d. Tungkol sa Tagapaglikha, na Siyang Tangi at Nag-iisang Diyos na dapat sambahin at pasalamatan… ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

"Siya ang Allah, wala ng iba pang diyos na dapat sambahin maliban sa Kanya. Ang Lubos na nakaaalam sa lahat ng mga nakatago at nakalantad, ang Mahabagin, ang Maawain. Siya ang Allah, wala ng iba pang diyos maliban sa Kanya, Ang Nag-iisang Hari, Ang (Ganap) na Banal, ang Pinagmumulan ng Kapayapaan at Tanging Nag-iisang Ganap (malaya sa anumang kakulangan o kapintasan) ang Tagapagbantay ng Pananampalataya, ang Tagapagmasid sa lahat ng Kanyang mga nilikha. Ang Dakila sa Kapangyarihan, ang Kagila-gilalas (at hindi mapaglalabanan), ang Kataas-taasan. Luwalhati sa Kanya (mataas Siya) Higit kaysa kaninumang iniaakibat (o iniuugnay) sa Kanya. Siya ang Allah, Ang Tagapaglikha. Ang Pinagmulan ng lahat ng bagay. Ang Tagapagbigay anyo (hubog at hugis). (Taglay Niya at) Sa Kanya ang pagmamay-ari ng Naggagandahang Pangalan (at Katangian). Ang lahat ng nasa mga kalangitan at kalupaan ay lumuluwalhati sa Kanya: At Siya ang Makapangyarihan (at Nakapangyayari), Ang Tigib ng Karunungan." (Qur'an 59:22-24)

e. Tungkol sa pananagutan ng tao na dapat niyang tuparin at isagawa kaugnay ng mga bagay na nilikha ng Dakilang Allah (ﷻ) sa sanlibutan… ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

"O kayong mananampalataya! Magsikain kayo mula sa mga pinahihintulutang bagay na ipinagkaloob sa inyo, at maging mapagpasalamat sa Allah, kung tunay nga na kayo ay (tapat na) sumasamba sa Kanya." (Qur'an 2: 172)

f. Tungkol sa tunay na Relihiyon na dapat sundin at yakapin, na siyang tunay na landas na dapat tahakin tungo sa kaligayahan sa kabilang buhay… ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

"Ang sinumang humanap ng relihiyon maliban sa Islam (ang pagsunod at pagtalima sa Kalooban ng Allah), ito ay hindi tatanggapin sa kanya at sa kabilang buhay siya ay kabilang sa mga sawimpalad." (Qur'an 3:85)

"Katotohanan na ang relihiyon sa paningin ng Allah ay Islam (pagsunod at pagtalima sa Kanyang Kalooban)..." (Qur'an 3:19)

g. Tungkol sa landas upang makamtan ang kapayapaan ng puso at isip… ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

"At sila na nanampalataya at sila na ang mga puso ay natagpuan ang kapayapaan (at kapanatagan) sa pag-alaala sa Allah: Katotohanan, sa pagbibigay ala-ala (at paggunita) sa Allah, dito matatagpuan ang kapayapaan (at kapanatagan) ng puso. (Qur'an 13:28)

h. Tungkol sa kalagayan ng mga taong walang paniniwala sa Dakilang Allah (ﷻ) at sa Kanyang mga Banal na Kapahayagan… Siya ay (ﷻ) ay nagsabi:

"Datapwat sinuman ang tumalikod mula sa Aking Babala (o sa Aking Mensahe), katotohanan, mararanasan niya ang kahirapan ng buhay at Amin siyang bubuhaying Muli na bulag sa Araw ng Paghuhukom."
(Qur'an 20: 124)

i. Tungkol sa tadhana o kahihinatnan sa buhay ng tao… ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

"Bawat isa ay makararanas ng kamatayan. At sa Araw ng Pagkabuhay Muli lamang babayaran nang ganap ang inyong pinagpaguran. Sinuman ang nailayo sa Apoy at tinanggap sa Paraiso, siya ay tunay na nagtagumpay. Ang buhay sa mundo itong ay isa lamang nakapanlilinlang na (panandaliang) ligaya." (Qur'an 3: 185)

j. Tungkol sa muling paglikha sa tao (sa Araw ng Pagkabuhay Muli)… ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

"At siya (ang tao ay) nagbigay sa Amin ng isang talinhaga (at paghahambing) at (samantalang) kanyang nalimutan ang katotohanan ng kanyang (pinagmulan) pagkakalikha. At siya (ang tao) ay nag-aalinlangang nagsabi: Sino ang magbibigay ng buhay sa mga nangabulok na kalansay (at buto) na ito? Ipahayag mo (O, Muhammad) ang magbibigay buhay sa mga (buto't kalansay na) ito ay ang unang lumikha nito, sapagkat Siya ang lubos na Maalam ng bawat nilikha (Niya)." (Qur'an 36:78-79)

At sinabi rin ng Dakilang Allah (ﷻ):

"O, Sangkatauhan! Kung kayo ay nag-aalinlangan tungkol sa Pagkabuhay Muli, magkagayon, (inyong) pagmasdan! Nilikha Namin kayo mula sa alabok, pagkaraa'y mula sa (patak ng) punlay, pagkaraa'y mula sa (patak ng) dugo at mula rito ay kapirasong laman. At Aming pinapangyaring ito ay manatili sa sinapupunan para sa takdang panahon at pagkaraa'y Amin kayong iniluwal bilang bagong nilikha (mga sanggol)..." (Qur'an 22:5)

k) Tungkol sa magaganap pagkaraan ng kamatayan… ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

"Tandaan (Alalahanin!) Silang walang paniniwala mula sa mga taong pinagkalooban ng Banal na kasulatan (Hudyo at Kristiyano) at silang mga sumasamba sa diyus-diyusan (mga taong sumasamba sa mga nilikhang bagay; Propeta, santo, rebulto, imahen, hayop, o kapwa tao), ay mananatili sa Apoy ng Impiyerno. Sila ang pinakamasama sa lahat ng mga nilikha. At tandaan (at alalahanin) sila na may

pananampalataya (sa Allah) at nagsasagawa ng mga kabutihan, sila yaong pinakamabuti sa lahat ng mga nilikha. Ang kanilang gantimpala ay magmumula sa kanilang Panginoon—mga Hardin ng Eden (Paraiso) na sa ilalim nito ay may umaagos na mga ilog, doon sila ay mananatili magpakailanman. Ang Allah ay nagagalak sa kanila at ganoon din sila sa Kanya. Ito ay (nakalaan) para sa kanilang may taglay na "taqwa" (mapitagang takot, pagsunod at pagmamahal) sa kanilang Panginoon- (Ang Allah)." (Qur'an 98: 6-8)

Sa mga Minamahal na Mambabasa:

Ako ay nagpapatunay sa inyo na ang Islam ay nagtataglay ng mabisang lunas sa lahat ng suliranin na kinahaharap ng buong mundo sa kasalukuyan. Ang mundo ay nagtakda ng maraming simulain upang lunasan ang mga suliranin nito, nguni't bawa't panahon ang mga simulaing ito ay napatunayan o natagpuang hindi naaangkop sa lahat ng panahon at walang kakayahang lunasan ang anumang suliranin. Kung gayon, bakit hindi tangkilikin ng mga tao ang mga batas ng Islam sa kanilang pamumuhay upang makamtan ang makabuluhang pamamaraan ng kanilang buhay?

Sinabi ni G. C.E. Abdullah Archibald W. Hamilton; **"Nararamdaman ko na dapat akong sumulat at ipahayag ang aking damdamin ng pasasalamat sa lahat ng mga kapatid na Muslim, sapagka't nang ako ay yumakap sa Islam, sila ay naging mabait sa akin sa pamamagitan nang tapat na pagpapadala ng mga liham ng pagbati sa akin. Kinalulugod ko ang kanilang pagbati sa akin nang higit sa anumang salitang maaaring mamutawi sa aking mga labi. Pagkaraan ng huling digmaan, nang ang buong mundo ay unti-unting nakahulagpos sa pagdanak ng dugo, inakala ko na ang lahat ng kapayapaan at ang mga mabubuting ugnayan ay ganap nang naglaho. Subali't ang katotohanan nito, ang aking mga kapatid na Muslim mula sa ibat-ibang ibayo ng ikapitong dagat ay buong pusong naghatid sa akin ng tulong at pagdamay bilang kapatid… at ito ay nagbigay ng ibayong pag-asa at sigla sa akin. Ito ay nagpapatunay sa akin nang higit sa anupaman, na tanging ang Islam lamang ang makapagdudulot ng tunay na kapayapaan sa mundong ito.**

Mga Minamahal na Mambabasa:

Ikinalulungkot kong sabihin na may mga Muslim sa panahong ito na sadyang napaligaw sapagka't hindi nila isinasabuhay ang mga aral ng Islam; sila ay naturingan lamang bilang mga Muslim batay sa kanilang pangalan nguni't kapos sa diwa at kahulugan ng salitang "Muslim." Ang tunay na Muslim ay yaong buong pusong tumatalima sa lahat ng kautusan ng Banal na Qur'an at Sunnah ni Propeta Muhammad (ﷺ), bilang panuntunan ng kanyang pang-araw-araw na pamumuhay. Ang tunay na Muslim ay hindi yaong pumipili lamang ng mga bagay mula sa Islam na naaangkop sa kanyang sariling kapakanan at pagkaraan, tinatalikdan niya ang lahat ng kautusang pangkalahatan na hindi niya kinalulugdang gawin!

Hindi makatuwiran na iugnay ang relihiyong Islam sa isang partikular na bansa o lahi o angkan ng tao. At hindi rin naaangkop sabihin na ang lahat ng Muslim ay nabubuhay nang ayon sa Batas ng Islam. Sa katunayan, maraming Muslim sa kasalukuyan ang naliligaw at sadyang malayo sa pagsasakatuparan ng mga aral ng Islam. Ang Islam ay hindi, sa pag-aakala ng iba ay nauukol lamang sa pagsasagawa ng mga rituwal na gawain na ginagampanan sa isang takdang oras o panahon. Higit sa lahat, ang Deen (Relihiyon) na ito ay binubuo o kinabibilangan ng mga paniniwala, batas, pagsamba, pangangalakal o pakikipag-ugnayan. Ito ay Deen (Relihiyon) at isang pamamaraan ng pamamahala na sumasakop sa lahat ng aspeto ng buhay. Isang magandang puna hinggil sa Islam ay sadyang katotohanan nang ito ay kanyang sinabi na: **"Ang Islam ay isang dakila (napakagandang) relihiyon, kung isinasakatuparan lamang ang mga aral nito, sundin ang mga kautusan at iwasan ang mga (bagay na) ipinagbabawal nito."**

Sa kanyang aklat na '**Ano ang Islam**?' ni G. W. Montgomery Watt ay nagsabi; **"Ang diskriminasyon (kawalan ng pagkapantay-pantay) ay isa sa mga balakid na nararanasan ng mga mag-aaral ng Islam sa Europa o America. Kapag nagsimula siyang maglarawan sa Islam bilang "relihiyon ng Qur'an o isang relihiyon ng may 400 milyong Muslim sa ngayon', siya ay nagpapakilala ng isang uri na hindi naaakmang tawagin bilang isang uri ng 'relihiyon'. Sa kasalukuyang panahon, ano ba ang kahulugan ng 'relihiyon' sa mga taga-Kanluran? Sa kanilang pananaw, ang pinakamagandang kahulugan**

nito, sa isang karaniwang tao, ay ang paggugol sa loob ng ilang oras sa araw ng Linggo na nagbibigay ng suporta at lakas sa pakikipagharap nila sa mga suliranin ng kanilang buhay. At ito rin ang nagbibigay ng sigla sa kanila upang makipagkaibigan o makihalubilo sa ibang kilala o bantog na tao at nang sa gayon ay kanilang mapanatili sa lipunan ang antas ng kanilang makamundong kaligayahan at pagnanasa, at ito ay walang kaugnayan sa larangan ng pangangalakal, politika o kabuhayan. **Ang masama pa rito, ito ay nag-aanyaya ng pagmamalaki sa mga taong nakaririwasa at nasisiyahan sa pagyayabang. Isinasaalang-alang din ng ibang taga Europa ang relihiyon bilang bagay na itinatag ng mga mapagsamantala upang kasangkapanin ang mga karaniwang tao at mapailalim sa kanilang kapangyarihan.**

Tunay na may malaking pagkakaiba ang kahulugan ng talata ng Qur'an na nagsasaad na: '**Ang tunay na relihiyon sa (paningin ng) Allah** (ﷻ) **ay ang Islam**!' Ang salitang **'Deen'** ay isinalin at ipinalit sa katagang 'relihiyon' subali't sa katotohanan, ang '**Deen**' sa wikang Arabik ay tumutukoy sa isang Ganap na Pamamaraan ng Buhay. Hindi ito pansariling bagay para sa tao na nakahangga lamang sa kanilang buhay kundi ito ay may kaugnayan sa pansarili at pangkalahatan, isang bagay na humubog bilang isang ganap na pamamaraang kumikilala sa lahat ng aspeto ng buhay- mga paniniwala, pamamaraan ng pagsamba, politika, mga detalyadong alituntunin, kabilang na ang mga paksang itinuturing ng taga Europa bilang kagandahang-asal o pag-uugali, kalusugan at kalinisan.

Ang kabuuan ng Islam ay ipinahayag kay Propeta Muhammad (ﷺ) at ito ay hindi nagbago at nananatiling nasa ganap na kaayusan magpahanggang ngayon. Walang pagbabagong naganap. Ang nagkaroon lamang ng pagbabago ay ang mga tinatawag na Muslim na namumuhay nang lihis sa aral ng Islam. Kung ang isang tinatawag na Muslim ay nagkasala o nakagawa ng mga ipinagbabawal na bagay, hindi nangangahulugan na ang Islam ay umaayon o tinatanggap ang gayong gawain. Halimbawa, kung ang isang tao ay binigyan ng makinarya na may siping alituntunin na dapat sundin (manual of instructions) upang mapaandar niya ang makinarya. Nguni't hindi niya sinunod ang mga alituntunin (manual of instructions) at ang makina ay nasira, maaari ba nating sabihin na ang

aklat ay hindi tama? Maaari nating sabihin na ang taong binigyan ng aklat ay hindi nagtagumpay sa pagsunod niya sa naturang alituntunin (manual).

Aking inaanyayahan ang mga mambabasa sa aklat na ito na magkaroon ng malayang pag-iisip at hindi bunga o bugso ng damdamin upang sa gayon ang tunay na layuning matagpuan ang katotohanan ng Islam ay madaling matagpuan. Kaya naman, ang makatuwirang kaisipan ang nararapat na gamitin at hindi ang bugso ng damdamin. Dito nakasalalay ang ganap na pagkaunawa sa Islam. Ang pinakamagandang bagay na ipinagkaloob sa atin ng Allah (ﷻ) ay ang kaisipan at ang tamang paggamit ng katuwiran. Tulad ng nakasaad sa Qur'an;

"At kung sabihin sa kanila: Sundin kung ano ang ipinahayag ng Allah, sila ay magsasabi: 'Aming sinusunod kung ano ang natagpuan namin sa aming mga ninuno. Ano! Kahit ba ang kanilang mga ninuno ay mangmang (at salat sa kaalaman) at walang patnubay?" (Qur'an 2: 170)

Ang isang makatuwirang tao ay hindi tumatanggap ng isang bagay maliban na ito ay kanyang pag-aralan nang mahusay at unawaing mabuti. Kapag siya ay ganap na nasiyahan at napatunayan ang katotohanan at liwanag nito, hindi niya dapat kimkimin sa kanyang sarili lamang. Bagkus, nararapat niyang iparating ang kaalamang ito sa kanyang kapwa tao. Sa gayong paraan, ang mga taong mali ang pagkaunawa ay maitutuwid ito ayon sa aral at katuruan ng naturang paksa.
Sa huli, aking aaminin na hindi ko ganap na maibibigay (ang buong pagpapaliwanag) sa paksang ito sapagkat kung ating pag-uusapan ang Islam, ito ay binubuo ng malawak na paksa na tumatalakay sa lahat ng kalakaran ng buhay. Sa aklat na ito binigyang-diin ko ang pagpapaliwanag sa mga mahahalagang paksa na nauukol sa mga pangunahin o pundamental na aral ng Islam. Ang bawat paliwanag ay binigyan ko ng katibayan at patunay mula sa Banal na Qur'an at Sunnah ng Propeta (ﷺ). Maaaring ang mga ibang tao ay magsasabi na ang mga Batas ng Islam ay nakita na at pinaiiral na ng mga makabagong pamayanan. Magkagayon, ang mga alinlangan nila (na may layon maipaliwanag at maituwid ang pag-aakala na ang Islam ay galing sa makabagong batas at sistema) ay maaari ng isantabi, sapagkat nababatid natin ngayon na ang mga Batas ng Islam ay naroroon na, mahigit na labing-apat na raang taon na, at

mangyaring ang mga Batas na pinaiiral ng mga makabagong pamayanan ngayon ay hinango mula sa Islamikong Batas. Karagdagan pa rito, ang mga taga Silangan ay maraming dahilan at layunin sa pag-aaral ng Islamikong Batas.

Abdurrahman b. Abdul-Kareem al-Sheha
E-mail: info@islamland.com
www.islamland.com

Ang Paniniwala sa Nag-iisang Diyos – Allah (ﷻ)

Ang Islam, katulad ng mga ibang kilalang relihiyon ay binubuo ng iba't ibang aral at paniniwala na nangangailangan ng pagsunod at pagtalima ng mga mananampalataya nito at ang pagpapalaganap ng mensahe nito ay walang sapilitan. Ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi :

"Walang sapilitan sa relihiyon. Katotohanan ang tamang landas (katuwiran) ay naiiba sa maling landas (kamalian)..." (Qur'an 2: 256)

Ang Islam ay nag-uutos sa kanyang mga tagasunod na ipalaganap ang Islam sa mabuti at makatarungang paraan. Ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi :

"Anyayahan mo (O Muhammad) ang sangkatauhan sa Landas ng iyong Panginoon nang may Hikmah (karunungan at mahusay na pamamaraan) at makatuwirang pangangaral, at makipagtalo sa kanila sa paraang higit na mahusay…" (Qur'an 16:125)

Isang mahalaga at pangunahing prinsipiyo ng Islam ay ang paghihikayat na ang tao ay nararapat na maniwala sa Tanging Nag-iisang Diyos na Tagapaglikha (lamang) bago pumasok sa Islam; sapagkat kung ang kanilang pagyakap sa Islam ay bunga lamang ng pamimilit, magkagayon ang kanilang pananalita at mga gawain ay hindi umaakma sa kanilang paniniwala, at ito ay isang pagkukunwari sa Islam. Ang Islam ay mahigpit na nagbabala laban sa pagkukunwari, at itinuturing ito bilang malaking kasalanang higit pa sa kawalan ng pananampalataya. Ang Dakilang Allah ay nagsabi :

"Katotohanan, ang mga mapagkunwari ay nasa kailalimang (antas ng) Apoy…" (Qur'an 4 :145)

Ito ang tungkulin ng Sugo: ang ipalaganap ang mensahe sa mga tao at patnubayan sila tungo sa kabutihan at pagiging matuwid na hindi nangangailangan ng pamimilit. Ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

"At inyong sundin ang Allah at ang Kanyang Sugo (Muhammad), datapwa't kung kayo ay magsitalikod, samakatuwid, ang tungkulin lamang ng Aming Sugo ay ang ihatid nang malinaw (ang mensahe)". (Qur'an 64 :12)

Ang Mga Pangunahing Layunin ng Islam

Sa kanyang pananalita sa Mina[1] bilang Huling Hajj, ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi ;

"Alam ba ninyo kung anong araw ito? Sila (mga kasamahan) ay sumagot, 'Ang Allah at ang Kanyang Sugo ang higit na nakaaalam." Sinabi niya, 'Tunay na ito ang banal na araw [ang Araw ng Arafah sa Hajj]." Alam ba ninyo kung anong pook ito? Ang kanyang mga kasamahan ay sumagot; 'Ang Allah at ang Kanyang Sugo ang higit na nakaaalam." Ang sabi niya, 'Ito ang banal na pook (Makkah at

[1] Mina': isang kapatagan sa paligid ng Makkah.

ang kapaligiran nito). ‘Alam ba ninyo kung anong buwan ngayon? Sila (ang mga kasamahan) ay sumagot, ‘Ang Allah at ang Kanyang Sugo ang higit na nakaaalam. ‘Ito ang banal na buwan (ang buwan ng Dhul Hijjah, ang ika-12 buwan ng kalendaryo ng Islam), Katotohanan, ginawa ng Allah ang inyong buhay, ang inyong mga kayamanan, ang inyong dangal bilang banal at sagrado, tulad ng pagiging sagrado ng araw na ito, sa (sagradong) buwan na ito, at sa (sagradong) pook na ito. (Bukhari)

Ang pinakamahalagang layunin ng Islam sa panawagan nito at tunay na iniingatan ay ang pangangalaga sa Deen (Relihiyon), buhay, dangal, yaman, kaisipan, mga anak, at ang pangangalaga sa mga karapatan ng mga mahihina at may kapansanan. Tungkol sa pagiging sagrado ng buhay, ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

“At huwag kayong pumatay ng sinuman na ipinagbabawal ng Allah, malibang ito ay sa paraang makatarungan…” (Qur’an 17 :33)

Tungkol sa dangal ng yaman, ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

“At huwag ninyong kamkamin ang ari-arian ng iba nang walang katarungan…” (Qur’an 2 :188)

Tungkol sa pagiging sagrado ng dangal, ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

“At iwasang mahulog sa bawal na pakikipagtalik. Katotohanan, ito ay 'Fahishah' (isang uri ng pagsuway at malaking kasalanan), at isang masamang gawa (na magbubulid sa Impiyerno malibang siya ay patawarin ng Allah).” (Qur’an 17 :32)

Ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi rin:

“At sinuman ang nakagawa ng kamalian o kasalanan at pagkatapos ay ibinintang nito sa sinuman na walang kamuwangan, tunay na kanyang pinatawan ang kanyang sarili ng kasinungalingan at malinaw na kasalanan.” (Qur’an 4 :112)

Tungkol sa ipinagbabawal na paglabag hinggil sa lahi o angkan, ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi ;

"At kung siya ay tumalikod na sa iyo (O Muhammad), ang kanyang pagsisikhay sa kalupaan ay upang gumawa rito ng katampalasanan at kanyang wasakin ang mga pananim at hayupan, datapwa't ang Allah ay hindi nagmamahal sa mga kabuktutan." (Qur'an 2 :205)

Binibigyan nang higit na pangangalaga ng Islam ang karapatan ng mga mahihina, sapagka't sila ang lagi nang biktima ng pang-aabuso at pang-aalipusta. Sa ganitong kadahilanan, ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagbanggit ng ilang uri ng mahihina at ilang paraan kung paano sila nagagawan ng kamalian.

Tungkol sa mga magulang, ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi :

"At ang iyong Rabb (Panginoon) ay nag-utos na wala kang dapat sambahin maliban sa Kanya (Allah) At maging masunurin sa iyong mga magulang. Kung ang isa sa kanila o kapwa sila nasa katandaan, huwag silang pagsalitaan ng kawalan galang at huwag silang sigawan subalit' ikaw ay mangusap sa kanila sa paraang magalang (may pitagan)." (Qur'an 17:23)

At tungkol sa mga ulila, ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi ;

"Samakatuwid, ang mga ulila ay huwag apihin..." (Qur'an 93: 9)

Ang Islam ay nag-uutos na pangalagaan ang mga pag-aari ng mga ulila, ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"At iwasang mahulog sa (paggamit ng) ari-arian ng ulila maliban sa layon ng pagpapaunlad nito hanggang siya ay umabot sa tamang gulang (na may kakayahang pangasiwaan ang sariling buhay). At tuparin ang (bawat) kasunduan. Katotohanan, ang kasunduan, ay tatanungin." (Qur'an 17: 34)

Tungkol sa mga bata (anak), ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

"…At huwag kitlan ng buhay ang inyong mga anak nang dahil sa kawalan ng panustos (karukhaan). Kayo at ng inyong mga anak ay Aming pagkakalooban (ng ikabubuhay)." (Qur'an 6: 151)

Tungkol sa mga taong maysakit o karamdaman, ang Propeta ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

"Pakainin ang mga dukha (at mahihirap), dalawin ang mga may sakit at tulungang mapalaya ang mga bilanggo." (Bukhari)

Tungkol sa mga matatanda; ang Propeta ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

"Hindi nabibilang sa akin ang isang taong walang paggalang sa mga matatanda at walang awa sa mga bata at walang galang sa mga pantas." (Tirmidhi)

Tungkol sa mga dukha, ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"At huwag mong ipagtabuyan ang mga dukha (na namamalimos)." (Qur'an 93:10)

Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi:
"Sinuman ang nagbigay tulong sa kanyang kapatid sa oras ng kanyang pangangailangan (kagipitan), ang Allah ay naroroon sa oras ng kanyang pangangailangan (kagipitan)." (Muslim)

Marami pang mga magagandang kaugalian na ipinag-uutos ng Relihiyong Islam na dapat isabuhay ng mga Muslim na ginagawang dalisay ang bawat ugali at tinutulungan umunlad ang buong pamayanan.

Ang Mga Pangunahing Katangian ng Islam

Maraming malinaw na mga kapahayagan sa Qur'an at sa mga Hadeeth[2] ng Propeta (ﷺ) na nag-ulat na ang relihiyon ng mga Propeta ay nag-aanyaya sa isang dakila at pangunahing prinsipiyo, (i.e. ang Kaisahan ng Allah (ﷻ). Nagpadala ng mga Propeta ang Makapangyarihang Allah (ﷻ) sa sangkatauhan, at ang mga naunang mensahe ng bawat isa (Propeta) ay pinawalang-bisa ng mga sumunod dito, mula kay Noah hanggang sa pagdating ni Muhammad (ﷺ). Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi;

'Ang aking halimbawa at ang halimbawa ng mga Propetang nauna sa akin ay tulad ng isang taong nagtayo ng isang bahay, na kanyang itinayo at binuo nang maganda at mahusay maliban sa isang puwang ng isang tipak (ng bato); ang mga tao ay nagsisilibot sa bahay at napapatingin nang may paghanga sa kabuuan nito at nagsasabing, 'kung inilagay lamang sa puwang na ito ang tipak (ng bato)!' Ang

[2] **Hadeeth:** ang mga isinalaysay na gawain, pananalita at mga sinang-ayunan ni Propeta Muhammad.

Propeta ﷺ ay nagsabi: 'Ako ang puwang na tipak (ng bato) na iyon, at ako ang Huli sa (kawing ng) mga Propeta.' (Bukhari #3342)

Wala ng ibang bagong Propeta at Sugo ang darating pa mula sa Allah (ﷻ) pagkaraan ni Muhammad (ﷺ). Ang pagbabalik ni Hesus (عليه السلام) ay tanda lamang ng pagdating ng Huling Oras. Si Hesus (عليه السلام) ay babalik[3] dito sa lupa upang bigyang katarungan ang dating walang katarungang mundo. Siya ay hindi darating upang magtatag ng panibagong relihiyon, bagkus ipangangaral niya ang tanging isang relihiyon - ang Islam. Ang Propeta Muhammad (ﷺ) ay nagsabi:

"Ang Oras (Huling Araw) ay hindi maitatatag hanggat ang anak ni Maria (Hesus) ay darating sa inyo bilang makatarungang pinuno. Babakliin niya ang mga krus, papatayin niya ang mga baboy, aalisin niya ang Jizya[4], at ang salapi ay sasagana hanggang walang sinuman ang tatanggap pa nito." (Bukhari)

Ang lahat ng mga Propeta ay nag-aanyaya sa Kaisahan ng Allah (ﷻ) at itinatakwil ang pagbibigay katambal sa Kanya sa pagsamba at maging sa kapamahalaan. Sila ay nagkakaisang nagpahayag na ang Allah (ﷻ) ay malayo at malaya sa anupamang kakulangan o kapintasan. Sila ay nanawagan sa kani-kanilang mga mamamayan na sambahin ang Tanging Nag-iisang Diyos, ang Allah (ﷻ) na walang anumang tagapamagitan. Pinatnubayan nila ang sangkatauhan upang makamtan nila ang tunay na kaligayahan sa mundong ito at maging sa Kabilang Buhay. Tinuruan ang mga tao na magkakaroon ng magandang pag-uugali at kaaya-ayang galaw o kilos tungo sa pagpapaunlad ng sarili. Ang Dakilang Allah, (ﷻ) ay nagsabi:

"Ipinag-utos Niya sa inyo ang katulad ng relihiyon na ipinag-utos kay Noah at ipinahayag sa iyo (o Muhammad) at siya ring ipinag-utos kina Abraham at Moises at Hesus na nagsabing: 'Itatag ang relihiyon at huwag magkahiwalay mula rito. Karumal-dumal para sa mga

---

[3] Ang katuwiran dito ay hindi namatay si Hesus, tulad ng paniniwala ng mga Kristiyano at mga Hudyo, datapwat siya ay itinaas sa langit at hindi siya napatay ng mga Hudyo na kanilang inakala. Tinggnan ang Qur'an (4:157).

[4] Ang **Jizya** ay isang buwis na ibinabayad ng mayamang di Muslim sa pamahalaang Muslim.

sumasamba sa mga diyus-diyusan sapagkat sila ay naglalaan ng pagdalangin sa mga ito.” (Qur’an 42:13)

1) Pinawalang-bisa ang mga naunang yugto ng relihiyon at ang Islam ang siyang huling yugto nito. Hindi tatanggapin ng Allah (ﷻ) ang ibang relihiyon mula sa kanyang mga alipin. Ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

"At Aming ipinahayag sa iyo (O Muhammad) ang Aklat (Qur'an) sa katotohanan, na nagpapatunay sa mga Kasulatan na dumating nang una pa rito at bilang saksi rito." (Qur'an 5:48)

At dahil ang Islam ay siyang wakas at huling yugto ng Deen (Relihiyon), ang Allah (ﷻ) ay nangako na ito ay Kanyang (ﷻ) pananatilihin at pangalagaan mula sa lahat ng uri ng pagbabago hanggang sa Araw ng Pagbabayad, hindi tulad ng mga naunang yugto ng relihiyon na ipinadala sa natatanging panahon at sa mga natatanging tao. Ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

“Alalahanin! Kami, tunay na Kami ang nagpahayag ng Paala-ala at Babala (Qur’an) at katotohanan, ito ay Aming pangangalagaan.” (Qur’an 15:9)

Ang Sugo ng Islam na si Muhammad (ﷺ) ay siyang huli sa lahat ng Sugo (ﷺ). Wala ng darating pagkaraan niya. Ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

"Si Muhammad ay hindi ama ng sinuman sa inyo, datapwa't siya ang Sugo ng Allah at huli sa lahat ng mga Propeta…". (Qur'an 33:40)

Ito ay hindi nangangahulugan na hindi kinikilala ng Islam ang mga naunang mga Sugo o kapahayagan… bagkus, si Hesus (عليه السلام) ay nagdala ng mensahe sa kanyang mga mamamayan ng tulad ng mensaheng ibinigay ni Moises (عليه السلام) sa kanyang mga mamamayan; at si Muhammad (ﷺ) ay nagdala ng mensahe na siya ring mensaheng dinala ni Hesus (عليه السلام), at ito ay ang pagsamba lamang sa Allah (ﷻ) na hindi nagbibigay o nag-aakibat ng anumang bagay bilang katambal sa pagsamba sa Kanya.

Si Muhammad (ﷺ) ay ang huling Propeta at Sugo ng Allah (ﷺ). Ang mga Muslim ay pinag-utusan na maniwala sa lahat ng Sugo at sa mga Banal na Kapahayagan. Sinuman ang hindi naniwala sa mga ito, ay nasadlak sa kawalan ng pananalig o paniniwala at sa gayon, siya ay lumisan mula sa pagiging Muslim (ituturing na hindi tunay na mananampalataya). Ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"Katotohanan, yaong mga hindi nananampalataya sa Allah at sa Kanyang mga Sugo at nagnanais magbigay ng pagtatangi sa Allah at sa Kanyang mga Sugo na nagsasabing: "Kami ay naniniwala sa ilan (sa mga Sugo) subali't tinatanggihan (namin) ang iba," at (sila'y) nagnanais tumahak sa pagitang landas (ng paniniwala at kawalang ng paniniwala)[5]. Ang katotohana'y sila ay hindi (tunay na) mga mananampalataya. At Aming inihanda sa mga Kafir[6] ang isang kahiya-hiyang parusa." (Qur'an 4:150-151)

2) Binigyang kaganapan ng Islam ang mga batas na dala ng mga naunang Relihiyon. Ang mga batas na nauna ay nakaugnay at nag-ugat sa aspetong pang-ispirituwal na naglayon ng pagpapadalisay ng kaluluwa. Ang mga ito ay hindi tumatalakay sa pagsasaayos ng pang-material na bagay. Subali't ang Islam ay dumating upang gawing ganap at isaaayos ang kabuuang ng aspeto ng buhay. Ang Islam ay tumatalakay sa ugnayang relihiyon at makamundong gawain. Ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

---

[5] Ito ay isang babala sa mga mga Hudyo at Kristiyano, na tinaguriang "Angkan ng Kasulatan" sa Banal na *Qur'an*. Sila'y naniniwala sa ilang Propeta at tinatanggihan ang iba. Ang mga Hudyo ay naniniwala sa mga Propeta maliban lamang kay Hesus at Muhammad (ﷺ). Ang mga Kristiyano naman ay naniniwala sa mga Propeta subali't kanilang itinatakwil ang panghuli sa mga Sugo at Propeta na si Muhammad (ﷺ). Sinumang magtakwil kahit sa isa lamang sa mga Propeta ng Allah ay katunayang hindi naniniwala sa kanilang lahat, sapagka't isang kinakailangan sa sangkatauhan ang maniwala sa lahat ng Propeta at Sugong ipinadala ng Dakilang Lumikha – Allah. Sinumang magtakwil sa isa man sa mga Propeta dahil sa inggit, pagkiling at personal na kapritso, ipinakikita lamang niya na ang kanyang paniniwala sa ibang Propeta ay hindi totoo bagkus isang gawaing sumusunod lamang sa pagnanais at kapritso. Ang susunod na talata'y matutunghayan na sila'y hindi tunay na mananampalataya at dahil dito'y ang kanilang kahihitnatnan ay Impiyerno.

[6] **Kafirun**- Sa pananaw ng Islam, ang **"Kafir**" (isahan) ay may isang kahulugan, yaong taong tumatanggi at nagtatakwil sa katotohanan. Kaya, ang **Kafirun** o **Kuffar** (maramihan) ay mga taong walang paniniwala, pananampalataya, at pananalig sa Allah at sa mga Batas na ipinahayag Niya. Sila ay mga taong nagtakwil sa Kaisahan ng Allah (hindi kumikilala sa Allah bilang Tanging Isang Diyos na karapat dapat pag-ukulan ang Pagsamba, at hindi tinanggap ang Kapahayagan ng Qur'an at pinabulaanan ang pagiging tunay na Propeta ni Propeta Muhammad.

"…Sa araw na ito Aking binigyang ganap ang inyong relihiyon at ipinagkaloob ang kagandahang loob sa inyo at pinili ang Islam bilang inyong relihiyon." (Qur'an 5: 3)

Sa ganitong dahilan, ang Islam ay ang pinakamahusay na Deen (pamamaraan ng buhay). Ang Dakilang Allah (عَزَّ وَجَلَّ) ay nagsabi;

"Kayo (mga Muslim) ang pinakamabuting pamayanan na lumitaw para sa sangkatauhan; (sapagka't) inyong ipinag-uutos ang Ma'aruf (gawang kabutihan) at ipinagbabawal ang Munkar (gawang kasamaan), at kayo ay naniniwala sa Allah. At kung ang Angkan ng Kasulatan (Hudyo at Kristiyano) ay naniwala lamang, ito ay higit sanang mabuti para sa kanila. Mula sa kanila ay mayroon (din namang) Mu'min (mga tapat na mananampalataya), ngunit karamihan sa kanila ay Fasiqun (palasuway sa Allah at mapaghimagsik laban sa kautusan ng Allah)." (Qur'an 3:110)

3) Ang Islam ay pangkalahatang Relihiyon na ang mensahe ay nakalaan sa lahat ng tao, sa lahat ng pook at sa lahat ng panahon. Ito ay hindi ipinahayag para sa mga natatanging lahi, uri, bansa o panahon. Ito ang Deen (Relihiyon) na ang lahat ng tao ay pantay-pantay. Walang pagkakaiba batay sa kulay, wika, angkan o lugar, subali't ito ay batay sa isang uri ng paniniwala na siyang nagbubuklod sa lahat ng tao. Sinuman ang may pananampalataya sa Allah (عَزَّ وَجَلَّ) na Siya (عَزَّ وَجَلَّ) lamang ang Tunay na Rabb (Panginoon), na ang Islam ay ang tunay na Deen (Relihiyon) at si Muhammad ay huling Sugo (ﷺ), siya ay (kabilang na) isa ng Muslim. Ang Dakilang Allah (عَزَّ وَجَلَّ) ay nagsabi:

"At ikaw (O Muhammad) ay Aming isinugo bilang tagapagdala ng magandang balita at tagapagbabala sa Sangkatauhan..." (Qur'an 34: 28)

Tungkol sa mga naunang mga Sugo, sila ay ipinadala sa kani-kanilang pamayanan. Ang Dakilang Allah (عَزَّ وَجَلَّ) ay nagsabi tungkol kay Noah (عَلَيْهِ السَّلَامُ):

"Katotohanang Aming isinugo si Noah sa kanyang pamayanan!..." (Qur'an 7:59)

Tungkol kay Propeta Hud (ﷺ), ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

"At sa (Tribu ng) A'ad (Aming isinugo) ang kanilang kapatid na si Hud, Siya ay nagsabi: O aking mamamayan! Sambahin ninyo ang Allah! Wala kayong iba pang ilah (diyos) maliban sa Kanya…" (Qur'an 7:65)

Tungkol kay Salih (ﷺ), ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

"At sa (Tribu ng) Thamud (ay Aming isinugo) ang kanilang kapatid na si Salih. Siya ay nagbaya: O aking mamamayan! Sambahin ninyo ang Allah! Kayo ay wala ng iba pang ilah (diyos) maliban sa Kanya…" (Qur'an 7:73)

Hinggil kay Lut (ﷺ), ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

"At (alalahanin) si Lut, nang sabihin niya sa kanyang mamamayan: 'Inyo bang ginagawa ang pinakamasamang kasalanan, na wala pang sinumang nauna sa inyo sa lahat ng mga nilalang?" (Qur'an 7:80)

At tungkol kay Shu'aib (ﷺ), ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"At sa (mamamayan ng) Madyan (Midian) ay (Aming isinugo) ang kanilang kapatid na si Shu'aib, siya ay nagbadya: 'O aking mamamayan! Sambahin ninyo ang Allah, wala na kayong iba pang ilah (diyos) maliban sa Kanya…" (Qur'an 7:85)

Tungkol kay Moises (ﷺ), ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

"At pagkaraan nila (mga naunang Sugo) ay Aming isinugo si Moises na kasama ang Aming mga Tanda (Himala) kay Paraon at sa kanyang mga pinuno…" (Qur'an 7:103)

At hinggil kay Hesus (ﷺ), ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"At (alalahanin) nang si Hesus, ang anak ni Maria, ay nagsabi: 'O Angkan ng Israel! Ako ay isang Sugo ng Allah na ipinadala sa inyo,

na nagpapatunay sa Torah (mga Batas) na ipinadala (sa inyo) nang una pa sa akin…" (Qur'an 61:6)

Dahil sa katotohanan na ang Islam ay pangkalahatang relihiyon at ito ay nag-aanyaya sa buong sangkatauhan, ang Dakilang Allah ay nag-uutos sa lahat ng mga Muslim na iparating ang mensahe sa buong mundo. Ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

"Kaya't, ginawa Namin kayong isang makatarungang (at pinakamabuti) Ummah (pamayanan) upang kayo ay maging saksi sa sangkatauhan, at ang Sugo (Muhammad) ay maging saksi sa inyo." (Qur'an 2:143)

4) Ang mga batas at mga katuruan ng Islam ay nagmula sa Dakilang Allah (ﷻ) kaya naman walang anumang pagbabago sa mga ito. Hindi tulad ng mga batas na ginawa ng tao na laging nang may kamalian at kakulangan sanhi na rin ng maraming dahilan tulad ng kapaligiran, kultura, kaugalian at lipunan. Ito ay isang bagay na nasasaksihan sa kasalukuyan. Ang mga batas na ginawa ng tao ay lagi nang nangangailangan ng pagbabago at pagsusuri. Ang batas na angkop sa isang lipunan ay hindi naaangkop sa ibang lipunan at ang angkop sa ibang panahon ay hindi angkop sa ibang panahon. Katulad ng mga batas ng pamayanang Kapitalista na hindi angkop sa mga Komunista. Sinuman ang magnais magpanukala ng bagong batas sa isang pamayanan ay dapat niyang isaalang-alang ang paniniwala o hangarin o layunin ng madla. Karagdagan pa rito, ang isang taong maalam ay maaaring magbigay ng panukala at pagsalangsang o pagsalungat o karagdagan sa mga dating batas.

Tungkol sa mga batas ng Islam, ang mga ito ay itinuturing na banal at ganap, sapagkat ang gumawa nito ay ang Makapangyarihang Tagapaglikha (ﷻ) ng lahat ng mga bagay, Siya (ﷻ) ang nakababatid nang ganap kung ano ang mabuti sa tao sa natatanging panahon at kung ano ang mabuti sa kanilang pamumuhay. Walang sinuman ang maaaring magkaroon ng karapatang salungatin, baguhin, dagdaan o bawasan ang mga batas (ng Islam) maging anuman ang kanyang katayuan o kalagayan o pinag-aralan. Ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

“Sila ba, kung gayon, ay humahanap ng Hatol (batay) sa (panahon ng Jahiliyah [Kamangmangan[7]])? At sino ba ang nakahihigit sa Allah sa paghatol sa mga taong may matatag na pananampalataya?” (Qur’an 5:50)

5) Ang Deen (Relihiyon) na Islam ay isang Deen na ang mga paksa o nilalaman ay pangkalahatan, naaangkop sa lahat ng panahon at pook. Ito ay nagpapakilala ng mga pangkalahatang prinsipiyo at mga aral na hindi maaaring baguhin, ang mga (batas na) ito ay hindi kumukupas sa paglipas ng panahon o sa pagbabago ng pook o kalagayan ng mamamayan maging ito man ay mga alituntunin na tumatalakay sa mga paniniwala, tulad halimbawa ng paniniwala sa Allah (ﷻ), sa Kanyang mga Anghel, sa mga Kapahayagan, sa mga Sugo, sa Huling Araw, sa Kahihinatnan. O kaya naman hinggil sa alituntunin ng pag-samba, tulad halimbawa ng mga bilang ng 'rakah' (yunits) sa pagdarasal at ang mga oras nito, ang halaga na dapat ibibigay sa obligasyon ng Zakah (kawang-gawa) at kung kanino dapat ibigay, ang mga oras ng ubligadong pag-aayuno at ang mga katangian at patakaran sa 'Hajj' (paglalakbay sa Makkah).

Bawat bagong paksa, bagay o pangyayari ay nararapat na sinusuri batay sa Qur'an at sa mapananaligang Sunnah ng Propeta (ﷺ) upang ito ay mabigyan ng kaukulang pasiya pagkaraan ng masusing pag-aaral. Kung ang maliwanag na pasiya ng isang paksa, bagay o pangyayari ay hindi maaaring hanguin mula sa Qur'an at sa Sunnah ng Propeta (ﷺ), ang mga mapagkakatiwalaan (may ganap na takot sa Allah, ﷻ) at mabuting mga pantas o paham ay kailangan gumawa ng hakbangin (Ijtihad) sa bawat panahon kaakibat ng pagsaaalang-alang sa kapakanan ng mga Muslim batay sa kalagayan ng mga mamamayan at lipunan. Ito ay ginagawa sa pamamagitan ng masusing pagsusuri ng pangkalahatang kahulugan ng kapahayagan (talata o Ayaat[8] ng Qur'an) at pinag-aaralan mabuti ang ibat-

[7] Isinalaysay ni Ibn Abbas: Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi, “Ang kinamumuhiang tao ng Allah (ﷻ) ay tatlo: 1. Ang isang taong lumihis mula sa kagandahang asal, 2 Ang isang taong nagnanais na ang mga kaugalian sa panahon ng Jahiliyah (kamangmangan) ay manatili sa Islam ; 3. isang tao na naglalayong padanakin ang dugo ng sinuman kahit siya ay walang karapatan (na gawin ito).”

[8] **Ayaat**-ito ay isang salita sa wikang arabik na kadalasan ay tumutukoy sa mga tanda, kapahayagan, aral batas, at babala na ipinahihiwatig na Allah sa tao upang magkaroong ng pagkakataon na mag-isip, unawain at magnilay-nilay sa lahat ng oras. Maraming mga **palatandaan** o tanda na maaaring makita sa ating mga sarili at maging sa kapaligiran na nagbibigay pahiwatig na mayroong isang Makapangyarihang Diyos na dapat nating pag-ukulan ng pagsamba. Bukod sa mga **tanda**, mayroon

ibang simulain na hinango mula sa Qur'an at Sunnah; tulad ng mga sumusunod;

1. Ang lahat ng bagay ay pinahihintulutan maliban sa ipinagbawal ng Batas ng Islam.
2. Iniingatan at pinangangalagaan ang kapakanan.
3. Ang Islam ay magaan o maginhawa at madaling Deen (Relihyon) at naglalayong pawiin ang lahat ng kahirapan.
4. Ang lahat ng kahirapan o kapinsalaan ay pinapawi.
5. Hinahadlangan ang kasamaan, pinipigil nito ang pinag-uugatan upang hindi lumaganap.
6. May mga mahihigpit na pangangailangan o dahilan na maaaring pahintulutan ng batas ng Islam (tulad halimbawa sa maselang sakit o operasyon ng babaing maysakit, pinahihintulutan ang doktor na lalake sa tawag ng kaligtasan kung walang babaeng doktora na maaaring magsagawa nito.
7. Ang malubhang dahilan o pangangailangan ay pinahihintulutan ayon sa kalagayan. (halimbawa, kung ang isang tao ay nasa isang disyerto at walang anumang tubig na maaaring inumin, at mayroong isang inuming nakalalasing, ito ay maaari niyang inumin pansamantala habang wala pang tubig. Sa ganitong gipit na kalagayan, higit na nangunguna ang kaligtasan.
8. Ang pag-alis o pag-iwas sa kapinsalaan ay pinagtutuunan nang higit kaysa pagkakaroon ng kapakinabangan mula rito.
9. Sa isang gipit na pagkakataon, na kung walang pagpipilian sa dalawang kasamaan, dapat niyang piliin o gawin ang magaan na kasamaan sa dalawa.
10. Ang kasamaan ay hindi nararapat supilin ng parehong kasamaan.
11. Ang natatanging kasamaan ay dapat pigilin upang hindi lumala o makapinsala sa pangkalahatan.

---

ding mga **aral** na isinasalaysay sa atin upang maging pamantayan natin sa pagtahak sa landas ng buhay. Ang mga **kapahayagan** at **batas** naman ay nauukol sa mga banal na kasulatan na ipinagkatiwala sa mga Propeta at Sugo upang magbigay patunay tungkol sa katotohanan ng pagkakaroon ng Isang Diyos na Siyang nagbigay buhay sa atin kalakip ng tamang pamamaraan ng buhay upang sa gayon makamtan ng bawa't tao ang magandang buhay pagkaraan ng kamatayan at ang mga **babala** upang maiwasan ang anumang kapahamakan hindi lamang sa makamundong buhay kundi higit sa lahat ang walang hanggang hantungan ng Impiyerno.

Marami pang ibang mga panuntunan na tulad ng mga ito. Sa pagsasagawa ng Ijtihad, (ang mga paham/pantas) ay hindi dapat pangibabawan ng kaniang sariling hangarin o pithaya, o kaya naman ay gamitin niya ito sa pansariling kabutihan. Nararapat niyang gawin ang lahat sa kapakanan ng mga tao na hindi sumasalungat sa mga katibayan mula sa kapahayagan. Ito ay sa dahilang ang Islam ay naaangkop at tumutugma sa bawat panahon, at ipinagkakaloob nito ang pangangailangan ng bawat lipunan.

6) Walang mga diskriminasyon sa Deen (Relihiyon) ng Islam. Ang lahat ng alituntunin ay nababagay sa lahat, walang pagkakaiba sa pagitan ng mga mayayaman at mahihirap, ng mga matataas na tao at aba, ng namumuno at ang mga pinamumunuan, ang mga puti at itim. Ang lahat ay pantay sa pamamalakad ng batas ng Islam (Shari'ah).

Noong panahon ng Propeta (ﷺ), isang babae mula sa angkan ng Makhzoom at mula sa tribo ng Quraish (ang pinakamarangal na angkan ng mga dakilang tribo) ay nagnakaw. Ang mga ibang taong nakapaligid sa kanya ay nagsabi, **'Sino ang mamamagitan sa Sugo ng Allah** (ﷺ) **para sa kapakanan niya (babae)?'** Ang mga iba ay nagsabi, **'Sino pa ang may lakas ng loob kundi si Usaamah bin Zaid** (رضي الله عنه)**, ang pinakamamahal ng Sugo ng Allah** (ﷺ)**,'** Si Usaamah ay nagtangkang mamagitan, at ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi, **'Ikaw ay ba namamagitan sa isa sa mga itinakdang kaparusahan ng Allah** (عز وجل)**?'** Ang Propeta (ﷺ) ay tumayo sa pagkakataong iyon at nagsalita;

"O aking mamamayan, ang bagay na nakasira sa mga taong nauna sa inyo ay kung ang isang mataas o marangal na tao ay nagnakaw, hindi nila ito pinarurusahan, subali't kung ang isang dukha ay nagnakaw, minamabuti nilang ipataw ang kaparusahan na pinagtibay ng Allah (عز وجل) sa kanya. Ako ay nanunumpa sa Allah, na kung si Fatimah na anak ni Muhammad ay nagnakaw, puputulin ko ang kanyang kamay."[9] (Muslim)

7) Ang mga pinagmulang kapahayagan ng Deen (Relihiyon) ng Islam ay narito pa rin sa kasalukuyan na nasa orihinal na kaayusan, malaya sa anumang pagbabago, pagbabawas, pagdaragdag o pagpapalit. Ang

[9] Ang itinalagang kaparusahan ng Islam sa mga nagnakaw ay ang pagputol ng kamay.

pangunahing pinagkunan ng Deen ng Islam ay ang Qur'an at ang Sunnah ng Sugo ng Allah (ﷺ).

Ang Qur'an sa kasalukuyan ay nasa orihinal nitong anyo, tulad nang una itong ipinahayag kay Propeta Muhammad (ﷺ), na ang bilang ng mga titik, mga talata at mga kabanata ay hindi nagbago kahit munti man.

Ang Propeta (ﷺ) ay nagtalaga ng mga iskribo (manunulat) mula sa mga pinakamabubuti niyang kasamahan upang isulat ang mga ipinahayag sa kanya ng Allah (ﷻ), tulad nina Ali (رضي الله عنه), Mu'aawiyah (رضي الله عنه), Ubay bin Ka'b (رضي الله عنه) at si Zaid bin Thaabit (رضي الله عنه). Kapag siya ay nakatatanggap ng mga kapahayagan mula sa Dakilang Allah, inuutusan niya ang kanyang mga tagasulat na isulat ang mga naipapahayag, at sinasabihan kung saang kabanata ito nararapat. Naisaulo at naisulat ang buong Qur'an at maging sa puso ng mga Muslim.

Ang mga Muslim ay nagbigay ng malaking pagpapahalaga sa Aklat ng Allah (ﷻ). Sila ay nagpapaligsahan sa bawat isa na matuto at ituro ito, upang sa gayon ay makatanggap ng gantimpala tulad ng pangako ng Propeta (ﷺ);

"Ang pinakamabuti sa inyo ay yaong mga nag-aaral sa Qur'an at nagtuturo nito (sa mga tao)". (Bukhari)

Sila ay gumugugol ng panahon at yaman upang makapaglingkod, ingatan at isaulo ang Qur'an. Ang mga Muslim ay naghatid sa Qur'an mula sa mga unang nakaraang henerasyon hanggang sa mga bagong henerasyon, (isinaalang-alang na ang pagmemorya at pagbasa nito ay isang gawaing pagsamba). Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi ;

"Sinuman ang bumasa (bumigkas) ng isang titik ng Qur'an, siya ay makatatanggap ng sampung gantimpala. Hindi ko ibig sabihin na ang 'Alif Laam Meem' ay isang titik, subali't ang 'Alif' ay isang titik, ang 'Laam' ay isang titik at ang 'Meem' ay isang titik". (Tirmidhi)

Ang pangalawang batayan (Batas ng Islam) ay ang Sunnah ng Sugo (ﷺ) na tumayo bilang pagbibigay linaw at pagpapaliwanag ng Qur'an. Pinangalagaan ito ng Allah (ﷻ) mula sa anumang pagbabago at sa lahat

ng pagkasira o katiwalian sa pamamagitan ng mga mabubuti at mapagkakatiwalaang iskolar o maalam na Muslim na nagsakripisyo ng kanilang buhay upang pag-aralan ang mga tradisyon ng Sugo ng Allah (ﷺ), at ang mga kawing ng mga tagapagsalaysay, sinuri at masusing siniyasat kung ang mga sinasalaysay ay tunay nga (o maisasaalang-alang) na nagmula sa Propeta (ﷺ). Sinusuring mabuti ang lahat ng mga isinasalaysay kung ito ay nanggaling nga sa Propeta (ﷺ), at hindi tinanggap ang mga salaysay na walang matibay na batayan at hindi napatunayan. Ang mga salaysay na ito ay dumating sa ating panahon na malaya mula sa anumang katiwalian o kasinungalingan. Sinuman ang magnais manaliksik sa pamamaraang ginawa upang pangalagaan ang Sunnah (ng Propeta ﷺ), ay maaari silang sumangguni sa mga Agham ng Hadeeth. Magiging malinaw sa mga mananaliksik sa mga Agham na ito ay walang alinlangan tungkol sa mga isinalaysay na Hadeeth na umabot sa atin, at kanila ding mapag-aalaman ang malaking hirap na ginugol ng mga iskolar ng Islam sa paglilingkod upang mapanatili ang Sunnah ng Propeta (ﷺ).

8) Itinuturing ng Deen (Relihiyon) ng Islam na pantay ang lahat ng tao sa kanilang likas, maging ito man ay ukol sa kasarian, kulay o wika. Ang unang taong nilikha ng Allah (ﷻ) ay si Adan (عليه السلام). Siya ang ama ng sangkatauhan. At mula kay Adan nilikha ang kanyang asawa na si Eva, ang ina ng sangkatauhan, at mula sa kanilang dalawa, pinapangyaring dumami ang tao. Sa kanilang orihinal na likas, ang lahat ng tao ay magkakatulad. Ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi ;

"O sangkatauhan! Matakot sa inyong Rabb (sa pamamagitan ng pagtalima sa Kanyang kautusan), na Siyang lumikha sa inyo mula sa iisang tao (Adam), at mula sa kanya ay nilikha Niya ang kanyang asawa [Hawwa (Eba)], at mula sa kanila'y nilikha Niya ang maraming kalalakihan at kababaihan. At matakot sa Allah na Siyang hinihingan ninyo (ng inyong mga karapatan) sa isa't isa, at (huwag putulin ang ugnayan) ng mga sinapupunan[10] (kamag-anakan). Katiyakan, ang Allah ay Lagi nang Nakamasid sa inyo...." (Qur'an 4:1)

[10] Ang pagbibigay ng pitagan, paggalang at pagpapanatili ng pagkakamag-anak ay labis na ipinag-uutos ng Islam. Si Propeta Muhammad (ﷺ) ay nagsabi: *"Sinumang sumira (pumutol) sa pakikitungo sa kamag-anakan ay hindi makapapasok sa Paraiso"*. (Bukhari at Muslim)

Si Propeta Muhammad (ﷺ), ay nagsabi:

“Katotohanan na inalis ng Allah sa inyo ang (iba't ibang uri ng) pagmamalaki (na inyong naramdaman) sa panahon ng kamangmangan bago dumating ang Islam, at ang kamangmangan sa pagkakaroon ng pagmamalaki sa inyong lahi. (Ang mga tao ay dalawang uri) ; ang sumasampalataya na may takot sa Allah at ang taong walang paniniwala na isinumpang makasalanan. Ang lahat ng tao ay anak ni Adan at si Adan ay (nilikha mula sa) alabok.” (Tirmidhi)

Ang mga tao na nabubuhay at mabubuhay pa sa mundong ito ay mula sa lahi ni Adan. Sila ay nagsimula sa iisang Deen (Relihiyon) at mayroong silang iisang wika nguni't dahil sa pagdami ng tao sila ay nangagkalat sa ibat ibang dako ng mundo at lupain. At ito rin ang dahilan kung bakit nagkaiba ang kulay at likas ng tao (bunga ng kapaligiran) at nagkaroon ng ibat-ibang wika. At ito ang pinagmulan ng iba’t ibang kaisipan, pamamaraan ng pamumuhay at paniniwala. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

“Ang sangkatauhan (noon) ay nag-iisang pamayanan (isang relihiyon) lamang (nang malaunan) sila ay nagkaiba-iba; at kung hindi lamang para sa isang Salita na inilahad noon ng iyong Panginoon, marahil malaon nang nalutas sa pagitan nila ang tungkol sa anumang kanilang ipinagkaiba." (Qur'an 10:19)

Sa mga aral ng Islam ay naglalagay sa tao sa pantay na katayuan na hindi isinasaalanag-alang ang kanilang kasarian, lahi, wika o pook. Lahat ay pantay sa paningin ng Allah (ﷻ). Sila ay nagkaiba lamang sa pagsasagawa at pagsasakatuparan sa Deen ng Allah (ﷻ). Ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

“O sangkatauhan! Alalahanin! Nilikha namin kayo bilang lalaki at babae at ginawa Namin kayong isang pamayanan at lahi upang kayo ay mangagkakilala. Alalahanin! Ang pinakamarangal sa inyo sa paningin ng Allah ay yaong mayroong magandang asal...” (Qur’an 49: 13)

Batay sa pagkapantay-pantay na kinilala ng Islam, lahat ng tao ay pantay sa karapatan sa kalayaan na pinangangalagaan ng Islam at hindi

pinahihintulot ang makahayop na kalayaan; tulad ng pagsasagawa ng kahit na anong nais gawin.

Sa Islam ang Lahat ng Tao ay may Karapatan at Kalayaan

A) Kalayaan sa pag-iisip at pagpapahayag ang sariling opinyon. Ang Islam ay nanghihimok sa kanyang mga tagasunod na magsabi ng katotohanan at ipahayag ang kanilang kaisipan tungkol sa anumang bagay – lalu na ang mga nakabubuting paksa na dapat bigyang-pansin na walang dapat pangambahan. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi;

"Ang pinakamabuting pagsasagawa ng jihad[11] ay ang pagsasabi ng katotohanan sa harapan ng isang mapaniil at mapang-aping pinuno." (Abu Dawud)

Ang mga kasamahan ng Sugo ng Allah (ﷺ) ay patuloy na tinatangkilik ang prinsipiyong ito. Minsan, may isang tao ang nagsalita kay Omar bin Khattab (رضي الله عنه) na nagsabing: **'Matakot ka sa Allah, O pinuno ng mga Mananampalataya!' Ang isang tao ay nagprotesta at nagsabing; 'May lakas ka ng loob na magsabi sa pinuno ng mga Mananampalataya, na matakot sa Allah?', Sa pagkakataong iyon si Omar ay nagsabi: "Hayaan mong sabihin niya, dahil wala kang halaga kung hindi mo sasabihin sa amin iyan, at kami ay wala rin halaga kung hindi namin tatanggapin ito."**

Sa isa pang pagkakataon, si Ali (رضي الله عنه) ay humatol sa isang partikular na bagay na batay sa kanyang sariling opinyon. Nang si Omar, رضي الله عنه (na siyang pangalawang Khaleefah[12] nang panahong iyon) ay tinanong kung ano ang kanyang masasabi sa pasiya (ni Ali, رضي الله عنه), at siya ay sumagot, **'Kung ako ang tinanong hinatulan ko sana ng (ganito at ganito…)'**. At nang siya (رضي الله عنه) ay tinanong bakit hindi siya nakipagtalo kay Ali (رضي الله عنه) dahil siya ang pinuno ng mga Matatapat, siya ay sumagot; **"Kung ang bagay na ito ay mababasa sa Qur'an at Hadeeth, akin itong tatanggihan. Nguni't ito ay isang bagay na batay lamang sa kanyang sariling opinyon at ang opinyon ay karaniwan na maaaring ito ay tama o mali, at sinuman ay**

---

[11] **Jihad:** ang pagsisikhay para sa kapakanan ng Allah upang ang Kanyang Salita at Deen (Relihiyon) ay maging Dakila.

[12] **Khaleefah:** ang kahalili ng Propeta (ﷺ) sa pamumuno sa mga Muslim.

hindi nakatitiyak kung aling pananaw ang higit na tama sa paningin ng Allah."

Bawat isa ay may karapatan at malayang magkaroon ng sariling ari-arian at legal na hanap-buhay. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"At huwag ninyong pag-imbutan ang mga bagay na ipinagkaloob ng Allah sa iba nang higit sa inyo. Sa mga kalalakihan ay mayroong gantimpala mula sa kanilang pinagpaguran at (gayon din) sa kababaihan ay mayroong gantimpala mula sa kanilang pinagpaguran…" (Qur'an 4: 32)

B) Bawat isa ay may karapatan at malayang magsikhay ng karunungan o edukasyon. Ayon sa Sugo ng Allah (ﷺ) na nagsabi:

"Ang paghahanap ng kaalaman ay isang tungkulin ng bawat Muslim." (Ibn Maajah)

C) Bawat isa ay may karapatang gamitin ang mga mabubuti at likas na yaman ng mundong ito na ipinagkaloob ng Allah (ﷻ) batay sa alituntunin ng Deen (Relihiyon). Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

"Ginawa Niya ang kalupaan upang sumailalim sa inyong kapamahalaan (makalakad, makapamuhay at makapagtanim atbp. dito), kayat humayo sa landas nito at kumain sa Kanyang biyaya. At sa Kanya ang pagkabuhay muli (ng mga patay)." (Qur'an 67: 15)

D) Bawat isa ay may karapatang mamuno sa isang lipunan kung siya ay karapat-dapat at may kakayahang pasanin ang tungkuling nakaatang sa kanya. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

"Kung ang isang tao na binigyan ng kapamahalaan para sa mga Muslim nguni't siya ay gumawa ng pandaraya o panlilinlang siya ay papasok sa Impiyerno." (Ahmed)

Itinuturing ng Islam na isang pagtataksil ang ipinagkaloob ang Tiwala ng Allah (ﷻ) isang taong hindi nararapat (hindi marunong), at ito ay isang

palatandaan na ang wakas ng mundo at ang Araw ng Pagbabayad ay nalalapit na. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi:

“Kung ang tiwala ay pinagtaksilan (itinakwil), magkagayon maghintay sa pagdating ng Oras (Huling Araw). Ang isa sa kanyang mga kasamahan ay nagtanong, ‘Papaano ito pinagtaksilan (itinakwil) O Sugo ng Allah?’ Siya ay sumagot, ‘Kung ang kapangyarihan o pamumuno ay maibigay sa hindi nararapat, magkagayon hintayin ang pagdating ng Oras”. (Bukhari)

E) Ang Islam ay walang independiyenteng ispiritwal na namumuno na may ganap na kapangyarihan katulad ng ibang relihiyon. Sapagkat, katotohanan na inalis ng Islam ang anumang tagapamagitan sa tao at Diyos (Allah). Isinusumpa ng Allah (ﷻ) ang mga nang-iidolo sapagkat kanilang sinasamba ang mga tagapamagitan sa pag-aalay ng pagsamba. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

“Katiyakan, ang Deen (Relihiyon) ay tanging para sa Allah lamang. At sila na tumatangkilik sa iba pang Auliya (mga tagapangalaga at tagapagtangkilik) bukod pa sa Kanya (ay nagsasabi): 'Sila ay aming sinamba lamang upang mapalapit kami sa Allah.” (Qur’an 39:3)

Pagkaraan, ang Allah (ﷻ) ay binigyang liwanag ang kataotohanan ng mga namamagitan na wala silang kakayahan na magbigay ng ikabubuti o ikasasama, at hindi rin mapangalagaan ang kanilang mismong sarili. Sila ay mga nilikha lamang. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

“Alalahanin! Yaong inyong dinadalanginan bukod sa Allah ay aliping katulad ninyo. Kayat tawagin sila ngayon at hayaang sumagot sa inyo, kung kayo nga ay makatotohanan.” (Qur’an 7: 194)

Kaya ang Islam ay nagtatag at nagpatibay ng isang konsepto ng tuwirang ugnayan ng tao at Allah (ﷻ). Ito ay batay sa ganap na paniniwala sa Allah (ﷻ) bilang nag-iisang Diyos na dapat sambahin at humaharap lamang sa Kanya (ﷻ) nang tuwiran sa paghingi ng mga pangangailangan ng bawat isa at kapatawaran, tulong at mga panustos na walang ibang tagapamagitan. Ang sinumang nakagawa ng kasalanan ay nararapat lamang humingi ng kapatawaran, itaas ang mga kamay at buong

pagpapakumbaba sa harap ng Allah (ﷻ), kahit kailan at kahit saan man siya naroon. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

"Sinuman ang nakagawa ng kasamaan o kasalanan laban sa kanyang kaluluwa at pagkaraa'y humingi ng kapatawaran ng Allah, kanyang matatagpuan ang Allah na mapagpatawad at Maawain." (Qur'an 4: 110)

Sa Islam, ay walang pari, obispo o papa na nagbibigay ng pahintulot o pagbabawal nang ayon lamang sa kanilang sariling pagpapasiya. Walang may karapatang magpatawad ng kasalanan ng iba o gumawa ng bagong alituntunin at batas sa Deen (Relihiyon), o baguhin ang kanilang paniniwala. Ang karapatan ng paggawa ng batas ay sa Allah (ﷻ) lamang. Tulad ng paliwanag ng sumusunod na kabanata :

"Sila (Hudyo at Kristiyano) ay nagtuturing sa kanilang mga 'rabbi' (maalam na tao sa relihiyon) at ng mga monako (pari) bilang Panginoon maliban pa sa Allah." (Qur'an 9: 31)

Si Propheta Muhammad (ﷺ) ay nagpaliwanag,

"Sila (mga Hudyo at Kristiyano) ay hindi sumamba sa mga ito (tulad ng pagdalangin sa mga ito atbp.), subali't nang (ang mga pari at rabbi) ay gumawa ng mga bagay na pinahintulutan, sila ay sumunod lamang, at nang sila ay gumawa ng pagbabawal na bagay, sila ay sumunod sa ipinagbabawal sa kanila." (Tirmidhi)

F) Ang Islam ay nagbigay ng tiyak na karapatan sa bawat isa sa lipunan, bawat isa ay ayon sa ibat-ibang tungkulin na ginagampanan sa pamayanan. Ito ay upang maging mahusay ang pamumuhay at mapabuti ang kaugalian ng lahat, nang sa gayon ay makinabang ang lahat sa (pamamaraan) ng Deen. Ang mga magulang, mga anak, kamag-anak, mga kapit-bahay, mga kaibigan atbp, ay mayroong katiyakang karapatan na ipinapatupad ng Islam. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

"Sambahin ninyo ang Allah at huwag kayong magtambal ng anuman sa Kanya. Maging magalang kayo sa inyong mga magulang, kamag-anak, at mga ulila, mga nangangailangan, at maging sa inyong mga

kapitbahay na inyong kaanak at mga hindi kaano-ano, at ganoon din sa mga naglalakbay at napadpad sa inyong lugar, at maging sa mga alipin na inyong pinamamahalaan. Katotohanan! Hindi minamahal ng Allah ang mga mapagmataas at mayayabang.” (Qur’an 4:36)

Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi:

“Huwag mainggit sa isa't isa, huwag purihin ang isang bagay na itinitinda kung hindi ito bibilhin, huwag magalit o makipag-away sa isat-isa, at huwag magtakwil sa bawat isa o putulin ang pagkamag-anakan, at huwag mag-alok ng mababang halaga ng isang bagay sa inyong kapatid na alam ninyong siya ay may kasunduan na sa iba. Datapwat maging alipin ng Allah at dapat maging tunay na kapatid sa bawat isa. Ang Muslim ay kapatid ng isang Muslim, siya ay makatarungan sa kanyang kapatid, siya ay hindi nagtataksil, hindi nagsisinungaling at hindi minamaliit ang kanyang kapatid. Ang kabanalan at ang pagka-matakutin sa Allah ay naririto (itinuro ang kanyang puso ng tatlong beses). Itinuturing ng napakasama ang hamakin ang kanyang kapatid na Muslim. At ipinagbabawal ang paglapastangan laban sa dugo ng kanyang kapatid na Muslim, laban sa kanyang kayamanan at dangal”. (Muslim)

At sinabi rin ng Propeta (ﷺ):

“Hindi kayo magiging tunay na mananampalataya hanggang hindi ninyo minamahal ang inyong kapatid nang tulad ng pagmamahal ninyo sa inyong sarili.” (Bukhari)

Kahit na ang mga taong nagpapakita ng laban sa Islam ay may karapatan. Si Abu Azeez bin Umair (رضي الله عنه), ang kapatid ni Mus’ab bin Umair (رضي الله عنه) ay nagsabi;

“Ako ay nabihag sa panahon ng digmaan ng Badr, at narinig ko ang Propeta na nagsabi; ‘Pagsilbihan ang mga bilanggo nang mahinusay sa grupo ng mga ‘Ansaar[13]’, at nang sila ay kumain ng tanghalian at

[13] **Ansaar**: ang literal na kahulugan ay, ang Katulong. Ang mga Muslim ng Madinah na malugod na tumanggap sa Propeta (ﷺ) at sa kanyang mga kasamahan.

hapunan, sila ay kumain lamang ng datiles at pinakain ako ng tinapay[14], dahil sa kautusan ng Propeta sa kanila.” (Tabaraani)

Ang Deen ng Islam ay nagbigay katiyakan sa karapatan ang mga hayop. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi:

“Sinuman ang pumatay ng ibon o anupamang hayop ng walang tiyak na karapatan, tatanungin siya ng Allah tungkol dito. Siya ay tinanong; ‘O Propeta ng Allah! Ano ang katiyakan niyang karapatan?’ Siya ay sumagot, ‘Siya ay patayin upang kainin… at huwag putulin ang ulo, at itapon ito!’” (Targheeb)

Nang madaanan ng Propeta (ﷺ) ang isang kamelyong patpatin dahil sa gutom, siya ay nagsabi;

“Matakot sa Allah nang dahil sa ganitong (kalagayan ng) hayop, na hindi masabi ang kanilang karapatan. Kung sila ay inyong sasakyan, dapat pakainin nang maayos (upang maging malakas sa gawain), at kung sila ay para sa pagkain, dapat silang pangalagaan nang mabuti (upang maging mataba at malusog).” (Abu Dawud)

Ang Islam ay gumawa ng alituntunin (batas) tungkol sa tunay na karapatan upang ibigay ng isang tao sa isang samahan, at may ibang karapatan na dapat ibigay ng samahan sa bawat tao. Dapat isaisip ng isang tao ang kapakanan ng samahan at gayun din ang pangkat ay dapat isipin ang kapakanan ng bawat tao. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi;

“Ang mga mananampalataya ay katulad ng isang matatag na gusali, ang bawat isang adobe ay nagpapatatag sa bawat isa (At kanyang pinagkurus ang kanyang mga daliri upang ilarawan ang kanyang nais sabihin). (Bukhari at Muslim)

Subali't sa pagkakaroon ng di-pagkakaunawaan tungkol sa dalawa o higit pang kapakinabangan, ang kapakinabangan para sa karamihan ay higit na mangingibabaw kaysa sa kapakinabangan ng isa; katulad halimbawa ng isang bahay na luma at malapit ng gumuho ay nararapat gibahin upang

[14] Ang mga Arabo ay umaasa o nagdedepende sa datiles kung wala ng ibang makain.

hindi na makapinsala pa sa mga nagdaraan, at kailangan bayaran ang may-ari ng kaukulang kabayaran.

9) Ang Islam ay Deen ng Awa, Habag at Pagdadamayan at ito ay nagtuturo na dapat talikdan ang kalupitan at kagaspangan. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

"Ang Mahabagin (Ar-Rahmaan) ay nagpapakita ng habag sa mga mahabagin. Magpakita ka ng habag sa mga tao dito sa mundo, at ikaw ay kahahabagin ng Isang nasa itaas ng mga kalangitan. Ang nakapapaloob (Ar-Rahim) ay mula sa Aking Pangalan na Ar-Rahmaan. Sinuman ang nagpapanatili ng ugnayan (ng pagkakapatid o pagkakamag-anak), ang habag ng Allah sa kanya ay magpapatuloy, subali't sinuman ang pumutol ng ugnayan, mapuputol din ang habag ng Allah sa kanya." (Tirmidhi)

Ang habag sa Deen ng Islam ay hindi lamang para sa mga tao, datapwa't ang habag ay dapat ding ipakita sa mga hayop. Ang isang babae ay pumasok sa Impiyerno sa dahilang pinahirapan niya ang isang pusa. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi:

May isang babae ang pinarusahan dahil sa isang pusa. Ikinulong niya ito hanggang mamatay, kaya siya ay napunta sa Impiyerno sanhi nito. Hindi niya ito binigyan ng pagkain o inumin, ikinulong ito at hindi pinalaya upang kumain ng anumang insekto sa lupa." (Bukhari)

Ang pagiging maawain at mabait sa mga hayop ay isang paraan upang makapasok sa Paraiso. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

"May isang taong nangangalakal at nakaramdam ng pagkauhaw. Nadaanan niya ang isang balon at bumaba dito at uminom mula rito. Sa kanyang paghahon nakita niya ang isang aso na nakalabas din ang dila na sumisipsip ng putik nang dahil sa pagkauhaw. Ang tao ay nagsabi sa kanyang sarili na ang aso ay nauuhaw ding katulad niya kaya ito ay muling bumaba sa balon at nilagyan niya ng tubig ang kanyang sapatos at ibinigay niya ito sa aso. (Dahil dito) pinatawad ng Allah ang kanyang mga kasalanan." Ang Sugo ng Allah ay tinanong: 'O Sugo ng Allah kami ba ay gagantimpalaan sa pagiging mabait sa

mga hayop?' Siya ay sumagot: "Tunay na mayroong kabayarang gantimpala (sa pagiging mabait) sa bawat nilikhang may buhay." (Bukhari)

Kung ang Islam ay nagpapakita ng habag sa mga hayop, mas higit pa dito ang habag na ipakikita sa mga tao na minamabuti at binigyan ng higit na dangal ng Allah (ﷻ) kaysa sa ibang nilikha? Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

"Katotohanan, Aming binigyan ng karangalan ang mga anak ni Adan. Amin silang dinala sa mga lupain at (ipinalaot) sa karagatan at pinagkalooban ng magandang kabuhayan para sa kanila. At Amin silang pinili higit sa kaninomang Aming nilikha na may tanda ng kahigtan." (Qur'an 17: 70)

10) Ang Islam ay hindi ipinapahintulot ang Monastisismo, ang hindi pag-aasawa (celibacy), ang at pagtanggi sa mga kasayahan ng mabuting bagay dito sa mundo. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

"Huwag gawing mahirap ang mga bagay para sa inyong sarili, dahil sa katotohanan ang mga taong ginagawang mahirap ang mga bagay, gagawin ng Allah sa kanila na maging mahirap nga ang mga bagay, at ito ang mangyayari sa kanilang lugar ng pagsamba at sa kanilang tahanan[15]. (Pagkaraan idinalit niya ang mga sumusunod na taludtod):
"…datapwa't ang hindi pag-aasawa na itinalaga nila sa kanilang sarili (na walang batayan); ito ay hindi Namin iginawad sa kanila, subali't (ito ay pinaghanap) upang bigyang-lugod ang Allah sa pamamagitan nito, nguni't hindi nila nagawa sa tamang pagganap…" (Qur'an 57:27)

Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi;

"Kayo ay magsikain, uminom at magbigay ng kawanggawa na hindi nagmamalabis o may pagmamalaki at kapalaluan. Katunayan gusto ng Allah na makita sa Kanyang mga alipin ang pagtatamasa ng Kanyang kagandahang-loob." (Haakim)

---

[15] Abu Dawood

Sa ganitong pagkakataon, ang Islam ay hindi nagpapahintulot sa isang tao na magpapasasa sa makamundong bagay o kaya ay maging abala sa kanyang sariling pithaya at kasiyahan na walang patnubay. Subali't, ito ay Deen ng kainaman na siyang gabay at timbangan ng isang tao sa gitna nitong mundo at ng sa kabilang buhay; kaya naman ang mga ito ay komplimentaryo o ng bawat isa.

Ang Islam ay nag-aanyaya na gawin pantay ang pagtatamasa ng katamtamang para sa pangkatawan at sa kaluluwa. Halimbawa kung ang isang Muslim ay abala sa paghahanap-buhay, siya ay pinapaalalahanan na maghanap din para sa kanyang kaluluwa sa pamamagitan ng pagsamba. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"**O kayong mga nagsisisampalataya (mga Muslim)! Kung ang panawagan sa pagdarasal sa araw ng Biyernes (Al-Jumuah) ay ipinagbadya sa inyo, magmadali sa pag-aala-ala sa Allah at talikdan ninyo ang kalakal (at iba pang bagay), ito ay higit na mainam sa inyo kung inyo lamang nalalaman."** (Qur'an 62:9)

Karagdagan dito, kung ang isang Muslim ay abala sa paghahanap-buhay, ito ay pagsa-alang-alang sa kanyang pang-materyal na pangangailangan. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"At kung ang pagdarasal (Salah na Jumu'ah) ay matapos na, magkagayon kayo ay humayo sa lupain at maghanap ng kasaganaan ng Allah." (Qur'an 62:10)

Pinupuri ng Islam ang sinumang nagtatamasa ng mabubuti para sa parehong aspeto (pang-materyal at pang-Ispirituwal) Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

"Silang mga tao na hindi naaakit sa mga paninda o pinamili dahil sa pag-aala-ala sa Allah at matatag sa pagsasagawa ng Dasal at nagbabayad ng karampatan; na natatakot sa araw na ang mga puso at mata ay babaliktarin." (Qur'an 24: 37)

Ang Islam ay nag-aanyaya ng isang pamamaraan ng buhay na nagpapanatili sa karapatan ng katawan, kaisipan at kaluluwa ayon sa banal

na Kautusan (Shari'ah) na siyang naglalayo sa tao sa kalabisang bagay. Bilang isang Muslim, ipinag-uutos sa kanya na pigilin ang kanyang kaluluwa sa pamamagitan ng pag-iwas nito sa mga gawaing masama at iniisip ang lahat ng ginagawa. Ang Allah (ﷻ) ay nagpaliwanag:

"At sinumang gumawa ng maliit ng kabutihan na katumbas ng isang atomo, ito ay kanyang makikita. At sinuman ang gumawa ng maliit na kasamaan, na katumbas ng isang atomo, ito ay kanyang makikita."
(Qur'an 99: 7-8)

Ang tao ay maaaring magtamasa ng mga mabubuting bagay na pinahihintulutan ng Allah (ﷻ) na kinabibilangan ng pagkain, inumin, pananamit, pag-aasawa at pagtatrabaho. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

"Sabihin mo (O Muhammad): Sino ang nagbabawal sa pagpapaganda o palamuti na ipinagkaloob ng Allah sa Kanyang mga nilikha at ang mga mabubuting kabuhayan para sa kanyang pamumuhay?..." (Qur'an 7: 32)

Ipinagbabawal lamang ng Islam kung ano ang nakakasama sa tao, sa kanyang katawan, yaman at maging sa lipunan; dahil ang kaluluwa ng tao ay nilikha ng Allah (ﷻ) at ginawang tagapamahala sa kalupaan upang sa ganoon Siya (ﷻ) ay sambahin at isakatuparan ang kanyang ibinigay na alituntunin. Wala ni isa man na may karapatan na sirain o bigyan ng katapusan ang mga kautusan kundi ang Islam din lamang (ang may karapatan). Ang Allah (ﷻ) ay lumikha ng katawan na tumutugma at karapat-dapat para sa kaluluwa upang sa gayon ito ay makapagsagawa ng mga kautusan ng Allah (ﷻ). Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi ;

"Katiyakan, Aming nilikha ang tao sa pinakamagandang kaayusan."
(Qur'an 95: 4)

Sa ganitong kadahilanan ipinag-uutos ng Allah (ﷻ) sa tao na pangalagaan ang kanyang pangangatawan batay sa mga alituntunin na ginawa ng Islam. Ang mga sumusunod ay ang mga itinakdang batas para sa ating pangangalaga sa ating katawan;

A) Pangalagaan sa pamamagitan ng pagdalisay ng sarili:

"…Tunay na minamahal ng Allah yaong nagbabalik loob sa Kanya sa pagsisisi at nagmamahal sa kanila na nagpapadalisay ng kanilang sarili (naliligo at naghuhugas na mabuti ng kanilang katawan at maseselang bahagi bilang paghahanda sa padarasal atbp ." (Qur'an 2: 222)

Ipinag-uutos ng Allah (ﷻ) ang pagsasagawa ng 'wudhu' bilang pangunahing pangangailangan upang maisagawa ang pagdarasal ng limang ulit sa maghapon. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

"Walang dasal (salah) ang maaaring tanggapin kung walang pagsasagawa ng wudhu at walang kawanggawa ang tinatanggap kung ito ay galing sa kasamaan." (Muslim)

Ipinag-uutos ng Allah (ﷻ) ang pagligo pagkaraan ang pakikipag-ugnayan o ng pakikipagtalik sa asawa gaya ng nakasulat sa Qur'an;

"…At kung kayo ay nasa kalagayan ng 'Janaba' (pagkaraan ng pagtatalik), gawing dalisay ang sarili (i.e. maligo ng ganap)…" (Qur'an 5:6)

Hinahabilin at pinupuri ng Allah (ﷻ) ang pagsasagawa ng paliligo bago ang pagdalo sa mga pagdarasal sa kongregasyon, gaya ng pagdarasal tuwing Biyernes (Jumu 'ah), ang pagdiriwang ng Eid, Hajj at Umrah.

B) Pagpapanatili ng kalusugan at kalinisan gaya ng mga sumusunod:

□ Naghuhugas ng kamay bago at pagkatapos kumain at naglilinis ng bibig pagkatapos kumain. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi:

"Sinuman ang may maapuhap na pagkain sa gitna ng mga ngipin (tinga) pagkatapos kumain dapat niyang alisin at idura, at kung sinuman ang may pagkain pa sa bibig, nararapat niyang lunukin ito. Kung sinuman ang nagsagawa nito, ito ay para sa kanyang kapakanan at ito ay nakakabuti, at kung sinuman ang hindi gumawa nito, walang masama dito."(Abu Dawud)

 Ang pagpapanatili ng kalinisan ng bibig at ang pangangalaga ng mga ngipin. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi;

"Kung hindi lamang ako nangangamba na ang aking mamamayan ay mahirapan, aking pagpapayuhan sila na gumamit ng 'miswak' sa paglinis ng ngipin bago sumapit ang pagdarasal." (Bukhari at Muslim)

 Ang paglilinis ng anumang lugar na maaaring maging sanhi ng pagdami ng dumi at mikrobiyo. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi;

"Mayroong limang likas na gawain sa paglikha ng Allah sa tao: ang pagpapatuli, ang pag-alis ng buhok sa maselang bahagi, ang pag-alis ng buhok sa kili-kili, ang paggupit ng bigote at ang pagputol ng mga kuko." (Bukhari)

 Ang pagkain at pag-inom lamang sa mga puro, mga legal at mga masustansiya. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi :

"O kayong mananampalataya! Magsikain kayo mula sa mga pinahihintulutang bagay na ipinagkaloob sa inyo, at maging mapagpasalamat sa Allah, kung tunay nga na kayo ay (tapat na) sumasamba sa Kanya." (Qur'an 2: 172)

 Ang Islam ay nagpanukala ng mga patakaran upang ang isang tao ay masiyahan sa mga mabubuti at dalisay na mga bagay; gaya ng pagiging kainaman at hindi lumalabis upang hindi makakasama sa kalusugan. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi :

"…Kumain at uminom at huwag magmalabis. Alalahanin! Hindi Niya minamahal ang pagmamalabis." (Qur'an 7: 31)

Si Propeta Muhammad (ﷺ) ay nagpaliwanag kung papano ang isang tao ay kumain at sinabi niya (ﷺ):

"Walang pinakamasamang lalagyan ang pinupuno ng tao maliban sa kanyang tiyan.Sapat na sa anak ni Adan ang ngumuya ng ilang beses upang tumuwid ang kanyang likod. Subali't kung kanyang ipilit, ang

ikatlong bahagi (ng kanyang tiyan) ay dapat ilaan sa pagkain, at ikatlong bahagi ay sa inumin (tubig) at ang huling ikatlong bahagi ay sa paghinga (hangin).” (Ibn Hibbaan)

□ Ipinagbabawal ng Islam ang pagkain at inumin ng mga bagay na marumi at hindi dalisay katulad ng laman ng patay ng hayop, dugo, baboy, alak at ang paninigarilyo. Kailangan pangalagaan ang katawan ng isang tao. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

“Ang ipinagbabawal Niya lamang sa inyo ay ang laman ng patay na hayop at dugo at laman ng baboy at yaong kinatay sa ngalan ng mga ginawa nilang mga diyos maliban sa Allah. Subali't sinuman ang napilitan (na kumain sa mga ito) dahilan sa pangangailangan at wala siyang tangkang sumuway sa hangganan, samakatuwid hindi niya ito kasalanan. Alalahanin! Ang Allah ay mapagpatawad, Ang Maawain.” (Qur’an 2: 173)

Sinabi rin ng Allah (ﷻ):

“O kayong nagsisisampalataya! Ang mga inuming nakalalasing at ang sugal at ang pagsamba sa mga diyos-diyosan at ang mahika ay kabuktutang gawa ni Satanas. Isantabi ang mga ito upang kayo ay magtagumpay. Nagsisikhay lamang si Satanas mula sa inyo ng di pagkakasundo-sundo at hidwaan sa pamamagitan ng pag-inom at sugal at inilalayo kayo mula sa pag-ala-ala sa Allah at sa pagdarasal. Kung gayon, hindi ba kayo magsisitigil?” (Qur’an 5:90-91)

□ Ang pagsali sa mga nakabubuting mga palaro o paligsahan gaya ng pakikipagbuno (wrestling). **Gaya ng Propeta mismo na nakipagbuno sa isang tao na ang pangalan ay Rakaanah.** (Haakim)

Ang mga ibang nakabubuting palaro ay ang paglangoy, ang pagsakay sa kabayo at ang pagpana. Si Umar ibn al-Khattab (رضي الله عنه) ay nagsabi: **“Turuan ninyo ang inyong mga anak sa paggamit ng palasao, paglangoy at ang pagsakay ng kabayo”.**

□ Kailangan maghanap ng gamot kung may karamdaman. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

“Katotohanan nagpadalala ang Allah ng mga sakit at ang mga kaukulang gamot para rito. Lahat ng sakit ay may mga nararapat na gamot, nguni't huwag humanap ng gamot sa mga ipinagbabawal na pamamaraan.” (Abu Dawod).

 Ang Islam ay nagtatagubilin ng pagsasagawa ng ibadah (pagsamba). Ang pagdarasal ay siyang nagiging pagkain ng kaluluwa, ang kaluluwang hindi pinapakain ng pagsasagawa ng ibadah, ito ay maghihirap sa siphayo at kalungkutan na nagbubunga ng masama sa katawan. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"At sila na nanampalataya at sila na ang mga puso ay natagpuan ang kapayapaan (at kapanatagan) sa pag-alaala sa Allah: Katotohanan, naririto sa pagbibigay ala-ala (at paggunita) sa Allah, matatagpuan ang kapayapaan (at kapanatagan) ng puso. (Qur’an 13:28)

Hindi pinahihintulutan ng Islam ang kapabayaan at pagkakait sa karapatan ng kanyang katawan, gaya ng kapahingahan, ang pang-kalusugan at ang pag-aasawa. Ayon kay Anas Ibn Malik (رضي الله عنه);

“Tatlong tao ang pumunta sa bahay ng Sugo ng Allah at tinanong ang tungkol sa kanilang pagsamba (debosyon). Nang tinanong sila tungkol sa gawaing pagsamba ng Propeta at ng nalaman nila na ang kanilang ginagawa ay kulang sa kanilang inaakala. Sila ay nagsabi: ‘Sino kami upang ihambing sa Sugo ng Allah na ang nakaraan at kasalukuyan at panghinaharap na kasalanan ay napatawad na? Magkagayon man ang isa sa kanila ay nagsabi: ‘Para sa akin, aking gugugulin ang gabi sa pagsamba’. Ang pangalawa ay nagsabi: ‘Para sa akin, ako ay mag-aayuno araw-araw at hindi ko ito sisirain”. Ang ikatlo ay nagsabi: ‘Para sa akin, ako ay hindi mag-aasawa at iiwas sa mga babae’. At ang Sugo ng Allah ay nagsabi: ‘Kayo ba yaong nagsabi ng ganito? (kung ano ang sinabi gaya ng sa itaas) Makinig kayo, Ako ay higit na mabuti at may takot sa Allah subali't ako ay nagdarasal at natutulog, nag-aayuno at kumakain, at nag-asawa. Sinuman ang lumihis mula sa aking Sunnah siya ay hindi nabibilang sa akin.” (Bukhari at Muslim)

11) Ang Islam ay nagbibigay paalala tungkol sa kahalagahan ng kaalaman at kalinangan at inihimok ang mga tao ang paghahanap nito. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

“…Sila bang may kaalaman ay kapantay ng mga walang kaalaman?…”
(Qur’an 39:9)

Hindi pinupuri ang kamangmangan at ang mga mangmang. Ang Allah (ﷻ) ay binanggit sa Qur’an si Moises na sinabi :

“Ako ay nagpapakupkop sa Allah mula sa pagiging mangmang at luku-luko”. (Qur’an 2 :67)

Mayroong mga partikular na kaalaman na sapilitan at iniuutos sa mga Muslim na malaman; ang mga ito ay may kinalaman sa pamumuhay sa pang-araw-araw, sa makamundo at sa mga bagay na pang-relihiyon. Ang mga ibang uri ng karunungan ay tinuturing na pangkalahatang gawain (i.e.: kung ang mga iba ay nalalaman ito, ang kasalanan ng mga hindi nag-aral dito ay hindi pangkalahatan).

Hindi ipinag-utos ng Allah (ﷻ) sa Kanyang mga Propeta ang magkamal ng lahat dito sa mundo kundi ang karunungan. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

“…At sabihin, O aking Panginoon! Dagdagan Mo ako sa kaalaman.”
(Qur’an 20:114)

Binibigyan ng higit na kahalagahan ng Islam ang mga iskolar at ang mga nag-aaral at nagiging dalubhasa. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi;

“Ang isang tao na hindi iginagalang ang nakatatanda sa atin, walang pagmamahal sa mga bata at hindi kinikilala ang karapatan ng mga iskolar ay hindi kabilang sa atin.” (Ahmad)

Igingalang ng mabuti ng Islam ang mga iskolar at ang mga nag-aaral. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi rin:

"Ang isang marunong na tao ay nakahihigit kaysa sa sa isang karaniwang tao, gaya ng aking kahigtan kaysa sa pinakamababa sa inyo." (Tirmidhi)

Upang makapagbigay ng kaalaman, isinasaalang-alang ng Islam ang pananaliksik, pag-aaral at ang pagtuturo nito ay bilang isang uri ng Jihad (i.e.: Pakikipaglaban sa landas ng Allah (ﷻ) na ginagantimpalaan ng Allah (ﷻ)… at ito ay isang daan patungo sa Jannah (Paraiso). Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

"Ang isang tao na lumabas ng kanyang tahanan sa paghahanap ng kaalaman ay nasa Landas ng Allah hanggang siya ay makabalik (sa kanyang tahanan)." (Tirmidhi)

Siya (ﷺ) ay nagsabi rin:

"Kung ang isang tao ay tumatahak sa landas upang magkamit ng kaalaman, gagawing magaan ng Allah ang kanyang landas patungo sa Paraiso. Sinuman ang mga taong nagpupulong sa Masjid at nagbabasa ng Qur'an at pinag-aaralan ito, sila ay makakatamasa ng kapayapaan at bababa sa kanila ang kapanatagan at katahimikan, sila ay lulukuban ng habag, ang mga anghel ay papalibot sa kanila, at sila ay ibabalita ng Allah sa lahat ng mga kasama Niya (sa oras na yaon). Kung sinuman ang humahadlang sa isang taong gumagawa ng kabutihan (upang makamit ang Jannah – Paraiso), ang kanyang mga lahi ay walang mapapakinabang sa kanya (sa Araw ng Pagbabayad)." (Muslim)

Ang Islam ay hindi lamang nag-aanyaya sa paghahanap ng kaalamang nakaugnay sa pangrelihiyong karunungan bagkus ito ay nag-aanyaya rin ng kaalaman sa ibang larangan ng pamumuhay, at itinuturing na tungkulin ng bawat isa at ng Ummah at ito ay isang uri ng pagsamba na binibigyang gantimpala ng Allah (ﷻ). Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi :

"Hindi mo ba nakikita na ang Allah ang Siyang nagpababa ng ulan mula sa kalangitan at mula rito ay umusbong ang iba't ibang bungang kahoy na may iba't ibang kulay (at hugis) at mula sa mga kabundukan ay mga hiblang puti at pula na ibat ibang kulay at ang

iba ay itim; At mula sa mga tao at mga hayop at tupa sa ganoon ding paraan, may kakaibang kulay? Ang may kaalaman mula sa alipin ng Allah ang higit na may takot sa Kanya. Alalahanin! Ang Allah ay Ganap na Makapangyarihan at laging nagpapatawad.” (Qur’an 35: 27-28)

Ang mga kabanatang ito ng Qur’an ay naghihikayat at nag-aanyaya na magkaroon ng makatuwirang pag-iisip na siyang daan upang makilala na mayroong isang Tagapaglikha ng lahat ng bagay. Gayon din ipinamamalas (ng mga kabanatang ito ng Qur’an) na tayo ay makikinabang mula sa lahat Niyang ipinagkaloob na kabuhayan sa sandaigdigan. Katiyakan, ang mga marurunong sa kabanatang ito na tinutukoy ay hindi lamang mga pantas (iskolar) ng relihiyon kundi lahat ng iskolar sa lahat ng larangan ng karunungan na mayroon abilidad na manaliksik sa mga sekreto na inilagak ng Allah (ﷻ) sa daigdig.

Halimbawa ang pamamaraan kung papano nahuhubog ang ulap at ang pagbuhos ng ulan ay mauunawaan lamang sa pamamagitan ng kaalaman sa Kemistry. Kagaya rin naman na malalamnan kung papano lumalaki ang mga punong kahoy, halamanan at bungang kahoy sa pamamagitan ng agrikultura, at tungkol sa mga bundok sa pamamagitan ng kaalaman sa “geology”; at malalaman ang likas na pag-uugali ng tao at ng mga hayop sa pamamagitan ng ethnolohiya at zoolohiya.

12) Inihimok ng Islam ang mga tao na sa tuwina’y magsuri ng mga ginawa. Ito ay bilang pagsasanay at magsumikap upang umiwas sa lahat ng mga ipinababawal at ikinagagalit ng Allah (ﷻ).

Alam ng mga Muslim na nakikita sila ng Allah (ﷻ) at alam Niya kung ano ang kanilang ginagawa, kaya naman sila ay gumagawa ng anumang ipinag-uutos at umiwas sa lahat ng ipinagbabawal. Kung ang Muslim ay umiiwas sa pagnanakaw, sa dahilang takot siya sa Allah (ﷻ), at hindi dahil siya ay takot sa mga tao. Itinutugma ng Islam ang pangloob at panglabas na gawain ng tao. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi :

“At kung ikaw (O Muhammad) ay mangusap ng malakas, katotohanang Siya ang nakakaalam ng mga lihim at kung anuman ang nalilingid.” (Qur’an 20 :7)

Si Propeta Muhammad (ﷺ) ay nagpaliwanag tungkol sa 'Ihsaan[16]' :

"...ay ang pagsamba sa Allah na para mo Siyang nakikita bagamat hindi. Kahit na hindi mo Siya nakikita, ikaw ay kanyang nakikita". (Bukhari)

Ang bunga ng pagsusuri ng mga gawain ay ang mga sumusunod na paniniwala :

A) Ang paniniwala na ang Allah (ﷻ) lamang ang dapat sambahin. Siya (ﷻ) ay ganap sa lahat ng aspeto; alam Niya (ﷻ) ang lahat ng mga pangyayari sa sandaigdigan, at walang mangyayaring anomang bagay na hindi Niya (ﷻ) pinapahintulutan. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi :

"…Batid Niya ang lahat ng pumapasok at lumalabas sa Kalupaan at ng lahat ng bumababa mula sa kalangitan at ang lahat ng umaakyat mula rito. Siya ay kasama ninyo (sa pamamagitan ng Kanyang Kaalaman) saan man kayo pumaroon. Siya ang nakakakita sa inyong ginagawa." (Qur'an 57: 4)

Ang Kanyang (ﷻ) kaalaman ay lagpas sa mga bagay na nasasalat at nakikita. Alam Niya (ﷻ) ang nasa loobin at kung ano ang binubulong ng kaluluwa. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"At katotohanang Kami ang lumikha sa tao, at batid Namin kung ano ang ibinubulong ng kanyang kaluluwa; sapagkat higit Kaming malapit sa kanya (sa Aming Karunungan) kaysa sa kanyang ugat sa leeg." (Qur'an 50:16)

B) Ang maniwala na bubuhayin ng Allah (ﷻ) ang lahat ng tao sa Araw ng Pagbabayad. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"Yaong mga walang paniniwala ay nag-aakala na sila ay hindi babangong muli. Sabihin mo (O Muhammad), Katiyakan, sa pamamagitan ng aking Panginoon, kayo ay babangong muli at

---

[16] **Ihsaan:** ang taas ng (paniniwala ng) isang tao kung ang kanyang mga gawain ay ganap at para sa Allah (ﷻ) lamang, sa dahilang alam niya na nakikita siya (ng Allah, (ﷻ).

ihahayag sa inyo kung ano ang inyong mga ginawa at ito ay madali para sa Allah." (Qur'an 64:7)

C) Ang maniwala na ang lahat ng tao ay pananagutan sa lahat ng kanilang mga ginawa. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"…At walang sinuman ang magdadala ng pasanin ng iba…" (walang dapat managot sa kasalanan ng isang tao maliban lamang sa kanya). (Qur'an 6:164)

Lahat ng tao ay mananagot sa lahat ng mga ginawa at sinabi, maging ang mga ito ay napakaliit sa tingin, mabuti man o masama. Siya ay bibigyan ng gantimpala sa mga ginawa niyang kabutihan at pananagutan sa kanyang mga kasalanan. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"At sinuman ang nakagawa ng kabutihan na katumbas ng bigat ng isang atomo (o isang maliit na langgam), ay kanyang makikita at sinuman ang nakagawa ng kasamaan na katumbas ng bigat ng isang atomo (o isang maliit na langgam), ay kanya itong makikita." (Qur'an 99: 7-8)

D) Ang pagtalima sa Allah (ﷻ) at sa Kanyang Sugo (ﷺ) ay unang dapat gawin bago ang lahat. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi ;

"Ipagbadya : 'Kung ang inyong ama, ang inyong mga anak, ang inyong mga kapatid, ang inyong mga asawa, ang inyong mga kamag-anak, ang kayamanan na inyong kinita, ang mga kalakal na pinangangambahan ninyo ang pagkalugi ; at sa mga tahanan na labis ninyong kinagigiliwan ay higit na mahalaga sa inyo kaysa kay Allah at sa Kanyang Sugo, at ang pakikipaglaban sa Kanyang Kapakanan : kung gayon, kayo ay maghintay hanggang sa ibaba ng Allah ang Kanyang Kapasyahan (pagpaparusa) At ang Allah ay hindi namamatnubay sa mga tao na Al-Fasiqun (mga mapaghimagsik, palasuway sa Allah). " (Qur'an 9 :24)

13) Sa Islam, ang gantimpala ng mga mabubuting gawa ay dumarami nguni't ang kaparusahan ng kasamaan ay hindi. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

“Sinumang gumawa ng isang mabuting gawa ay makatatanggap ng sampung ulit na katulad nito at sinuman ang gumawa ng isang kasamaan ay makatatanggap na katumbas niyon.” (Qur’an 6:160)

Ang isang tao ay may gantimpala sa intensiyon lamang niya na gumawa ng kabutihan… kahit na ito ay hindi nagawa. Sa kabilang banda, kung ang isang tao ay may balak gumawa ng masama at hindi itinuloy, dahil sa kanyang takot sa Allah (ﷻ), siya ay gagantimpalaan din kung siya ay tumalikod at ipinaubaya na lamang sa Allah (ﷻ). Ang Propeta (ﷺ) ay nag-ulat na sinabi ng Allah (ﷻ)[17];

“Kung ang Aking alipin ay naglayon na gumawa ng masama, hindi ito maisusulat na kasamaan (sa kanyang talaan) hanggat hindi niya ito naisasagawa. Kung kanyang ginawa… ito ay isusulat na isang kasalanan, nguni't kung iniwan niya ito alang-alang sa Allah, isusulat pa sa kanya bilang isang kabutihan. At kung siya ay naglayon na gumawa ng isang mabuti, ito ay maisusulat bilang isang kabutihan sa kanyang talaan. Kung ito ay naisakatuparan, maitatala ito bilang kabutihan na may gantimpala hanggang pitung-daan ulit”. (Bukhari)

Karagdagan dito, ang pagsasakatuparan ng mabuting layon ng kaluluwa ay ituturing na isang pagsamba. Kung ang isang tao ay may intensiyon na kumain at uminom upang maging malakas ang katawan at makapaghanap buhay at masuportahan niya ang kanyang pamilya at ang mga ibang taong umaasa sa kanya, ito ay ituturing na gawang pagsamba at siya ay gagantimpalaan dito. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi ;

“Kung ang isang tao ay gumastos para sa kanyang pamilya at umaasa ng gantimpala mula sa Allah, ito ay isang kawanggawa para sa kanya”. (Bukhari)

Lahat ng mga gawain ng isang Muslim…na may layuning kabutihan ay itinuturing na isang kawanggawa. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi ;

[17] Ang uri ng salaysay na ito ay tinatawag na Hadeeth Qudsi: na ito ay isinalaysay ng tuwiran kay Propeta Muhammad (ﷺ) mula sa Allah (ﷻ).

“Lahat ng mga Muslim ay dapat magbigay ng kawanggawa. Ang kanyang mga kasamahan ay nagtanong : ‘At kung wala silang maibigay na kahit ano sa kawanggawa ?’ Siya ay sumagot ; ‘Siya ay dapat magtrabaho sa pamamagitan ng kanyang kamay upang makapaghanap-buhay para sa kanyang sarili at makapagbigay sa kawanggawa.’ Sila ay nagsabi ; ‘Kung hindi rin ito magawa’, Siya ay sumagot, ‘Siya ay dapat tumulong sa mga naghihirap na nangangailangan ng tulong’. At sinabi nila, ‘At kung hindi magawa.’ Siya ay nagsabi ; ‘Dapat siyang gumawa ng mabuti.’ Sila ay nagsabi ; ‘At kung hindi rin ito magawa.’ Siya ay nagsabi ; ‘Kailangan siyang umiwas na makagawa ng kasamaan, at ito ay itinuturing ng isang kawanggawa’”. (Bukhari)

14) Sa Islam, ang mga kasalanan ay napapalitan ng mabubuting gawa kung ang nagkasala ay tapat sa kanyang pagsisisi at matatag na hindi na muling babalik sa pagkakasala. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

“At silang hindi dumadalangin sa mga diyos-diyosan at hindi kumikitil ng buhay na ipinagbawal ng Allah, maliban sa makatarungang dahilan, at hindi nangangalunya at sinumang gumawa nito ay magbabayad ng kaparusahan. Ang kinahihinatnan nila ay ibayong kaparusahan sa Araw ng Pagbabangong Muli at siya ay mananatiling hamak roon magpakailanman. Maliban ang isang nagsisi at naniwala at gumawa ng kabutihan- sa gayon babaguhin ng Allah ang kanilang masamang gawa ng mabubuting gawa. Ang Allah ay lagi ng Mapagpatawad, ang Maawain” (Qur’an 25: 68-70)

Ito ay ang karapatang nauukol sa Allah (ﷻ). At sa karapatan ng tao, dapat ay maibalik at humingi ng pagpapaumanhin kung ang kanilang karapatan ay nalapastangan o nalabagan.

Sa Islam ay tuwirang binibigyang daan ang nagkasala na magbalik-loob sa Allah (ﷻ) para magsisi at humingi ng kapatawaran. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

“Sabihin: O aking mga alipin na nagkasala sa sarili nilang pananakit! Huwag mawalan ng pag-asa sa Awa ng Allah, sapagkat ang Allah ay nagpapatawad ng lahat ng kasalanan.” (Qur’an 39: 53)

Ginawang magaan sa Deen ng Islam ang paghingi ng pagsisisi. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi ;

“Sinuman ang nakagawa ng kasalanan o kamalian laban sa kanilang sarili at pagkaraa’y humingi ng kapatawaran, kaniyang matatagpuan ang Allah na laging Mapagpatawad, at Maawain” (Qur’an 4: 110)

Ito ay angkop lamang sa mga Muslim. Para sa mga di Muslim na yumakap sa relihiyong Islam, sila ay magkakaroon ng doble at ibayong gantimpala ng dahil sa kanilang paniniwala sa kanilang Propeta, bukod sa paniniwala nila sa mensahe ni Propeta Muhammad (ﷺ). Ang Qur’an ay nagsabi:

“Yaong pinagkalooban ng Kasulatan bago paman ito, sila ay naniwala na. At nang ito ay bigkasin sa kanila, sila ay nagsabi: Kami ay naniniwala rito. Alalahanin! Ito ang katotohanan mula sa inyong Panginoon. Alalahanin! Kahit noon pa man kami ay nasa hanay ng mga sumusuko (sa Kanya). Sila ay pagkakalooban ng ibayong gantimpala sapagkat sila ay matatag at pinapalitan ang kasalanan ng kabutihan at gumugugol ng anumang ipinagkaloob Namin sa kanila.” (Qur’an 28: 52-54)

Karagdagan pa nito, ang Allah (ﷻ) ay pinapawi ang lahat ng kanilang mga kasalanan na kanilang nagawa bago dumating ang Islam sa kanila. Sapagkat ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

“Alam niyo ba na ang Islam ay pinapawi ang lahat (ng masamang gawain) na nagawa noon (bago yumakap sa Islam).” (Muslim)

15) Ang Islam ay nagbibigay katiyakan para sa mga tagasunod na ang patuloy na makakatanggap ng gantimpala sa paggawa ng kabutihan, kahit na siya ay patay na (sa pamamagitan ng mga mabubuting gawain at kawanggawa hanggang ang mga gawaing ito ay kapaki-pakinabang sa buong lipunan). Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi:

“Pagkaraan ng kamatayan ng tao ang kanyang gawain ay hihinto na, maliban sa tatlong bagay na kanyang iniwan: 1) ang patuloy na

kawanggawa. 2) ang kaalamang napapakinabangan ng iba. 3) ang mabuting anak na nananalangin para sa kanya.” (Muslim)

Siya (ﷺ) rin ay nagsabi:

“Ang isang taong nag-aanyaya sa iba ng kabutihan ay magkakamit ng gantimpalang katulad ng gantimpala ng mga sumusunod sa kanyang patnubay na hindi mababawasan ang sa kanya. Ang gantimpala sa kabilang dako, ng isang nag-aanyaya sa kamalian ay magkakaroon ng bahagi ng kaparusahang katulad ng karampatang nakalaan sa mga sumusunod sa kanya na hindi mababawasan ang kanilang parusa.” (Muslim)

Ito ay isa sa mga katuwiran upang ang isang Muslim ay magsumikap na gawin ang makakaya ang pagbabago at ituwid ang hindi maganda sa pamayanan sa pagsasagawa ng kabutihan, pagtataguyod ng pagkamakatuwiran, sinasalansa ang kasamaan at nagbibigay ng babala sa mga tao sa paggawa nito.

16) Pinahahalagahan ng Islam ang karunungan at kaisipan ng tao at hinihimok ang wastong pangangatuwiran. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

“Pagmasdan! Sa mga Kalangitan at sa Kalupaan ay mga tanda para sa naniniwala. At sa pagkakalikha sa inyo, at sa lahat ng hayop na nangagkalat sa lupa ay tanda para sa mga taong may tunay na pananampalataya. At sa pagsasalitan ng gabi at araw at ang pagpapalang ibinababa ng Allah mula sa langit ang tubig (ulan) at mula rito ay muling nabuhay ang tigang na lupa at ang pag-ihip ng hangin ay tanda para sa mga taong may pag-iisip” (Qur’an 45: 3-5)

Karaniwang nilalaman ng Qur’an ay ang tuwirang pakikipag-ugnayan sa kaisipan ng tao ng ganito: **(“Sila ba ay walang pang-unawa?”) (“Hindi ba sila nag-iisip…?”) (“Hindi ba nila napag-iisipan?”).** Itinuturo ng Islam ang hanggahan sa pag-iisip ng mga mahahalagang bagay at kung paano gamitin ng isang tao ang kanyang pag-iisip, na kailangan gamitin ito upang maunawaan at maintindihan ang mga nakikita at nahihipong mga bagay; datapwa’t hindi niya malirip ang mga di nakikitang bagay ng

mga ibang nilikhang hindi nakikitang kamunduhan, sapagkat ito ay hindi mahalaga at pag-aaksaya lang ng lakas at panahon.

Ang isang malinaw na pagrespeto ng Islam sa pangkaisipan ay ang pagpuna sa mga taong sinusunod at tinutularan ng pikit-mata ang mga ibang tao na wala namang kaalaman at patnubay. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"At kung sabihin sa kanila: Sundin kung ano ang ipinahayag ng Allah, sila ay nagsabi: Aming sinusunod kung ano ang natagpuan namin sa aming mga ninuno. Ano! Kahit ba ang kanilang mga ninuno ay mangmang (at salat sa kaalaman) at walang patnubay?" (Qur'an, 2: 170)

18) Ang Deen ng Islam ay umaalinsunod sa likas na kalooban ng tao, kung paano siya nilikha ng Allah (ﷻ). Magkagayon, ang Islam ay hindi sumasalungat sa Fitra (ang likas na kaugalian ng tao). Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi ;

"…sa Fitrah ng Allah (ang likas na damdamin ng paniniwala at pagsamba sa tanging isang Rabb, Panginoon) sa gayunding (konsepto) nito (Fitrah) ay Kanyang nilikha ang lahat ng mga tao. Walang anumang pagbabago ang marapat (sa Deen ng Allah). Ito ang tuwid na pananampalataya, datapwa't ang karamihan sa mga tao ay walang kaalaman." (Qur'an 30:30)

Ang Fitrah ay maaaring mamantsahan sa mga ibang pagkakataon mula sa panglabas na kadahilan, na siyang sanhi upang lumihis mula sa tamang landas. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi:

"Ang sanggol ipinanganak maliban sa kalagayan ng Fitrah (sa Deen ng Islam) subali't ang kanyang mga magulang ay pinalaki siya bilang isang Kristiyano, Hudyo o Zoroastrinismo." (Bukhari)

Ito ang Deen na nagtataguyod sa tama at matuwid na landas. Ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"Sabihin (O Muhammad); Katotohanan, ang aking Panginoon ay namatnubay sa akin sa tuwid na landas, isang tuwid na pananampalataya, ang pananampalataya ni Abraham (na Hanifan, ang paniniwala sa Iisang Diyos, ang Allah) at kailanman, siya ay hindi kabilang sa lipon ng mga sumamba sa iba maliban sa Allah." (Qur'an 6:161)

Wala sa katuruan ng Islam ang sumasalansang sa likas o dalisay na talino ng tao, higit pa dito, nagpapatunay ang wagas na karunungan sa katotohanan, kaangkupan at nakikinabang sa katuruan ng Islam. Ang lahat ng pag-uutos at ang mga ipinagbabawal ng Islam ay makatuwiran. Hindi ito nag-uutos ng anupaman kundi ang isang tiyak at ganap na kapakinabangan. Gayun din, nagbabawal ng mga bagay na sadyang nakasasama ang mga ito, o kaya naman ang kasamaan dito ay higit kaysa sa dulot na kabutihan. Ito ay mapapatunayan kung ang isang tao ay magbasa at mag-isip sa katuruan ng Qur'an at sa mga kaugalian at tradisyon ng Sugo ng Allah (ﷺ).

19) Pinalaya ng Islam ang tao mula sa pagsamba sa mga nilikha maging ang mga sinasamba ay mga propeta, mga anghel, at iba pang mga bagay tungo sa malinis na pagsamba sa Nag-iisang Tagapaglikha-ang Dakilang Allah. Ito ay matatamo lamang sa pamamagitan ng katotohanan na walang makapagdudulot ng kabutihan o kapinsalaan maliban sa kapahintulutan ng Dakilang Allah (ﷻ). Ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

"…At (sila ay) hindi nagtataglay ng pananakit o kapakinabangan sa kanilang mga sarili at hindi sila nagtataglay ng buhay at kamatayan o ng kakayahang bumuhay ng patay." (Qur'an 25:3)

□ Ang lahat ng pangyayari o bagay ay nasa Kamay ng Allah (ﷻ). Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

"Kung ang pighati ay ipinagkaloob sa iyo ng Allah, walang sinuman ang makapapawi nito maliban sa Kanya. At kung Siya ay magnais sa iyo ng kabutihan, walang makapipigil ng Kanyang Pagpapala. Ipinagkakaloob Niya ito sa kaninumang aliping Kanyang nais…" (Qur'an 10:107)

Ang Sugo ng Allah (ﷺ) sa kabila ng mataas niyang antas sa paningin ng Allah (ﷻ) ay nakararanas ng kapighatian, magkagayon, ang ganitong kalagayan ay nararanasan din ng ibang tao. Ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

"Sabihin mo (O Muhammad) "Ako ay walang kapangyarihan upang ito ay makapagdulot ng kabutihan o kapinsalaan sa aking sarili maliban sa kapahintulutan ng Allah. Kung ako man ay mayroong kaalaman tungkol sa Al-Ghaib, marahil ako ay naglaan para sa aking sarili ng masaganang kayamanan, at marahil walang anumang kasamaan ang maaaring sumaling sa akin. (Subali't, ang katotohanan nito) Ako ay isa lamang tapapagbabala, at isang tagapaghatid ng magagandang balita para sa mga taong nananampalataya." (Qur'an 7: 188)

Pinalalaya rin ang kaisipan ng tao mula sa kalungkutan, sakit ng kalooban, pangamba at pag-aalinlangan sa pamamagitan ng pagbibigay lunas nito. Kung ang isang tao ay may pangamba sa kamatayan, ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

"Walang sinuman ang mamamatay maliban sa kapahintulutan ng Allah at sa itinakdang (panahon)." (Qur'an 3:145)

- Bagamat ang tao ay umiiwas sa kamatayan, ito ay hindi mapaglalabanan at ito ay sadyang magaganap sa kanya. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

"Sabihin (sa kanila, O Muhammad): Alalahanin! Ang kamatayan na inyong iniiwasan ay katiyakang ito ay magaganap, katiyakang ito ay inyong makakatagpo…" (Qur'an 62: 8)

- Sa pangamba ng kahirapan at paghihikahos, ang Allah (ﷻ) ay nagsabi ;

"…Walang hayop sa kalupaan na hindi umaasa sa Allah. Siya (Allah) ang nakaaalam ng kanilang mga pinagkukunan at pinagtataguan. Lahat ay nasa maliwanag na Talaan." (Qur'an 11:6)

□ Sa pangamba ng sakit at sa mga ibang pagdadalamhati, ang Allah (ﷻ) ay naglahad:

"Walang masamang pangyayari ang dumating dito sa kalupaan o sa inyong mga sarili na hindi nakatala sa Talaang Aklat bago Namin ito pinapangyaring matupad. Pagmasdan! Ito ay sadyang madali sa Allah--- upang hindi ninyo ikalungkot ang bagay na nakalipas sa inyo o di kaya ay magalak dahil sa bagay na ipinagkaloob sa inyo. Hindi minamahal ng Allah ang mga taong mapagmalaki at mayayabang." (Qur'an 57: 22-23)

Kung may kinakatakutang pinsala o pananakit mula sa mga nilikha ng Allah (ﷻ), ang Sugo ngAllah (ﷺ) ay nagsabi;

"Pangalagaan ang inyong sarili mula sa pagmamalabis o paglabag sa itinakdang batas ng Allah at pangangalagaan ka ng Allah at ikaw ay Kanyang papatnubayan mula sa paghihirap dito sa mundo at sa Kabilang Buhay. Alalahanin mo ang Allah sa oras ng iyong kaginhawahan at ikaw ay alalahanin niya sa oras ng iyong kahirapan. Kung ikaw ay humiling… humiling sa Allah at kung ikaw ay hihingi ng tulong… ikay ay humingi mula sa Allah. Ang lahat ng pangyayaring magaganap ay naitala o naitadhana na. Kung ang mga tao ay magtangkang magbigay sa iyo ng kapakinabangan na hindi ito itinadhana o itinala ng Allah, hindi nila ito maibibigay sa iyo. Gayon din kung ang mga tao ay magtangkang gumawa ng kasamaan sa iyo na hindi itinalaga o itinadhana ng Allah, hindi nila maaaring gawin sa iyo ito. Kung ikaw ay may kakayahang magtiis, ito ay iyong gawin. At kung hindi mo kaya, matuto kang magpaumanhin sapagkat ang mga bagay na hindi mo ninanais ay maghahatid sa iyo ng higit pang kabutihan. Alalahanin mo na ang tagumpay ay makakamtan sa pamamagitan ng pagtitiis, na pagkaraan ng dalamhati ay may dalang kasiyahan, at kapag may hirap ay may ginhawa. (Haakim)

20) Ang Islam ay Deen (Relihiyon) ng katamtaman, maging sa pananampalataya at makamundong bagay. Ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

“Kayo ay Aming ginawang makaturangang pamayanan (may pinakamainam na pananampalataya) upang kayo ay maging saksi sa sangkatauhan at ang Sugo ay maging saksi sa inyo...” (Qur’an 2:143)

 Ang Islam ay Deen ng kaginhawaan. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi;

“Hindi ako isinugo ng Allah upang gawin mahirap ang mga bagay, bagkus, ako ay isinugo bilang isang guro upang gawing madali (at magaan) ang mga bagay para sa tao.” (Muslim)

 Itinuturo ng Islam sa mga tao na gawing magaan ang lahat ng bagay. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi;

“Magbigay ng saya at magandang balita at huwag gumawa ng nakasusuklam na bagay upang lumayo ang mga tao. Gawing madali ang mga bagay at magaan at huwag gawing masalimuot at mahirap para sa mga tao”. (Muslim)

 Ang Islam ay Deen (Relihiyon) ng pagpaparaya, pagtitiis, pagpapatawad at kabutihan. Si Aishah (nawa’y kalugdan siya ng Allah), ang asawa ng Propeta (ﷺ), ay naglahad na may pamgkat ng mga Hudyo na nagtungo sa Propeta (ﷺ) at sinabi;

“Kamatayan ay mapasaiyo”… si Aishah ay sumagot, ‘at mapasainyo din ang kamatayan at mga sumpa’. Sinabi ng Sugo ng Allah; ‘Sandali lang Aishah, katotohanan na mahal ng Allah ang pagiging mabait at mapagpatawad sa lahat ng bagay.’ Sinabi niya, ‘O Propeta ng Allah, hindi mo ba narinig ang kanilang sinabi?’ Ang Sugo ng Allah ay sumagot, ‘Sinabi ko na sa kanila na; ‘Mapasainyo rin…’” (Bukhari)

 Ang Islam ay Deen (Relihiyon) na naglalayon ng kabutihan at kapakanan para sa lahat ng tao. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi;

“Ang pinakamabuting tao sa harap ng Allah ay sila na nagbibigay ng pinakamaraming kapakinabangan sa ibang tao. Ang pinakamabuting gawain sa mata ng Allah ay ang mga nagbibigay kasiyahan sa ibang Muslim, dinadalhan siya ng ginhawa, binabayaran ang pagkakautang o kaya ay pinapawi ang gutom ng iba. Mas mainam para sa akin ang

paglalakad upang makatulong sa mga nangangailangan kaysa manatiling nagtatago sa Masjid sa pagdalangin sa loob ng isang buwan. Kung sinuman ang pumipigil ng kanyang galit, tatakpan ng Allah ang kanyang pansariling gawain. Sinuman ang nagpipigil ng kanyang pangangalit kahit na siya ay maaaring gumanti, ang puso niya ay pupunuin ng ligaya ng Allah sa Araw ng Pagkabuhay-Muli. Sinuman ang tumulong sa kanyang kapatid na Muslim sa kanyang pangangailangan, gagawin ng Allah na maging matatag ang kanyang paa sa araw na ang mga paa ng mga tao ay dumudulas. Katotohanan na ang masamang ugali ay sumisira sa kanyang mabubuting gawa tulad ng suka na sumisira (sa lasa) ng pulut-pukyutan.” (Tabarani)

 Ang Islam ay Deen (Relihiyon) ng kahinahunan o katamtaman at hindi kahirapan. Ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

“Hindi binigyan ng pasanin ng Allah ang isang tao nang higit sa kanyang makakayanan. Siya ay nagtatamo ng gantimpala para sa gayong (kabutihan) na kanyang pinagpaguran, at siya ay maparurusahan sa anumang (kasamaan) kanyang nagawa…”(Qur’an 2: 286)

 Ang lahat ng Kautusan ng Islam ay naitatag mula sa prinsipiyong ito. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

“Anuman ang aking ipinagbabawal, iwasan ito. At anuman ang aking iniatas, gawin sa abot ng inyong makakayanan, sapagkat sa katotohanan, ang mga nauna sa inyo ay nangawasak at nangapinsala sanhi ng kanilang pagpupumilit sa pagtatanong at sa lagi nang di-pagsang-ayon sa kanilang mga Propeta.” (Muslim)

Ang magandang katibayan dito ay ang kasaysayan ng isang kasamahan na nagtungo sa Propeta ng Allah (ﷺ) at nagsabi ;

“O Sugo ng Allah ako ay nagkasala’, Ang Sugo ng Allah ay nagtanong; “Ano bang nangyari sa iyo.” Siya ay sumagot; ‘Ako ay nakipagtalik sa aking asawa habang ako ay nag-aayuno.’ Ang Sugo ng Allah ay nagtanong sa kanya: “Kaya mo bang magpalaya ng alipin?” Siya ay sumagot, "Hindi". Ang Sugo ng Allah ay nagtanong;

“Kaya mo bang mag-ayuno ng dalawang buwan na magkasunod?” Siya ay sumagot, "hindi rin". Ang Sugo ng Allah ay nagtanong; “Kaya mo bang magpakain ng (60) anim napung mahihirap na tao?” Siya ay sumagot, "hindi pa rin". Ang Sugo ng Allah ay tumahimik habang sa ganoong kalagayan, may isang basket na puno ng bunga ng datiles ang ibinigay sa kanya. Siya ay nagtanong; “Nasaan yung nagtatanong?” Ang tao ay sumagot: ‘ako ay naririto’. “Dalhin mo itong basket (ng datiles) at ibigay mo sa kawanggawa.” Ang tao ay nagsabi; ‘Ibibigay ko ba ito sa isang higit na mahirap kaysa sa akin?, Isinusumpa ko sa Allah na walang pamilya (sa pagitan ng dalawang bundok ng Medina) na higit na mahirap kaysa sa akin.’ Ang Sugo ng Allah ay ngumiti hanggang lumabas halos ang kanyang mga ngipin (mga bagang) at saka nagsabi: “Pakainin mo ang iyong pamilya sa mga ito.” (Bukhari)

Lahat ng prinsipiyo at pagsamba sa Islam ay naaayon o tumutugma sa kakayahan ng tao at hindi ito nagiging pabigat o pasanin. Gayon pa man, maaari din na ang isang Muslim ay mapagpaumanhinan sa hindi niya pagsasakatuparan ng mga itinakdang kautusan o pagsamba, tulad ng mga sumusunod na halimbawa:

a) Isa sa tungkulin sa pagsasagawa ng pagdarasal ay ang pagtayo kung ang isang tao ay may kakayahang tumayo. Kung wala siyang kakayahang tumayo, ang isang nagdarasal ay maaaring magsagawa ng pagdarasal sa nakaupong paraan, kung hindi niya kaya, maaaring sa nakasandal na paraan at kung hindi pa rin kaya, maaari siyang magdasal sa pamamagitan ng senyas lamang (kung siya ay nakahiga).

b) Ang pagbabayad ng Zakat (kawanggawa) ay hindi tungkulin ng isang Muslim na hindi nakaabot (nakaipon) sa itinakdang halaga ng pagbabayad ng salapi o ari-arian. Sa kaibahan pa nito, ang isang taong maralita ay maaari pang tumanggap ng Zakat (kawanggawa).

c) Ang mga Muslim ay maaaring mapagpaumanhinan sa pagsasagawa ng pagdarasal at pag-aayuno, kung sila ay maysakit, ang mga babaeng buntis at sa kanilang buwanang regla at sa kanilang pagdurugo sa panganganak.

d) Yaong walang kakayahang pananalapi at pisikal (hindi malusog) ay walang tungkulin sa pagsasagawa ng Hajj hanggang sumapit ang panahon na siya ay mayroon ng kakayahang pananalapi at pangangatawan. Ang Allah (ﷻ) ay nagpahayag:

"…At ang Hajj (paglalakbay sa Makkah) sa Banal na Tahanan ay isang tungkulin sa Allah ng Sangkatauhan, siya na may kakayahang pumaroon…" (Qur'an 3: 97)

□ Kung ang isang tao ay nasa bingit ng kamatayan, siya ay pansamantalang pinahihintulutang kumain ng mga pagkaing ipinagbabawal alinsunod sa kanyang pangangailangan, katulad ng baboy at alak (maliban na siya ay hindi makakita ng mga pagkaing pinahihintulutan). Ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

"…Nguni't kung siya ay nasa bingit ng pangangailangan, at wala siyang tangkang sumuway o lumagpas sa hangganan samakatuwid hindi niya ito kasalanan…" (Qur'an 2: 173)

Sa pamumuna sa talatang ito, sinabi ni G. Sayyed Qutb na: **"Ito ay prinsipiyo na tinatanggap ang tao bilang tao hindi bilang isang hayop, anghel o demonyo. Tinatanggap ng Islam maging ang kahinaan at lakas nito, at itinuturing nito bilang isang bagay na may katawang may damdamin, kaisipan na may kakayahang mangatuwiran at kaluluwa na may pag-asa at adhikain. Ipinag-uutos din sa tao ang kanyang tungkulin na maaari niyang pasanin at pinagpapayuhang panatilihin ang balanseng pagsasagawa ng tungkulin at ang kakayahan nito na hindi magbibigay hirap sa kanya."**

21) Ang Deen (Relihiyon) ng Islam ay iginagalang ang lahat ng banal na Relihiyon sa kanilang orihinal na pagkakatatag at inuutusan ang mga Muslim na maniwala at mahalin ang mga Sugo na nagdala sa mga ito. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"Tunay! Sinuman ang hindi naniniwala sa Allah at sa Kanyang mga Sugo at sila ay naghahangad ng pagtatangi sa pagitan ng Allah at ng Kanyang mga Sugo at sinasabi; Kami ay naniniwala sa ilan nguni't

hindi naniniwala sa iba at naghahangad ng daan sa pagitan.. " (Qur'an 4:150)

Ipinagbabawal ng Islam sa mga Muslim ang pang-iinsulto sa ibang paniniwala o Relihiyon. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi ;

"Huwag hamakin (alipustain) yaong mga sumasamba sa iba bukod sa Allah sapagkat maaari nilang alipustain (hamakin) ang Allah sanhi ng kamangmangan…" (Qur'an 6: 108)

Manapa'y, nag-aanyaya ang Islam sa lahat para sa isang mabuti, maganda at makatuwirang pakikipag-ugnayan. Ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

"Mag-anyaya sa landas ng inyong Panginoon nang may karunungan at makatarungang paghihikayat at makipag-talakayan sa kanila sa paraang mahusay…"(Qur'an 16:125)

Tinatawagan ng Islam ang mga Muslim na itaguyod ang kusang pakikipag-talakayan upang magkaisa ang mga tao sa banal na pamamaraan. Ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi ;

"Sabihin: O, Mga taong pinagkalooban ng (Banal) Kasulatan! (Hudyo at Kristiyano) Halina sa isang salita na makatarungan sa amin at sa inyo: na wala tayong dapat sambahin maliban sa Allah, na hindi tayo mag-uugnay ng sinupaman (bilang diyos bukod pa sa Allah), na wala tayong itatakdang (iba pang) Panginoon bukod sa Allah. Pagkaraan nito, kung sila ay magsilayo (magsitalikod), inyong sabihin: "Kayo ang saksi na kami ay Muslim (sumusuko at sumasamba lamang sa Allah)". (Qur'an 3: 64)

22) Ang Islam ay Deen ng Kapayapaan sa tunay na kahulugan nito, kahit na ito ay nasa loob ng pamayanan, tulad ng pagsabi ng Propeta (ﷺ);

"Sasabihin ko ba sa inyo kung sino ang tunay na mananampalataya[18]? Siya ang taong pinagkakatiwalaan ng ibang tao sa kanilang yaman at buhay… Ang isang Muslim ay yaong ligtas ang

---

[18] Ang uri ng pananampalataya ng isang tao na mas mataas kaysa sa isang Muslim.

ibang tao sa kanyang mga kamay at dila. Ang tunay na 'Mujaahid' (ang tagapagtanggol sa Landas ng Allah) ay yaong nagsusumikap sa pagtupad ng lahat ng kautusan ng Allah. Ang isang 'Muhaajir' (ang taong lumikas sa pook na walang paniniwala at nagtungo o lumikas sa pook na may paniniwala) ay siyang tumalikod sa mga masasamang gawain". (Ibn Hibbaan)

…O kaya ay sa pang-daigdigang kahulugan, na ito ay batay sa pagpapatayo ng kapatirang pagdadamayan na walang pananalakay sa gitna ng pamayanan ng mga Muslim at di-Muslim. Ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi ;

"O kayong mananampalataya ! Magsipasok kayo sa Islam nang lubusan at ganap (tulad ng pagsunod sa lahat ng alituntunin at patakaran ng Deen) at huwag sumunod sa mga yapak ng 'Satanas'. Katotohanan ! siya ay inyong malinaw na kaaway." (Qur'an 2 :208)

Ang Islam ay nag-uutos na tutulan at lumaban sa mga taong mapang-api o mapang-abuso. Ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

"…At sinumang nagtaboy sa inyo, itaboy rin sila sa paraan ng pagtaboy sa inyo…" (Qur'an 2:194)

Upang makatiyak na ang kapayapaan ay mananatili, ang Islam ay nag-uutos sa mga Muslim sa panahon ng digmaan na tumanggap ng kasunduang pangkapayapaan at pagilin ang labanan kung ito ay hinihiling ng mga kaaway. Ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi ;

"Nguni't kung sila ay humiling ng kapayapaan, nararapat ding kayo ay magbigay ng kapayapaan at ibigay ang pagtitiwala sa Allah. Katotohanan, Siya ang Palakinig at Maalam." (Qur'an 8: 61)

Habang ang Islam ay nakatuon sa layon ng kapayapaan, hindi nangangahulugan na magpapakababa ang mga Muslim para lamang sa kapayapaan bagkus nag-uutos sa kanila na panatilihin ang kapayapaan habang ang kanilang dangal ay nananatiling walang dungis. Ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

"Kaya, huwag panghinaan ng loob at huwag humingi ng kapayapaan (mula sa mga kaaway ng Islam) habang kayo ay nasa kakayahang (magtanggol). At ang Allah ay nasa sa inyo at hindi Niya babawasan ang gantimpalang (nakalaan) sa inyong mabubuting gawa." (Qur'an 47: 35)

23) Walang sapilitan sa Deen ng Islam, tulad ng patakaran sa pagyakap sa Islam, ito ay batay sa katapatang nagmumula sa puso at katiyakan sa pananalig. Ang pamimilit ay hindi isang pamamaraan ng pagpapalaganap ng Islam at ng mga katuruan nito. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

"Walang sapilitan sa relihiyon. Tunay na ang katotohanan ay mangingibabaw laban sa kamalian…"(Qur'an 2: 256)

Pagkaraan na ang Da'wah (ang pag-anyaya ng Islam) ay dumating sa mga tao at ito ay naipaliwanag sa kanila, mayroong silang karapatan na pumili kung ano ang kanilang pasiya. Ayon sa Islam, ang mga tao ay may karapatan na tanggapin o tanggihan ang Da'wah. Ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagpahayag :

"At sabihin; ang katotohanan ay mula sa inyong Panginoon. Samakatuwid, kung sinuman ang magnais, hayaang manampalataya at kung sinumang ang di-magnais, hayaang huwag maniwala." (Qur'an 18: 29)

Ang pananampalataya at ang patnubay ay mula sa Kamay ng Makapangyarihang Allah (ﷻ). Siya ay nagsabi;

"At kung nanaisin lamang ng iyong Rabb (Panginoon), ang lahat ng tao na nasa kalupaan ay sasampalataya nang sama-sama. Kaya't ikaw ba (O Muhammad), ay iyong pipilitin ang sangkatauhan hanggang sa sila ay maging mananampalataya?" (Quran 10:99)

24) Mula sa marangal at bantog na katangian ng Islam ay ang pagpapahintulot nito sa mga taong tumutuligsa mula sa mga 'taong pinagkalooban ng Kapahayagan o Kasulatan'[19] na magsagawa ng kani-

[19] i.e. Mga Hudyo at Kristiyano

kanilang pagsamba sa kani-kanilang relihiyon. Si Abu Bakr (ﷺ) ay nagsabi;

"Inyong madadaanan ang ilang tao na deboto sa kanilang Monasteryo, hayaan sila at sa mga bagay na kanilang pinaglalaanan ng debosyon." (Tabari)

Sa kanilang karapatan pangmamamayan, tulad ng pagpapakasal, diborsyo, pang-kalakalan, mayroon silang kalayaan na sundin ang batas ng kanilang relihiyon batay sa alituntunin na itinatag ng Islam.

25) Hinihikayat ng Islam sa mga Muslim na magpalaya ng mga alipin sapagkat ito ay may nakalaang pangako ng dakilang gantimpala sa mga gumawa nito, ang ibig sabihin nito ay ang Paraiso. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi;

"Sinuman ang nagpalaya ng alipin, papalayain ng Allah ang bawat bahagi na kanyang pinalaya mula sa Impiyerno…" (Muslim)

Ginawang legal ng Islam ang isang paraan na maaaring maging alipin ang isang tao… kung ito ay naging bihag sa panahon ng digmaan. Ito ay pinahintulot lamang batay sa pahintulot ng pinuno ng mga Muslim, sapagkat sa Islam, ang mga bihag ng digmaan ay tinatrato sa pamamagitan ng kautusan ng Allah (ﷻ). Ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"Kaya, kung inyong makaharap sa labanan yaong mga Kafir, tigpasin ang (kanilang) mga leeg hanggang sila ay inyong ganap na magapi at sila ay igapos nang mahigpit (bilang inyong mga bihag). Pagkaraan niyaon, (sila ay inyong palayain na walang tubos) magbigay ng mabuting-loob o di kaya naman ay humingi ng kabayaran (tubos) hanggang ang digmaan ay lubusang magmaliw…" (Qur'an 47:4)

Sa kabila nito, gumawa ng mga batas ang Islam upang makalaya ang mga bihag at mga alipin. Ang pagpapalaya ng alipin ay isang pagbabayad ng isang uri ng kasalanan sa Islam, tulad ng mga sumusunod ;

□ Ang pagpatay na hindi sinasadya. Ang Makapangyarihang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

" …Sinumang pumaslang sa isang Muslim ng hindi sinasadya, nararapat siyang magpalaya ng isang alipin, magbayad ng diyah **(karampatang salapi sa pamilya ng namatay) maliban kung ang pamilya nito ay ituring na lamang ito para sa iyo bilang kawanggawa. At kung ang biktima ay mula sa mga taong may galit sa iyo at siya ay mananampalataya, samakatuwid, (ang kabayaran) ay ang pagpapalaya ng isang mananampalatayang alipin. At kung siya ay nagmula sa angkan na may namamagitang kasunduan sa inyo, ang pagbabayad ng salapi ay dapat ipagkaloob at ang pagpapalaya ng mananampalatayang alipin…"** (Qur'an 4: 92)

□ Sa di-pagtupad ng pangako: Ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi ;

"Ang Allah ay hindi nagpaparusa sa mga hindi sinasadyang pangako (panunumpa). Nguni't magpaparusa sa mga sinadyang di-pagtupad na pangako (panunumpa). Ang pagbabayad-sala nito ay ang pagpapakain ng sampung taong mahihirap, (katumbas ng dami ng pagpapakain ng sariling pamilya) o ang pagbibigay damit sa kanila o ang pagpapalaya ng isang alipin…" (Qur'an 5: 89)

□ Ang pagturing sa asawa bilang bawal sa kanyang sarili[20]. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"At yaong nagturing ng pakikipaghiwalay (diborsiyo) sa kanilang mga asawa sa pamamagitan ng Zihar[21], at nagnanais na bawiin (o ipawalang-saysay) ang mga salita na kanilang binitawan, (ang kabayaran) sa gayong kaso ay ang pagpapalaya ng isang alipin bago sila magtalik sa isa't-isa: Ito ay isang paalaala sa inyo (upang hindi

[20] Sa panahon ng kamangmangan bago pagsapit ng Islam, ang mga di-mananampalataya ay mayroong tradisyon na ipinagbabawal ang kanilang sarili mula sa kanilang mga asawa dahil sa kanilang pag-aaway atbp. At sinasabi na; 'Ikaw ay parang likod ng aking ina', at sila ay tuluyang nang magdiborsiyo.

[21] **Zihar**-ito ay isang pananalita ng isang lalaki sa kanyang asawa ng ganito: "Para sa akin, ikaw ay katulad ng likuran ng aking ina (ipinagbabawal ang pagsiping sa iyo)." Ito ay karaniwang sinasambit ng mga kalalakihang arabo sa kanilang mga asawa sa panahon ng Jahiliyah (bago dumating ang Islam).

ninyo muling tangkaing gawin ang gayong kasuklam-suklam na bagay)… ” (Qur'an 58:3)

 Ang pakikipagniig sa asawa sa araw ng pag-aayuno sa buwan ng Ramadan. Si Abu Hurairah (ﷺ) ay nag-ulat na ang isang tao ay nakipagtalik sa kanyang asawa habang nag-aayuno sa buwan ng Ramadan. Sinabi sa Propeta (ﷺ) at tinanong niya ang tao :

"Makapagpapalaya ka ba ng alipin ?' Siya ay sumagot ; 'Hindi'. Tinanong ulit, 'Kaya mo bang mag-ayuno ng dalawang buwan na magkasunod?' Siya ay sumagot ulit ng ;'Hindi' Magkagayon, ikaw ay magpakain ng 60 – taong dukha." (Muslim)

 Ginawa ng Islam na ang kabayaran ng pananakit sa isang alipin ay ang pagpapalaya sa kanya. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi ;

"Kung sinuman ang sumampal o nanakit sa isang alipin, ang kabayaran nito ay ang pagpapalaya sa kanya." (Muslim)

Ang Deen (Relihiyon) ng Islam ay gumawa ng paraan upang makapagpalaya ng mga alipin, tulad halimbawa ng mga sumusunod ;

 Inuutos ng Islam sa mga tao na tanggapin ang 'Kasunduan ng Pagpapalaya'. Ito ay isang kasunduan ng isang alipin sa kanyang pinaglilingkuran para sa pagpapalaya ng una batay sa karampatang salaping ibabayad. Ayon sa mga Pantas na Muslim, na kung ang isang alipin ay nakiusap para sa kasulatan ng pagpapalaya, tungkulin ng kanyang pinaglilingkuran na sang-ayunan ang pakiusap ng kanyang alipin katulad ng nasasaad sa Qur'an:

"…At sa inyong mga alipin na humihiling ng kasulatan (para sa kanyang kalayaan) isulat para sa kanila kung inyong nalalaman ang anumang kabutihan sa kanila at ipagkaloob sa kanila (ang ibang bahaging) ipinagkaloob sa iyo mula sa yaman ng Allah…" (Qur'an 24:33)

 Ginawang batas ng Islam na ang Zakat (ubligadong kawanggawa) ay maibigay upang makapagpalaya ng mga alipin at mga bilanggo. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

"Ang kawanggawa (Zakat) ay para lamang sa mga mahihirap (faqir) at nangangailangan (miskin) at para sa mga maniningil ng Zakat at para sa taong ang puso ay nakalaan sa Islam at yaong alipin para sa kanilang paglaya at sa mga nagkautang at mga naglalakbay (na kinapos ng salapi) at mga nakikipaglaban sa landas ng Allah; ito ay isang tungkuling ipinag-utos ng Allah. Ang Allah ay Lubos na Maalam, Ang Tigib ng Karunungan." (Qur'an 9:60)

26) Ang Deen ng Islam ay itinataas ang katayuan ng mga kababaihan at ibinibigay ang nararapat na karangalan. Ginawa silang kapuri-puri at iginagalang nang lubusan ang kanilang pagkatao. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi;

"Ang mga mananampalataya na may ganap na paniniwala ay sila na may pinakamabuti at magandang pag-uugali, at ang pinakamabuti sa inyo ay silang pinakamabuti sa kanilang mga asawa." (Tirmidhi)

Ipinagtatanggol ng Islam ang makataong likas ng mga kababaihan at hindi siya (babae) sinisisi sa pagpapalayas kay Adan (عليه السلام) mula sa Paraiso, o kaya siya ay isinasaalang-alang bilang pinagmulan ng kasalanan, tulad ng paniniwala ng mga ibang relihiyon. Ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"O sangkatauhan! Matakot sa inyong Rabb (sa pamamagitan ng pagtalima sa Kanyang kautusan), na Siyang lumikha sa inyo mula sa iisang tao (Adam), at mula sa kanya ay nilikha Niya ang kanyang asawa [Hawwa (Eba)], at mula sa kanila'y nilikha Niya ang maraming kalalakihan at kababaihan. At matakot sa Allah na Siyang hinihingan ninyo (ng inyong mga karapatan) sa isa't isa, at (huwag putulin ang ugnayan) ng mga sinapupunan[22] (kamag-anakan). Katiyakan, ang Allah ay Lagi nang Nakamasid sa inyo...." (Qur'an 4:1)

---

[22] Ang pagbibigay ng pitagan, paggalang at pagpapanatili ng pagkakamag-anak ay labis na ipinag-uutos ng Islam. Si Propeta Muhammad (ﷺ) ay nagsabi: *"Sinumang sumira (pumutol) sa pakikitungo sa kamag-anakan ay hindi makapapasok sa Paraiso"*. (Bukhari at Muslim)

Itinanggi ng Islam ang nakasasakit na pananalita laban sa mga kababaihan, lalo na yaong mga nagtuturing na ang mga kababaihan ay mas mababa kaysa sa mga kalalakihan; na siyang nagtutulak sa pagkawala ng kanilang saligang karapatan pang-tao. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi;

"Ang mga kababaihan ay kakambal (katuwang) ng mga kalalakihan."[23] (Abu Dawud)

Ipinagtatanggol ng Islam ang dangal at puri o kalinisan ng mga babae, tulad ng paglalapat ng kaparusahan sa mga taong nagpaparatang ng pakiki-apid laban sa mga malinis na babae. Ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"At sila na nagpaparatang sa mga malilinis ng mga babae, at hindi makapagbigay ng apat na saksi, hagupitin sila ng walumpung hampas, at huwag tanggapin mula sa kanila ang kanilang pagsaksi kahit na kailan, katotohanang sila ay palasuway sa Allah." (Qur'an 24:4)

Katulad ng mga kalalakihan, binigyan din ng katiyakan ng Islam ang mga karapatan ng mga kababaihan hinggil sa pamana, na sila ay inalisan ng karapatan bago dumating ang Islam. Ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"Mayroong natatanging bahagi nakalaan sa mga kalalakihan at sa mga kababaihan sa anumang naiwan na kayamanan ng mga magulang at malalapit na kamag-anak (kapag sila ay yumao na), kahima't ang ari-arian ay maliit o malaki; (ito ay) isang nakalaang bahagi." (Qur'an 4:7)

Pinahintulutan ng Islam ang mga kababaihan na gawin ang kanilang kagustuhan tungkol sa kanilang mga yaman, tulad ng pamimili at pagtitinda na walang panghihigpit at pagtatakda maliban na lamang kung ito ay ipinagbabawal ng Deen ng Allah (ﷻ). Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

---

[23] Ang mga babae ay magkatulad sa mga lalaki batay sa karapatan pang-relihiyon… at simula pa noong nilikha si Eba mula kay Adan.

“O kayong nagsisisampalataya! Magsipagbigay kayo ng mga mabubuting bagay na inyong kinita (nang malinis)…” (Qur’an 2:267)

Ginawang tungkulin ng Islam para sa mga kababaihan ang pag-aaral at maging maalam. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi;

“Ang paghahanap ng karunungan ay tungkulin para sa lahat ng Muslim” (Ibn Maajah)

Ginawang tungkulin ng Islam na ang mga babae ay nararapat tumanggap ng mabuting pagtuturo at tamang pagpapalaki, na ito ay isang paraan para ang isang tao na siya ay makapasok sa Paraiso. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi;

“Sinuman ang may tatlong anak na babae, sila ay kanyang nilingap, iniingatan, at naging mahabagin sa kanila, siya ay makapapasok sa Paraiso.’ Ang isang tao ay nagtanong; ‘O Sugo ng Allah, ‘Kung dalawa?’ Siya ay nagsabi; ‘Kahit na dalawa.” (Al-Adab Al-Mufrad)

27) Ang Islam ay Deen ng kadalisayan, kahima’t ito ay pangkatawan o pang-ispirituwal. Ang mga pang-ispirituwal na kalinisan ay ang mga sumusunod;

- Kadalisayan mula sa kasalanang Shirk (ang pagbibigay ng katambal sa pagsamba sa Allah, ﷻ). Ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

“…Katotohanan, ang pagtatambal ng iba pa sa pagsamba sa Allah ay tunay ngang pinakamatinding kamalian.” (Qur’an 31:13)

- Kadalisayan mula sa kasalanang Riyaa (i.e. paggawa ng kabutihan upang makita lamang ng mga tao). Ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

“Kaya’t kasawian sa mga Munafiq (taong mapagkunwari) na nagsasagawa ng Salah (takdang pagdarasal). Na nagpapabaya ng kanilang Salah sa takdang oras. Na nagsasagawa lamang ng Salah at mga kabutihan bilang pakitang-tao upang mamalas (ng mga tao). At tumangging magbigay ng kahit na katiting na tulong sa kapwa niya…” (Qur’an 107:4-7)

□ Kadalisayan mula sa labis pagpapahalaga sa sariling gawa. Ang Dakilang Allah (ﷻ) ay naglahad ng kasaysayan tungkol sa anak ni Luqman;

“At huwag ibaling ang iyong mukha mula sa mga tao nang may pagmamalaki at huwag lumakad sa kalupaan nang may pangmamataas (at pagyayabang). Katotohanan, hindi minamahal ng Allah ang mayabang (at mapagmalaki).” (Qur’an 31:18)

□ Kadalisayan mula sa kasalanan ng karangyaan o kayabangan. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi;

“Kung sinuman ang kumaladkad ng kanyang damit (sa lupa) sanhi ng pagmamalaki at pagyayabang (lamang), hindi siya titingnan ng Allah sa Araw ng Pagbabangong Muli.” (Bukhari)

Kadalisayan mula sa kasalanan ng pagpapahalaga o pagmamataas sa sarili. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi;

“Sinuman ang may katiting na pagmamalaki sa kanyang puso ay hindi makapapasok sa Paraiso.” Ang isang tao ay nagtanong: ‘O, Sugo ng Allah, kung ang isang taong nais manamit ng magaganda at magsuot ng sapatos na mararangya?’ Ang Sugo ng Allah ay nagsabi: ‘Ang Allah ay maganda, at nais Niya ang Kagandahan. Ang pagmamalaki ay yaong tumatangging tumanggap sa katotohanan at minamaliit ang ibang tao.” (Muslim)

□ Kadalisayan mula sa kasalanang pagkainggit. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi;

“Ang sakit ng mga naunang mamamayan (pamayanan) ay nakapinsala sa inyo… ito ang paninibugho at pagkapoot. Ang mga kaugalian na ito ay siyang pupuksa sa Deen, tulad ng labaha ay ginagamit sa pag-ahit ng buhok. Isinusumpa ko sa Kanya na Siyang may tangan ng aking kaluluwa, kayo ay hindi makapapasok sa Paraiso hanggang kayo ay di-mananampalataya, at kayo ay hindi maaaring maging mananampalataya hanggang hindi kayo

magmahalan sa isa't-isa…tuturuan ko kayo ng isang bagay, na kung ito ay inyong gawin, katiyakan na kayo ay magmahalan. Magbatian kayo sa bawa't isa ng pagbating Salaam." (Abu Dawood)

- Tungkol sa kadalisayan sa pangkatawan. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

> **" O kayong Mananampalataya! Kung kayo ay maglayong magsagawa ng Salaah, hugasan[24] ang inyong mga mukha, mga kamay (braso) hanggang mga siko, haplusin ng basang kamay ang inyong mga ulo at hugasan ang inyong mga paa hanggang (sa hugpong ng) bukung-bukong. Kung kayo ay nasa kalagayan ng Janaba (pagkatapos ng pakikipagtalik) gawing dalisay ang inyong mga sarili (sa pamamagitan ng paliligo ng buong katawan). Nguni't kung kayo ay may karamdaman o kaya'y nasa oras ng paglalakbay o sinuman ang nanggaling mula sa likas na tawag ng pangangailangan, o nagkaroon ng pakikipagtalik sa mga kababaihan at (sa gayong pagkakataon) ay wala kayong matagpuang tubig-magsagawa ng Tayammum[25] sa pamamagitan ng malinis na lupa at ito ay ihaplos (idampi) sa mukha at mga kamay. Hindi nais ng Allah na kayo ay magdanas ng kahirapan nguni't nais (lamang) Niyang kayo ay maging malinis, at gawin Niyang lubos ang pagpapala sa inyo upang sakali kayo ay (matutong) magpasalamat."**
> (Qur'an 5:6)

Si Abu Hurairah (ﷺ) ay nag-ulat na sinabi ng Propeta (ﷺ):

'Ang binanggit na talata ay naipahayag upang ilarawan ang mga naninirahan sa Qubaa'; "…

---

[24] **Wudhu** Isinalaysay ni Nu'aim Al Muhmir: Minsan, ako ay umakyat sa bubungan ng Masjid kasama ko si Abu Hurayrah (ﷺ). Siya ay nagsagawa ng Wudhu (paghuhugas) at nagsabi, "Narinig ko ang Sugo ng Allah na nagsabi, 'Sa Araw ng Pagkabuhay Muli, ang aking mga tagasunod ay tatawaging Al Ghurr-ul-Muhajjalun mula sa bakas ng Wudhu (paghuhugas) at sinuman ang may kakayahang dagdagan ang sakop ng liwanag ay isagawa ito (sa pamamagitan ng paghuhugas sa tama at ganap na pamamaraan." Sahih Bukhari vol 1 Hadith Bilang 138.

[25] **Tayammum**. Marahang idampi ang dalawang kamay (palad) sa malinis na lupa at pagkaraan ay hipan ang alikabok mula sa dalawang palad, at ihaplos ang dalawang palad ng kamay sa mukha at braso: ito ang tinatawag na Tayammum (Pamalit sa Kawalan ng Tubig).

"… naririto ang mga tao na nagnanais na linisin at padalisayin ang kanilang sarili. At ang Allah ay nagmamahal sa mga taong nagpapadalisay sa kanilang sarili." (Qur'an 9:108)

"Sila ay naglilinis sa pamamagitan ng tubig (pagkatapos gumamit ng palikuran)",… kaya ang talata na ito ay naipahayag tungkol dito." (Tirmidhi)

28) Ang Deen ng Islam ay may dakilang lakas sa kalooban… kapag ito ay pumasok sa puso, lagi nang sumasagi sa ala-ala ninuman. Sa ganitong kadahilanan, marami ang pumapasok sa Islam, sa kabila ng kahinaan sa tulong na pananalapi at moral na tagapagtaguyod na natatanggap ng mga tagapangasiwa ng Dawah (Tagapagtawag sa Islam). Bagama't ang mga kaaway ng Islam ay gumugugol ng napakalaking halaga upang sirain at wasakin ang magandang larawan ng Islam, tulad ng mga maling paratang na ipinupukol dito. Magkagayonman, marami pa rin ang yumayakap sa Islam. Bihira lamang ang taong yumayakap sa Islam at pagkaraan ay tumatalikod. Ang panloon na lakas ng Islam ay may panlaban din sa mga taga Silangan, na nag-aaral sa Islam upang pag-alinlanganan ang katotohanan ng Islam. Ang kagandahan ng Islam, ang mga makatotohanang prinsipiyo nito, na umaalinsunod sa likas na kalooban ng tao at ng kanyang pang-unawa at pag-iisip, ang siyang naging daan ng kanilang pagbabago ng buhay, at dahil dito, marami ang tumatanggap sa Islam. Ang mga kaaway ng Islam ay nagpapatunay sa Islam bilang tunay na relihiyon. Si G. Gibb ay nagsabi;

"Magkagayon, kung ang Qur'an ay nagmula lamang sa kanyang sariling pagkatha at pagsisikap, katiyakang ang mga ibang tao ay maaaring makipagtagisan ng pagkatha dito. Hayaan silang kumatha at magpakita ng sampung talata katulad ng mga ito (Qur'an). Kung sila ay hindi sila makagagawa (at katiyakan nahindi nila ito matutularan), dapat nilang tanggapin ang Qur'an bilang natatanging (nangingibabaw na) katibayan ng himala."

29) Ang Islam ay Deen ng panlipunang tagapagtangkilik, sapagkat ginawang isang tungkulin sa lahat ng Muslim ang pagtulong o pagtangkilik sa kanilang mga kapatid kahit nasaan man sila naroroon. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi;

"Ang mga mananampalataya, dahil sa kanilang pagmamahal, habag at damdamin sa bawat isa ay tila iisang katawan, kung ang isang bahagi ay may karamdaman, ang buong katawan ay nakararamdam ng pananakit at kawalan ng tulog." (Muslim)

Ipinag-uutos ng Islam sa mga Muslim na magtrabaho upang umunlad ang kanilang kalagayan sa pamamagitan ng ubligado o kusang-loob na kawanggawa. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi;

"Hindi magiging tunay na mananampalataya ang isa sa inyo hanggang hindi niya mamahalin ang kanyang kapatid nang tulad ng pagmamahal niya sa kanyang sarili." (Bukhari)

Ipinag-uutos ng Islam sa mga Muslim na magsikhay para sa kanilang mga kapatid sa panahon ng krisis at kahirapan. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi;

"Ang mga mananampalataya ay katulad ng isang matatag na gusali, ang bawat isang adobe (brick) ay nagpapatatag sa bawat isa (At kanyang pinagdikit ang kanyang mga daliri upang ilarawan ang kanyang nais sabihin). (Bukhari).

Ipinag-uutos ng Islam sa mga Muslim na tulungan at ipagtanggol ang kanilang mga kapatid sa panahon ng digmaan kung kinakailangan. Ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"Nguni't kung sila ay humiling ng tulong sa inyo tungkol sa relihiyon, ito ay inyong tungkulin na sila ay tulungan…" (Qur'an 8:72)

Ipinagbabawal na sila ay pabayaan at layuan sa panahon ng kanilang pangangailangan. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi;

"Sinuman ang hindi nagtanggol sa kanyang kapatid na Muslim, habang ang dangal nito ay niyuyurakan o nilalapastangan, siya ay pababayaan din ng Allah sa panahong higit niyang kailangan ang tulong. Sinuman ang nagtanggol sa kanyang kapatid na Muslim habang ang dangal nito ay niyuyurakan o nilalapastangan, siya ay

ipagtatanggol din ng Allah sa panahong higit niyang kailangan ang tulong." (Saheeh al-Jami)

30) Ang Deen ng Islam ay dumating na mayroong dalang makatarungan at makatuwirang alituntunin tungkol sa pamana na ipinamamahagi ng naiwang kayamanan ng namatay para sa kanyang mga legal na tagapagmana, kahit na sila ay bata o matatanda, lalaki o babae, na ang pamamahagi dito ay katanggap-tanggap ng mga taong may ganap na katalinuhan. Ang kayamanang (naiwan) ay ipapamahagi sa mga tagapagmana nang ayon sa pinakamalapit na kamag-anak ng namatay. Walang ibang taong ang may karapatang ipamahagi ang mga mana nang ayon sa kagustuhan lamang niya. Ang isang kabutihan ng sistemang ito ay ang pamamahagi ng mga kayamanan, gaano man ito karami, sa pamamagitan ng paghati-hati (sa maliliit na bahagi), at hindi maaaring sarilinin ito. Ang marangal na Qur'an ay ipinaliwanag ang pagbibigay ng bahagi para sa mga bata, mga magulang, mga asawa, at mga kamag-anak at pamangkin, tulad ng naipaliwanag sa Qur'an, Kabanata An-Nisaa, talata 11, 12 & 176. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi rin;

"Tunay na binigyan ng Allah ang bawat tao ng kanyang karapatan. Kaya huwag pahintulutan ang sinuman na mamahagi ng kahit na ano sa iba na nabigyan na siya ng kaukulang bahagi ng pagmamana." (Abu Dawud)

31) Ang Deen ng Islam ay nagtakda ng pamamaraan kung paano ipamahagi ng isang tao ang ibang bahagi ng kanyang kayamanan. Ang bawat Muslim ay may karapatang ipamahagi ang ibang bahagi ng kanyang kayamanan upang gamitin pagkaraan ng kanyang kamatayan para sa mabubuting layunin upang mapabilang ito bilang tuloy-tuloy na kawanggawa. Subali't ang Deen (Relihiyon ng Islam) ay nagbigay ng hangganan kung magkano ang pinakamalaking halaga na maaaring ipamahagi, ito ay ang ikatlong bahagi ng kabuuang halaga ng kanyang kayamanan. Si Aamir bin Sa'd (رضي الله عنه) ay nagsabi;

"Ang Propeta ay dumadalaw sa akin nang ako ay nasa Makkah at maysakit. Sinabi ko sa kanya, 'Mayroong akong kaunting kayamanan, maaari ko bang ipamahaging lahat (bilang kawanggawa)? Siya ay sumagot, 'Hindi'. At sinabi ko, 'Kung gayon,

ang kalahati nito?' Siya ay sumagot, 'Hindi'. Kaya sinabi ko, 'Ang ikatlong bahagi?' Siya ay sumagot, 'Ang ikatlong bahagi ay labis din.' Kung iiwanan mo ang iyong mga tagapagmana na masagana, ito ay higit na mabuti kaysa iiwanan mo silang namamalimos. Kahit na ano man ang iyong gugulin, ito ay itatala bilang kawanggawa para sa iyo, kahit na ang isang subo ng pagkain na iyong isusubo sa iyong asawa. Maaaring itataas ng Allah ang iyong kalagayan at ang ibang tao ay makinabang sa iyo, at maaari din namang makapinsala sa ibang tao." (Bukhari)

Ang Islam ay nagtalaga ng saligan o patakaran para sa isang tao upang siya ay mamahagi ng pamana…hindi niya dapat saktan ang kanyang mga tagapagmana. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"…pagkaraang mabayaran ang kanyang huling habilin (testamento) o mga utang, upang sa gayo'y hindi mawalan (ng bahagi ng pamana) ang sinuman. Ito ay isang Kautusan mula sa Allah… " (Qur'an 4:12)

32) Ang Deen ng Islam ay nagpanukala ng batas para sa kaparusahan ng mga kriminal at ito ay nagdudulot ng tiyak na katahimikan at kaligtasan sa pamayanan. Ang pagpatay ay napipigilan, ang kayamanan at ang dangal ay naipagtatanggol, ang mga kriminal ay nahuhuli at ang mga karapatan ng tao ay nababantayan mula sa pagkamkam. Ang kriminalidad ay nababawasan, sapagkat sa Islam ang bawat krimen ay mayroong kaukulang kaparusahang nararapat ipataw dito. Ito ay nagpapataw ng pangunahing parusa sa mga sinadyang pagpatay. Ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"O kayong mananampalataya! Ang Batas ng pagkapantay-pantay sa kaparusahan ay itinalaga sa inyo sa kaso ng pagpatay…" (Qur'an 2:178)

Ang pumatay ay hindi mapuputulan ng ulo, kung ang pamilya ng namatay ay nagpatawad sa kanya. Ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"Nguni't kung ang nakapatay ay pinatawad ng kapatid na lalaki (o kamang-anakan) ng biktima sa pamamagitan ng Diyah **(pinagkasunduang) kabayarang salapi, samakatuwid sumunod dito sa**

pantay na paraan at dapat na magbayad ng salapi (Diyah) **sa tagapagmana sa paraang makatarungan…"**(Qur'an 2:178)

Ang kaparusahan sa pagnanakaw ay ang pagputol ng kamay mula sa pulso. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"At (ukol) sa lalaking magnanakaw at sa babaing magnanakaw, putulin (mula sa sugpungan) ang kanilang (kanang) kamay bilang kabayaran sa anumang kanilang ginawa, isang kaparusahang magsisilbing halimbawa mula sa Allah. At ang Allah ay Ganap na Makapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan." (Qur'an 5:38)

Kung nalalaman ng isang magnanakaw na puputulin ang kanyang kamay kung siya ay nahuling nagnanakaw, hindi siya gagawa nito (magnanakaw). Pahahalagahan niya ang kanyang kamay, at magiging ligtas ang kayamanan ng mga tao mula sa kasamaan (ng magnanakaw).

Ang kaparusahan ng pangangalunya ay paghagupit o paghampas sa kanila ng 100-ulit para sa mga hindi pa Muhsan[26]. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"Ang mga mangangalunyang babae at lalaki ay dapat hagupitin ang bawat isa sa kanila ng tig-iisang daang hampas…" (Qur'an 24:2)

Ang isang taong nagparatang sa isang lalaki o babae ng pangangalunya ay dapat ding hagupitin. Ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"At sila na nagparatang (ng pakikiapid) sa malilinis na babae na hindi makapagbigay ng apat na saksi, hagupitin sila ng walumpong hampas…" (Qur'an 24:4)

Ang lahat ng kaparusahan at pagkastigo ay nagmula sa pangunahing prinsipiyo ng Islam. Ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"At ang kabayaran (sukli) sa isang kasamaan ay isang kasamaan din ng katulad nito…" (Qur'an 42:40)

---

[26] Muhsan: ay isang taong nagpakasal sa isang babae sa legal na kontrata ng kasalan, at kanyang tinapos ang pagpapakasal.

At sinabi rin ng Allah (ﷻ);

"At kung inyong parusahan (ang inyong kaaway), kailangang parusahan sila nang katumbas ng kanilang ginawa sa inyo…" (Qur'an 16:126)

Mayroong mga likas na patakaran at alituntunin para sa pagpapatupad ng mga kaparusahan. Karagdaragan pa nito, ang pagpapatupad ng mga parusa ay hindi naitakdang bagay na dapat ipatupad, subali't ang isa ay maaaring magpatawad at magpaumanhin lalo na kung ang kaparusahan ay nauukol sa karapatan ng mga tao. Ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"…datapwa't kung sinuman ang nagpatawad at makipagkasundo, ang kanyang gantimpala ay magmumula sa Allah." (Qur'an 42:40)

Ang mga katuwiran sa likod ng pagpapatupad ng mga kaparusahan ay hindi upang makapaghiganti, ang layunin ng pagpapatupad ng mga kaparusahan ay upang mapangalagaan ang karapatan ng mga tao, at upang mapanatili ang kaligtasan ng mga mamamayan at magsisilbing hadlang sa mga taong may balak na gumawa ng kasamaan sa pamayanan. Kung nababatid ng isang taong nais pumatay na siya ay papatayin din, at nababatid ng magnanakaw na puputulin din ang kanyang kamay at ang mga mapangalunya at nagparatang ng pangangalunya ay mapaparusahan…katiyakang sila ay magsisitigil sa paggawa ng mga ganitong krimen. Ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"At sa Qisas (Batas ng pagkapantay-pantay sa kaparusahan) ay mayroong kaligtasan ng buhay sa inyo, O, kayong mga tao na may pang-unawa, upang kayo ay maging mabuti at magkaroon ng takot sa Allah." (Qur'an 2:179)

Ang mga ibang tao ay magsasabi na ang mga kaparusahan na ginawang batas ng Islam laban sa ibang krimen ay malulupit! Subali't ang lahat ay sang-ayon na ang mga ginawa ay krimen na ang panganib ay malinaw at hayag sa pamayanan, samakatuwid, kailangan ang panlaban upang sugpuin ang panganib nito at ang mga gumagawa sa mga ito ay dapat patawan ng parusa. Samakatuwid ang pagkakaiba ng opinyon (kuro-kuro) nauukol sa uri ng parusa hinggil sa mga krimen na ito. Tanungin natin ang

ating sarili kung alin ang higit na matagumpay sa pagsugpo ng krimen, ang Batas ng Islam na nakababawas ng krimen o ang Batas na gawa ng tao na pinaiiral subalit patuloy din ang paglaganap ng krimen? Tunay na ang bulok na bahagi ng katawan ay dapat putulin upang ang lahat ng bahagi ng katawan ay mananatiling malusog.

33) Pinahintulot ng Deen ng Islam ang lahat ng uri ng pananalaping kasunduan tulad ng pamimili at pagtitinda, pagtayo ng mga kalakalan, ang pagpapa-upa, at kalakalan at pagpapalitan ng paninda, upang maging magaan ang buhay sa pang-araw-araw. Tunay na ito ay pinahihintulutan ang ayon sa batas na itinatag ng 'Shari'ah', tulad halimbawa kapag ang siang tao ay nararapat pigilan kung ang kalakalan ay nakapipinsala sa sarili o sa kapwa at maging sa karapatan ng bawat tao. At kailangan ang dalawang panig (ng pangangalakal) ay maligaya sa kasunduan, at kailangan ang produkto ay nakikitang maliwanag ng dalawang panig at ang kasunduan ng pangkalakalan tungkol dito. Walang ipinababawal sa Islam kundi ang masasamang kahahantungan ng transaksiyon, tulad ng pagbigay ng patubo, pagsusugal at mga kasunduan na ang patakaran o produkto nito ay hindi nalalaman.

Bagaman, ang bawat isa ay may kalayaang gamitin ang sariling salapi nang ayon sa Shari'ah, subali't maaaring pagbawalan siya sa paggamit nito, kung ang gagawin dito ay magdudulot ng pinsala sa kanyang sarili o sa iba. Ang mga taong maaaring pagbawalan sa paggugol ng kanilang kayamanan ay ang mga bata, wala sa tamang kaisipan, at sa mga walang kakayahan[27], at ang mga taong may utang hanggang hindi nababayaran ang napag-utangan. Sa mga nabanggit, ating matutunghayan ang dakilang kadahilanan at ang pangangalaga sa mga karapatan na sadyang maliwanag sa mga taong may malinaw na kaisipan.

34) Ang Islam ay maliwanag at may katiyakan na Deen. Walang paniniwala sa Islam na nakakalito, at ang isang tao ay may karapatang magtanong tungkol dito. Ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"…kaya't inyong tanungin ang mga tao may kaalaman sa Kasulatan (paham) kung ito ay hindi ninyo nababatid." (Qur'an 21:7)

---

[27] Ang mga taong hindi marunong makipagkalakalan na maaari itong lamangan at pagsamantalahin (sa kanyang kamangmangan).

Ang Islam ay mahigpit na nagbabala sa sinumang nagtatago ng anumang patnubay na ipinahayag ng Allah (ﷻ). Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

“Katotohanan, silang ikinukubli ang malinaw na patunay, katibayan at patnubay na Aming ipinahayag pagkaraan na Aming binigyang-linaw ito sa mga Angkan ng Kasulatan, sila yaong isinumpa ng Allah at (sila) yaong isinumpa ng mga manunumpa...” (Qur’an 2:159)

35) Ang Islam ay Deen ng pagkakaisa at pakikipagtulungan na nagtatawag sa mga Muslim na tumayo ng sama-sama na may pagkakasundo upang makuha nila ang dangal at puri. Ito ay maaaring makamtan sa mga sumusunod na pamamaraan;

- Iwanan o isantabi ang pansariling hangarin at layunin na siyang nag-uudyok upang maging isang makabayan at magkaroon ng damdamin na pagkapangkat-pangkat, at ito ang mga nagiging dahilan sa pagiging mahina at pagkawasak ng Ummah.
- Ginagawang dalisay ang paniniwala at ang mga gawaing pagsamba mula sa mga bagay na nakakasira, tulad ng pagbibigay ng katambal sa pagsamba sa Allah (ﷻ) at ang pagsasagawa ng Bid'aah (pagbabago sa pamamaraan ng pagsamba sa Deen).
- Ang pagkakaisa ng mga Muslim sa lahat ng bagay at kapakanan, maging ito ay sa larangan ng politikal, kabuhayan o panlipunan atbp… na siyang nagtataguyod sa kapayapaan at katahimikan. Ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

“At kayo ay tumangan nang mahigpit , lahat kayo ng sama-sama sa lubid ng Allah at huwag maghiwa-hiwalay sa isa’t-isa...” (Qur’an 3:103)

Ipinagbabawal ng Islam na magkaiba-iba at magkahiwa-hiwalay sa iba't iang pangkat. Ang Allah ay nagsabi:

“At huwag kayong tumulad sa mga naghihiwa-hiwalay at may pagkakasalungatan sa kanilang sarili matapos ang maliwanag na katibayan ay dumating sa kanila. At sila ay parurusahan ng napakatinding kaparusahan.” (Qur’an 3:105)

Karagdagan pa dito, ang paghihiwa-hiwalay ay hindi mula sa Deen ng Allah (ﷻ). Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

“Katotohanan, yaong pinaghati-hati ang kanilang relihiyon at pinaghiwa-hiwalay sa iba't ibang sekta, ikaw (O Muhammad) ay walang kaugnayan sa kanila maging sa anupaman. Ang kanilang (sariling) gawain (pananagutan) ay sa Allah lamang, na Siyang magsasabi sa kanila kung ano ang lagi nilang ginagawa. ” (Qur’an 6:159)

Ipinaliwanag ng Deen ang nakakasamang bunga ng di-pagkakaunawaan at pagkawatak-watak. Ang mga kalaban ng Islam ay hindi matatakot sa mga Muslim at sila ay pangingibabawan nila at mahuhulog sa pinakamababang antas. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

“…at huwag kayong makipagtalo (sa isa’t-isa), baka kayo ay mawalan ng tapang at ang inyong lakas ay maglaho…” (Qur’an 8:46)

36) Ang mga ibang paksa tungkol sa mga di-nakikitang daigdig ay naipaliwanag ng Islam, tulad ng pagbanggit sa mga kasaysayan ng mga naunang mamamayan o pamayanan. Maliwanag sa mga talata ang nangyari sa pagitan ng mga nasabing pamayanan at ng kanilang mga Propeta at Sugo. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

“At katotohanang Aming isinugo si Musa (Moises) na may dalang Ayat (aral, talata, babala, himala, tanda) at isang malinaw na kapangyarihan kay Fir'awn (Paraon) at kanyang mga pinuno, ngunit kanilang sinunod ang utos ni Fi'rawn, at utos ni Fir'awn ay hindi matuwid (na kautusan). aral at alituntunin) ” (Qur’an 11:96-97)

Tungkol kay Hesus (عليه السلام), sinabi ng Allah (ﷻ):

"At (alalahanin) nang si Hesus, ang anak ni Maria, ay nagbadya: 'O Angkan ng Israel! Ako ay isang Sugo ng Allah na ipinadala sa inyo, na nagpapatotoo sa Torah (mga Batas) na ipinadala (sa inyo) nang una pa sa akin, at nagbibigay sa inyo ng masayang balita ng isang Sugo na susunod sa akin, ang pangalang itatawag sa kanya ay Ahmad. Datapwa’t nang siya ay pumaroon sa kanila na may mga

Maliwanag na Katibayan, sila ay nagsipagsabi: 'Ito ay isang maliwanag na salamangka'" (Qur'an 61:6)

Tungkol kay Hud (عليه السلام), sinabi ng Allah (عز وجل);

"At sa mga tribo ng 'Aad, ipinadala Namin ang kanilang kapatid na si Hud at sinabi; 'O aking mga sinasakupan (tao) paglingkuran lamang ang Allah, wala kayong ibang Diyos maliban sa Kanya…" (Qur'an 11:50)

Tungkol kay Salih (عليه السلام), sinabi ng Allah (عز وجل);

"At sa mga Tamud (ay isinugo Namin) ang kanilang kapatid na si Salih, at siya ay nagbadya, 'O aking pamayanan ! Sambahin ninyo ang Allah, wala kayong ibang Ilah (Diyos) maliban sa Kanya. Kanyang nilikha kayo mula sa lupa at dito ay Kanyang itinira kayo, kaya't bumaling kayo sa Kanya sa pagsisi, Katotohanan, ang aking Panginoon ay laging malapit (sa lahat, sa pamamagitan ng Kanyang Kaalaman), ang Maaasahan. " (Qur'an 11 :61)

Gayon din, isinalaysay ng Allah (عز وجل) ang mga kuwento ng mga ibang Propeta at ang mga Sugo at kung ano ang nangyari sa kanila at ng kanilang bansa.

37) Ang Deen ng Islam ay nanghamon sa lahat ng sangkatauhan na gumawa ng kagaya ng Qur'an, na siyang pinakahuli sa mga Aklat na Panlangit. Ang hamon na ito ay hanggang sa Araw ng Pagbabayad Muli. Ang Allah (عز وجل) ay nagsabi ;

"Hayaan sila na gumawa ng pagbigkas na katulad nito (Qur'an) kung sila ay nagsasabi ng katotohanan." (Qur'an 52 :34)

Ginawang magaan ng Allah (عز وجل) ang paghamon na magbigay ng ilang kabanata na katulad ng Qur'an. Ang Allah (عز وجل) ay nagsabi ;

"O sila ay nagsasabi: "Siya (Propeta Muhammad) ay nanghuwad nito (ang Qur'an)." Sabihin mo (O Muhammad sa kanila): "Kumatha kayo, kung gayon, ng sampung Surah (Kabanata) katulad nito, at tawagin ang sinuman bukod sa Allah (upang kayo

ay tulungan), kung kayo nga ay tunay na makatotohanan!" (Qur'an 11 :13)

Lalong ginawang magaan ang hamon na ito ng Allah (ﷻ) at humingi na lang ng isang kabanata[28] na katulad ng Qur'an. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi ;

"At kung kayo ay nag-aalinlangan tungkol sa Aming ipinahayag (ang Qur'an) sa Aming alipin (na si Muhammad), kung gayon, kayo ay kumatha ng isang 'surah' (kabanata) na katulad nito at inyong tawagin ang inyong mga saksi (mga tagapagtaguyod) bukod pa sa Allah, kung tunay nga na kayo ay nagsasabi ng katotohanan." (Qur'an 2 :23)

Ang paghamon na ito ay inihain para sa lahat ng nilikha, mga Jinn at mga tao. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi ;

"Ipahayag: 'Katiyakan, kung ang sangkatauhan at mga Jinn ay magsama-sama sila upang makagawa ng katulad nitong Qur'an, sila ay hindi makagagawa ng katulad nito, kahit na sila ay magtulungan sa isa't-isa". (Qur'an 17 :88)

38) Ang Islam ay Deen ng Jihad ; ang Deen, sarili, pamilya at ang sariling bansa ay pinangangalagaan. Ipinag-uutos na ang Jihad ay isagawa laban sa mga humahadlang sa pagpapalaganap ng Deen ng Allah (ﷻ), dahil ito ay panawagan para sa buong mundo, at hindi nakahangga sa mga parikular na lahi lamang. Magkagayon, ang bawat isa ay may karapatang mabatid ang dala nitong kabutihan, katarungan at pagmamahal na nilalaman nito. Ang Jihad ay pakikilaban upang mapawi ang paghihirap at tulungan ang mga inaapi. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi ;

"At makipaglaban sa Landas ng Allah sa mga taong lumulupig sa inyo, nguni't huwag lumagpas sa hangganan. Katotohanan hindi minamahal ng Allah ang manlulupig…" (Qur'an 2:190)

[28] Ang pinakamaiksi na kabanata ng Qur'an ay mayroong lamang tatlong talata, subali't sa kasaysayan ng tao, walang naglakas loob na gumawa at nagbigay ng kagaya nito (Qur'an).

Ang Jihad sa Islam ay isinasagawa upang ang salita ng Allah (ﷻ) ay ibantayog at ang Kanyang Deen ay mapalaganap. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi ;

“At makipaglaban sa kanila hanggang ang kasamaan at ang pagsamba sa mga diyus-diyusan ay maglaho at ang relihiyong mangibabaw ay ang para sa Allah lamang(sa buong mundo)…” (Qur’an 8:39)

May isang taong nagsabi sa Propeta (ﷺ); **‘May mga taong nakikipaglaban upang makakuha sa labi ng digmaan, mayroong ding nakikipaglaban para magpakita ng gilas at maging bantog.’ Sino sa mga ito ang tunay na nakikipaglaban sa Landas ng Allah (ﷻ) lamang ?’** Ang Propeta (ﷺ) ay sumagot ;

“Sinuman ang nakipaglaban upang ibantayog ang Salita ng Allah at maging dakila, siya ang gumagawa para lamang sa Kapakanan ng Allah." (Bukhari)

Ang layunin ng Jihad ay **hindi** yaong naglalayong makakuha ng mga makamundong bagay, pansarili o masamang kapakinabangan, o kaya ito ay isinasagawa upang makamkam at palawakin ang hangganan ng sariling bansa, o ang magpakita ng lakas ng kanilang militar o kaya naman ay bunga lamang ng paghihiganti. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi ;

“Huwag pamarisan yaong lumalabas sa kanilang mga lugar o tahanan na nagmamayabang para lamang magmalaki at makita ng mga tao.” (Qur’an 8:47)

Ang Islam ay Deen na nagtatagubilin ng kabutihan at nagbabawal ng kasamaan… na ito ay bilang kaligtasan ng pamayanan, sapagkat ang Deen ay hindi maaaring tumayo kung ang mga tagasunod nito ay hindi tumutupad sa kanyang alituntunin at ipinag-uutos at umiiwas sa anumang mga ipinagbabawal nito. Nanghihimok din ito sa mga taong naliligaw ng landas na maging mabuti at pumipigil sa mga gumagawa ng kasamaan. Sa ganitong paraan, ang pamayanan ay ligtas mula sa mga masasama at pagkawasak. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi ;

"Ang kahalintulad ng isang tao na tumatalima at sumusunod sa kautusan ng Allah at ang isang tao na sumusuway sa hangganang itinakda ay katulad ng mga pasahero ng isang sasakyang dagat (barko) na nagpasiya kung sino ang dapat manatili sa itaas at kung sino ang mananatili sa ibabang bahagi ng sasakyan (barko). Yaong nasa ibabang bahagi ay kailangang dumaan muna sa itaas upang sumalok ng tubig na nagiging sanhi ng pang-aabala ng mga nasa itaas na bahagi ng barko. Kaya, sila ay nagmungkahi sa mga nananatili sa itaas na bahagi ng barko na pahintulutan silang gumawa ng butas sa ilalim na bahagi ng barko at sumalok ng tubig roon na walang pang-aabala sa mga nasa itaas. Kung ang mga nasa itaas ay hahayaan o pahihintulutan ang mungkahi ng mga nasa ibaba, maaari silang magkaroon ng sakuna na magiging sanhi ng kanilang kapahamakan, nguni't kung ito ay hindi nila pahihintulutan sa kanilang balak, sila ay magiging ligtas sa anumang kapahamakan."

39) Ang Deen ng Islam ay para sa buong daigdig at sakop nito ang lahat ng aspeto ng buhay, tulad ng pagpapanukala ng batas at alituntunin tungkol sa kalakalan, digmaan, kasalan, pangkabuhayan, politika at ang pagsasagawa ng pagsamba atbp. Ito ay nagtatayo ng huwarang pamayanan ; kahit na magtulungan pa ang mga taong gumawa ng katulad nito, hindi nila maisasagawa ito. Kung malayo ang pamayanan mula sa mga batas at alituntunin na itinatag ng Islam, katiyakan na kapariwaraan ang ibubunga nito at bulok na pamahalaan. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi ;

"…At Aming ibinaba (sa lupa) ang Aklat (Qur'an) bilang isang paliwanag sa lahat ng bagay, isang patnubay, isang awa at magandang balita para sa sumusuko ng kanilang sarili (sa Allah bilang Muslim)." (Qur'an 16:89)

Ipinaliwanag ng Islam ang ugnayan ng Muslim at ng kanyang Rabb (Panginoon), ang kanyang lipunan at kapaligiran, buhay man o hindi. Walang anumng bagay sa Islam na tinatalikdan ang likas na asal o kaugalian ng tao o ng kanyang buong katalinuhan. Ang katibayan na tumutukoy sa katotohanang ito ay ang kahalagahan na ipinapakita tungkol sa magandang kaugalian, sa mga partikular na bagay na may kaugnayan sa pang-araw-araw na buhay, tulad ng pag-uugali sa pagsagot sa tawag ng kalikasan, at kung ano ang dapat gawin ng Muslim bago at pagkatapos ng

paggamit ng palikuran. Sinabi ng Abdulrahman b. Zaid (ﷺ) na may nagsabi kay Salman, 'Lahat ay itinuro sa inyo ng inyong Propeta (ﷺ) kabilang ang gagawin ninyo sa paggamit ng palikuran ?' Si Salman (ﷺ) ay sumagot ;

"Katotohanan, ipinagbabawal sa amin ang nakaharap sa Qiblah (sa Makkah) tuwing gumagamit ng palikuran, at ginagamit namin ang kaliwang kamay sa paglilinis ng maselang bahagi ng katawan, at gumagamit kami ng hindi kukulangin sa tatlong bato sa paglilinis o ng natuyong dumi o buto." (Muslim)

40) And Deen ng Islam ay isang palatandaan sa pagdating ng Araw ng Pagbabangong Muli at ang katapusan ng Mundo. Ang Propeta (ﷺ) ay nagpaliwanag na siya ang huling Propeta (ﷺ), ang kanyang pagiging Propeta (ﷺ) ay isang tanda na malapit na ang Huling Oras. Si Anas (ﷺ) ay nag-ulat na sinabi ng Propeta (ﷺ);

"Ang Huling Sandali at ako ay itinayo katulad nitong dalawa', at ipinagdikit ang kanyang gitnang daliri at ang hintuturo." (Muslim)

Ito ang pagpapatunay na siya ang huli at ang pangwakas na Sugo (ﷺ).

Ang Aspetong Pang-Ispirituwal ng Islam

Ang Pagsamba (Ibadah):

Ang Deen ng Islam ay nagpakilala ng mga ibat-ibang gawaing pagsamba; ang mga ito ay binubuo ng pinagtipunang salita, pisikal at mga doktrina ng mga gawaing pagsamba. Ang mga doktrina ng mga gawaing pagsamba ay ang mga 'Haligi ng Pananampalataya', ito ang mga sumusunod;

Ang Paniniwala sa Nag-iisang Diyos (Allah, ﷻ):

Ang paniniwala sa Allah (ﷻ) nagpapahiwatig na ang Allah (ﷻ) ay Isa at Tanging Nag-iisa sa mga sumusunod na aspeto o pananaw ;

1) Kaisahan sa Kanyang Pagka-Rabb–Panginoon (Tawheed Ruboobiyah); Ito ay pagpapatunay na ang Allah (ﷻ) ay Buhay, na Siyang lumikha sa buong sansinuklob, sa Kanya ang Pagmamay-ari at Siya ang Tagapamahala sa lahat ng bagay. Siya ang Nagpahintulot upang ang lahat ay maganap at mgkaroon ng buhay; na walang mabubuhay o mananatili maliban sa Kanyang Kapahintulutan. Ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi ;

"…Tunay na Kanya ang lahat ng (kapangyarihan ng) paglikha at kautusan. Luwalhati sa Allah, ang Panginoon ng lahat ng nilikha." (Qur'an 7:54)

Ipinaliwanag ng Allah (ﷻ) na Siya lamang ang Tanging Tagapaglikha at di-maaaring magkaroon ng ibang tagapaglikha. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi ;

"Walang anak (o supling) na ipinanganak ng Allah, at walang iba pang diyos na kasama Niya. (Kung mayroon mang iba pang mga diyos), samakatuwid bawat diyos ay maaaring kuhanin nito ano anumang kanyang nilikha at marahil ang iba pang diyos ay magtangkang talunin ang iba! (ngunit) Luwalhati sa Allah, higit Siyang Mataas sa lahat ng (kasinungalingang) iniaakibat sa Kanya! " (Quran 23:91)

2) Ang Kaisahan sa Pagsamba sa Kanya (Tawheed Uloohiyah) ; Ito ang pagpapatunay na ang Allah (ﷻ) ay siya lamang ang Tunay na Diyos, na karapat-dapat sambahin, at lahat ng mga gawaing pagsamba ay nararapat na iniuukol lamang sa Kanya. Hindi dapat umasa o kaya ay humiling sa iba maliban sa Kanya. Ang isang tao ay dapat lamang tumawag at humingi ng tulong sa Kanya upang maalis ang anumang suliranin o kaya upang maibsan ang ibang pangangailangan. Ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi ;

"At wala Kaming ipinadalang Sugo bago pa man sa iyo (O, Muhammad) na hindi Namin binigyan ng inspirasyon (na nagsasabing), Walang ibang Diyos na dapat sambahin kundi Ako (ang Allah), Kaya sambahin Ako (lamang at wala ng iba)." (Qur'an, 21: 25)

3) Ang Kaisahan ng Kanyang mga Pangalan at mga Katangian (Tawheed Al-Asmaa was-Sifaat) ; Ito ang paniniwala na walang katulad ang Kanyang mga Pangalan at mga Katangian ; at ang mga magagandang mga Pangalan at mga Banalna Katangian ay pag-aari lamang ng Allah (ﷻ) at siya ay malayo sa Kanyang di-kaganapang mga nilikha. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi ;

"At (lahat ng) naggagandahang mga Pangalan[29] ay nauukol sa Allah (lamang), kaya manalangin sa pamamagitan ng mga iyon at lisanin ang pangkat na nagpapasinungaling o nagtatakwil sa Kanyang mga Pangalan. Sila ay pagbabayarin sa anumang lagi nilang ginagawa." (Qur'an 7 :180)

Kami ay naniniwala at nananalig sa mga ipinahayag ng Allah (ﷻ) para sa Kanyang Sarili, at sa ibinigay na Katangian ng Sugo sa Kanya na walang paghahambing ng Kanyang mga Pangalan (ﷻ) sa Kanyang mga nilikha, na walang paglilihis at pagtatakwil sa mga kahulugan ng Kanyang mga Pangalan at mga Katangian. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi ;

---

[29] Ang Dakilang Allah ay may 99 na pangalan. Isinalaysay ni Abu Hurayrah (رضي الله عنه) : "Ang Allah ay may 99 na pangalan; at sinuman ang naniwala sa kahulugan ng mga nito at umasa nang ayon sa mga ito, siya ay makapapasok sa Paraiso; at ang Allah ay Isa (Witr) at Kanyang minamahal ang Witr." Sahih Bukhari, vol 8, Hadith Bilang 419.

"…Walang anupamang bagay ang makatutulad sa Kanya, at Siya ang Ganap na Nakakarinig, ang Ganap na Nakakamasid". (Qur'an 42:11)

Ang Paniniwala sa mga Anghel:

Kailangang maniwala na mayroong mga anghel. Ang kanilang bilang ay walang nakakaalam maliban sa Allah (ﷻ) lamang. Sila ay naglilingkod at isinasagawa ang anumang ipinag-uutos ng Allah (ﷻ), bilang tagapangasiwa, tagapagmasid, tagapagbantay at kumakalinga sa buong santinakpan at sa mga nilikha na nabubuhay dito[30], at sila ay sumusunod ayon sa itinakda at pag-uutos ng Allah (ﷻ). Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi ;

"At Ako (Allah) ay nanunumpa sa pangunguna ng mga Anghel sa pagsasagawa ng mga ipinag-uutos ng kanilang Rabb (Allah) ." (Qur'an 79 :4)

Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi rin ;

"At sa mga Anghel na namamahagi (ng mga panustos, ulan at ibang mga biyaya) sa pag-uutos ng Allah." (Qur'an 51 :4)

Ang mga Anghel ay nilikha mula sa liwanag. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi ;

"Ang mga Anghel ay nilikha mula sa liwanag, ang mga Jinn ay nilikha mula sa apoy na di-nagliliyab, at si Adan ay nilikha tulad ng inilarawan sa inyo (mula sa Qur'an ; maitim na tuyong alabok)." (Muslim)

Ang mga Anghel ay mula sa di-nakikitang mundo. Kahima't sila ay nilikha mula sa liwanag, hindi sila nakikita. Ang Allah (ﷻ) ay nagbigay sa kanila ng kakayahan na mag-ibang anyo upang sila ay makita at masaksihan. Inilahad ng Allah (ﷻ) na si Anghel Jibreel, عليه السلام (Gabriel) ay nagpakita kay Maryam (Mary) sa hugis o larawan ng isang tao. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi ;

"Siya ay naglagay ng lambong (upang pangalagaan ang kanyang sarili) sa kanila ; at magkagayon ay ipinadala Namin ang 'Ruh' (i.e.;

---

30 Ighaathat-ul-Lahfaan, v.2, p.120

Anghel Gabriel) at siya ay nagpakita bilang isang ganap na tao, at siya (Maria) ay nagsabi; 'Katotohanan, ako ay nagpapakupkop sa Pinaka-Maawain (Mapagbigay) mula sa iyo, kung ikaw ay matakutin sa Allah (maka-Diyos.)' At sinabi niya (Anghel Gabriel), 'ako ay isang Sugo lamang buhat sa iyong Panginoon, na ipagkakaloob ang biyaya ng isang anak na mabuti'." (Qur'an 19:17-19).

Nakita ng Propeta (ﷺ) si Anghel Gabriel (عليه السلام) sa tunay niyang anyo ng pagkalikha ng Allah (ﷻ) sa kanya. Siya ay mayroong 600 pakpak, at natakpan niya ang abot-tanaw na kalawakan dahil sa kanyang laki at kalaparan.

Ang mga Anghel ay may mga pakpak; ang iba ay may dalawang pakpak, mayroong tatlo at ang iba naman ay marami. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"Lahat ng pagpupuri ay para sa Allah lamang, ang lumikha ng langit at lupa, na Siyang lumikha sa mga tagapagbalita (Sugo) na mga Anghel na may pakpak – dalawa, tatlo o apat. Pinaparami Niya ang mga nilikha sa Kanyang naisin. Katotohanan na Siya ay may kapangyarihan sa lahat ng bagay." (Qur'an 35:1)

Hindi ipinaalam sa atin ng Allah (ﷻ) ang mga ibang katangian ng mga Anghel. Lagi na lang sinasamba at pinupuri ang Allah (ﷻ). Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi ;

"Sila (ang mga anghel) ay lumuluwalhati ng Kanyang mga Papuri sa gabi at araw, at sila ay hindi lumulubay." (Qur'an 21 :20)

Nilikha sila (mga anghel) ng Allah (ﷻ) upang Siya ay sambahin at tumalima sa Kanya. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi ;

"Ang Mesiyas ay hindi magwawalang bahala na maging tagapaglingkod ng Allah, gayundin ang mga anghel na pinakamalapit sa Kanya…" (Qur'an 4 :172)

Ang mga anghel ay tumatayo bilang sugo sa gitna ng Allah (ﷻ) at ng Kanyang mga Sugo mula sa mga tao. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi ;

"Na ipinanaog ng mapagkakatiwalaang Espiritu (si Gabriel Arkanghel) ; sa iyong puso (O Muhammad) upang ikaw ay maging

(isa) sa mga tagapagbabala, sa (pamamagitan ng) malinaw na wikang Arabik". (Qur'an 26 :193-195)

Nilikha ng Allah (ﷻ) ang mga Anghel upang isagawa ang mga iba't-ibang gawaing ipinag-uutos ng Allah (ﷻ) sa kanila ;

"Pinangangambahan nila ang kanilang Rabb na nasa itaas, at sila ay tumatalima sa anumang sa kanila ay ipag-utos". (Qur'an 16 :50)

Ang mga anghel ay hindi mga anak ng Allah (ﷻ), datapwa't sila ay dapat igalang at mahalin. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"At sila ay nagsipagturing; Ang Pinakamapagpala (Allah) ay nagkaroon ng anak (mula sa mga anghel). Luwalhatiin Siya! Sila (na tinatawag na mga anak ng Allah tulad ng mga anghel, si Hesus na anak ni Maria, si Ezra, at iba pa) ay mga mararangal na alipin lamang. Sila ay hindi nangungusap hanggang Siya (Allah) ay hindi pa nakakapangusap, at sila ay gumagawa ayon sa Kanyang ipinag-uutos." (Qur'an 21:26-27)

Ang mga anghel ay hindi mga katambal o kasamahan o karibal ng Allah (ﷻ). Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi ;

Gayun din naman, siya (na pinagkalooban ng Aklat) at hindi mag-uutos na tangkilikin ninyo ang mga anghel at mga propeta bilang Rabb (Diyos). Ipag-uutos ba niya sa inyo na mawalan kayo ng pananalig matapos na kayo ay tumalima sa pag-uutos ng Allah ? (Qur'an 3 :80)

Ipinaalam ng Allah (ﷻ) ang mga pangalan at gawain ng mga ibang anghel, tulad ni **Jibreel,** عليه السلام **(Gabriel)** na pinagkalooban ng tungkulin na magdala ng kapahayagan. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi ;

"Na ipinanaog ng mapagkakatiwalaang Espiritu (si Gabriel Arkanghel) ; sa iyong puso (O Muhammad) upang ikaw ay maging (isa) sa mga tagapagbabala…" (Qur'an 26 :193-194)

Si Mika'eel (عليه السلام) ay napagkalooban ng tungkulin upang mamamahala sa kapakanan ng ulan at taniman. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi ;

"Sinuman ang kaaway ng Allah at ng Kanyang mga Anghel at mga Sugo at si Jibreel (Gabriel), at si Mika'eel – magkagayon, ang Allah ay kaaway ng mga di-mananampalataya." (Qur'an 2 :98)

Ang Anghel ng Kamatayan (عليه السلام) ay siyang naatasan na kumuha ng kaluluwa ng isang tao sa oras ng kanyang kamatayan. Ang Allah (عز وجل) ay nagsabi ;

"Ipagbadya : 'Ang anghel ng kamatayan na nakatalaga sa inyo ay (wlang pagsalang) magtatangan ng inyon kaluluwa ; at kayo ay muling ibabalik sa inyong Rabb". (Qur'an 32 :11)

Si Israfil (عليه السلام); siya ang nabigyan ng tungkulin sa pag-ihip ng trumpeta sa Araw ng Pagkabuhay Muli. Ang Allah (عز وجل) ay nagsabi ;

"At kung ang tambuli ay mahipan, walang ugnayang kamag-anakan sa pagitan nila sa Araw na ito, gayundin, sila ay magtatanungan sa isa't-isa." (Qur'an 23 :101)

Si **Malik** (عليه السلام) ay ang tagapamahala ng Impiyerno. Ang Allah (عز وجل) ay nagsabi ;

"Sila ay magsipagtaghoy ; 'O Malik ! Hayaan ang iyong Panginoon ay magbigay-wakas sa amin ! Siay (Malik) ay magsasabi ; 'Hindi', katotohanang kayo ay mananatili rito magpakailanman." (Qur'an 43 :77)

Ang mga **Zaabaaniyah** ay ang mga anghel na binigyan ng tungkulin sa pagpaparusa at nagpapahirap sa mga napunta sa Impiyerno. Ang Allah (عز وجل) ay nagsabi ;

"At hayaan siyang tumawag (ng tulong) sa lipon (ng kanyang mga kapanalig, tiyak na tatawagin Namin ang mga anghel na tagapagbantay ng Impiyerno!" (Qur'an 96 :17-18)

Bawat tao ay mayroong dalawang anghel na tagapagbantay sa kanya ; ang isa ay tagapagtala ng mga mabubuting gawa at ang isa naman ay tagapagtala ng mga masasamang gawain. Ang Allah (عز وجل) ay nagsabi ;

"Pagmasdan ang dalawang (nagbabantay na anghel) na nakatalaga upang malaman (ang kanyang mga gawa), mabatid (at maitala ito). Isa ang nakaupo sa kanan at isa sa kaliwa." (Qur'an 50 :17)

Si Ridwan (عليه السلام); ang naitalagang mamahala sa Paraiso at marami pang mga anghel na tagapangalaga sa mga tao. At marami pang iba, at ang bawa't isa ay binigyan ng partikular na tungkulin. Ang iba ay binanggit sa Qur'an at ang iba ay hindi binanggit, subali't tayo ay dapat maniwala sa kanilang lahat.

Ang Mga Mabubuting Bunga ng Paniniwala sa Mga Anghel

1) Upang ating mauunawaan ang Kadakilaan ng Allah (عز وجل), ang Kanyang Kapangayarihan at Kakayahan, at ang Kanyang Lubos na Kaalaman mula sa kagila-gilalas, kahanga-hanga na Kanyang mga nilikha na nagbibigay ng matatag na katibayan o patunay sa Kadakilaan ng Tagapaglikha.

2) Upang malaman ng isang Muslim na may dalawang Anghel na nagbabantay sa Kanya at isinusulat ang lahat ng kanyang sinasabi at ginagawa. Ito ay nagsisilbing isang patnubay upang gumawa ang tao ng mga mabubuting gawa at umiiwas sa lahat ng kasalanan maging siya man ay nag-iisa o may kasama sa kanyang kinaroroonan.

3) Upang mailayo ang sarili mula sa mga pamahiin at mga di-makatuwirang pabula.

4) Upang makilala ng isang Muslim ang Habag ng Allah (عز وجل) sa Kanyang mga alipin (mga nilikha) sa dahilang Siya ay nagtalaga ng mga Anghel na nagbabantay at nangangalaga sa kapakanan at gawain ng mga tao.

Ang Paniniwala sa Mga Banal na Kasulatan ng Allah (عز وجل)

Nararapat paniwalaan na ang Allah (عز وجل) ay nagpadala ng mga Banal na Kasulatan sa pamamagitan ng Kanyang mga Sugo upang ihatid ang mensahe sa lahat ng mga tao. Ang mga Aklat na ito sa kani-kanilang panahon ay naglalaman ng katotohanan at patnubay. Ang lahat ng mga Aklat na ito ay nag-aanyaya sa lahat ng tao na kumilala at sumamba lamang sa Nag-iisang Diyos, ang Dakilang Allah (عز وجل), na Siya ang Tanging Nag-iisang Tagapaglikha, ang Nag-iisang Nagmamay-ari, at taglay Niya ang lahat ng Magagandang Katangian at Pangalan. Ang Allah (عز وجل) ay nagsabi;

"Tunay na Aming ipinadala ang Aming mga Sugo na may dalang maliwanag na mga patunay, at ipinahayag sa kanila ang Kasulatan at ang Pamantayan (ng Katarungan) upang panatilihin (at ipatupad) ng sangkatauhan ang (diwa ng) katarungan…" (Qur'an 57:25)

Ang Muslim ay dapat maniwala sa lahat ng mga Banal na Aklat at nararapat paniwalaan na ang mga ito ay ipinanaog ng Allah (ﷻ).

Ang Mga Ibang Banal na Kasulatan ay ang mga sumusunod:

1) Ang **Suhuf (Kalatas) ni Propeta Abraham** (عليه السلام) at ang **Tawrah (Torah)** na ipinahayag **kay Propeta Moises** (عليه السلام); Ang Qur'an ay nagbigay ng maikling pananaw tungkol sa mga kaalaman na naitala ng dalawang kapahayagang ito. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi,

2) **"Hindi ba Niya batid kung ano ang nasa Kasulatan ni Moises, at ni Abraham na tumupad (at nagparating) ng lahat (ng mga ipinag-utos ng Allah sa kanya), na nagtatagubilin na walang sinuman ang maaaring magdala ng pasanin ng iba (kasalanan ng iba), na ang tao ay walang mapapakinabang maliban lamang sa kanyang pinagsusumikapan (na mabuti o masama); at ang (bunga) ng kanyang pagsisikap (mga gawa) ay malalantad, Kaya't siya ay gagantihan nang ganap sa pinakamainam na kabayaran; at sa iyong** Rabb **(Panginoon) ang layon at pagbabalik ng lahat."** (Qur'an 53:36-42)

3) Ang **Tawrah;** ito ay isang sagradong Aklat na ipinahayag kay Propeta Moises (عليه السلام). Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"Katotohanan, ipinadala Namin ang Tawrat (Torah) kay Musa, na matatagpuan roon ang patnubay at ang liwanag na siyang ginawang batayan ng paghatol sa mga Hudyo ng mga Propetang tumalima sa Kalooban ng Allah. At ang mga Rabbi at mga pari (ay naghatol din para sa mga Hudyo ng batay sa (Batas ng) Tawrat pagkaraan ng mga Propeta sapagka't sa kanila ipinagkatiwala ang pangangalaga sa Aklat ng Allah at sila ang naging mga saksi niyaon. Samakatuwid, huwag matakot sa mga tao kundi matakot sa Akin (kayong mga Hudyo) at huwag kalakalin (ipagpalit) ang Aking mga Talata para

lamang sa kaaba-abang halaga. At sinuman ang hindi humatol ayon sa ipinahayag ng Allah, sila ang Kafirun." , (Qur'an 5:44)

4) Ang **'Zaboor' (Psalmo)**: ay ang Aklat na ipinahayag kay Dawood (David) (ﷺ). Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi, Qur'an, Kabanata 4:163;

"… at kay Dawood (David) ay Aming ipinagkaloob ang Zaboor (Psalmo)."

4) Ang **Injeel (Ebanghelyo)**: ay isang sagradong Aklat na ipinahayag kay 'Eisaa' (Hesus) (ﷺ). Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"At sa kanilang yapak ay Aming isinugo si Hesus, ang anak ni Maria, na nagpapatunay sa Torah (mga Batas) na dumating nang una pa sa kanya, at Aming ipinagkaloob sa kanya ang Injeel (Ebanghelyo), na naririto ang patnubay at liwanag at pagpapatunay sa Torah (mga batas) na dumating bago pa rito, isang patnubay at paala-ala sa mga Muttaqi." (Qur'an 5:46)

Ang isang Muslim ay nararapat na maniwala sa lahat ng mga nabanggit na Banal na Kapahayagan. Dapat tayong maniwala na ang mga aklat na ito ay nagmula sa Allah (ﷻ). Hindi ipinahihintulot para sa sinumang Muslim na sumunod sa mga batas nito, sapagka't ang mga aklat na ito ay ipinahayag sa partikular na pamayanan o mamamayan at partikular na panahon. Bukod pa sa katotohanan na ang mga naunang kapahayagan ay wala na sa kani-kanilang orihinal na pagkakapahayag.

Ang Banal na Qur'an ay nagpaliwanag na ang ibang aral ay matatagpuan sa Tawrah at Injeel tulad ng pagdating ni Propeta Muhammad (ﷺ). Ito ay nakatala rin sa Qur'an 7:156-157;

"… ang Aking Habag ay laganap sa lahat ng bagay. Na (ang Habag ay) Aking itatakda para sa mga Muttaqi, at nagbibigay ng Zakah; at yaong naniniwala sa Aming Ayat; Yaong naging masunurin sa Sugo, ang Propeta na hindi marunong bumasa at sumulat na kanilang matatagpuang nakasulat sa kanila sa Tawrat at sa Injeel (Ebanghelyo- siya ay nag-uutos sa kanila ng Maruf (lahat ng uri ng kabutihan) at nagbabawal sa kanila ng Munkar (lahat ng uri ng

kasamaan), kanyang ipinahintulot sa kanila bilang marapat ang mga bagay na Tayyibat (mabuti at pinahihintulutan) at nagbabawal sa kanila ang mga bagay na Khaba'ith (masama at di-pinahintulutan) bilang di-marapat, sila ay kanyang pinalaya sa anumang hirap na pasanin (ng kasunduan ng angkan ni Israel sa Allah) at mula sa mga sakal (o tanikala) na nakagapos sa kanila. Kaya, maniwala sa kanya (kay Muhammad), at sundin ang liwanag (ng Qur'an) na ipinahayag sa kanya, at (sa gayon) sila yaong magsisitagumpay."

5) Ang **Banal na Qur'an**; ang isang Muslim ay nararapat na panghawakan ang paniniwala hinggil dito tulad ng mga sumusunod;

a) Kinakailangang maniwala na ang Qur'an ay Salita ng Allah (ﷻ) na ipinahayag kay Propeta Muhammad (ﷺ) sa pamamagitan ng Anghel Jibreel (عليه السلام) sa malinaw na wikang Arabik. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

b) **"Na ibinaba ng isang Pinagkakapuring** Rabh **(ang Anghel Gabriel). Sa iyong puso (O Muhammad) upang ikaw ay maging isa sa mga tagapagbabala, sa malinaw na wikang arabik."** (Qur'an 26: 193-195)

c) Kinakailangang maniwala na ang Qur'an ay Huling Kapahayagan na nagpapatunay sa mga naunang mga Banal na Aklat o Kapahayagan na naglalaman ng mensahe tungkol sa Kaisahan ng Allah (ﷻ) at ang mga nakatalagang tungkulin sa pagsamba at pagtalima sa Kanya (ﷻ). Na ang lahat ng mga naunang kapahayagan ay pinawalang-bisa ng Qur'an. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"Siya ang nagpahayag sa iyo (O Muhammad) ng Aklat (ang Qur'an) nang makatotohanan, na nagpapatunay sa anumang (ipinahayag na mga Kasulatang) nauna dito. At ipinahayag din Niya ang Tawrah **(Torah) at ang** Injeel **(Ebanghelyo). Noong una, bilang patnubay sa sangkatauhan. At Kanyang ipinahayag ang** Furqan **([ang pamantayan] ng paghatol sa pagitan ng katotohanan at kamalian). Tunay nga, yaong mga taong nagtatakwil sa** Ayat **(mga tanda, kapahayagan, babala at aral) ng Allah, sa kanila (ay ipalalasap) ang masidhing parusa; at ang Allah ay Ganap na Makapangyarihan, ang Ganap na Nakapangyayaring magpataw ng parusa."** (Qur'an 3:3-4)

d) Kinakailangang maniwala na ang Qur'an ay naglalaman ng lahat ng Banal na Batas. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"….Sa araw na ito, Aking ginawang ganap ang inyong relihiyon para sa inyo, Aking ginawang lubos ang pagpapala sa inyo at pinili para sa inyo ang Islam bilang inyong relihiyon….." (Quran 5:3)

e) Kinakailangang maniwala na ang Qur'an ay ipinahayag para sa Sangkatauhan at hindi lamang sa mga partikular na bansa tulad ng mga naunang rebelasyon. Ang Allah, (ﷻ) ay nagsabi;

"At ikaw (O Muhammad) ay hindi Namin isinugo maliban bilang Tagapaghatid ng Magagandang Balita at Tagapagbabala sa lahat ng Sangkatauhan, subali't karamihan sa tao ay hindi nakababatid (nito)." (Qur'an 34:28)

f) Kinakailangang paniwalaan na pinangangalagaan ng Allah (ﷻ) ang Qur'an sa lahat ng uri ng paninira laban sa pagdaragdag o pagbabawas at pagpapalit o pagbabago ng mga salita nito. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"Katotohanang Kami; (at) Kami ang nagpanaog ng Dhikr **(ang Qur'an bilang paalala) at buong katiyakan na ito ay Aming pangangalagaan laban sa katiwalian."** (Qur'an 15:9)

Ang Mga Mabubuting Bunga ng Paniniwala sa Mga Banal na Kasulatan ng Allah (ﷻ);

1) Ang lubos na mauunawaan ang Habag at pagmamahal ng Allah (ﷻ) para sa Kanyang mga alipin; sapagka't ipinahayag Niya ang mga Banal na Kasulatan nagpapatnubay sa kanila sa Landas na maghahatid sa Kanyang Kasiyahan. Hindi Niya hinayaang mabulid ang tao sa dilim ng kasamaan at iniligtas tayo sa bitag ng Satanas'[31] o maligaw sa mga sariling pithaya o mithiin.

[31] **Shaytaan**; Satanas: Siya ay isang Jinn na tinawag na Iblees. Siya ay sumuway sa kagustuhan ng Allah (ﷻ) para magpatirapa sa harap ni Adan (عليه السلام), na dahil sa kanyang di-pagtalima siya ay isinumpa magpakailanman. Sa pagkakataong yaon, siya ay humingi ng palugit sa Allah (ﷻ) at nabigyan siya ng pagkakataon para gawin ang lahat ng makakayang hikayatin ang mga tao at maisama niya sila sa Impiyerno.

2) Sa pamamagitan ng Banal na Kapahayagan ay lubos na mauunawaan ng isang Muslim ang walang hanggang Karunungan ng Allah (ﷻ) sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga batas na angkop sa mga partikular na pamayanan at akma sa kalagayan at mga pangangailangan ng tao sa lahat ng panahon.

3) Sa pamamagitan ng mga Banal na Kasulatan ay tuwirang makilala ang mga matatapat at tunay na Mananampalataya at ang kaibahan nila sa mga di-muslim. Isang tungkulin sa mga naniniwala sa Kanyang Banal na Aklat na pag-aralan at maniwala sa mga ibang Banal na Kapahayagan.

4) Madagdagan ang mga mabubuting gawa ng mga Mananampalataya sapagka't ang sinumang naniniwala sa Kanyang Aklat at sa mga naunang Aklat ay makatatanggap ng gantimpala nang higit sa isa. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"Yaong sa kanila ay Aming ipinagkaloob ang Kasulatan (ang Tawrah at Injeel) bago pa man ito, sila ay naniwala (sa Qur'an). At nang ito ay bigkasin sa kanila, sila ay nagsabing: "Kami ay naniniwala rito. Tunay nga na ito ay katotohanan mula sa aming Rabb (Panginoon). Katiyakan na kahit noon pa man kami ay nabibilang sa mga Muslim **(na sumusuko ng mga sarili sa Allah sa Islam (tulad ni Abdullah bin Salam at Salman Farsi). Sa kanila ay ipagkakaloob ang dalawang gantimpala sapagka't sila ay matiisin, at umiiwas sa kasamaan (sa pamamagitan ng paggawa ng kabutihan), at gumugugol (sa kawanggawa) mula sa anumang bagay na ipinagkaloob sa kanila."** (Qur'an 28:52-54)

Ang Paniniwala sa Mga Propeta at Sugo ng Allah (ﷻ)

Dapat maniwala bilang Muslim na ang Allah (ﷻ) ay pumili ng mga mabubuting tao mula sa lipon ng sangkatauhan bilang mga Propeta at Sugo na Kanyang ipinadala sa lahat ng nilikha upang magdala ng partikular na batas; upang sambahin at tumalima sa Allah (ﷻ), at magtatag ng Kanyang Relihiyon at mapanatili ang Kanyang Kaisahan (Tawheed). Ipinag-utos sa mga Propeta na ipahayag ang Kanyang mensahe sa sangkatauhan upang walang maipangangatuwiran laban sa Allah[32] (ﷻ) o walang maibibigay ng dahilan sa di-pagsunod pagkaraang naipadala ang mga Sugo. Sila ay nagagalak sa pagtalima sa Allah (ﷻ) at sa Kanyang Paraiso na nakalaan para sa mga taong may paniniwala dito at sa mga kautusan o aral. Sila ay ipinadala bilang tagapagbabala , at nagbigay ng mahigpit na babala sa Poot ng Allah (ﷻ) at sa Kayang Parusa na nakalaan sa mga taong hindi naniniwala sa mga ito at sa mga kautusan o aral. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"At hindi kami magpapadala ng mga Sugo maliban bilang tagapaghatid ng Magagandang Balita at bilang Tagapagbabala. Kaya, sinuman ang naniniwala at gumagawa ng gawang matuwid, sa kanila ay walang (mararanasang) pangamba, o (madaramang kalungkutan). Subali't yaong nagsipagtakwil sa Aming mga Ayat (aral, tanda o babala, at kapahayagan), ang parusa ay darating sa kanila nang dahil sa kanilang kawalan ng pananampalataya (sa kanilang pagtakwil sa Mensahe ni Muhammad, ﷺ)." (Qur'an 6:48-49)

Maraming isinugong mga Propeta at Sugo, nguni't walang sinumang nakakaalam sa kanilang bilang kundi ang Allah (ﷻ). Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"At tunay nga, na Aming ipinadala ang mga Sugo nang una pa sa iyo (O, Muhammad): ang ilan sa kanila ay Aming ibinalita ang kanilang kasaysayan sa iyo. At ang iba sa kanila ay hindi Namin ibinalita ang kanilang kasaysayan…" (Qur'an 40:78)

---

[32] Hindi nila maikatuwiran at sabihin na:
"…O aming Rubb (Panginoon)! Bakit hindi Kayo nagsugo sa amin ng isang Sugo? Disin sana'y susundin naming ang Inyong Ayat (mga Talata ng Qur'an) at mapapabilang kami sa mga sumasampalataya!" (Qur'an, Kabanata Al-Qasas, 28:47)

Nararapat paniwalaan na ang lahat ng Propeta at Sugo ay likas na tao at hindi sila hihigit pa sa karaniwang tao. Kung mayroon man silang mga himalang ginawa, ito ay nasa kapahintulutan ng Dakilang Allah (ﷻ). Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"At hindi Kami nagsugo bago pa man sa iyo (O Muhammad) maliban na sila ay mga taong katulad mo na Aming pinagpahayagan. Kaya, tanungin mo ang mga mamamayang pinagkalooban ng babala kung ito ay hindi ninyo nababatid. At hindi Namin sila (mga Sugo) nilikha na may katawang hindi kumakain, o di kaya sila ay walang mga kamatayan." (Qur'an 21:7-8)

Wala silang katangian na tulad ng mga likas na Katangian ng Allah (ﷻ). Ang mga ito ay hindi makapagbigay ng anumang pakinabang o kabutihan at hindi makapagdudulot ng anumang kapinsalaan. Hindi sila makapamahala ng kahit na ano sa buong sansinuklob o kahit na anong ibig nilang gawin na ikasisiya nila sa mga ito. Wala silang magagawa kung hindi ipahihintulot ng Allah (ﷻ) na mangyari ang anumang bagay. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"Sabihin mo (O Muhammad) "Ako ay walang kapangyarihan upang ito ay makapagdulot ng kabutihan o kapinsalaan sa aking sarili maliban sa kapahintulutan ng Allah. Kung ako man ay mayroong kaalaman tungkol sa Al-Ghaib, marahil ako ay naglaan para sa aking sarili nang masaganang yaman, at marahil walang anumang kasamaan ang maaaring sumaling sa akin. (Subali't, ang katotohanan nito) Ako ay isa lamang tapapagbabala, at isang tagapaghatid ng Magagandang Balita para sa mga taong nananampalataya. …'" (Qur'an 7:188)

Kung ang isang tao ay naniniwala lamang sa ilan at hindi pinaniniwalaan ang lahat ng Sugo at Propeta, siya ay nagkasala ng 'Kufr" (kawalan ng pananampalataya) at siya ay itinuturing bilang isang taong lumisan sa relihiyon ng Islam. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"Katotohanan, yaong mga hindi nananampalataya sa Allah at sa Kanyang mga Sugo at nagnanais magbigay ng pagtatangi sa Allah at ng Kanyang mga Sugo na nagsasabing: “Kami ay naniniwala sa ilan (sa mga Sugo) subali’t tinatanggihan (namin) ang iba,” at (sila’y)

nagnanais tumahak sa pagitang landas (ng paniniwala at kawalan ng paniniwala).[33] Ang katotohana'y sila ay hindi (tunay na) mga Mananampalataya. At Aming inihanda sa mga Kafirun ang isang kahiya-hiyang parusa. (Qur'an 4:150-151)

4. Kabilang sa lipon ng mga Sugo ay ang mga tinatawag na **"Ulul-A'zam"** o sila ang mga may 'Matibay na Kalooban'. Sila yaong mga matatag na Sugo sa kanilang mga mamamayan na may katapatan at katiyagaan sa kanilang layunin. Kabilang sa hanay na ito sina Noah (Nuh), Ibraheem (Abraham), Musaa (Moises), Eisaa (Hesus) at si Muhammad, nawa'y purihin at itampok ng Allah (ﷻ) ang pagbanggit sa kanila at sila ay iligtas at maging ang kanilang pamilya sa anumang pagkukulang at pangalagaan sila mula sa anumang kasamaan'.

Ang unang sugo sa mga ito ay si Noah (عليه السلام). Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"Katotohanan, Aming ipinadala ang Kapahayagan sa iyo (O Muhammad) katulad ng Aming pagpapadala ng kapahayagan kay Nuh (Noah) at sa mga Propeta pagkaraan niya. Amin (ding) ipinadala ang Kapahayagan kina Ibrahim (Abraham), Ishaq (Isaak), Ya'qub (Hakob), at Al-Asbat [ang mga supling ng labindalawang anak ni Hakob], Eissa (Hesus), Ayyub (Job), Yunus (Jonah), Harun (Aaron), at Sulaiman (Solomon); at kay Dawud (David) ay Aming ibinigay ang Zabur **(Psalmo)."** (Qur'an 4:163)

Si Muhammad (ﷺ) ay siyang sagka at panghuling sugo at wala nang sugo na darating pa pagkaraan niya (ﷺ) hanggang sa Huling Sandali. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

---

[33] Ito ay isang babala sa mga mga Hudyo at Kristiyano, na tinaguriang "Angkan (na pinagkalooban) ng Kasulatan" sa Banal na *Qur'an*. Sila'y naniniwala sa ilang Propeta at tinatanggihan ang iba. Ang mga Hudyo ay naniniwala sa mga Propeta maliban lamang kay Hesus (عليه السلام) at Muhammad (ﷺ) Ang mga Kristiyano naman ay naniniwala sa mga Propeta subali't kanilang itinatakwil ang panghuli sa mga Sugo at Propeta na si Muhammad (ﷺ). Sinumang magtakwil kahit sa isa lamang sa mga Propeta ng Allah (ﷺ) ay katunayang hindi naniniwala sa kanilang lahat, sapagka't isang kinakailangan sa sangkatauhan ang maniwala sa lahat ng Propeta at Sugong ipinadala ng Dakilang Lumikha – Allah, ﷻ. Sinumang magtakwil sa isa man sa mga Propeta dahil sa inggit, pagkiling at personal na kapritso, ipinakikita lamang niya na ang kanyang paniniwala sa ibang Propeta ay hindi totoo bagkus isang gawaing sumusunod lamang sa pagnanais at kapritso. Ang susunod na talata'y matutunghayan na sila'y hindi tunay na Mananampalataya at dahil dito'y ang kanilang kahihitnatnan ay Impiyerno.

"Si Muhammad ay hindi ama ng sinuman sa inyong mga kalalakihan, nguni't Siya ang Sugo ng Allah at huli sa (kawing ng) mga Propeta. At ang Allah ang lagi nang Ganap na Maalam sa bawa't bagay." (Qur'an 33:40)

Ang relihiyon ni Propeta Muhammad (ﷺ) ay ang katipunan o kabuuan ng mensahe ng Allah (ﷻ) para sa sangkatauhan, at ito ang nagpawalang-bisa sa mga naunang mga relihiyon. Ito ang ganap at pinakahuling relihiyon ng katotohanan na nararapat sundin at ito ay mamamalagi hanggang sa Huling Sandali.

Sino si Propeta Muhammad (ﷺ)?

Ang kanyang buong pangalan ay Muhammad bin[34] Abdullah bin Abdul-Muttalib bin Haashim (ﷺ), at ang kanyang 'kunyah'[35] ay Abdul-Qaasim. Siya ay mula sa tribu ng Qureish na ang mga ninuno ay nagmula kay 'Adnaan'. Si 'Adnaan' (عليه السلام) ay mula sa mga anak ni Ismael (عليه السلام), ang Propeta ng Allah at anak ni Abraham (عليه السلام), ang 'Khaleel'[36] ng Allah (ﷻ). Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi;

"Katotohanang hinirang ng Allah ang tribu ng Kinaanah nang higit kaysa ibang tribu ng mga Anak ni Ismaael; Pinili Niya ang Quraish nang higit mula sa tribu ng Kinaanah; at pinili Niya ang Banu Haashim higit kaysa sa mga ibang angkan ng Quraish; at hinirang Niya ako mula sa Banu Haashim." (Muslim)

Natanggap niya (ﷺ) ang unang rebelasyon mula sa Allah (ﷻ) noong siya ay may apat-napung taong gulang at siya (ﷺ) ay nanirahan ng labing tatlong taon sa Makkah sa pagpapalaganap ng Kaisahan (Tawheed) ng Allah (ﷻ). Pagkaraan, nang siya ay humayo at nag-ibang bayan patungong Madeenah at siya ay nagpalaganap ng Islam sa mga naninirahan doon at ito ay kanilang tinanggap nang buong puso. At doon ipinahayag ang kabuuan ng pagbabatas (ang Qur'an). Nasakop niya (ﷺ) ang Makkah pagkaraan ng walong taon ng kanyang pag-likas sa Madeenah at siya (ﷺ) ay namatay sa gulang na animnaput-tatlo, matapos na maipahayag sa kanya ang kabuuan ng Qur'an. Ang buong pagbabatas ng relihiyon ay ipinahayag nang ganap na walang kakulangan, at tinanggap ang Islam ng lahat ng mga Arabo.

Ang Mga Mabubuting Bunga ng Paniniwala sa Mga Sugo at Propeta

1) Ating lubos na mauunawaan ang habag at pagmamahal ng Allah (ﷻ) para sa Kanyang mga alipin, sa dahilang nagpadala Siya (ﷻ) ng mga Sugo at Propeta upang ipahayag ang Kanyang Relihiyon at sila ay nagbigay ng tunay na halimbawa kung papaano isakatuparan ang tamang pamumuhay bilang alipin at kung paano ipalaganap ang katotohanan ng kanilang mensahe.

[34] **Bin (pl.) Banu:** 'ang anak ni...' o (pl.) 'ang mga anak ni…'
[35] **Kunyah:** (palayaw)
[36] **Khaleel:** ang hinirang na mahal ng Allah (ﷻ).

2) Ating lubos na makikilala ang mga tapat at tunay na Mananampalataya mula sa ibat-ibang paniniwala sa dahilang tungkulin ng bawa't Mananampalataya na pag-aralan at maniwala sa mga ibang Propeta at Sugo na nakatala sa kanilang mga aklat.

3) Ating paniwalaan ang kani-kanilang Propeta at Sugo tulad ng paniniwala natin sa huling dumating na Propeta at Sugo ng Allah (ﷺ) na si Muhammad (Nawa'y purihin at itampok ng Allah (ﷻ) ang pagbanggit sa kanya) at silang yumakap sa Islam ay makatatanggap ng dalawang gantimpala.

Ang Paniniwala sa Huling Araw

Nararapat paniwalaan na ang buhay sa mundong ito ay may hangganan o may katapusan. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"Ang lahat ng anumang naririto (nasa kalupaan) ay maglalaho." (Qur'an 55:26)

Kapag naisin ng Allah (ﷻ) na ang mundong ito ay magwakas, ipag-uutos ng Allah (ﷻ) sa Anghel Israafeel (عليه السلام) na kanyang hipan ang tambuli o trumpeta. Magkagayon, ang lahat ay mamamatay. Pagkatapos ay Kanyang ipag-uutos na kanyang muling hipan ito, at ang lahat ng tao mula sa kanilang libingan ay bubuhaying muli sa mismong sariling katawan, mula sa kapanahunan ni Adan (عليه السلام). Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"At kung ang Tambuli ay hihipan, at lahat ng nasa mga kalangitan at lahat ng nasa kalupaan ay maglalaho, maliban sa kanya na ninais ng Allah. At muling hihipan sa ikalawang pagkakataon, at pagmasdan! Sila ay magsisitindig, na nakatitig (naghihintay)." (Qur'an 39:68)

Ang **Iman** (paniniwala) sa Huling Araw ay kinabibilangan ng paniniwala sa lahat ng bagay na ipinabatid ng Allah (ﷻ) at ng Kanyang Sugo (ﷺ) sa atin. Ang mga bagay na ito ay binubuo ng mga sumusunod;

1) **Ang Paniniwala Sa Buhay Sa 'Barzakh'**; ito ay magsisimula sa oras ng kamatayan ng tao hanggang sa Huling Araw na ang Takdang Oras ay magaganap. Sa panahong nasa **Barzakh,** ang isang mabuting Mananampalataya ay mabubuhay sa gitna ng kaligayahan at kasiyahan, samantalang ang mga walang pananampalataya ay mapaparusahan. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"Sa Apoy, sila ay isasalab dito, umaga at hapon. At sa Araw na yaon kapag ang (Takdang) Oras ay inihudyat na (ito ay sasabihin sa mga anghel): "Ilagay ninyo ang mga mamamayan ni Fir'awn (Paraon) sa pinakamahapding parusa.[37]" (Qur'an 40:46)

---

[37] Itinala ni Imam Ahmad (رحمه الله) na isinalaysay ni Ibn 'Umar (رضي الله عنه) na sinabi ng Sugo ng Allah, (ﷺ) na: "Kapag ang isang tao ay namatay, ipakikita sa kanya ang kanyang kalagayan (sa Paraiso o sa Impiyerno) umaga at gabi; kung siya ay kabilang sa mga tao ng Paraiso, samakatuwid, siya ay isa sa kabilang sa Paraiso, at kung siya ay kabilang sa Impiyerno, samakatuwid, siya ay isa sa kabilang sa

2) **Ang Paniniwala Sa Pagkabuhay Muli**. Ito ang araw na bubuhaying muli ng Allah (ﷻ) ang lahat ng kanyang mga nilikha, na walang saplot sa katawan, nakayapak at hindi tuli. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"Silang Kafirun ay nag-aakala na sila ay hindi bubuhaying muli (sa Araw ng Paghuhukom). "Sabihin mo (O Muhammad) ako ay sumusumpa sa aking Rabb (Panginoon), na katiyakang kayo ay bubuhaying muli: at pagkaraan, sa inyo ay ipagbibigay-alam ang anumang inyong ginawa at yaon ay sadyang napakadali sa Allah." (Qur'an 64:7)

3) **Ang Paniniwala Sa Araw Ng Pagtitipon.** Ang lahat ng nilikha ay titipunin ng Allah (ﷻ) para sa pagsusulit. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"At (alalahanin) ang Araw na Aming papangyarihin na ang kabundukan ay gumuho (na tulad ng lumulutang na alikabok), at inyong makikita ang kalupaan na tulad ng pinatag na lupa, at sila ay Aming titipunin nang sama-sama upang walang maiwan kahit ni isa." (Qur'an 18:47)

4) **Ang Paniniwala Na Ang Tao Ay Ihaharap Sa Allah (ﷻ) Na Magkakahanay**. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"At sila ay ihaharap sa iyong Rabb **(Panginoon) sa mga hanay, (at ang Allah ay magpapahayag); 'Ngayon, katotohanang kayo ay dumating sa Amin na tulad nang unang paglikha Namin sa inyo…"** (Qur'an 18:48)

5) **Ang Paniniwala Na Bawa't Bahagi Ng Katawan ng Tao Ay Sasaksi Sa Kanyang Sariling Gawa**. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"Hanggang, kung kanilang marating ito (ang Apoy ng Impiyerno) ang kanilang mga pandinig (tainga) at ang kanilang mga mata, at ang kanilang mga balat ay sasaksi laban sa kanila hinggil sa anumang kanilang palagiang ginagawa. At sila ay mangungusap sa kanilang sariling balat, "Bakit kayo sumasaksi laban sa amin ? Sila (mga balat

---

Impiyerno. Ito ang sasabihin sa kanila, "ito ang inyong magiging kalalagyan hanggang kayo ay ibabangong sa Araw ng Pagkabuhay Muli." Ahmad 2:114, Muslim 4:2199, Tafsir Ibn Kathir vol 8 pahina bilang 485.

nila) ay magsasalita: “Sapagka't pinapangyari ng Allah na kami ay magsalita tulad ng lahat ng bagay na pinapangyari Niyang (magkaroon ng kakayahang) magsalita: At Siya ang lumikha sa inyo (sa unang pagkakataon) at sa Kanya (rin), kayo ay ginawang manumbalik. At hindi lamang ninyo ninais na itago ang inyong mga sarili (sa mundo), baka ang inyong mga tainga, at mga mata, at ang inyong mga balat ay sumaksi laban sa inyo; subali’t inyong inaakala na hindi gaano nababatid ng Allah ang lahat ng inyong mga gawa." (Qur’an 41:20-22)

6) **Ang Paniniwala Sa Pagtatanong**. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"Nguni't, sila ay patigilin, katotohanan, sila ay tatanungin: Ano ang nangyayari sa inyo? Bakit hindi kayo magtulungan sa isa’t isa (na tulad ng ginagawa ninyo noon sa mundo)?” Ahh, nguni't, sa Araw na yaon, sila ay mangayuyupapa." (Qur'an 37:24-26)

7) **Ang Paniniwala Sa** Siraat **('Tulay')**, na ang lahat ay tatawid sa ibabaw nito. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"At walang sinuman sa inyo ang hindi magdaraan (tatawid) sa ibabaw nito (Impiyerno); ito ay nasa kapasiyahan ng iyong Rabb **(Panginoon), itinakda na kapasiyahan ng iyong** Rabb **(Panginoon) na marapat matupad."** (Qur'an 19:71)

8) **Ang Paniniwala Sa Timbangan Ng Mga Gawa.** Ang Allah (ﷻ) ay mananawagan sa lahat ng tao upang magsulit at bigyan ng gantimpala yaong gumawa ng kabutihan nang dahil sa kanilang Iman (pananampalataya) at pagsunod sa kanilang Sugo, at Kanyang parusahan yaong gumawa ng mga kasamaan. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"At Aming itatatag ang mga timbangan ng Katarungan sa Araw ng Pagkabuhay Muli, kaya't walang sinuman ang hahatulan ng kawalang katarungan sa anupamang bagay. At kung mayroon mang (gawa) na ang timbang (ay kasingbigat) ng isang buto ng mustasa, ito ay Aming ibibigay. At Kami ay Sapat bilang Tagapagsingil." (Qur'an 21:47)

9) **Ang Paniniwala Sa Pag-abot Ng Talaan At Mga Aklat.** Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"Kaya't sinuman ang pagkalooban ng kanyang Talaan sa kanyang kanang kamay. Siya ay tiyak na bibilangan sa pinakamagaan na pagbibilang. At siya ay magbabalik sa kanyang angkan (na kapwa nananampalataya) nang may kagalakan. Nguni't sinuman ang pagkalooban ng kanyang Talaan sa kanyang likuran. Tiyak na kanyang hihilingin (o ipakikiusap) ang sariling kapahamakan (ng kanyang kaluluwa). At (siya ay) papapasukin sa naglalagablab na Apoy (at ipalalasap sa kanya ang hapdi (ng paso) ng pagkasunog." (Qur'an 84:7-12)

10) **Ang Paniniwala Na Ang Mga Tao Ay Gagantimpalaan Ng** Jannah **(Paraiso) o Ng** Jahannam **(Impiyerno)** na doo'y mananahan nang walang hanggan. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"Katotohanan, silang Kafirun **mula sa mga Angkan (na pinagkalooban) ng Kasulatan (Hudyo at Kristiyano) at sa** Mushrikun[38]**, sila ay mamamalagi roon sa Impiyerno, sila ang pinakamasama sa mga nilikha, Katotohanan, silang naniniwala at gumagawa ng mabuti, sila ang pinakamabuti sa mga nilikha. Ang kanilang gantimpala mula sa kanilang** Rabb **ay ang Paraisong** Ad'n **(Eden, walang hanggan) na sa ilalim nito ay may mga ilog na umaagos, na kung saan sila ay mananahan doon magpakailanman. Ang Allah ay lubos na masisiyahan sa kanila at sila rin ay masisiyahan sa Kanya. Ito ay (gantimpala) para sa kanya na may takot sa kanyang** Rabb.**"** (Qur'an 98:6-8)

11) **Ang Paniniwala Sa** 'Hawd'**[39] At** Shafaa'h **(Pamamagitan** ([Intercession]) at sa lahat ng bagay na ipinahayag ng Sugo ng Allah (ﷺ).

Ang Mga Mabubuting Bunga ng Paniniwala sa Huling Araw

---

[38] **Mushrikun**. Sila ay kinabibilangan ng mga pagano, mga taong nang-iidolo, mga taong sumasamba sa mga diyos-diyusan tulad halimbawa ng pagsamba nila sa mga Propeta, anghel, rebulto, santo at santa, estatuwa, o maging ang satanas at tinatawag ding **Mushrikun** ang mga taong walang paniniwala sa Kaisahan ng Allah.

[39] **Hawd**: Ito ay isang Bukal o Lawa na ipinagkaloob ng Allah (ﷻ) kay Propeta Muhammad (ﷺ) na sinuman ang uminom dito nang minsanan, ay hindi na mauuhaw pa magpakailanman.

1) Ang magkaroon ng paghahanda sa Huling Araw tulad ng paggawa ng tuluy-tuloy na kabutihan at pagpapaligsahan sa mga ito, pumipigil at iniiwas ang sarili sa paggawa ng mga kasalanan dahil sa takot sa kaparusahan.

2) Ang magbigay ng inspirasyon sa mga Mananampalataya; sapagka't kung sila man ay hindi nagkaroon ng magandang buhay sa mundong ito, sila ay gagantimpalaan ng Allah (ﷻ) nang higit na kaginhawahan at kasiyahan sa Kabilang Buhay.

3) Ang makilala at bigyang pagkakaiba ang mga tapat na Mananampalataya sa mga hindi nananampalataya.

Ang Paniniwala sa 'Qadaa' at 'Qadar[40]'

Nararapat paniwalaan na nababatid ng Allah (ﷻ) ang lahat ng bagay bago pa man likhain ang mga ito at kung ano ang mangyayari o magiging kahihinatnan nila pagkaraan. Magkagayon, nilikha Niya ang lahat ayon sa Kanyang walang hanggang Kaalaman at Kasukatan (anyo, hubog, kulay, kalagayan at iba pa). Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"Tunay na Aming nilikha ang lahat ng bagay na may kaukulang Qadar (tadhana na itinakda sa lahat ng bagay bago pa man sila likhain at ito ay nakatala sa Al-Lauh Al-Mahfouz, ang Iniingatang Talaan ng mga Gawa)." (Qur'an 54:49)

Lahat ng pangyayaring naganap sa nakaraan, ang mga nangyayari sa kasalukuyan at ang mga mangyayari sa hinaharap ay ganap na nababatid ng Allah (ﷻ) bago pa man ito naganap. Pagkaraan, nilikha Niya ang lahat ng may buhay ayon sa Kanyang Kapahintulutan at Kasukatan. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi;

"Ang isang tao ay hindi itinuturing bilang Muslim maliban na siya ay maniwala sa Qadar, ang mabuti at masamang kinahinatnan. Dapat niyang malaman na anuman ang nangyari sa kanya ay nakatakda at hindi ito maiiwasan o malalagpasan (samakatuwid, sadyang nakatakdang mangyari para sa kanya), at anuman ang kanyang (inaakalang) nalagpasan o naiwasan ay sadyang hindi nakatakda na mangyayari sa kanya." (Tirmidhi)

Ang Paniniwala sa Qadar **ay nangangahulugan ng Paniniwala sa apat na sumusunod;**

[40] **Qadaa at Qadar**: Ang Kahihinatnan o Kapalaran. (Ginamit ang orihinal na salitang Arabic upang mapanatili ang tunay na kahulugan sapagka't ang pagsalin nito sa ibang wika ay nagkakaroon ng ibang pakahulugan mula sa nagsalin nito). Ang **Qadar** (kahihinatnan sa **pangkalahatang pananaw o kahulugan**) samantalang ang **Qadaa** (kahihinatnan sa **partikular na kahulugan o pananaw**). Halimbawa ng **Qadar:** ang lahat ay mamamatay. Ang halimbawa naman ng **Qadaa**: bagamat sa pangkalahatang kahulugan na ang lahat ay mamamatay, mayroong namang **partikular** o kanya-kanyang paraan ng kamatayan ang bawa't isa. Ang **Qadaa** ng isang tao ay maaari siyang mamatay sa pamamagitan ng aksidente, o ng sakit o ng pagkahulog.

1) Ang maniwala na lubos na nababatid ng Allah (ﷻ) ang lahat ng bagay na nangyayari at ang Kanyang Kaalaman ay nakapalibot sa lahat ng bagay at walang nakalingid sa Kanya (ﷻ) kailanman.

2) Ang maniwala na naitala na ng Allah (ﷻ) ang lahat ng bagay na mangyayari at ito ay pinangangalagaan at iniingatan sa 'Al-Lawh Al-Mahfuz' (Ang Iniingatan Talaan). Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi;

"Ang unang nilikha ng Allah ay ang Panulat, at sinabi dito, "Ikaw ay magsulat…" at sumagot, 'Ano ang aking isusulat?' "Isulat mo ang lahat ng mangyayari hanggang sa Araw ng Pagkabuhay Muli." (Abu Dawood)

3) Ang maniwala na walang pangyayari ang magaganap sa mga kalangitan o maging sa kalupaan maliban na ito ay sa Kapahintulutan ng Allah (ﷻ) at anuman ang hindi Niya pinahintulutan ay hindi magaganap o mangyayari.

4) Ang maniwala na ang Allah (ﷻ) ang Siyang lumikha sa lahat ng bagay. Walang ibang Manlilikha bukod sa Kanya, o walang ibang Rabb (Panginoon) bukod sa Kanya[41] (ﷻ).

Ang paniniwalang ito ay hindi sumasalungat sa katotohanan na ang isang tao ay nararapat na magpunyagi upang makamtan niya ang kanyang minimithi. Upang maipaliwanag ito, kung ang isang tao ay nagnanais na magka-anak, kinakailangan niyang gawin ang mga bagay na nararapat upang makamtan niya ang kanyang minimithing layon; tulad halimbawa na siya ay dapat na mag-asawa. Pagkaraang magawa niya ang lahat ng nararapat gawin, siya ay maaaring pagkalooban ng anumang kanyang nais o hindi. Sa ganitong dahilan, ang tao ay makapag-iisip na kung ano ang kanyang ginawa upang makamtan ang kanyang minimithing layunin, ito ay hindi sapat o tunay na dahilan bagkus ang katuparan ng minimithing layunin ay nasa kapahintulutan ng Allah (ﷻ). At ang tunay na katuparan ng ating mga layunin ay nakapaloob sa Takda ng Allah (ﷻ). Ang Propeta (ﷺ) ay nagpaliwanag nang magtanong ang kanyang mga Sahaabah;

[41] 'Rawdat-un-Nadiyyah' Sharh 'Aqeedat-il-Waasitiyyah' p. 352-353

"'O Sugo ng Allah, ang mga Ayat (talata) ng Qur'an na aming binibigkas at ang aming mga panalangin at ang mga gamot na aming iniinom para sa aming lunas ay magpapabago ba sa Qadar ng Allah? Siya ay sumagot, 'Ang mga ito ay mula sa Takda (Qadar) ng Allah.'" (Hakim)

Ang Mga Mabubuting Bunga ng Paniniwala sa Qadaa at Qadar

1) Higit na maging matibay at matatag ang pagtitiwala sa Allah(ﷻ) (sa pag-asang makamtan ang mga minimithi) pagkaraang magampanan ang lahat ng pamamaraan.

2) Matututong tanggapin nang buong puso ang anumang nangyayari at ito ang nagbibigay ng kapanatagan sa puso at kasiyahan ng kaluluwa. Walang maiiwang bagabag, pag-alaala at kalungkutan na madarama sa anumang maging bunga ng mga pangyayari. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

" Walang sakuna (o masamang pangyayari) ang magaganap sa mundong ito at maging sa inyong mga sarili, maliban na ito ay nauna ng naitala sa Aklat ng Tadhana (Al Lauh Al Mahfuz) bago pa Namin pahintulutang ito ay maganap. Katotohanan, ito ay sadyang magaan sa Allah[42]. Upang kayo ay hindi maghinagpis sa mga bagay na hindi ninyo nakamtan, gayon din naman, huwag ipagyabang ang (mga biyayang) ipinagkaloob sa inyo. Hindi ninanais ng Allah ang mga mayayabang (at nagmamagaling)." (Qur'an 57:22-23)

---

[42] Isinalaysay ni Ibn Abbas (ؓ): Minsan ako ay nasa likuran ng Sugo ng Allah (ﷺ) at sinabi niya: "O, batang lalaki, ikaw ay aking tuturuan ng ilang salita:
(a). Maging matapat at masunurin ka sa Allah ﷻ (tanging Siya lamang ang dapat sambahin), alalahanin ang Allah ﷻ tuwina, sundin ang Kanyang mga ipinag-uutos. Ikaw ay Kanyang ililigtas sa anumang uri ng kasamaan at ikaw ay Kanyang pangangalagaan sa lahat ng aspeto ng iyong buhay.
(b). Maging matapat at masunurin sa Allah ﷻ, iyong matatagpuan ang Allah (ﷻ) na malapit sa iyo. (Kanyang diringgin ang iyong mga panalangin.)
(k) Kung ikaw ay magsumamo, magsumamo sa Allah ﷻ.
(d) Kung ikaw ay humanap ng tulong, hanapin ang tulong mula sa Allah ﷻ.
(e) Dapat mong malaman na kung ang lahat ng tao ay magsama-sama upang ikaw ay magkaroon ng kapakinabangan sa isang bagay, hindi nila magagawang bigyan ka ng kapakinabangan maliban kung ano ang itinakda sa iyo. At kung sila ay magsama-sama upang ikaw ay bigyan ng pinsala, hindi nila magagawang ikaw ay pinsalain maliban kung ano ang itinakda ng Allah ﷻ sa iyo. Ang mga panulat ay tumigil sa pagsulat (mga Banal na Tadhana) At ang tinta sa papel (Aklat ng Tadhana) ay natuyo na." Ang Hadith na ito ay naitala ni At Tirmidhi.

3) Magiging madaling maglaho ang anumang nadaramang sakit na dulot ng mga sakuna o masasamang pangyayari. Ang Propeta Muhammad (ﷺ) ay nagsabi;

"Ang malakas na Mananampalataya ay higit na minamahal ng Allah kaysa sa isang mahinang Mananampalataya bagama't ang bawa't isa ay may kabutihan. Ikaw ay maging masigasig sa anumang bagay na may pakinabang at hanapin ang tulong ng Allah at huwag maging pabaya sa paggawa. At kung may pinsalang dumating sa iyo, huwag mong sabihin ang, 'kung ginawa ko sana ang ganito, walang nangyaring di-maganda'. Datapwat sabihin ang: 'Ito ang Takda (Qadaar) **ng Allah, na anuman ang nais Niyang mangyari ito ay magaganap (**Qadarullah wa maa shaa fa'al**),' sa katotohanan, ang salitang 'kung o sana' ay magbubukas sa daan ng Satanas."** (Muslim #2664)

4) Nadaragdagan ang gantimpala at nababawasan ang kasalanan. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi;

"Walang Muslim na napapagod, nagkakasakit, nababagabag, nag-aalala o nababalisa, nalulungkot, at hindi inaalintana ang tinik na nakakatusok sa kanya maliban na ang mga ito ay nakababawas ng kasalanan." (Bukhari)

Ang paniniwala sa Qadar ay hindi tulad ng iniisip ng iba na nagtitiwala (o umaasa) sa Allah (ﷻ) nguni't hindi nagsisikap o nagtatangkang tuparin ang mga pamamaraan sapagka't ang Propeta ng Allah (ﷺ) ay sumagot sa isang taong nagtanong sa kanya (ﷺ);

"'Hahayaan ko na lamang ba na di-nakatali ang aking kamelyo at magtiwala na lang ako sa Allah? Ang sabi ng Propeta, 'Itali mo at magtiwala ka sa Allah.'" (Saheeh ibn Hibbaan)

Ang Mga Haligi ng Islam

Ang mga uri ng pagsamba na isinasagawa na pangkatawan at pagbigkas ay tinatawag na Haligi ng Islam. Ito ang mga haligi na siyang kinatatayuan ng Deen, at siyang batayan ng isang tao upang siya ay ituring bilang Muslim. Ang mga haligi na ito ay tinatawag na, ang Dalawang Pagsaksi sa Pananampalataya, ang mga ito ay pasalitang haligi ng Islam. Ang pangalawa at pang-apat na haligi ng Islam ay ang pagdarasal (As-Salaah) at ang pag-aayuno (As-Sawm). Ang ikatlo ay ang pagbayad ng Zakah bilang pangkatawan na pagsamba na siyang pagbibigay ng sapilitang kawanggawa. Ang ikalimang haligi ng Islam ay ang paglalakbay sa Makkah (Hajj), magkahalong pisikal, pananalita at nananawagan ng paggugol mula sa kanyang kayamanan. Tinatawagan ng Islam ang mga Muslim hindi upang magsagawa lamang ng pagsamba, kundi, naglalayon itong gawing dalisay ang kanilang kaluluwa. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi tungkol sa pagdarasal (As-Salaah);

"…Katotohanan ang pagdarasal (Salaah) ay pumipigil mula sa gawaing kahiya-hiya (Al Fahsha) at masasamang gawaing (Al Munkar)…" (Qur'an 29:45)

Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi tungkol sa ubligadong kawanggawa;

"Kumuha ng kawanggawa mula sa kanilang yaman upang sila ay maging malinis at pagpalain sila nito." (Qur'an 9:103)

Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi tungkol sa pag-aayuno (As-Sawm);

"O kayong Mananampalataya (mga Muslim)! Ang (pagsasakatuparan ng) Sawm[43] (pag-aayuno) ay ipinag-uutos sa inyo katulad ng ipinag-utos sa mga nauna sa inyo upang kayo ay maging Muttaqun[44] ..." (Qur'an 2:183)

---

[43] **Sawm**. Ang Sawm ay pag-aayuno (pag-iwas sa pagkain, pag-inom at pagkikipagtalik mula sa Adhan ng Fajr hanggang sa pagsapit ng takip-silim.

[44] **Al Muttaqun** (maramihan) o **Muttaqi (**isahan)- sila ang mga banal na tao na umiiwas sa kasalanang **Shirk** (pagsamba sa mga nilikhang bagay maging ito man ay anghel, propeta, rebulto, imahen, bituin, at iba pang ginagawang diyos). Ang **Muttaqun** ay larawan ng tunay na nananampalataya sa Nag-iisang Diyos. Sila ay larawan ng kabutihan sa lahat ng aspeto ng kanilang pamumuhay. Ang kanilang pag-uugali, kilos, pananalita, kalooban at kaisipan ay malilinis. Sila ay mga tapat na nananampalataya sa Allah na handang ipagkaloob ang kanilang buhay, yaman at panahon

Ang pag-aayuno ay nagtuturo ng pagpipigil ng isang tao at disiplina at hindi dapat sumunod sa sariling pithaya at pagnanasa. Ito ang pahiwatig ng Propeta (ﷺ) nang kanyang sabihin ang;

"Kung ang isang tao ay hindi umiiwas sa pagsisinungaling at malaswang gawain, hindi kailangan ng Allah na siya ay dapat umiwas sa pagkain at pag-inom." (Bukhari)

Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi tungkol sa Paglalakbay sa Makkah (Hajj)

"Ang Hajj ay (nasa) kilalang mga buwan[45]. Kaya, sinuman ang naglalayong magsagawa ng Hajj, samakatuwid hindi siya dapat makipagtalik (sa kanyang asawa) at hindi dapat gumawa ng kasalanan o makipagtalo ng walang kabuluhan sa panahon ng Hajj…" (Qur'an 2: 197)

Sa Islam, ang pagsamba ay gumaganap ng mahalagang papel sa pagpapaunlad at paglinang ng kapuri-puring kaugalian, at pati ang pangangalaga ng pagkakaisa ng mga Muslim. Ang mga Haligi ng Islam ay ang mga sumusunod;

Unang Haligi ng Islam; Ang Dalawang Pagsaksi sa Pananampalataya (Ang 'Shahaadatain')

Ito ang dalawang pagsaksi; **'na walang karapat-dapat sambahin maliban sa Allah** (ﷻ)**, at si Muhammad ay Kanyang alipin at sugo** (ﷺ)'. Ito ay pasalitang haligi ng Islam, subali't ang isang Muslim ay nararapat sumunod at maniwala na may kaakibat na gawa. Ito ang susi sa pagpasok sa Paraiso.

Ang Kahulugan ng 'La Ilaaha Illa-Allah'

Ito ang diwa ng **Tawheed**[46]. Sa pamamagitan ng konseptong ito, nilikha ng Allah (ﷻ) ang lahat (sangkatauhan, jinn, anghel at maging ang di-

upang ipagtanggol ang kanilang pinagpalang relihiyon. Sila ang mga taong walang kinatatakutan maliban ang Diyos na Lumikha sa lahat-ang Allahﷻ.

[45] Ang mga yaon ay buwan ng Shawwal, Zul-Qa'dah at unang ika sampo ng Zul-Hijjah

[46] **Tawheed:** Ito ang konsepto ng Kaisahan ng Allah (ﷻ).

nakikita o nakatagong bagay) at sa konseptong ito, nilikha Niya ang Jannah (Paraiso) at ang Jahannam (Impiyerno). Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"At hindi Ko nilikha ang mga Jinn at mga Tao maliban na sila ay nararapat na sumamba sa Akin (tanging sa Akin lamang)." (Qur'an 51:56)

Ito ang paniniwala na ipinag-anyaya ng mga Propeta at Sugo sa kanilang mga mamamayan, nagmula pa noong panahon ni Adan hanggang sa Huling Sugong si Muhammad (ﷺ). Ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"At hindi Kami nagpadala ng sinumang Sugo bago pa man sa iyo (O Muhammad) maliban na Aming ipinahayag sa kanya (na nagsasabing): "La ilaha ilallah **(walang diyos na dapat sambahin maliban sa Allah), kaya sambahin Ako (tanging Ako at wala ng iba pa)."** (Qur'an 21:25)

Ang unang pagsaksi; **'Na walang karapat-dapat sambahin maliban sa Allah** (ﷻ)**,** ay napapaloob dito ang sumusunod na kahulugan;

- Ang Allah (ﷻ) ang Siyang Tagapaglikha sa lahat ng bagay. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"Siya ang Allah, ang inyong Rabb! La ilaha illah Huwa (walang diyos na dapat sambahin maliban sa Kanya), ang Tagapaglikha ng lahat ng bagay. Kaya, sambahin Siya (tanging Siya lamang), at Siya ang Wakil (tagapangalaga) sa lahat ng bagay." (Qur'an 6:102)

- Ang Allah (ﷻ) ang nagmamay-ari sa lahat ng Kanyang nilikha. at Siya (ﷻ) ang tagapamahala sa lahat ng gawain at pangyayari.[47]. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"…Katotohanan, sa Kanya ang (Ganap na Kapangyarihan ng gawang) paglikha at pag-uutos. Mapagpala ang Allah, ang Rabb (Panginoon) ng lahat ng nilikha." (Qur'an 7:54)

---

[47] Ang konseptong ito ay tinatawag na **'Tawheed ar-Ruboobiyyah'** o ang Kaisahan ng Allah (ﷻ). Ito ang mga paniniwalang walang ibang Tagapaglikha, Tagapagkaloob, Tagapanustos at ang Nagmamay-ari ng lahat kundi ang Allah (ﷻ).

- Tanging ang Allah (ﷻ) lamang ang karapat-dapat sambahin[48] nang buong puso at kaluluwa. Siya (ﷻ) ay nagsabi;

"Walang alinlangan! Katotohanan! na ang Allah lamang ang nag-aangkin ng anupamang nasa mga kalangitan at anupamang nasa kalupaan. At yaong sumasamba at dumadalangin sa iba pa bukod sa Allah, (katotohanan na) sila ay hindi sumusunod sa mga itinuturing nilang katambal (ng Allah), bagkus kanilang sinusunod lamang ang mga haka-haka at sila ay naglulubid lamang ng kasinungalingan." (Qur'an 10:66)

- Ang Allah (ﷻ) ang nagmamay-ari ng mga Magagandang Pangalan at ang Kanyang taglay na mga Katangian ay Ganap at Lubos. Siya ay malayo sa mga kakulangan, kapintasan at kamalian[49]. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

- **"At (lahat ng) naggagandahang mga Pangalan[50] ay nauukol sa Allah (lamang), kaya manalangin sa pamamagitan ng mga iyon at lisanin ang pangkat na nagpapasinungaling o nagtatakwil sa Kanyang mga Pangalan. Sila ay pagbabayarin sa anumang lagi nilang ginagawa."** (Qur'an 7:180)

Ang Mga Patakaran ng Shahaadah:

Hindi sapat na bigkasin lamang ang Shahaadah upang ito ay tanggapin ng Allah (ﷻ). Ang Shahaadah ay itinuturing na isang susi sa pintuan ng Paraiso, datapwa't upang ito ay maging makabuluhan, kinakailangan ang tamang patunay nito. Ang Shahaadah ay dapat tugunan ng mga sumusunod na mga patakaran upang ito ay tanggapin ng Allah (ﷻ).

---

[48] Ang konseptong ito ay tinatawag na **'Tawheed al-Uloohiyyah'** o ang Kaisahan sa pagsamba sa Allah (ﷻ). Ang paniniwalang ito ay ang pagtuon ng pagsamba lamang sa Allah (ﷻ) at wala ng iba.

[49] Ang konseptong ito ay ang **"Tawheed al-Asmaa' wa Sifaat"** na ang kahulugan ay ang Allah (ﷻ) lamang ang nagtataglay ng magagandang Pangalan at Katangian, na walang katulad o di-maaring ihambing at walang kagaya sa mga ito.

[50] Ang Allah (ﷻ) ay mayroong 99 na pangalan. Isinalaysay ni Abu Hurayrah (رضي الله عنه): "Ang Allah (ﷻ) ay mayroong 99 na pangalan; at sinuman ang naniwala sa kahulugan ng mga nito at umasal nang ayon sa mga ito, siya ay makapapasok sa Paraiso; at ang Allah (ﷻ) ay Isa (Witr) at Kanyang minamahal ang Witr." Sahih Bukhari, vol 8, Hadith Bilang 419.

1) **Karunungan (Al-Ilm):** binubuo ng kaalaman na ang lahat ng mga ibang bagay na sinasamba bukod sa Allah (ﷻ) ay mga huwad na diyos maging ito man ay isang dakilang Propeta, Sugo o isang marangal na anghel. Walang sinuman o anupaman sa mga nilikha ang maaaring ituring bilang diyos, o naging diyos, magiging diyos o may pagkadiyos, o may kahati sa pagkadiyos. Tanging ang Nag-iisang Tagapaglikha ang Siyang Tunay na Diyos. Samakatuwid, walang ibang diyos na dapat sambahin sa katotohanan maliban sa Allah (ﷻ). Ang Allah (ﷻ) lamang ang nararapat na pag-ukulan ng lahat ng uri ng pagsamba, tulad ng pagdarasal (Salaah), pagdalangin (Du'aa), pagluhog ng pag-asa, pag-aalay at panunumpa, at iba pa.

Sinuman ang nag-alay ng anumang uri ng pagsamba sa iba pa bukod sa Allah (ﷻ), siya ay nagkasala ng Kufr[51] , kahit na siya ay bumigkas ng Shahaadatain.

2) Katiyakan (Al-Yaqeen); Ang puso ay nararapat na nakatitiyak sa kahulugan ng dalawang Shahaadah. Ang katiyakan ay kabaligtaran ng pag-aalinlangan, kaya, walang puwang para sa isang Muslim na mag-alinlangan o mag-atubili sa kanyang paniniwala. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi,

"Katotohanan, ang tunay na Mananampalataya (Muslim) ay yaon lamang na (tapat na) nananalig sa Allah at sa Kanyang Sugo, at pagkaraan ay hindi nag-alinlangan bagkus nagtanggol (at nakipaglaban) sa Landas ng Allah (Jihad) sa pamamagitan ng kanilang yaman at (inihandog ang) sariling buhay. Sila yaong tunay na makatotohanan." (Qur'an 49:15)

3) Pagtanggap (Al-Qubool); Nararapat na tanggapin ang mga patakaran ng Shahaadah nang buong puso at walang itinatakwil sa anumang bahagi nito[52]. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

---

[51] **Kufr**. Ito ay pagtakwil sa katotohanan at kawalan ng pananampalataya o paniniwala sa mga haligi ng Islamikong Pananampalataya: ang paniniwala sa Allah(ﷻ) bilang Nag-iisang Diyos na dapat sambahin, ang paniniwala sa Kanyang mga Anghel, ang paniniwala sa Kanyang mga Sugo at Propeta, ang paniniwala sa mga Kasulatan o Kapahayagan, ang paniniwala sa Araw ng Pagkabuhay Muli o Paghuhukom, at ang paniniwala sa Qadar (Tadhana). Ang isang tao na nagkasala ng Kufr ay tinatawag na Kafir (o sa pangmaramihang bilang: **Kafirun o Kuffar**)

"Katotohanan, kapag sila ay pinagsasabihan ng: "La ilaha illa Allah **(walang iba pang diyos na dapat sambahin maliban sa Allah), umiiral sa kanilang mga sarili ang kapalauan (at sila ay nagtatakwil sa katotohanan)."** (Qur'an 37:35)

4) Pagsuko at Pagtalima (Al-Inquiad); ito ay pagsunod, pagsasagawa at pagsasakatuparan ng lahat ng tungkuling hinihingi at kinakailangan ng Shahaadah[53]. Ang isang tao ay nararapat na sumunod sa lahat ng ipinag-uutos ng Allah (ﷻ) at umiwas sa mga ipinagbabawal. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"At sinuman ang ganap na isinuko ang sarili sa Allah samantalang siya ay Muhsin[54] (gumagawa ng kabutihan) magkagayon, kanyang tinanganan ang pinakamatibay na hawakan (ang La ilaha ill-Allah). At sa Allah ang pagbabalik ng lahat ng bagay tungo sa pagpapasiya (sa lahat ng pangyayari)." (Qur'an 31:22)

5) **Makatotohanan (As-Sidq);** nararapat na makatotohanan at dalisay ang pagpapahayag ng Shahaadah[55]. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"… Sila ay nagsasabi sa kanilang bibig (lamang) nguni't wala (naman) sa kanilang puso…" **(**Qur'an 48:11)

6) Katapatan (Al-Ikhlas); nararapat na iukol ang lahat ng pagtitiwala at pagsamba sa Allah (ﷻ) lamang[56]. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

---

[52] Hindi sapat na malaman at paniwalaan ng isang tao nang may Katiyakan ang Shahaadah. Bagkus, ito ay nararapat niyang tanggapin sa pamamagitan ng pagbigkas nito, at tanggapin niya na siya ay nagnanais na maging isang tunay na Muslim.

[53] Hindi sapat na malaman ng isang tao kung ano ang ibig sabihin ng Shahaadah na may katiyakan at ito ay tinanggap at nanumpa ng hayagan. Higit pa dito kinakailangan ang kanyang mga gawa at asal ay alinsunod sa mga patakaran ng Shahadaah.

[54] **Muhsin:** taong gumagawa ng kabutihan. Ibig sabihin, siya ay makatuwiran sa lahat ng bagay at ginagawa niya lamang ito para sa Allah (ﷻ) at alinsunod sa itinuro at pamamaraan ng Propeta (ﷺ). Sa iniulat na ito ng Allah (ﷻ), kaalinsabay ang paggawa ng kabutihan ng pagtalima o pagsuko. At sa pagkakataon ito lamang naintindihan o nakaunawa ng pinagkakatiwalaang pahayag… ang Shahaadah.

[55] Kahit na ang isang tao ay nagpapakita bilang isang matapat (sa panglabas na anyo) ay maaaring ang kanyang puso ay taliwas sa kanyang mga ginagawa (bilang kawalan ng paniniwala), tulad ng isang mapagkunwari.

[56] Maaaring ang isang tao ay ginagawa ang lahat ng mga alituntunin ng mga naunang kondisyon ng Shahadaah, nguni't maaari din siyang sumamba pa sa iba maliban sa Allah (ﷻ), tulad ng pag-hingi ng

"At sila ay hindi napag-utusan maliban na sila ay sumamba (lamang) sa Allah, maging matapat sa pananampalataya sa Kanya, maging matuwid at magsagawa ng Salaah (pagdarasal), at magbigay ng Zakah (kawanggawa), ito ang tunay (at tuwid) na pananampalataya." (Qur'an 98:5)

7) Pagmamahal (Al-Mahabba); nararapat na mahalin ang Shahaadah at lahat ng pangangailangan nito. Nararapat niyang mahalin ang Allah (ﷻ), ang Kanyang Sugo (ﷺ) at ang Kanyang mga mabubuti at matutuwid na alipin. At nararapat niyang kapootan ang mga napopoot sa Allah (ﷻ) at sa Kanyang Sugo (ﷺ). Kailangang higit niyang naisin ang anumang minamahal ng Allah (ﷻ) at ng Kanyang (ﷻ) Sugo (ﷺ) kahit na ito ay salungat sa kanyang hangarin. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi; Qur'an, Kabanata At-Tawbah, 9:24;

"Sabihin: 'Kung ang inyong mga ama, inyong mga anak na lalaki, inyong mga kapatid na lalaki, ang inyong mga asawa, ang inyong mga kamag-anakan, ang inyong kayamanang pinagkitaan, ang inyong kalakal na pinangangambahang malugi, ang inyong mga tahanang ikinasisiya ay higit na mahalaga sa inyo kaysa sa Allah at sa Kanyang Sugo, at sa pakikipaglaban sa Landas ng Allah, magkagayon, kayo ay magsipaghintay hanggang dalhin ng Allah ang kanyang Pasiya (parusa). At hindi pinapatnubayan ng Allah ang mga taong Fasiq (mapanghimagsik, palasuway sa Allah)." (Qur'an 9:24)

Ang **Shahaadah** ay nag-uutos din na ang Allah (ﷻ) ang Tanging Isa na may karapatang magtakda, maging sa larangan ng pagsamba o sa anupamang pangyayari o bagay na ukol sa ugnayan ng tao, maging ito man ay pansarili o pangkalahatan.

Ang mga pagpapairal ng mga batas para sa mga ipinagbabawal o ipinapatupad ay kailangang magmumula lamang sa Allah (ﷻ). Ang Sugo (ﷺ) ay siyang tagapagpaliwanag at tagapagbigay-linaw sa Kanyang (ﷻ) mga kautusan. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

---

tulong sa mga patay at iba pa. Magkagayon, hindi pa dalisay ang kanyang pananampalataya sa Allah (ﷻ).

"…Kaya't inyong sundin o kunin ang anumang itinatagubilin (o ipinag-uutos) sa inyo ng Sugo at anuman ang kanyang ipinagbabawal sa inyo, ito ay inyong iwasan…" (Qur'an 59:7)

Ang Kahulugan ng Ikalawang Pagsaksi; 'na si Muhammad (ﷺ) ay Sugo ng Allah'

Ang pagsaksi na si Muhammad ay Sugo ng Allah (ﷺ)… ito ay nangangailangan ng mga sumusunod;

1) Ang maniwala na siya ay isang Sugo (ﷺ), at siya ang pinakamabuti at huli sa kawing ng mga Sugo, at wala ng Sugo pang darating pagkaraan niya. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"Si Muhammad ay hindi ama ng sinuman sa inyo, datapwa't siya ang Sugo ng Allah at Sagka (Huli) sa lahat ng mga Propeta…" (Qur'an 33:40)

2) Ang maniwala na siya ay walang (nagawang) pagkakamali sa mga aral na kanyang ipinalaganap mula sa Allah (ﷻ). Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"At hindi siya nagsabi (ng anuman) nang ayon sa kanyang sariling hangarin (tungkol sa Relihiyon). Ito ay isa lamang Inspirasyon (Kapahayagan) na ipinahayag sa kanya." (Qur'an 53:3-4)

At para sa mga pangyayari sa mundong ito, siya ay tao lamang, at siya ay nagsasagawa ng Ijtihaad[57] sa kanyang mga paghatol. Ang Propeta Muhammad (ﷺ) ay nagsabi;

"Katotohanan ako ay isang tao lamang. Maaaring ang isa sa mga nagtatalo ay maghabol ng kanyang karapatan at lumapit sa akin na dumadaing, at sapagka't higit na mahusay ang pananalita ng kanyang katunggali, maaari ako ay nakapagbigay ng pagkiling sa paghatol ko. Sinuman ang nabigyan ng pagkiling samantalang nalalaman niyang siya ay mali, ang anumang kanyang tinanggap na hindi makatuwiran ay bahagi lamang ng Impiyerno, kaya't hayaan niyang tanggapin o hindi tanggapin ito." (Muslim)

[57] **Ijtihad:** Sa kaugnayan pang-Relihiyon, ito ang pagsusumikap na umunawa sa paggawa ng pansariling pagpapasiya (batas) at paghahanap ng mga patotoo.

3) Ang maniwala na siya ay isang Sugo (ﷺ) para sa lahat ng nilikha, sa mga jinn at sa mga tao, hanggang sa Huling Oras. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi, Qur'an, Kabanata Saba, 34:28;

"At ikaw (O Muhammad) ay hindi Namin isinugo maliban bilang Tagapaghatid ng Magagandang Balita at Tagapagbabala sa lahat ng Sangkatauhan, subali't karamihan sa tao ay hindi nakababatid (nito)." (Qur'an 34:28)

4) Ang sumunod sa lahat ng ipinag-uutos ng Propeta Muhammad (ﷺ) at ang maniwala sa lahat ng kanyang sinabi o iniulat, at lumayo o umiwas sa kanyang mga ipinagbabawal at babala. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi,

"…Kaya't inyong kunin (o sundin) ang anumang iparating (o ipinag-utos) ng Sugo (ang Propetang si Muhammad), at anumang ipagbawal niya sa inyo, ito ay inyong iwasan…" **(**Qur'an 59:7)

5) Ang tumalima at panghawakan ang Sunnah ng Propeta (ﷺ) na walang pagdaragdag o pagbabawas (pagbabago) rito. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi,

"Sabihin mo (O Muhammad sa sangkatauhan): "Kung (tunay nga na) inyong minamahal ang Allah, samakatuwid, sumunod kayo sa akin (tanggapin ang kaisahan ng Allah at sundin ang (mensahe ng) Qur'an at Sunnah[14]), kayo ay mamahalin ng Allah at patatawarin (Niya) ang inyong mga kasalanan. At ang Allah ay lagi nang Mapagpatawad, ang Maawain." (Qur'an 3:31)

Ikalawang Haligi ng Islam: Ang 'As-Salaah' (Pagdarasal)

Pagkaraang magpahayag ng 'Shahaadah', isang tungkulin ang magsagawa ng pagdarasal (As-Salaah) ng limang ulit, sapagka't ito ang gulugod ng relihiyon, na kung ito ay hindi isinasagawa ng isang tao ang kanyang pagiging Muslim ay hindi maisasaalang-alang na ganap. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi; (nagbigay ng paghahalintulad ng relihiyon at sa kamelyo);

"Ang haligi ng Relihiyon ay ang Islam (ang Shahaadatain); na ang gulugod nito ay ang Salaah (Pagdarasal), at ang pinakamataas na bahagi nito, ay ang Jihad (pagkikipaglaban sa Landas ng Allah)[58]."
(Mustadrak Al-Haakim)

Ang As-Salaah ay isang kataga na binubuo ng mga salita at gawa na nagsisimula sa pamamagitan ng pagbanggit ng 'takbeer' (pagbigkas ng 'Allahu Akbar', ibig sabihin, 'Ang Allah ay Dakila') at nagtatapos sa pagsabi ng 'tasleem' (As-Salaamu A'laykum wa Rahmatullaah).

Ang Muslim ay nagsasagawa ng pagdarasal dahil sa kanyang pagtalima sa Allah (ﷻ), dito niya pinupuri at niluluwalhati ang Allah (ﷻ). Sa pagdarasal napapanatili ang ugnayan niya sa kanyang Tagapaglikha. Kung ang isang tao ay nahihirati sa makamundong bagay at ang kanyang panananampalataya ay nanghihina, tinuturing na pagpapaala-ala sa kanya kung naririnig niya ang tawag sa dasal (ang Adhaan).

Tungkulin ng mga Muslim ang pagdarasal ng limang ulit sa maghapon at gabi. Ang mga lalake ay nararapat magdasal nang sama-sama sa Masjid, maliban kung sila ay mayroong mabuting dahilan upang lumiban patungong Masjid (ang mga babae ay higit na nararapat magdasal sa kani-kanilang bahay). Sa pamamagitan ng pagdarasal sa Masjid, ang mga Muslim ay nagkakakilala sa bawat isa, at ang buklod ng pagmamahalan at pagkakaisa ay napapanatili, umuusbong at lumalakas. Napag-aalaman nila ang kalagayan ng kanilang kapwa Muslim sa araw-araw. Kung ang isa ay lumiban at iniisip na siya ay nagkasakit, siya ay bibisitahin. At kung napagmamasdan nila na nanghihina ang isa sa kanyang tungkulin, siya ay binibigyan ng payo. Ang lahat ng pagkakaiba, gaya ng klase o uri ng tao, o pagkakaiba ng lahi (i.e. puti o itim) ay hindi pinapansin, dahil ang mga Muslim ay nakatayong tabi-tabi sa tuwid na linya (sa pagdarasal), lahat ay nakaharap sa isang direksiyon (Makkah) at sabay-sabay lahat sa isang panahon. Lahat ay pantay-pantay sa kanilang pagsunod at pagtayo sa harapan ng Allah (ﷻ).

Ikatlong Haligi ng Islam: Ang Takdang Kawanggawa ('Zakaah')

[58] **Jihad:** ang pakikipaglaban sa mga di-Mananampalataya upang ibantayog ang salita ng Allah (ﷻ) at pagtatatag o pagpapanatili ng batas ng Islam.

Isa sa mga tungkulin ng Muslim ay ang pagbabayad ng 'Zakaah' (itinakdang Kawanggawa) ng mga mayaman na Muslim sa mga karapat-dapat na makatanggap nito (sa mga maralita at mahirap) upang sila ay mailigtas sa kahihiyan ng pagpapalimos. Ang Zakaah ay ubligado sa lahat ng Muslim na mayroong Nisaab (pinakamababang halaga na nararapat pagkunan ng Zakaah) Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

"At sila ay hindi napag-utusan maliban na sila ay sumamba (lamang) sa Allah, maging matapat sa pananampalataya sa Kanya, maging matuwid at magsagawa ng Salaah (pagdarasal), at magbigay ng Zakaah (kawanggawa), ito ang tunay (at tuwid) na pananampalataya." (Qur'an 98:5)

Kung sinuman ang tumanggi sa ubligasyon na ito, siya ay tinuturing na hindi mananampalataya at siya ay nagkasala sa mga mahihina, maralita at mahihirap. Hindi ito isang uri ng buwis na ipinapataw ng Islamikong pamayanan sa lahat ng kanyang nasasakupan, gaya ng paniniwala ng mga ignorante o walang pinag-aralan; dahil kung ito ay totoo, disin sana'y ipinataw na sa lahat (mga Muslim at di-Muslim). Isa sa batayan sa pagbabayad ng Zakaah ay dapat ang isang tao ay Muslim, at hindi ito kinukuha sa mga di-Muslim.

Ang Mga Pangunahing Patakaran ng 'Zakaah'

1) **Ang Itinakdang Pamantayan o** Nisaab. Kung ang mga ari-arian o yaman ay umaabot sa itinakdang pamantayang halaga o 'Nisaab' na ang halaga nito ay katumbas ng walumpot limang (85) gramo ng ginto, samakatuwid, ito ay sumasaklaw sa pamantayang itinakda ng Zakaah batay sa batas ng Islam.

2) **Ang Paglagpas ng Isang Taon**. Kung ang mga ari-arian ng Muslim ay umabot sa 'Nisaab' sa loob ng isang taon, samakatuwid, ang pagbabayad ng Zakaah ay nararapat na tuparin.

Binanggit ng Dakilang Allah (ﷻ) sa Qur'an yaong mga taong karapat-dapat tumanggap ng Zakaah;

"As-Sadaqah (ang Kawanggawa) ay para lamang sa mga Fuqara (dukha) at Al-Masakin (maralita) at yaong mga kawaning naglilikom (ng kawanggawa) at sa mga taong ang mga puso ay malalapit (sa Islam); at sa pagpapalaya ng mga bilanggo at sa mga may pagkakautang; at sa Landas ng Allah (Mujahideen na nakikipaglaban) at sa mga Naglalakbay (na nawalan ng kakayahang magpatuloy sa paglalakbay); isang tungkulin sa Allah. At ang Allah ay Lubos na Maalam, ang Tigib ng Karunungan." (Qur'an 9:60)

Ang halaga na dapat bayaran ay 2.5% mula sa mga halagang naipon sa loob ng isang taon. Sa pamamagitan nito, pinapawi ng Islam ang pagiging dukha at kahirapan sa pamayanan ng mga Muslim at inaako sa maaaring kasamaan na magmumula dito, gaya ng nakawan, patayan at ang paglabag sa kapakanan ng mga tao. Binubuhay nito ang kasiglahan ng pagtitiwala at pangkapatiran sa pamayanan ng mga Muslim sa pagbabayad ng Zakah sa mga dukha at mahirap.

Ang pagkakaiba ng Zakaah sa buwis ay ang mga Muslim ay nagababayad ng kusang loob at sila mismo ang nagbibigay sa mga nararapat bigyan. Karagdagan dito, ang pangalan nito ay nangangahulugan ng kanyang hangarin, na siyang pagpapadalisay sa kaluluwa ng mga mayayamang Muslim. Nililinis din nito ang isang Muslim sa pagiging sakim, makasarili, pagka-maimbot at sa pagmamahal sa pansamantalang mundong ito na nalulunod sa pag-iimbot dito, na siyang dahilan upang

makalimot sa kanyang mga kapatid na mga dukha at mahihirap. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"…At sino man ang nailigtas mula sa sariling kasakiman (karamutan) sila ay yaong magsisitagumpay." (Qur'an 59:9)

Nililinis din ng Zakat ang puso ng mga mahihirap na tao mula sa pagkamuhi o pagkainggit laban sa mga mayayaman lalo na kung nakikita nila ang mga mayayaman ay nagbabayad ng itinakdang bahagdan ng Zakat at inaalala sila ng may kabaitan at bukas-palad o kagandahang loob.

Binigyang ng mahigpit na babala ng Islam ang mga Muslim na tumatangging magbayad ng zakat:

"At huwag isipin ng mga (taong) nagtitipon ng yamang ipinagkatiwala ng Allah sa kanila na ito ay makabubuti. Katotohanan, ito ay lalong masama para sa kanila. Yaong (mga bagay na) pinagtitipunan nila ay magiging kuwelyo sa kanila sa Araw ng pagbabangong muli…" (Ang Qur'an, Kabanata Al-'Imran, 3: 180)

Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi tungkol dito:

"Ang isang mayamang tao na mayroong ginto at pilak nguni't hindi nagbayad ng karampatang Zakat (dapat niyang malaman na) ang kanyang ginto at pilak ay matutunaw sa Araw ng Paghuhukom at mapapalitan ng mga malalapad na tipak na paiinitin sa Apoy ng Impiyerno at pagkaraan, ang kanyang noo, mga tagiliran at likod ay ididikit dito. Kapag ang mga malalapad na tipak ay lumamig, ito ay muling paiinitin (sa pugon ng Impiyerno) at ang panghero o pangtatak ay patuloy sa maghapon na ang tagal ay katumbas ng limampung libong taon, at ang kaso ng lahat ng tao ay napagpasiyahan na sa oras na yaon at ipakikita sa kanila ang landas tungo sa Impiyerno o Paraiso." (Muslim)

Ika-apat na Haligi ng Islam: Ang Sawm **(Pag-aayuno) sa Buwan ng** 'Ramadhan'

Kailangang mag-ayuno ang isang Muslim sa buwan ng Ramadhan, sa bawa't taon. Nararapat na umiwas sa lahat ng bagay na makasisira sa pag-aayuno, tulad ng pagkain, pag-inom at pakikipagtalik ng mag-asawa mula sa oras ng pagtawag o hudyat ng 'Salatul-Fajr' hanggang sa pagtawag o hudyat ng pagsapit ng 'Salaatul-Maghrib' bilang tanda ng pagtalima o pagsunod sa kautusan ng Allah (ﷻ). Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi,;

"O kayong Mananampalataya (mga Muslim)! Ang (pagsasakatuparan ng) Sawm[59] (pag-aayuno) ay ipinag-uutos sa inyo katulad ng ipinag-utos sa mga nauna sa inyo upang kayo ay maging Muttaqun[60] ..." (Qur'an 2:183)

Ang layunin ng pag-aayuno ay hindi lamang nakatuon sa pagpipigil sa mga makamundo at mga pagnanasa ng katawan na nakakasira sa pag-aayuno, bagkus, higit sa lahat, nararapat ding umiwas sa mga bagay na makababawas (ng gantimpala) sa panahon ng pag-aayuno tulad ng pagsisinungaling, paninirang puri, pang-aalipusta, pandaraya, at mga kasuklam-suklam na asal. Dapat tandaan na tungkulin ng mga Muslim ang pag-iwas sa lahat ng mga hindi magandang gawain at pagsasalita sa lahat ng oras kahit hindi pa sa buwan ng Ramadhan, nguni't higit sa buwan na ito, katulad ng sinabi ng Propeta (ﷺ):

"Hindi kailangan ng Allah ang pag-iwas sa pagkain at inumin (ang pag-aayuno) ng isang Muslim kung ito ay hindi umiiwas sa mga maling gawain at mga salita." (Bukhari)

Ang pag-aayuno ay isang pagpupunyagi sa gitna ng kaluluwa ng isang tao at ng kanyang hangarin at pagnanasa (sa kamunduhan). Marami itong panlipunang kahalagahan na iniulat ng Propeta (ﷺ) sa kanyang mga pananalita;

---

[59] **Sawm**. Ang Sawm ay pag-aayuno (pag-iwas sa pagkain, pag-inom at pagkikipagtalik mula sa Adhan ng Fajr hanggang sa pagsapit ng takip-silim.

[60] **Al Muttaqun** (maramihan) o **Muttaqi (**isahan)- sila ang mga banal na tao na umiiwas sa kasalanang **Shirk** (pagsamba sa mga nilikhang bagay maging ito man ay anghel, propeta, rebulto, imahen, bituin, at iba pang ginagawang diyos). Ang **Muttaqun** ay larawan ng tunay na nananampalataya sa Nag-iisang Diyos. Sila ay larawan ng kabutihan sa lahat ng aspeto ng kanilang pamumuhay. Ang kanilang pag-uugali, kilos, pananalita, kalooban at kaisipan ay malilinis. Sila ay mga tapat na nananampalataya sa Allah na handang ipagkaloob ang kanilang buhay, yaman at panahon upang ipagtanggol ang kanilang pinagpalang relihiyon. Sila ang mga taong walang kinatatakutan maliban ang Diyos na Lumikha sa lahat-ang Allahﷻ.

“Lahat ng mga gawain ng mga anak ni Adan ay para sa kanilang sarili maliban sa pag-aayuno, dahil ito ay para sa Akin (Allah) at ito ay Aking gagantimpalaan. Ang pag-aayuno ay pananggalang; hindi siya dapat magsalita ng masama o magtaas ng boses o manigaw. At kung may nang-aaway sa kanya, dapat sabihin niya na, ‘Tunay na ako ay nag-aayunong tao.’ Sa Kanya na nakasalalay ang kaluluwa ni Muhammad, ang amoy mula sa bibig ng nag-aayunong tao ay higit na kasiya-siya sa Allah kaysa sa bango ng ‘musk’ (pabango). Ang isang nag-ayuno ay may dalawang kaligayahan: una ay sa oras ng paghinto ng pag-aauyno (at saka uminom) at sa oras na makatagpo at makita ang kanyang Rabb (Panginoon). (Bukhari)

Sa pamamagitan ng pag-aayuno, mapagtanto ng isang tao ang pangangailangan ng kanyang mahihirap na kapatid na walang sapat na makain, kasuotan at kulang sa kalinga; magkagayon siya ay magpursigi sa pagbibigay ng karapatan ng mga ito at mahikayat na magtanong sa kanilang kalagayan at kung ano ang kanilang kailangan.

Ikalimang Haligi ng Islam: Ang Hajj (Paglalakbay sa Makkah)

Ang Hajj ay isang banal na paglalakbay sa Banal na Tahanan ng Allah, ﷻ (ang Ka'bah) upang magsagawa ng mga itinakdang rituwal sa mga partikular na pook at partikular na oras. Ang pagsasagawa ng Hajj ay isang tungkulin ng isang Muslim minsan sa kanyang tanang buhay. Ang haliging ito ng Islam ay isang takdang tungkulin at nararapat gampanan ng lahat ng mga Muslim, lalake man o babae, na nasa tamang pag-iisip at tamang gulang, (mula sa gulang ng pagbibinata o pagdadalaga) at may sapat na kakayahang pangkalusugan at pananalapi. Sa isang Muslim na may sapat na pananalapi nguni't may karamdaman na sadyang humahadlang sa kanyang pagsasagawa ng Hajj, siya ay maaaring magtalaga ng isang tao upang magsagawa ng Hajj para sa kanya. Datapwa't kung ang kanyang nakalaang gugugulin ay sapat lamang sa kanilang mga pang-araw-araw na pangangailangan, hindi sapilitan sa kanya ang pagsasagawa ng Hajj. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"… At ang Hajj sa Tahanan (Kaba’ah) ay isang tungkulin (na dapat gampanan) ng sangkatauhan sa Allah, yaong may kakayahang

gumugol (ng kanilang paglalakbay). At sinuman ang magtakwil (tungkol dito), samakatuwid, ang Allah ay walang pangangailangan ng anuman sa sinuman sa Kanyang mga nilikha ('Alamin) (sangkatauhan, Jinn at lahat ng nilikha). (Qur'an 3:97)

Ang Hajj ay siyang pinakamalaking Islamikong pagtitipon. Ang mga Muslim sa buong mundo ay nagkakatipun-tipon sa isang lugar at oras, tumatawag (dumadalangin at nagsusumamo) sa iisang Rabb (Panginoon), nakasuot ng isang anyo ng kasuotan at nagsasagawa ng isang pamamaraan ng mga rituwal o seremonya, at pareho ang binibigkas;

"Lab'baik Al'laahum'ma lab'baik, lab'baika laa shareeka laka lab'baik. In'nal hamda wun'ni-mata laka wal-mulk laa shareeka lak.

Ang kahulugan ay:

"Narito ako O Allah, narito ako. Ikaw ay walang katambal. Narito ako. Tunay na lahat ng papuri at pagpapala ay para sa Iyo, at ang pamamahala! Ikaw ay walang katambal.

Sa panahon ng Hajj, walang pagkakaiba ang mayayaman at mahihirap, ang itim o puti, ang arabo o hindi arabo----lahat ay pantay sa paningin ng Allah (ﷻ). Ang tanging pagkakaiba lamang ng mga tao ay batay sa antas ng kabutihan o magandang pag-uugali. Pinatutunayan ang pagiging magkakapatid ng bawat isa at pinag-iisa ang kanilang mga damdamin at pag-asa.

Ang Aspetong Politikal ng Islam

Ang Islamikong legislatura ay nagpanukala ng pangunahing prinsipiyo at patakaran sa larangan ng pampulitikang na siyang tumatayong batayan o haligi kung saan naitayo ang Islamikong panlipunan. Ang namumuno ng Pamayanan ng Muslim ay katulad ng isang kinatawan na nagpapatupad sa

mga kagustuhan ng Allah (ﷻ) sa panahon ng pagpapalakad niya sa mga tuntunin at mga prinsipiyo. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

“Sila ba ay nagsisikhay ng paghusga (batay sa panahon ng pagano) kamangmangan? Datapwa't sino ba ang higit na mabuti sa paghuhusga maliban sa Allah sa paghatol sa mga tao na may katiyakan (sa kanilang) pananampalataya” (Qur’an 5:50)

Ang namumuno sa isang Pamayanan ng Muslim ay isang kinatawan ng buong Pamayanan na hinirang para ipatupad ang mga sumusunod;

1. Gawin ang kanyang makakaya para magkaloob ng tapat at marangal na kabuhayan para sa mamamayan, upang ipagtanggol ang Deen, ang kapayapaan, ang buhay ang ang kanilang ari-arian at kayamanan. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi;

“Walang alipin ang Allah na pinamahalaan sa pamumuhay ng mga Muslim, nguni't hindi nakapagbigay ng tapat at magandang buhay (sa kapakanan ng mga mamamayan) hindi niya malalanghap kahit na ang amoy ng Paraiso.” (Bukhari)

Ang namumuno sa Pamayanan ng Muslim ay dapat kagaya ng iniulat ni Khalifa Omar Ibn Al-Khattab (رضي الله عنه), ng sabihin niya sa kanyang mga kasamahan; **“Dalhin ninyo ako sa isang tao na maaasahang maglingkod sa kapakanan ng mga Muslim na mahal sa akin.” Sinabi nila si Abdur-Rahman Ibn ‘Auf. Nasabi niya, “siya ay mahina”. Nagbanggit ng iba nguni't hindi rin niya pinahintulutan. Pagkatapos sila ay nagtanong, sino ang iyong gusto? Ang sabi niya; “Gusto ko ang isang tao, na kung hirangin kong maging Gobernador, siya ay dapat mag-asal ng gaya nila, at kahit na hindi siya ang namumuno ay dapat kumilos siya na parang siya ang namumuno.” Sinabi nila; ‘walang ibang higit na nararapat maliban kay ‘Ar-Rabee’ah ibn ul-Haarith.’ At sinabi ni Omar, sinabi ninyo ang katotohanan.**

2. Ang namumuno ay hindi dapat humirang ng namamahala para sa mga Muslim ng sinuman na hindi marunong humawak ng pananagutan at hindi tapat. Hindi siya dapat magbigay ng pabor sa mga kaibigan o kamag-anak niya ng higit sa mga taong karapat-dapat sa isang katungkulan.

Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi;

"Kung sinuman ang nandaya sa mga itinalaga para sa isang katungkulan ay papasok sa Impiyerno". (Saheeh Al-Jami)

Ang mga nabanggit sa itaas na mga alituntunin at prinsipiyo ay maipapaliwanag sa mga sumusunod;

□ Ang mga ito ay banal na ipinag-uutos ng Allah (ﷻ). Alinsunod sa mga ito, ang lahat ay pantay-pantay; ang namamahala at ang mamamayan, ang mayaman at ang mahirap, ang mga maharlika (nakakataas) at mabababa, ang mga mapuputi at maiitim. Walang sinumang nakakataas ng tungkulin ang maaaring lumabag sa mga ito o magpanukala ng batas na salungat sa mga ito. Ang Allah (ﷻ) y nagsabi;

"Hindi marapat sa isang nananampalataya, lalaki o babae, na kung ang isang bagay ay napagpasiyahan na ng Allah at ng kanyang Sugo, na magkaroon pa sila ng anumang pamimilian tungkol sa kanilang pasiya; at sinuman ang sumuway sa Allah at sa Kanyang Sugo, tunay na siya ay napaligaw sa maliwanag na kamalian." (Qur'an 33:36)

□ Ang lahat ay kinakailangang igalang ang mga patakaran at prinsipiyo at hinihingi ang pagpapatupad mula sa pinuno at sa mga mamamayan. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"Ang tangi lamang pahayag ng mga matatapat na nananampalataya kung sila ay tawagin sa Allah at sa Kanyang Sugo, upang humatol sa pagitan nila, ay ang pagsasabi ng : 'Kami ay dumirinig at kami ay tumatalima.' At sila ang magtatagumpay (na mananahan sa Paraiso magpakailanman)." (Qur'an 24:51)

Sa Islam, walang sinuman ang may tunay na kapangyarihan, kasama na dito ang namumuno dahil ang kanyang kapangyarihan ay may hangganan na pinapatupad ng Islmikon legislatura; kung siya ay sumalungat dito, ang mga mamamayan ay di-dapat tumalima sa kanya datapwa't nararapat lang na sumunod sa katotohanan. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi;

“Tungkulin ng isang Muslim na makinig sa kinauukulan maging ito ay kanyang gusto o hindi maliban kung siya ay inuutusang gumawa ng kasamaan. Samakatuwid kung ang pinasusunod ay gawaing kasamaan, hindi dapat makinig o sumunod.” (Bukhari)

 Ang pagsasanggunian ang siyang pinaka-sentro ng sistemang pampolitikal ng Islam. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

“At sila na dumirinig sa panawagan ng kanilang Rabb at nagsasagawa ng Salah (takdang pagdarasal), at namamatnugot sa kanilang kapakanan sa pamamagitan ng magkapantay na pagsasanggunian; at gumugugol sa anumang ipinagkakaloob Namin sa kanila.” (Qur’an 42:38)

At sinabi rin ng Allah (ﷻ):

“At sa habag ng Allah, (O Muhammad) makipag-ugnayan sa kanila ng mahinahon. Kung ikaw ay naging mabalasik at matigas ang puso, sila ay maaaring lumisan sa iyo, kaya’t pagpaumanhin ang kanilang mga kakulangan at humingi ng kapatawaran sa Allah para sa kanila at sumangguni sa kanila hinggil sa kanilang gawain…” (Qur’an 3:159)

Sa naunang talata (ayat), ang Sanggunian ay binanggit kaalinsabay ng pagdarasal, samakatuwid ito ay tinatanggap bilang pangunahing sangkap ng isang mahusay na pamamalakad ng pamahalaan. Ang mga payo ng mga maaalam at mapananaligang Muslim ay dapat sundin sa lahat ng bagay na umuugnay sa kapakanan ng pamayanan. Sa huling talata ng ayat, ang Allah (ﷻ), ay nagbigay ng papuri sa mga mananampalataya sa malawak na pananaw ng kanilang marubdob na hangaring ipatupad ang prinsipyo ng sanggunian sa lahat ng kanilang pamumuhay.

Sa pangalawang talata (ayat) ang Allah (ﷻ) ay nag-utos sa Kanyang Huling Sugo (ﷺ) nang siya’y namumuno sa pamayanang Muslim, na humingi ng payo o isangguni ang mga bagay na nakaugnay sa kapakinabangan at gawain ng mga mamamayan kung walang kapasiyahan na ipinahayag ng Allah (ﷻ) tungkol dito. Nguni't kung mayroong maliwanag na paksa sa Shari’ah na nakaugnay sa pagpapasiya, ito ay hindi hahantong sa pagsasanggunian. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi ;

“Walang taong lagi ng may Sanggunian, kundi sila yaong napapatnubayan sa pinakamabuting bagay. At binigkas ng Sugo ng Allah (ﷺ) ang : ‘At sino ang mga namamatnugot sa kanilang kapakanan sa pamamagitan ng sanggunian’”. (Adab al-Mufrad)

Ang mga may Autoridad ay isinasaalang-alang na ito (sanggunian) ay tungkulin ng isang mamumuno upang sumangguni sa tao kaugnay ng kanilang ikabubuti. Kung hindi binigyang pansin ang Sanggunian, kinakailangang ipilit ng tao ang kanilang karapatan na magsalita at magbigay ng sariling paliwanag o opinyon. Ito ay batay sa nasabing talata (ayat) sa itaas. Sapagkat sa Islamikong batas isinaalang-alang ang namumuno bilang kinatawan ng bansa na may tungkuling magsagawa ng anumang iniatang sa kanyang balikat. Sa kabilang dako ang mga tao naman ay kinakailangan magkaroon ng pagbabantay sa pagpapatupad ng batas ng isang namumuno. Ipinagkakaloob ng Islam sa bawat isa ang magbigay ng sariling kuro-kuro at pamumuna sa paraang naaangkop at alinsunod sa prinsipiyo na itinalaga ng Deen. Datapwa’t hindi sila dapat magsagawa ng mga bagay na makakapagpagulo. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi;

“Ang pinakamabuting pakikibaka (Jihad) ng dahil sa Allah ay ang pagsasabi ng salitang makatarungan sa harap ng mapang-abusong namumuno.” (Haakim)

Si Abu Bakr (رضي الله عنه), ang unang Kalipa ng Islam, isang araw ay tumayo sa pulpito at nagbigay aral sa tao ng ganito;

“O mamamayan, ako ay napili bilang inyong namumuno bagamat ako ay hindi pinakamabuti mula sa inyo. Kung ako ay makita ninyong nasa matuwid, tulungan ninyo ako. Kung makita ninyo akong nasa kamalian, itama ninyo ako. Sumunod kayo sa akin hangga’t ako ay sumusunod sa Allah sa pagtataguyod ng inyong pamumuhay. Nguni't kung ako ay sumuway sa Kanya (Allah) wala akong karapatang magpasunod sa inyo.”

Si Omar Ibn Khattab (رضي الله عنه), ang ikalawang Kalipa, isang araw ay nakatayo sa minbar at nagbibigay ng ‘Khutba’ sa mga tao;

“O, mamamayan, kung inyong makita na ako ay mayroong katiwalian, itama ninyo ako. Isang bedouin ang tumindig at nagsalita; ‘Sa pamamagitan ng Allah, itatama ka namin sa pamamagitan ng espada”. Sa kabila nito, si Omar (ﷺ) ay hindi nagalit, itinaas niya ang kanyang kamay sa langit at nanalangin; **“Ang Kapurihan ay para sa Allah, na Siyang lumikha ng isang taong mula sa amin upang ituwid ang kamalian ni Omar.”**

Ang namumuno ay maaari ding tawagin ng mga tao upang papanagutin. Minsan, si Omar (ﷺ) ay nagsalita sa mga tao habang nakasuot ng dalawang pirasong damit. Nang siya ay nagsabi;

“O, mamamayan, Makinig at maging masunurin”. Isang tao ang tumayo at nagsabi; ‘Walang makikinig at walang susunod!’ Si Omar ay nagtanong, “Bakit?” Ang tao ay sumagot; ‘Sapagkat ikaw ay may dalawang pirasong damit samantalang kami ay iisa lamang.’ (Si Omar ay namahagi ng tig-iisang damit sa bawat Muslim). Dali-daling tinawag ni Omar ang anak. “O, Abdullah Ibn Omar! Sabihin mo sa kanila”. Si Abdullah ay nagsalita, ‘Ibinigay ko ang aking damit sa kanya.’ Ang taong nag-atubili ay nagsalita; ‘Ngayon, kami ay makikinig at sumunod.’

Kaya, ang Islam ay pinanatili ang karapatan at pinangangalagaan ang kapayapaan ng tao maging ito ay pampubliko o pang-pribado. Inilalayo ang mga pinagmulan ng mga batas mula sa makasariling pagnanasa o kasiyahan ng mga tagapagpatupad ng batas, sapagkat ang kanilang pagpapatupad ay bunga ng pansariling pangangailangan at pagkakataon. Kung ano ang ginawang batas kahapon ay mapawalang bisa ngayon at ang ginawang batas ngayon ay mapawalang bisa bukas. Nguni't ang Islam ay hindi nag-iwan ng mga hindi tapos na batas para sa lahat ng bagay na pangangailangan. Sapagkat, ito ay maaaring mag-iwan ng bukas na pinto para ang mga Muslim na mambabatas para sa kanilang pansariling kapakanan at magamit kahit na sa anong lugar at sa anong oras, na ito’y sa pamamaraan na ang ginawang batas ay hindi taliwas sa prinsipiyo at saligan ng Islam.

Ang Aspetong Pangkabuhayan ng Islam

Ang Kayamanan ay siyang lakas at saligan upang ang buhay ay maging masagana. Ang Islamikong Batas (Shari'ah) ay may layuning magtayo ng isang malayang lipunan mula sa balanseng pamumuhay, hindi labis sa pagka-mayaman o labis na pagka-mahirap na mamamayan, sapagkat ito ay nagsisikhay ng makatarungan at marangal na pamumuhay sa lipunan. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"Ang yaman at mga anak ay palamuti ng buhay sa mundo…" (Qur'an 18:46)

At dahil isinasaalang-alang ng Islam ang salapi bilang isang pangunahing pangangailangan ng tao o pangkat ng tao, itinakda ang isang bahagdang (2.5%) na tinatawag na Zakah (Kawanggawa para sa mga dukha) na kinukuha mula sa mayayaman at ipinamimigay sa mga mahihirap at nangangailangan. Ito ay isa sa karapatan ng mga mahihirap na hindi dapat ipagkait sa kanila.

Ito ay hindi nangangahulugan na inaalis ng Islam ang karapatan ng isang tao na magkaroon ng sariling ari-arian at kalakal. Sa katotohanan, pinahihintulutan at iginagalang ng Islam ang mga karapatang ito sa pamamagitan ng pagbibigay laya kung ano ang nararapat sa kanila. Ang Qur'an ay nagbabawal sa anumang pang-aapi o pang-aabuso sa mga ari-arian ng iba;

"At huwag kamkamin ang ari-arian ng iba nang walang katarungan…" (Qur'an 2:188)

Samakatuwid ang Islam ay nagtakda ng mga Batas at panuntunan na ang pagpapatupad rito ay nagbubunga ng pagkakaroon ng marangal na buhay ng bawat kasapi ng Islamikong lipunan. Ang mga panuntunan ay binubuo ng;

1) Ang Pagpapatubo (Riba) ay ipinagbabawal sapagkat ito ay isang uri ng pagsasamantala sa kakayahan ng mga tao o pagkuha sa ari-arian ng tao sa di makatarungang paraan. Ang paglaganap ng pagpapatubo ay nagbibigay daan upang ang diwa ng kabaitan mula sa mga tao ay maglaho at ang paglago ng yaman sa kamay ng ilang tao. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"O kayong nananampalataya! Matakot sa Allah at talikdan kung ano ang nalalabi (pang utang) mula sa pagpapatubo, kung kayo ay tunay na sumasampalataya. At kung ito ay hindi ninyo gawin, inyong matatamo ang babala ng digmaan (galit) mula sa Allah at ng Kanyang Sugo. Nguni't kung kayo ay magsisi, inyong makukuha ang inyong puhunan (ng walang tubo). Huwag gumawa ng hindi makatarungan (ang pagbawi ng higit pa sa puhunan), upang kayo ay hindi gagawan ng hindi makatarungan (ang tumanggap ng kulang sa ipinautang)." (Qur'an 2:278-279)

2) Ang Deen ng Islam ay nanghihimok na magpautang. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi :

"Sinuman ang nagpautang sa isang Muslim ng dalawang ulit, siya ay makatatanggap ng gantimpala na ang katumbas ay ang gantimpala ng isang nagbigay ng isang ulit ng kawanggawa." (Abu Ya'laa)

Ang Batas ng Islam ay nag-utos na ang palugit ay maaaring ipagkaloob sa may pagkaka-utang kung ito ay walang sapat na kakayahan na magbayad. Ang isang tao ay hindi dapat malupit kung may hangaring magbayad sa kanyang pagkakautang. At ang isang taong may kakayahang magbayad nguni't ayay magbayad, kailangan gumawa ng ibang pamamaraan upang mapilitang magbayad. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"At kung ang may-utang ay nasa panahong tag-hirap, magkagayon, bigyan ng panahon hanggang ang pagbabayad ay magaan para sa kanya…" (Qur'an 2:280)

Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi;

"Sinuman ang nagpautang ng salapi sa isang tao sa oras ng kanyang paghihirap, siya ay makatatanggap ng gantimpala ng kawanggawa sa bawat araw mula nang siya ay nagpautang. At sinuman ang magbigay ng palugit sa isang may-utang na walang maibayad, siya ay makatatanggap ng gantimpala katulad ng gantimpala sa pagkawanggawa araw-araw mula sa araw ng pagbibigay ng palugit." (Ibn Maajah)

3) Hinihimok ng Islam na bawasan ang pagkakautang kung nahihirapan sa pagbabayad (ang may utang), at mas higit na mabuti kung ang lahat ng utang ay ibibigay na lang bilang kawanggawa. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"At kung ang nagkautang ay nasa kagipitan (walang maibayad) inyong gawaran siya ng palugit hanggang maging madali sa kanya ang pagbabayad. Datapwa't kung inyong ipatawad sa paraang kawanggawa, higit itong mabuti para sa inyo, kung inyo lamang nalalaman." (Qur'an 2:280)

Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi :

Kung sinuman ang may nais na tulungan siya ng Allah sa kahirapan sa Araw ng Pagbabayad, dapat niyang bigyan ng palugit ang may pagkakautang sa kanya o kaya'y gawin siyang malaya sa kanyang utang. (Baihaqi)

4) Ang pagtatago at pagmonopolisa ng mga paninda o mga mahahalagang kagamitan ay ipinagbabawal sapagkat ang nangangalakal ay kukunin lahat ang mga produkto na kailangan ng mga tao at kanya itong itatago hanggat ang paninda ay magiging kakaunti, at doon niya ipagbibili sa halagang gusto niya. Ito ay nagbibigay ng higit na paghihirap sa mga tao at sa pamayanan, maging sa mahirap at sa mga mayayaman. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi;

"Walang nagtatago (ng paninda) maliban sa mga makasalanan." (Muslim)

Ayon kay Abu Yusuf (رضي الله عنه), estudyante ni Imam Abu Hanifah (رضي الله عنه);

"Ang pagtatago ng anumang pagkain ay napatunayang nakapipinsala sa publiko, ito ay itinuturing na Monopoliya kahit ito ay ginto o pilak. Sinuman ang nagtatago (ng pagkain) ay tunay na inaabuso ang karapatan niya sa pagkakaroon ng sariling ari-arian. Ang pagpipigil sa Monopoliya ay may layon na pangalagaan ang mga tao laban sa kapinsalaan, sapagkat ang tao ay mayroong kanya-kanyang pangangailangan, at ang Monopoliya ay nagbibigay pasakit sa tao."

Ang isang namumuno ay maaaring puwersahin ang isang nagtatago ng mga paninda upang ipagbili ito sa kaukulang halaga na hindi nakakasira sa isang namimili o nagtitinda. Kung ang taong nag-momonopoliya ay tumangging ipagbili nito, ang namumuno ay maaaring magpasiya sa bagay na ito na ipagbili sa halagang ukol dito, na ang layon ay upang hadlangan ang mga nagsasamantala sa mga tao sa pagmo-monopoliya sa mga paninda.

5) Ipinagbabawal ang suhol na kinuha sa mga mangangalakal upang payagan silang magtinda ng kanilang paninda o kaya ay umangkat ng mga paninda mula sa ibang bansa. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi;

"Ang isang nagpapataw ng suhol (Rizwa) sa mga mangangalakal, upang pahintulutan na magtinda ng kanilang paninda, ay hindi tatanggapin sa Paraiso." (Abu Dawood)

Ang "Rizwa" ay ang ipinagbabawal na salaping kinokolekta na ibinibigay rin sa mga walang karapatang tao. Lahat ng taong may kinalaman sa

pangongolekta ng Rizwa, kasama na rito ang taga-singil, ang empleyado, saksi at taga-pagtanggap ay pumapailalim sa kasabihan ng Sugo ng Allah (ﷺ);

"Walang katawan na lumaki mula sa ipinagbabawal na bagay ang maaaring papasok sa Paraiso. Ang Impiyerno ang higit na naaangkop sa kanila." (Ibn Hibbaan)

6) Ipinagbabawal ng Islam ang pagtatago o pag-iimbak ng kayamanan na hindi gugulin para sa kapakanan ng Allah ; ito rin ay para sa kapakinabangan ng bawat tao at ng pamayanan. Ang kayamanan ay nararapat na maipamahagi sa pamayanan upang mapasigla ang ekonomiya, at upang ang kabuhayan ng tao ay umunlad at para sa kabutihan at kapakinabangan ng lahat ng kasapi ng lipunan. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

"…Sinuman ang nag-imbak (nagtago) ng ginto at pilak (mga salaping nauukol na Zakat sa mga ito ay hindi pa nababayaran), at hindi ginugugol sa landas ng Allah, bigyan sila ng balita ng napakasakit na kaparusahan ." (Qur'an 9:34)

At dahil iginagalang ng Islam ang kalayaan ng bawat tao na magkaroon ng sariling ari-arian, itinakda rin ang mga tungkulin at karapatang nakaugnay dito. Ang mga tungkulin nito ay kina-bibilangan ng; ang paggugol ng may-ari para sa kanyang sariling pangangailangan, ang paggugol para sa kanyang pamilya at kamag-anakan na nasa kanyang kapamahalaan. Mayroong ibang mga karapatan hinggil sa bawat tao ng lipunan, katulad ng pagbabayad ng Zakat at Sadaqa. Ang tungkulin niya sa lipunan sa pangkalahatang kaunlaran – halimbawa ang pagpapatayo ng paaralan, pagamutan, bahay ng mga ulila, mga masjid at iba pang bagay na kapakanan ng lipunan. Ito ay siyang makapagpipigil sa pag-imbak ng salapi sa kamay ng ilang pangkat ng mamamayan.

7) Ipinagbabawal ang pagtimbang o pagsukat ng kulang, dahil ito ay isang uri ng pagnanakaw, panlilinlang at pandaraya. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

“Sumpa sa mga nagbibigay ng kulang sa sukat at timbang (al-mutaffifun). Yaong kapag sila ang tumanggap sa pamamagitan ng pagsukat, ay humihingi ng ganap na sukat. Nguni't kung sila ay magbigay sa pamamagitan ng pagsukat o timbang, sila ay nagbibigay ng may kakulangan.” (Qur’an 83:1-3)

8) Ipinagbabawal ang pag-aantala o pagpigil sa mga pampublikong gamit, katulad ng tubig, kuryente at iba pa, na hindi pag-aari ng sinuman, at pinipigil ang mga tao sa pagkuha ng pakinabang sa mga ito. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi;

“Mayroong tatlong tao na hindi kakausapin o titingnan ng Allah sa Araw ng Paghuhukom…ang isang taong nagtitinda at nagsisinungaling na sinasabing binili ang kanyang paninda sa mataas na halaga kaysa sa halaga ng bumili sa kanya; ang isang taong nagsusumpa ng walang katotohanan pagkatapos ng (banal na oras) ‘Asr (hapon na pagdarasal) upang makamkam ang pera ng isang Muslim, at ang isang tao na tumatangging magbigay ng tubig (sa masidhing nangangailangan). Sa araw na yaon, Ang Allah ay magsasalita sa kanila; “ngayon ay Aking aantalahin ang Aking pagpapala katulad ng pag-antala mo sa pagbigay ng mga bagay na labis sa iyo para sa mga nangangailangan, samantalang hindi ikaw ang lumikha ng mga ito.” (Bukhari)

Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi;

“Ang lahat ng Muslim ay may pantay na bahagi sa tatlong bagay; pampublikong gamit, tubig at apoy.” (Ahmed)

9) Ang Deen ng Islam ay nagdala ng makatuwirang alituntinun o Batas sa Pamana; na dito ay ipinagkakaloob ang Pamana para sa mga dapat na maunang tagapagmana, kahimat sila ay mga bata, matanda, lalaki o babae. Sinuman ay walang karapatang magbigay ng anumang bahagi sa kaninumang kanyang nais. Ang isa sa mabuting bunga ng paghati-hati ng pamana ay ang pagbibigay ng bahagi sa yaman o ari-arian kahit gaano man ito kalaki o kaliit at iniiwasan na maimbak ang kabuuang halaga sa ilang pangkat ng tagapagmana. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi;

“Tunay na binigyan ng Allah ang bawat tao ng kanyang karapatan. Kaya huwag pahintulutan ang sinuman na mamahagi ng kahit na ano sa iba na nabigyan na siya ng kaukulang bahagi ng pagmamana.” (Abu Dawud)

10) Ginawang batas ng Islam ang pagkakaloob pagkakakitaan, na may dalawang uri;

a) Pribadong Pagkakakitaan na angkop lamang sa pamilya at anak ng nagkaloob, upang sila ay maingatan mula sa kahirapan at pagpapalimos. Ang patakaran ng kanyang pagpapatibay ay dapat ang pagkakakitaan ay magsisilbing kawanggawa pagkaraang mawala lahat ang kamag-anak ng nagkaloob.

b) Pampublikong Pagkakakitaan na Pangkawanggawa na ginagamit upang mapanatili ang layunin ng kawanggawa; katulad ng gusali, ospital o pagamutan, paaralan, mga daan, pampublikong Aklatan, mga Moske, mga bahay ng mga ulila, at bahay pang-matanda at lahat ng bagay tumatangkilik sa kapakanan ng publiko.

11) Ang Deen ng Islam ay gumawa ng batas kung paano ipamahagi ng isang tao ang ibang parte ng kanyang kayamanan. Samakatuwid ang bawat Muslim ay may karapatan na ipamahagi ang ibang parte ng kanyang kayamanan, na siyang gagamitin pagkamatay niya sa mabuting layunin. Subali't ang Deen (Relihiyon ng Islam) ay nagbigay ng hangganan kung magkano ang pinakamalaking halaga na maaaring ipamahagi, ito ay ang ikatlong bahagi ng kabuuan ng kanyang kayamanan. Si Aamir bin Sa’d (رضي الله عنه) ay nagsabi;

“Ang Propeta ay dumadalaw sa akin nang ako ay nasa Makkah at maysakit. Sinabi ko sa kanya, ‘Mayroong akong kaunting kayamanan, maaari ko bang ipamahaging lahat (bilang kawanggawa)? Siya ay sumagot, ‘Hindi’. At sinabi ko, ‘Kung gayon, ang kalahati nito?’ Siya ay sumagot, ‘Hindi’. Kaya sinabi ko, ‘Ang ikatlong bahagi?’ Siya ay sumagot, ‘Ang ikatlong bahagi ay labis din.’ Kung iiwanan mo ang iyong mga tagapagmana na masagana, ito ay higit na mabuti kaysa iiwanan mo silang namamalimos. Kahit na ano man ang iyong gugulin, ito ay itatala bilang kawanggawa para sa iyo, kahit na ang isang subo ng pagkain na iyong isusubo sa iyong

asawa. Maaaring itataas ng Allah ang iyong kalagayan at ang ibang tao ay makinabang sa iyo, at maaari din namang makapinsala sa ibang tao.” (Bukhari)

12) Ipinagbabawal ng Islam ang lahat ng mga bagay na nasasakop sa salita ng Allah (ﷻ);

“ O kayong mananampalataya! Huwag lamunin ng ilan sa inyo ang ari-arian ng iba ng walang katarungan…” (Qur’an 4:29)

Ang mga sumusunod ay napapabilang dito;

1) Ang kamkamin ang anuman na walang karapatan, dahil ito ay may layuning nakakasama sa iba at nagpapalaganap ng katiwalian sa pamayanan. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi;

“Sinuman ang kumamkam ng karapatan ng isang Muslim sa pamamagitan ng maling panunumpa, gagawin ng Allah na sapilitan ang Impiyerno sa kanya at ipagbabawal sa kanya ang Paraiso. Ang isang tao ay nagtanong; ‘Kahit na ba ang bagay na iyon ay walang halaga O Propeta ng Allah?’ Sumagot siya; ‘Kahit na ito ay gaya lamang ng isang tangkay ng halamang ‘Arak’.” (Muslim)

2) Tungkol sa pagnanakaw, ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi;

‘Ang gumagawa ng pangangalunya ay hindi mananampalataya hanggang siya ay gumagawa nito, walang magnanakaw na mananampalataya hanggang siya ay nagnanakaw, at walang umiinom na tinatawag na mananampalataya hanggang siya ay umiinom.” (Muslim)

Ang pagnanakaw ay ang pagkamkam ng mga ari-arian o kayamanan ng isang tao na walang karapatan. Ang Allah (ﷻ) nagsabi:

“At (para sa) lalaking magnanakaw at babaing magnanakaw, putulin (mula sa pulso) ang kanilang (kanang) kamay bilang kabayaran sa kasalanang ginawa, isang parusa bilang babala mula sa Allah. Ang Allah ang Ganap na Makapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.” (Qur’an 5:38)

Upang ang kamay ng isang tao ay putulin bilang kastigong parusa, ang mga sumusunod ay kailangang matugunan;

a) Ang ninakaw na bagay (ari-arian o kayamanan) ay dapat nasa pangangalaga at pag-iingat ng may-ari.
b) Ang layunin ng pagnanakaw ay hindi dapat sa pangangailangan ng pagkain, inumin o damit. Kung ang mga ito ang layunin, ang kamay ay hindi dapat putulin. Ito ay batay sa Paghuhusga ni 'Umar (ﷺ) sa taon ng 'Ramaadah'.
c) Ang halaga ng ninakaw ay dapat umabot sa minimong halaga na itinalaga para ipatupad ang ganitong parusa.

Ang mga ibang dalubhasa o iskolar ay nagsabi na ang pagsisisi (paghingi ng patawad) ay hindi tinatanggap hanggat hindi isinosoli ang mga bagay na ninakaw. Kung wala siyang ari-arian (nagnakaw), ang nagmamay-ari ng ari-arian (ninakawan) ay pakikiusapan na patawarin siya. Karagdagan dito, kung pinatawad ng nagmamay-ari (ng ninakaw) bago dumating ang kaso sa korte, samakatuwid, ang pagpuputol ay maantala at hindi na matutuloy.

3) Tungkol sa panlilinlang at pandaraya, ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi;

'Kung sinuman ang nang-aaway sa atin ay hindi siya kabilang sa atin, at kung sinuman ang nandaya sa atin ay hindi siya kabilang sa atin." (Muslim)

4) Tungkol sa pagsusuhol, ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

"At huwag ninyong kamkamin ang mga pag-aari (o ari-arian) ng iba ng wlang katarungan, gayundin naman ay huwag kayong magbigay ng suhol sa sinumang namamahala (o hukom) upang inyong makamkam sa kamalian ang ilang bahagi ng pag-aari ng iba…" (Qur'an 2:188)

Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi;

“Isumpa sana ng Allah ang isang nagbibigay suhol at ang isang tumatanggap sa bagay na may kaugnayan sa pagpapasiya ng hukom.” (Tirmidhi)

Isinusumpa ng Allah (ﷻ) ang isang nagbibigay ng suhol, dahil dito ang kasamaan sa pamayanan ay dumarami; kung hindi siya nagsuhol walang mangyayaring anumang pagsusuhol. At isinusumpa ng Allah (ﷻ) ang isang tumatanggap ng suhol, dahil siya ay tumanggap ng bagay na wala siyang karapatan, at siya ay nagkanulo sa pagtitiwala na ibinigay sa kanya; unang-una pati siya ay sumasahod sa trabaho na ibinigay sa kanya.

5) Ipinagbabawal sa isang tao na magtinda ng isang bagay sa isang namimili pagkaraang ang isang kapatid ay nakipagkasundo na dito, maliban kung ito ay kanyang pauunlakan. Dahil ito ay nagdudulot ng pagkainggit at pagkapoot sa gitna ng mga tao sa pamayanan. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi;

“Huwag pahintulutan ang isang tao na magtinda ng isang bagay kung ang kanyang kapatid (nagtitinda) ay mayroong nang kausap dito (upang bumili), at ipinagbabawal ang ipagkasundo ang babae sa pagpapakasal kung ang isang kapatid ay nakipagkasundo na rito, maliban kung siya ay bigyan ng permiso.” (Muslim)

Ang Panlipunang Aspeto ng Islam

Ang Islam ay nagpanukala ng Islamikong batas na nagbigay ng mga karapatan at tungkulin sa mga kasapi ng lipunan upang makatiyak ng pagkakaroon ng matatag na lipunan. Ang mga ibang karapatan at tungkuling ito ay maaaring pangkalahatan o natatangi. Ang mga natatanging tungkulin ay binubuo ng mga sumusunod:

Tungkulin ng Mamamayan sa Tagapamahala (Namumuno):

1) Dapat sumunod ang mga Muslim sa Namumuno hanggat hindi sila inuutusan na gumawa ng mga bagay na ipinagbabawal ng Islam. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi ;

"O kayong mananampalataya! Maging masunurin sa Allah at maging masunurin sa Sugo (Muhammad) at yaong nasa katungkulan (kapangyarihan)…" (Qur'an 4:59)

Ang mga tungkulin ay; Ang maging masunurin sa namumuno maliban kung ang ipinag-uutos ay salungat sa batas ng Islam katulad ng sinabi ng Propeta (ﷺ):

2) Nararapat magbigay ng matapat na payo o suhestiyon sa paraaang kagalang-galang at mahinahon tungkol sa mga bagay na makakatulong sa kanya at kapaki-pakinabang sa mga mamamayang kinasasakupan niya. Ang Allah (ﷻ) ay nag-utos kay Moises at sa kapatid nitong si Aaron nang isugo sila kay Paraon na kung maghahatid sila ng mensahe tungkol sa relihiyon: Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

“At mangusap sa kanya nang malumanay, sa gayon ay maaari niyang tanggapin ang babala o magkaroon ng takot sa Allah.” (Qur’an 20:44)

Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi ;

“Ang Deen ay katapatan,’ Sinabi namin sa kanya, ‘Kanino ?’ Sinabi niya, ‘Sa Allah, sa Kanyang Aklat, sa Kanyang Sugo, at sa mga lider ng mga Muslim at sa kanilang kapwa.” (Muslim)

3) Ang makipagtulungan at mag-alalay sa namumuno sa panahon ng kahirapan o karukhaan at huwag maghimagsik laban sa kanya o iwanan siya, kahit na ang isa mula sa grupo ay hindi nagbigay ng kasunduan sa kanya. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi:

“Kung may isang taong dumating habang kayo ay nagkakaisa sa ilalim ng pamumuno ng isang lider at siya ay nais gumawa ng kaguluhan o sirain ang inyong pagkakaisa, ito ay inyong patayin.” (Muslim)

Ang Tungkulin ng Namumuno sa Kanyang Kinasasakupang Mamamayan:

Ang karapatan ng mga mamamayan o ang tungkulin ng namumuno sa kanyang mamamayan ay maaaring ilahad sa limang bagay:

1. Ganap na Katarungan. Ito ay makakamtan sa pamamagitan ng pagbibigay sa lahat ng mamamayan na kaukulang karapatan. Ang namumuno ay kailangang pantay sa pangangalaga ng karapatan ng kanyang mamamayan. Ang pagsasagawa ng kanyang mga tungkulin at paghahati o pagbabahagi ng gawain at pagpapatupad ng mga alituntunin at pagpapasiya---ang lahat ng mga ito ay kailangang pantay sa kanyang paningin. At hindi niya binigyan ng higit na pangangalaga ang ilang pangkat ng mamamayan kaysa sa iba. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi:

"Katotohanan ang pinakamahal ng Allah at pinakamalapit na nakaupo sa Kanya sa Araw ng Pagbabayad ay yaong makatarungang pinuno. At tunay na ang pinakamasama at pinaka-kinamumuhian Niya sa Araw ng Pagbabayad at siya ang makakalasap ng pinakamasakit na parusa ay ang hindi makatarungang pinuno." (Tirmidhi)

3. Dapat siyang sumangguni sa kanila tungkol sa lahat ng kanilang gawaing kaugnay ng politikal, panlipunan at pangkabuhayan[61]. Pahintulutan sila na magbigay ng magagandang kuro-kuro ng may kalayaan at tanggapin ang kanilang mga payo kung ito ay makapagbibigay ng kabutihan sa lahat. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi;

---

[61] Ang Sanggunihan ay kaugnay lamang sa pang-kapakanan na hindi nakatala sa Qur'an at Sunnah.

“At sa habag ng Allah, (o Muhammad) makipag-ugnayan sa kanila ng mahinahon. Kung ikaw ay naging mabalasik at matigas ang puso, sila ay maaaring lumisan sa iyo, kaya’t pagpaumanhin ang kanilang mga kakulangan at humingi ng kapatawaran sa Allah para sa kanila at sumangguni sa kanila hinggil sa kanilang gawain…” (Qur’an 3:159)

Nang panahon ng digmaan ng Badr, ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay huminto sa isang malapit na bukal ng Badr, isa sa kanyang kasamahan (si Hubab Ibn Al Mundhir, ﵁) ay nagtanong sa kanya: **“Binigyan ka ba ng Allah (ﷻ) ng inspirasyon na piliin ang lugar na ito o ito ay isa lamang istratediya ng digmaan?” Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay sumagot; “Ito ay isang istratediya ng digmaan.” Si Hubab ay sumagot”, ‘Ang lugar na ito ay hindi mainam, humayo tayo roon at gumawa tayo ng kampo sa pinakamalapit na bukal ng kaaway.”** Inayunan ng Sugo ng Allah (ﷺ) ito at kanila itong isinagawa.

4) Ang Islamikong Batas (**Shari’ah**’) ay dapat maging batayan ng pagpapasiya at ang saligan, upang maiwasan ang anumang pangsariling hangarin. Si Omar Ibn Khattab (﵁) pagkaraang tanggapin ang pamumuno bilang Kalifa ay nagsabi kay Abu Maryam Al-Saluli na pinatay ang kapatid (ni Omar) na si Zaid Ibn Khattab, (﵁) bago yumakap sa Islam. **“Isinusumpa ko sa Allah, hindi kita gusto hanggang ang lupa ay maging katulad ng dugo.” Si Saluli ay nagtanong: ”Ipagkakait mo ba sa akin ang aking mga karapatan ng dahil dito?” Si Omar ay sumagot, ”Hindi” Si Saluli ay nagsabi; “Walang anuman sa akin, babae lamang ang nalulungkot kung sila ay hindi gusto.”**

5) Hindi niya dapat itago ang kanyang sarili o isara ang kanyang pintuan at hindi niya dapat matahin ang sinumang tao at hindi siya dapat maglagay ng isang tagapamagitan niya at ng mga tao. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

“Sinuman ang pinili bilang pinuno o ‘khalifa’ at pagkaraan ay lumiban sa kanyang tungkulin, pinabayaan ang pangangailangan at kahirapan ng mga tao, pababayaan ng Allah ang kanyang pangangailangan at paghihirap sa Araw ng Paghuhukom.” (Tirmidhi)

6) Dapat siyang maging maawain sa kanyang mga kinasasakupang mamamayan at hindi niya dapat bigyan ng mga gawain ang sinumang hindi nito makakayanan at huwag higpitan sa kanilang pamumuhay. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi:

"O Allah, kung sinuman ang nabigyan ng katungkulan upang mamuno sa aking pamayanan at ginawang mahirap ang mga bagay sa mga tao, magkagayon gawin mo ring mahirap ang mga bagay para sa kanya, at kung sinuman ang nabigyan ng katungkulan upang mamuno sa aking pamayanan at ginawang magaan ang mga bagay para sa mga tao, magkagayon maging mabait Ka sa kanya." (Muslim)

Si Umar Ibn-ul-Khattab (رضي الله عنه) ay nagpahiwatig sa kahalagahan ng aspetong ito sa pamamagitan ng pagsabi niya: **"Isinusumpa ko sa Allah, kung ang isang asno ay naglakbay at nahulog sa Iraq, ako ay nangangamba na tanungin ng Allah kung bakit hindi ko pinatag ang daan para dito."**

Ang namumunong Muslim ay kailangang katulad ng pagkakalarawan mula sa liham na ipinadala ni Imam Al Hassan Al Basri (رضي الله عنه) kay Omar Ibn Abdul Aziz (رضي الله عنه) na nagsasabing:

"O, Pinuno ng mga Muslim, alalahanin na pinahintulutan ng Allah (عز وجل) na ang isang pinuno ay maging tagapagtanggol laban sa mandaraya, ang tagapagpigil laban sa nang-aapi, ang tagapagtuwid laban sa katiwalian, ang nagbibigay lakas para sa mga mahihina at katarungan sa mga naaapi, at tagapag-alaga para sa mga nangangailangan."

"O, Pinuno ng mga Muslim, ang makatarungang pinuno ay katulad ng pastol na mabait sa kanyang mga kawan at naghahanap siya ng pinakamagandang lugar ng pastulan at tinataboy silang palayo mula sa mapanganib na pook at sa mga mababangis na hayop at kinakalinga sila mula sa anumang panganib."

"O, Pinuno ng mga Muslim, ang makatarungang pinuno ay katulad ng maalalahaning ama na nagpapakahirap para sa kapakanan ng kanyang mga anak, pinag-aaral at tinuturuan habang sila ay

lumalaki. Siya ay naghahanap-buhay para sa kanilang pagkain habang siya ay nabubuhay at mag-iiwan ng kayamanan (ari-arian) pagkamatay."

"O, Pinuno ng mga Muslim, ang makatarungang pinuno ay katulad ng ina na mapagmahal sa kanyang anak. Tinataguyod niya ito sa kahirapan at iniluwal ito sa hirap. Tinatangkilik niya ito habang bata pa, gising sa gabi kung hindi makatulog ang anak at siya ay matutulog lamang kung tulog ito. Pinapakain sa ilang panahon at aawatin (sa pagsuso) sa ibang panahon. Siya ay maligaya kung malusog ang anak at siya ay nababahala kung siya ay maysakit."

"O, Pinuno ng mga Muslim, ang makatarungang pinuno ay tagapagbantay ng mga ulila at tagapangalaga ng mga nangangailangan, siya ay nangangalaga sa mga kabataan at tagapanustos ng mga matatanda."

"O, Pinuno ng mga Muslim, ang makatarungang pinuno ay katulad ng puso na malapit sa tadyang, kapag ang puso ay malusog ang mga tadyang ay malulusog nguni't kung puso ay may sakit ang mga tadyang ay lumalaking hindi malusog."

"O, Pinuno ng mga Muslim, ang makatarungang pinuno ay tumatayo sa pagitan ng Allah (ﷻ) at ng Kanyang alipin. Naririnig niya ang salita ng Allah (ﷻ) at ito ay ipinalalaganap niya sa mga tao. Umaasa sa Allah (ﷻ) mula sa kanyang puso at ginagawa silang umasa sa Allah (ﷻ), sumusuko ng kanilang kalooban sa kanilang Panginoon at pinapatnubayan sila tungo sa Allah (ﷻ).

"O, Pinuno ng mga Muslim, huwag kang tumulad sa isang aliping pinagkalooban ng Allah (ﷻ) ng tiwala ng kanyang kayamanan at pamilya nguni't nilustay ang kayamanan at ginawang nagdarahop at kaawa-awa ang kanyang mga anak."

"Alam mo, O Pinuno ng mga Muslim, ang Allah (ﷻ) ay nagtakda ng mga parusa upang maging babala laban sa makasalanan at kasamaan. Paano kung ang isang pinuno ay nakagawa ng kasalanan na nararapat ang kaparusahan? Ang kaparusahan ay

pinangangalagaan ang buhay ng mga tao, paano kung ang namumuno ay nakapatay?

"O, Pinuno ng mga Muslim, alalahanin ang kamatayan at kung ano ang kahihinatnan sa kabilang buhay, at ang ilan sa mga nagtatanggol (sa iyo sa harap ng kamatayan), kaya maglikom ka ng anumang panustos mo at humanda ka sa sindak na susunod dito."

"O, Pinuno ng mga Muslim, dapat mong malaman, na bukod sa iyong kasalukuyang tinutulugan, mayroon pang isang tulugan (libingan) na ikaw ay matutulog sa mahabang panahon at ang iyong mga kaibigan ay malalayo sa iyo at ikaw ay iiwanan sa malalim na kalagayang iyon. Samakatuwid, likumin ang lahat ng iyong mga panustos na siyang makakasama at magiging patnubay mo." "Sa araw na ito, ang tao ay tatakas sa kanyang sariling kapatid, at sa kanyang ina at sa kanyang ama, at sa kanyang asawa at sa kanyang mga anak." (Qur'an 34-36)

"O Pinuno ng mga Muslim, alalahanin mo ang salita ng Allah (ﷻ); "Hindi Niya batid na kapag ang mga taong nakalibing ay muling bubuhayin, at ang lihim ng dibdib (ng mga tao) ay mabubunyag."
(Qur'an 100: 9-10)

Sa araw na iyon ang mga lihim ay mabubunyag at pati na ang mga gawain mong nakatala; "…Anong uri ng Aklat ito na hindi nakaligtaan ang anuman, maging ang mga maliliit at malalaking bagay, datapwa't nagtala ito ng maraming bilang…" (Qur'an 18:49)

"O Pinuno ng mga Muslim, ngayon ay mayroon ka pang panahon bago maglaho ang pag-asa (bago sumapit ang kamatayan), at ang lahat ng pag-asa ay maglaho o mawala (upang gumawa ng mga kabutihan)."

"O, Pinuno ng mga Muslim, ikaw ay maghusga sa pagitan ng iyong mga mamamayan batay sa batas ng Islam, at huwag silang patnubayan tungo sa paggawa ng kasamaan. Huwag bigyan ng katungkulan ang taong mapagmataas, sapagkat hindi sila magbibigay sa isang mananampalataya ng kasunduan upang hindi mo pasanin ang bigat ng kasalanan ng iba. Huwag kang padaya sa mga ibang nagtatamasa ng mga bagay na maghahatid sa iyong kasiphayuhan, at

tinatamasa ang mga mabubuting bagay nguni't pinagkakait ang lahat ng kabutihan sa kabilang buhay. Huwag mong isipin ang kapangyarihan mo sa ngayon, nguni't alalahanin ang kinabukasan kapag ikaw ay bilanggo na ng kamatayan, nakatayo ka sa Araw ng Paghuhukom sa harap ng Allah (ﷻ); sa kinaroroonan ng mga anghel, mga Propeta at mga sugo na ang;… "At ang lahat ng mga mukha ay mangangayupapa sa harapan (ng Allah), ang Namamalaging Buhay, ang Tagapanustos at Tagapangalaga ng lahat…" (Qur'an 20:111)

"O, Pinuno ng mga Muslim, hindi ko pa naaabot ang antas ng isang matalinong tagapagpayo. Nguni't ginawa kong lahat ang pinakamabuti para sa iyo. Kaya tanggapin mo ang aking mensahe bilang gamot na ipinagkakaloob ng isang mapagmahal na tao sa kanyang mahal na kaibigan… bagamat mayroong pait na lasa, sa pag-asang ito ay makapagpapagaling."

Sumaiyo nawa ang Awa at Pagpapala ng Allah (ﷻ).

Ang Karapatan ng mga Magulang

Ang mga anak ay nararapat na sumunod sa kanilang mga magulang at ang pagtalima sa kanilang kautusan ay dapat gampanan maliban lamang kung ang kanilang kautusan ay nagpapahiwatig na pagsuway sa batas ng Allah (ﷻ). Ang mga anak ay nararapat na maging mabait at mapagmahal at matulungin sa kanyang mga magulang at ipagkaloob sa kanila ang mga pangangailangan kabilang na ang pagkain, damit at pamamahay. Ang mga anak ay dapat makipag-usap sa kanila ng may lakip na pagmamahal at paggalang at pagpapakumbaba. Sila ay dapat paglingkuran na may lakip ng pagtitiis at pagtitiyaga. Huwag silang pagsalitahin ng hindi maganda, at igalang ang kanilang mga damdamin at huwag gumawa ng anumang kanilang ikakagalit. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

"At ang iyong Rabb (Panginoon) ay nag-utos na wala kang dapat sambahin maliban sa Kanya (Allah) At maging masunurin sa iyong mga magulang. Kung ang isa sa kanila o kapwa sila nasa katandaan, huwag silang pagsalitaan ng kawalan galang at huwag silang sigawan subalit' ikaw ay mangusap sa kanila sa paraang magalang (may pitagan)." (Qur'an 17:23)

Itinuturing ng Islam na malaking kasalanan ang hindi pagsunod sa mga magulang. Si Abdullah ibn 'Amr (رضي الله عنه) ay nag-ulat na mayroong isang Bedouin na nagtungo sa Propeta (ﷺ) at nagsabi;

"O Sugo ng Allah (ﷺ), 'Ano ang mga pinakamabigat na kasalanan?' Siya ay sumagot: 'Ang pagbibigay ng katambal sa pagsamba sa Allah'; siya ay nagtanong ulit; 'Ano ang susunod?' 'Ang pagsuway sa magulang'. At nagtanong ulit; 'Pagkatapos ano ang susunod? 'Ang paglulubog na panunumpa ay ang pagsabi ng walang katotohanan[62]'; At siya ay nagtanong ulit. 'Ano ang panunumpang ito? Siya ay sumagot; 'Ang pagsisinungaling na panunumpa upang makamkam ang pera ng ibang Muslim." (Bukhari)

Ang paglalarawan sa katayuan ng mga magulang sa Islam, ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

[62] Ang taong nagpalubog sa isang nanunumpa sa pagkakasala at (papuntang) Impiyerno.

“Ang kasiyahan ng Allah ay batay sa kasiyahan ng mga magulang (sa kanyang anak) at ang Kanyang galit ay batay rin sa galit ng mga magulang (sa kanyang anak).” (Mundhiri)

Ang mga nabanggit sa ibaba ay ilan sa mga karapatan ng magulang kahit na ang mga magulang ay di Muslim. Ayon sa salaysay ni Asma, sinabi niya sa Sugo ng Allah (ﷺ):

“Ang aking ina ay dumalaw sa akin ng panahon na siya ay hindi pa Muslim. Ako ay nagtanong sa Sugo ng Allah at nagsabi: “O Sugo ng Allah! Ang aking ina ay dumalaw sa akin. Dapat ko ba siyang tanggapin?” Ang Sugo ng Allah ay sumagot: “Oo, tanggapin mo siya at igalang.” (Bukhari)

Ang ina ay binigyan ng higit na karapatan kaysa sa ama tungkol sa pakikitungo at kabaitan at pag-aasikaso. Ito ay mauunawaan batay sa Hadith ng Sugo ng Allah (ﷺ):

“Ang isang tao ay lumapit sa Sugo ng Allah at nagtanong: ‘O, Sugo ng Allah sinong tao ang higit kong dapat bigyan ng kabaitan at magandang pakikitungo?’ Siya ay sumagot: ”Ang iyong ina” Ang tao ay nagtanong muli: “Sino ang sumunod?” Siya ay sumagot: “Ang iyong Ina.” At muli ang tao ay nagtanong: “Sinong sumunod?” Siya ay sumagot: “Ang iyong Ina.” At sinong susunod sa kanya? Siya ay nagsabi: ”Ang iyong Ama, at pagkatapos ay ang mga sumunod sa kanya.” (Muslim)

Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagbigay ng tatlong ulit na kahigtan kaysa sa ama sapagkat ang ina ay nagpasan ng maraming hirap at dusa sa pagtataguyod ng kanyang mga anak kaysa sa ama. Ang Allah (ﷻ) ay naglarawan sa tungkuling pinasan ng isang ina:

“At Aming itinagubilin sa tao ang magpakita ng kabutihan at pagkamasunurin sa kanyang magulang. Ang kanyang ina ay nagpasan sa kanya sa hirap at iniluwal niya ito sa gitna ng pagdurusa...” (Qur’an 46:15)

Ang ina ay nakaranas ng paghihirap sa kanyang pagdadalang-tao, siya (anak) ay kumukuha ng pagkain mula sa ina (noong siya ay nasa sinapumpunan), naghirap sa panganganak, at sa pagpapakain nito pagkapanganak at sa di niya pagtulog sa gabi (dahil pag-aasikaso sa anak).

Ang Karapatan ng Babae sa Kanyang Asawa.

Ang Qur’an ay nagsabi:

"Ang mga kalalakihan ay tagapangalaga ng kababaihan sapagkat ginawa ng Allah ang isa sa kanila ng nakahihigit at sapagkat sila (lalaki) ay gumugugol (upang tangkilikin ang kababaihan) mula sa kanilang yaman…" (Qur'an 4:34)

Nang tanungin ni Aisha ang Sugo ng Allah (ﷺ) tungkol sa kung sino ang may higit na karapatan sa pagsunod ng babae; siya ay nagsabi:

"Ang kanilang asawa". At ng tanungin kung sino ang mas nakahihigit sa pagsunod ng lalaki, ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: "Ang kanyang Ina." (Hakeem)

Hindi siya dapat tumanggi sa kanyang asawa kapag ito ay tinawag upang makipagtalik. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

"Kung ang lalaki ay tumawag sa kanyang asawa upang makipagtalik at siya ay tumanggi, at siya ay nanatiling galit magdamag, isinusumpa siya (babae) ng mga anghel hanggang kinaumagahan." (Bukhari at Muslim)

Siya ay hindi dapat humiling ng mga bagay na hindi makayanan ng kanyang asawa. Tungkulin niya na pangalagaan ang kanyang salapi, mga anak at dangal. Hindi siya dapat lumabas ng pamamahay ng walang pahintulot at hindi niya bibigyang pahintulot ang sinuman na pumasok sa pamamahay nila na hindi gusto ng kanyang asawa. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

"Ang pinakamabuting babae ay yaong kapag ang asawa ay sumulyap sa kanya, ito ay binibigyan niya ng kasiyahan. Sumusunod sa kanya kung may ipinag-uutos at pinananatili ang dangal at ari-arian niya sa kanyang pag-alis."

Tinutupad ng mga sinaunang Muslim ang ganitong alituntunin. Isang Ina ang naghabilin sa kanyang anak na babae sa araw ng kasal nito:

"Anak, ikaw ay lilisan sa tahanang iyong kinamulatan at kinalakihan upang sumama sa isang lalaki na hindi mo pa gaanong kilala. Sa pamamagitan ng pagpapakasal, ikaw ay nasa kanyang

kapamahalaan, kaya tumulad ka na parang isang naglilingkod sa kanya, at siya ay maglilingkod din sa iyo. Gampanan mo ang sampung katangian na ito na magbibigay paala-ala sa iyo": Maging panatag sa kanya at maging masunurin sa kanya, sapagkat ang kapanatagan at ang pagsunod sa kanya ay kasiya-siya sa Allah (ﷻ). Panatilihin ang iyong kagandahan at kaaya-ayang bango. Hindi dapat ipakita ang hindi kaaya-aya. Bantayan ang tamang oras ng kanyang pagkain at pagtulog. Ingatan ang kanyang pananalapi, Ingatan ang kanyang mga anak. Ingatan ang kanyang mga lihim at huwag sumuway sa kanyang ipinag-uutos at kapag sumuway ka sa kanya siya ay masusuklam sa iyo. Huwag magpakita ng kasiyahan kung siya ay malungkot at huwag magpakita ng kalungkutan kung siya ay masaya. Igalang mo siya at makipag-ayon sa lahat ng bagay upang masiyahan sa pakikisama at pakikiugnayan sa kanya. Dapat mong malaman anak, na hindi mo matatamo ang nais mo hanggang inuuna mo ang iyong kasiyahan at ang iyong naisin kaysa sa kanya.

Ang mga Tungkulin ng Lalaki sa Kanyang Asawa:

1. Ang Handog (Dowry – Mahr):

Karapatan ng isang babae ang tumanggap ng isang handog o Mahr at ito ay kailangang nakasaad sa kasulatan ng isang kasal. Ito ay mahalagang bahagi sa kasulatan ng kasal at hindi maaaring tanggihan o ipamigay ng babae hangga't hindi pa ganap at tapos ang kasalan. Ang Qur'an ay nagsabi na ang kahulugan ay nagsasaad ng ganito;

"At ibigay sa mga babae (na iyong pakakasalan) ang handog (Mahr) na kanyang bahagi at karapatan; subali't kung kanyang nais na kayo ay bahaginan, tanggapin ito at malayang gamitin ito ng walang alinlangan."
(Qur'an 4:4).

2. Makatarungan at Walang Kinikilingan:

Kung ang isang lalaki ay may asawa na higit sa isa, nararapat lamang na siya ay maging pantay sa pakikitungo sa bawat isa sa lahat ng bagay katulad ng pagkain, inumin, pananamit, bahay at maging ang pamamalagi niya dito. Ito ay ayon na rin sa sinabi ng Propeta ng Allah (ﷺ) na ang kahulugan ay nagsasaad ng ganito;

"Kung ang isang lalaki ay may dalawang asawa nguni't hindi niya ito pinakitunguhan ng pantay, siya ay darating sa Araw ng Paghuhukom na nakatabingi ang isang bahagi ng kanyang katawan." (Tirmidhi).

3. Paggugol para sa Kanyang Asawa at mga Anak:

Ang lalaki ay nararapat na maglaan ng maayos na tirahan, mga pangangailangan sa buhay (katulad ng pagkain, inumin, pananamit), at maging salapi na naaayon sa kanyang kakayahan. Ang Qur'an ay nagsabi, na ang kahulugan ay nagsasaad ng ganito;

"Hayaan ang isang mayaman na gumugol ayon sa kanyang yaman; at ang isang mahirap na gumugol ng ayon sa anumang ipinagkaloob ng Allah sa kanya. Ang Allah ay hindi nagbibigay ng pasanin sa sinuman nang higit sa kanyang makakayanan…" (Qur'an 65:7)

4. Pagsiping at Pakikipagniig sa Gabi:

Ito ay isa sa pinakamahalagang tungkulin ng isang lalaki sa kanyang asawa. Ang babae bilang asawa ay naghahanap din ng pagmamahal mula sa isang asawa na kakalinga, maglalambing at pupuno ng kanyang pagnanasa at pangangailangang pisikal upang mailayo siya sa hindi kanais-nais na kalagayan.

5. Itago Ang mga Lihim ng Asawa:

Tungkulin ng lalaki na pangalagaan ang kanilang pagsasama, at iwasan na ihayag ang mga tagong lihim ng asawa, kanyang mga pagkukulang at ano pa mang bagay na kanyang napansin o di kaya ay narinig mula dito. Ayon sa Propeta ng Allah (ﷺ);

"Ang pinakamasahol na tao sa paningin ng Allah, sa Araw ng Paghuhukom, ay ang isang lalaki o babae na pagkaraang makipagtalik sa kanyang asawa ay lumabas at ipinagsabi ang kanyang lihim." (Muslim)

6. Mabuting Pakikitungo

Nararapat na pakitunguhan ng lalaki ang kanyang asawa ng may paggalang. Maging mapagbigay at mahinahon sa kanyang mga pagkukulang at pagkakamali at paminsan-minsang pagdadabog. Bukod dito, nararapat din na isangguni at dinggin ang kanyang panig tungkol sa mga bagay na nangyayari sa araw-araw. Bigyan siya ng sapat at tamang panahon upang makapagsaya at aliwin siya sa pamamagitan ng pakikipaglaro dito.

Iwasan na siya ay manibugho

Ilayo ang asawa sa mga lugar ng kasamaan at kasiraan. Dahil dito, Ang Allah (ﷻ) ay nag-utos sa atin ng Kanyang sabihin na ang kahulugan ay nagsasaad ng ganito;

"O kayong mga nananampalataya! Ingatan ang inyong mga sarili at ang inyong mga pamilya (mahal sa buhay) laban sa Apoy (impiyerno) na ang panggatong ay tao at mga bato…" (Qur'an 66:6)

Igalang ang Kanyang Salapi at Ari-arian:

Hindi dapat angkinin ng lalaki ang anumang bagay na pag-aari ng kanyang asawa o di kaya ay ipagbili o ipamigay ito maliban na lamang kung siya ay bigyan ng pahintulot na gawin ito.

Karapatan ng mga Kamag-anak

Mahigpit na itinatagubilin ng Islam sa mga tao na tulungan ang kanilang mga kamag-anak sa pamamagitan ng pagpuno ng kanilang mga pangangailangan, alamin ang kanilang mga kalagayan, at pakitunguhan sila ng may paggalang at habag at makibahagi sa kanilang kaligayahan at maging sa kalungkutan. Ang Qur'an ay nagsabi na ang kahulugan ay nagsasaad ng ganito;

"…at matakot kayo sa Allah na Siya ninyong hinihingan (ng inyong pangangailangan), at huwag putulin ang ugnayan ng pang-kamag-anakan…" (Qur'an 4:1)

Mahigpit ding itinatagubilin ng Islam ang mabuting pakikitungo sa isang malapit na kamag-anak kahit na hindi mabuti ang pakikitungo nito sa kanila, patawarin kung sila ay nagkasala at maging isang kaibigan sa kanila kahit na hindi sila ganoon. Ang Propeta Muhammad (ﷺ) ay nagsabi na ang kahulugan ay nagsasaad ng ganito;

"Ang pagiging mabuti sa inyong malapit na kamag-anak sa tunay na kahulugan nito, ay hindi sapat na sila ay pantayan sa kabaitan, bagkus maging mabait pa rin sa kanila bagamat kanilang pinutol ang ugnayan nila sa inyo." (Bukhari)

Ang Islam ay nagbabala laban sa pagputol ng ugnayan sa mga kamag-anak at ito ay itinuturing na isa sa mga mabigat na kasalanan. At sa Qur'an ay sinabi na ang kahulugan ay nagsasaad ng ganito;

"Kung sa iyo ba ay ipagkaloob ang kapamahalaan, magkagayon hindi mo kaya magawa na maghasik ng kasamaan sa kalupaan at putulin ang iyong ugnayang pangkamag-anakan?" (Qur'an 47:22)

Karapatan ng mga Anak

Karapatan ng mga anak na pangalagaan ang kanilang mga buhay at magkaroon sila ng kaaya-aya at magandang pangalan. Ito ay nilinaw ng Propeta (ﷺ) ng kanyang sinabi na ang kahulugan ay nagsasaad ng ganito;

"Ikaw ay tatawagin sa iyong pangalan at sa ngalan ng iyong ama, kaya mamili kayo ng magagandang pangalan." (Imam Ahmed)

Dapat lamang na atin silang alagaan, ibigay ang kanilang pangangailangan (katulad ng pagkain, inumin, pananamit at matitirahan). Bigyan sila ng mainam na edukasyon at turuan sila ng mabubuting asal (katulad ng pagpapakumbaba, paggalang sa mga nakakatanda, maging tapat sa lahat ng bagay, at masunurin sa mga magulang at iba pa). Ilayo sila sa mga masasamang salita at gawain (kagaya ng pagsisinungaling, pandaraya, pagnanakaw, pagsuway sa mga magulang at iba pa). Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi na ang kahulugan ay nagsasaad ng ganito;

"Sapat na sa isang tao ang maging makasalanan sa pamamagitan ng pagsadlak sa kasamaan ng sinumang kanyang itinataguyod." (Abu Dawood at Nasa'ee)

At sinabi rin ng Propeta (ﷺ);

"Ang bawat isa sa inyo ay tagapagbantay at tagapangasiwa (ng kanyang kinasasakupan) at siya ang mananagot sa mga ginagawa ng mga taong kanyang sakop." (Bukhari at Muslim)

Ang mga anak ay dapat na pakitunguhan ng pantay-pantay at walang dapat itangi lalo na sa bigayan ng gamit gaya ng laruan at iba pa sapagka't ito ay maka-pagdudulot ng sama ng loob. Minsan isang lalaki ang lumapit sa Propeta (ﷺ) upang gawin siyang saksi sa isang regalo na nais niyang ibigay sa isa niyang anak. Tinanong siya ng Propeta (ﷺ), **"Inihanda mo na rin ba ang mga regalong katulad nito para sa iba mo pang mga anak?" At siya ay sumagot na; "Hindi". Nang marinig ng Propeta ay agad niyang sinabi, "Kung ganoon ay kumuha ka ng ibang saksi sapagka't hindi ko ibig na maging saksi sa isang di-makatarungang gawain. Matakot ka sa Allah at maging pantay ka sa pakikitungo sa iyong mga anak."** (Bukhari at Muslim)

Karapatan ng Kapitbahay

Itinataguyod ng Islam ang mabuting pakikitungo sa mga kapitbahay at iwasan ang anumang bagay na makapagdudulot ng hindi mabuti sa kanila katulad halimbawa ng pagtataas ng tinig dito, pagkasuklam sa mga di-kaaya-ayang bagay na nakikita o dili kaya ang mga hindi kanais-nais na amoy. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi na ang kahulugan ay nagsasaad ng ganito;

"Sambahin ninyo ang Allah at huwag kayong magtambal ng anuman sa Kanya. Maging magalang kayo sa iyong mga magulang, kamag-anak, at mga ulila, mga nangangailangan, at maging sa iyong mga kapitbahay na iyong kaanak at mga hindi kaano-ano, at ganoon din sa mga naglalakbay at napadpad sa iyong lugar, at maging sa mga alipin na iyong pinamamahalaan. Katotohanan! Hindi mahal ng Allah ang mga mapagmataas at mayabang." (Qur'an 4:36)

Ayon naman sa sinabi ng Propeta ng Allah (ﷺ) na ang kahulugan ay nagsasaad ng ganito;

"Alam ba ninyo ang mga karapatan ng inyong kapitbahay? Kung siya ay humingi ng tulong, kailangang tulungan siya, kung siya ay nakaratay sa karamdaman, dalawin siya, kung may nangyaring maganda sa kanya, batiin siya, kung may masamang nangyari sa kanya, kalamayin ang kanyang kalooban; at kung siya ay namatay, makipaglibing. Huwag taasan ang iyong bakuran na halos ay harangan ang dadaanan ng hangin patungo sa kanila maliban na lamang kung siya ay may pahintulot. Hindi siya dapat inggitin sa amoy ng iyong pagkaing niluluto maliban na lamang kung siya ay bibigyan nito. At kung bumili ng mga pagkain, bigyan siya bilang regalo, nguni't kung hindi ito magawa, dalhin ang pagkain sa iyong tahanan ng hindi nila nakikita at huwag payagan ang mga anak na kumain nito sa labas upang hindi mainggit ang iba pang mga bata na anak din ng iyong kapitbahay." (Al-Khara'iti)

Dapat na pagtiisan ng isang Muslim ang mga suliranin na idinudulot ng kanyang kapitbahay at lalong maging mabuti dito. Isang tao ang lumapit kay Abdullah Ibn Abbas (رضي الله عنه) at nagsabi:

"Isang kapitbahay ko ang nagdudulot ng malaking problema sa akin. Ako ay kanyang iniinsulto at inilalagay ako sa isang kahihiyan.' At si Ibn Abbas ay sumagot: 'Kung sumuway siya sa Allah (sa pamamagitan ng pag-alipusta sa iyo), Sumunod ka sa Allah (sa pamamagitan ng pagpapakita ng kabutihan sa kanya)." (Imam Ghazali, Ihyaa Ulum-ud-Din, Vol. 2, p.212)

Kailangang igalang niya ang kanyang kapitbahay sakali't ito ay maglagay ng tabing sa kanyang gusali at ito ay hindi niya dapat pagbawalan ayon sa sinabi ng Propeta (ﷺ) na ang kahulugan ay nagsasaad ng ganito:

"Huwag pigilan ang isang kapitbahay kung sakali't ito ay maglagay ng tabing sa kanyang gusali." (Bukhari at Muslim)

Hindi niya dapat ipagbili o ipaupa man lamang ang isang ari-arian na katabi ng kanyang kapitbahay hangga't hindi niya ito inalok sa kanya o di kaya ay alamin ang kanyang opinyon sa ganitong pagkakataon. Ito ay naaayon sa sinabi ng Propeta (ﷺ) na ang kahulugan ay nagsasaad ng ganito:

"Kung ang isa sa inyo ay may kapitbahay o katuwang sa isang sakahan o lupain, huwag itong ipagbili sa iba hangga't hindi ito iniaalok dito (sa katuwang) na siya na ang bumili." (Hakeem)

Mayroon Tatlong Uri ng Kapitbahay:

- Ang kapitbahay na iyong kamag-anak. Siya ay may tatlong karapatan; **Bilang kamag-anak, kapitbahay at bilang isang Muslim.**

- Ang kapitbahay na isang Muslim: Siya ay may dalawang karapatan; **Bilang kapitbahay at bilang isang Muslim.**

- Ang isang kapitbahay na hindi Muslim: Siya ay may isang karapatan; **Bilang isang kapitbahay.**

Si Abdullah Ibn Umar (رضي الله عنه) ay nagpakatay ng isang tupa at siya ay tinanong ng kanyang kamag-anak: Binigyan mo ba ang ating Hudyong kapitbahay? Narinig ko ang sabi ng Propeta (ﷺ) na ang kahulugan ay nagsasaad ng ganito:

“Ang Anghel Gabriel ay palaging nagbabanggit at nagpapaalala sa akin tungkol (sa tungkulin ko sa aking kapitbahay) at dahil sa madalas niya itong gawin, akin tuloy naisip na marahil ay kabilang ito sa aking mga tagapagmana.” (Tirmidhi at Abu Dawood)

Ang Karapatan ng Kaibigan at mga Kasama

Isinaalang-alang ng labis sa Islam ang mga karapatan ng isang kaibigan at ito ay nagtakda ng mga alituntunin na dapat gampanan para sa isang kaibigan. Katulad halimbawa ng mabuting pakikitungo dito at ang tapat na pagpapayo dito. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi na ang kahulugan ay nagsasaad ng ganito:

"Ang pinakamabuti na kaibigan sa paningin ng Allah ay siya na naghahatid ng kabutihan sa kanyang mga kasama, at ang pinakamabuti na kapitbahay ay siya na mabuting makitungo sa kanyang mga kapitbahay." (Tirmidhi)

Ang Karapatan ng mga Panauhin

Ang panauhin ay nararapat na bigyan ng kasiyahan. Ito ay ayon sa Hadith ng Propeta (ﷺ) na ang ibig sabihin ay:

"Ang sinumang naniniwala sa Allah at sa Araw ng Paghuhukom ay kailangan pahalagahan ang kanyang panauhin." Siya ay tinanong: " O Sugo ng Allah (ﷺ)! Ano ang karapatang ng mga panauhin?" At siya ay sumagot: "Isang araw at isang gabi (ng kasiyahan) at tatlong araw na pag-aasikaso dito. At ito ay maituturing na isang kawanggawa kung lumabis pa dito." (Bukhari at Muslim)

Datapuwa't, dapat ding isaalang-alang ng isang panauhin ang kalagayan ng kanyang tinutuluyan, at hindi siya dapat umasa at humiling ng mga bagay na hindi nito kayang ibigay sa kanya.

Ang sabi ng Propeta (ﷺ) na ang kahulugan ay nagsasaad ng ganito:

"Makatarungan ba sa isang Muslim na makituloy ng matagal sa kanyang kapwa Muslim (bilang isang panauhin) hangga't sa ito ay magtulak sa kanya na gumawa ng kasalanan?" Siya ay tinanong kung paano ito magtutulak sa kanya na gumawa ng kasalanan? At ang sabi niya: "Sa pamamagitan ng matagal niyang panunuluyan dito kahit na ito ay wala ng maibigay pa para sa kanyang ikasisiya." (Muslim)

Ayon sa sinulat ni **Imam Ghazali**, "Ihyaa Ulum-ud-Din" (hal. Revival of Religious Sciences), tungkol kay Propeta Muhammad (ﷺ) na isang huwaran at dapat tularan ng lahat ng Muslim:

"Pinahalagahan ng Propeta ang kanyang mga bisita. Kanyang inilalatag ang kanyang damit para sa isang (kahit hindi) kamag-anak na panauhin upang mayroon silang maupuan. Inaalay din niya ang kanyang sariling upuan at ito ay kanyang ipinagpipilitan hanggang ito ay tanggapin mula sa kanya. Walang sinumang naging bisita niya ang hindi nagdalawang isip na tawagin siya na pinaka-mapagbigay sa lahat ng tao. Binibigyan niya ng sapat at pantay na pansin ang lahat ng kanyang kasama at bawa't isa ay kanyang pinakikinggan, kinakausap, at binibigyang halaga. Ang kanyang pagtitipon ay maituturing na may pagpapakumbaba at pagkamatapat. Tinatawag niya ang kanyang mga kasama sa kanilang paboritong pangalan at palayaw upang pahalagahan sila. Siya rin ay hindi magagalitin at madali siyang masiyahan sa anumang mayroon siya."

Pangkalahatang Karapatan at Tungkulin

Itinatagubilin ng Islam na ang lahat ng Muslim ay dapat pangalagaan ang kanyang kapwa Muslim sa pamamagitan ng pagtulong sa kanila at pilitin na mapabuti ang kanilang kalagayan. Ayon sa Hadith na ang kahulugan ay nagsasabi ng ganito:

"Ang kahalintulad ng mga mananampalataya sa kanilang tapat na pagmamahalan, kabaitan at pagiging maawain, ay katulad din ng katawan ng tao: Kung ang isang bahagi ng katawan ay may karamdaman, ito rin ay nararamdaman ng buong katawan tulad ng lagnat at di pagtulog." (Bukhari at Muslim).

Ang isa pang nakasulat sa Hadith ay;

"Ang pagkakaisa ng dalawang kapwa mananampalataya ay katulad ng isang bahay, ang isang bahagi ang tumutulong lumakas at inaalalayan ang kabilang bahagi." (Pinagtiklop niya ang mga daliri ng kanyang mga kamay, upang ilarawan ang tinutukoy niyang paksa). (Bukhari at Muslim)

Ang isa pang sinasabi ng Hadith ay:

"Walang isa man sa inyo ang matatawag na ganap na mananampalataya hanggang ninanais niya para sa kanyang kapatid ang nais niya sa kanyang sarili." (Bukhari)

Sa sangay ng manggagawa, halimbawa, ang Islam ay nag-uutos ng mga alituntunin at batayan upang malaman ang tunay na ugnayan ng namumuno at manggagawa.

Karapatan ng Manggagawa

Ang ugnayan ng mga manggagawa at ng pinaglilingkuran nito ay dapat batay sa pagkakapatiran, makatao at marangal. Ayon kay Propeta Muhammad (ﷺ):

"Ang inyong mga alipin (o katulong) ay inyong mga kapatid na ipinagkatiwala ng Allah sa ilalim ng inyong kapamahalaan. Kaya, ang sinumang mayroong kapatid na nasa ilalim ng kanyang kapamahalaan ay dapat niya itong pakainin mula sa mismong pagkaing kinakain niya at dapat niyang bihisan ito katulad ng kanyang pananamit na isinusuot, hindi niya dapat bigyan ng gawaing higit sa makakayanan nito at kung ang gawain ay higit sa kanyang kakayahan, dapat niya itong tulungan." (Bukhari)

Ang Islam ay naglaan para sa mga manggagawa ng kanyang karangalan at dangal. Ayon kay Propeta Muhammad (ﷺ):

"Ang pinakamagandang hanapbuhay ng isang manggagawa ay ang paggawa ng tapat." (Ahmad)

"Ipinag-uutos na ang sahod ng isang manggagawa ay dapat malinaw bago siya magsimula sa gawain, sapagkat ang Propeta ay nag-utos na kailangang ipagbigay alam ng pinaglilingkuran ang sahod ng manggagawa bago ito magsimula." (Ahmad)

Ito ang nagpapatunay sa karapatan ng isang manggagawa sa kanyang sahod. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

"Mayroong tatlong tao na kinamumuhian Ko sa Araw ng Paghuhukom: 1) Ang isang taong nangangako sa Aking pangalan nguni't ito ay hindi tinupad. 2) Ang isang taong ipinagbili ang isang malayang tao bilang alipin at kinuha ang pinagbilhan. 3) At ang isang taong kumuha ng manggagawa nguni't hindi ito pinasahod." (Bukhari)

Ipinag-utos na dapat bayaran ang manggagawa ng kanyang sahod pagkaraang matapos ang gawain nito. Ang sabi ng Sugo ng Allah (ﷺ)

"Bayaran ang isang manggagawa ng kanyang sahod bago matuyo ang kanyang pawis."

Kinakailangan din na hindi dapat bigyan ang isang manggagawa ng gawaing hindi niya makakayanan. Kung sakali man na bigyan siya ng gawaing higit sa kanyang kakayahan, dapat siyang tulungan sa gawaing ito at dapat ding bigyan ng karagdagang sahod. Ang sabi ng Propeta (ﷺ):

"Huwag silang bigyan ng gawaing higit sa kanilang kakayahan at kung sakali mang ipagawa ang ganitong gawain, sila ay dapat tulungan." (Bukhari)

Ang Karapatan ng Pinaglilingkuran

At dahil ipinag-utos ng Islam sa pinaglilingkuran (employer) ang pangangalaga sa mga manggagawa, ipinag-uutos din naman sa mga

manggagawa na tuparin ang karapatan ng kanilang pinaglilingkuran sa pamamagitan ng paggawa sa paraang maayos at kasiya-siya. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi;

"Ikinasisiya ng Allah na kung ang isang bagay ay ginagawa, ito ay nararapat gawin sa abot ng makakaya at sa paraang maayos."

Ito ay nangangahulugan na ang isang Muslim na pinagkatiwalaan na gawin ang isang bagay ay dapat gawin ito ng maayos sapagkat ito ay isang paraan upang matamo ang kasiyahan ng kanyang Dakilang Panginoon.

Ang Aspetong Moral ng Islam

Ginawang ganap ng Islam ang kagandahang asal at itinaas ang mga ito sa pinakamataas na pamantayan. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

"Ako ay isinugo upang gawing ganap at buuin ang pag-uugali at kagandahang asal." (Hakim)

Ipinag-uutos ng Islam ang bawat mabubuting ugali at ipinagbabawal at binigyang babala ang bawat kasamaan at malaswang ugali.

Ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi batay sa Qur'an:

"Magbigay ng kapatawaran at mag-anyaya sa kabutihan (kabaitan) at lumayo sa mga mapaggawa ng kasamaan." (Qur'an 7:199)

Ang Propeta ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

"Alam ba ninyo kung sino ang nalugi? Sila (ang kanyang kasamahan ay nagtanong; "Ang nalugi sa amin ay yaong nawalan ng salapi o yaman." Ang Propeta ay nagsabi: "Ang nalugi sa aking pamayanan ay yaong dumating sa Araw ng Paghuhukom na dala ang (gantimpala ng) kanyang mga pagdarasal, kawanggawa, pag-aayuno, siya ay dumating na kasama ang mga ito nguni't sa kanyang nagdaang buhay, isinumpa niya ang isang tao at pinaratang nang may kamalian ang isa, pumatay siya ng isang tao at sinaktan ang isa pa. Kaya, ang gantimpala niya ay ipinagkaloob sa mga taong iyon at maging ang iba pa. Kapag ang gantimpala para sa kanyang mabubuting gawa ay ipamamahagi bago bayaran ang kanyang mga kasalanan, ang kanilang mga kasalanan ay kukuhanin at itatapon sa kanya at siya ay ihahagis sa Impiyerno. " (Muslim)

Maraming salaysay tungkol sa tamang pag-aasal o pag-uugali na kapupulutan ng aral ang matatagpuan sa Qur'an at maging sa mga Hadith ng Sugo ng Allah (ﷺ). Ang mga paksa ay tumatalakay tungkol sa katapatan, kabaitan, pangkawanggawa, pakikipagtulungan, kahinahunan at kababaang loob. At mayroon ding mga salaysay tungkol sa masasamang pag-uugali na nagiging sanhi upang ang tao ay maligaw ng landas at umani ng poot mula sa kanyang Panginoon.

Ang deen ng Islam ay inilalarawan sa paraan na dapat isabuhay ng isang Muslim sa kapwa tao at sa kanyang lipunan. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

"Iwasan ang mga ipinagbawal at kayo ay magiging pinakamahusay na mananampalataya, masiyahan sa biyayang ipinagkaloob ng Allah sa iyo at ikaw ang magiging pinakamayaman sa lahat ng tao, maging mabuti sa iyong kapitbahay at ikaw ay magiging tunay mananampalataya, mahalin mo para sa iba ang anumang mahal mo para sa iyong sarili at ikaw ay magiging tunay namananampalataya. At huwag labis na tumawa sapagkat ang pagtawa nang labis ay nagiging sanhi ng kamatayan ng puso" (Tirmidhi)

"Ang isang tunay namananampalataya ay yaong ang kapwa Muslim ay ligtas mula sa kanyang dila at sa kanyang mga kamay, at ang tunay na Muhajir ay siyang lumisan (o ganap na tinalikdan) ang anumang ipinagbababawal ng Allah." (Bukhari)

Ang Islam ay naglalayong magtatag ng isang maayos na lipunan na nagpapakita ng pagmamahalan at habag sa isa't isa. Ito ay naisasakatuparan lamang kapag ginagampanan ang mga kautusan nito at iniiwasan ang mga ipinagbababawal. Ang ilan sa mga halimbawa ng mga gawaing ipinagbababawal ay ang mga sumusunod:

1. Ipinagbababawal ng Islam ang pagsamba sa iba't ibang diyus-diyusan. Ang Qur'an ay nagsabi:

"Alalahanin! hindi pinatatawad ng Allah ang pagbibigay katambal sa Kanya (sa pagsamba). Nguni't (maliban dito) pinatatawad Niyang lahat ang sinumang Kanyang naisin…" (Qur'an 4:116)

2. Ipinagbababawal din ng Islam ang Karunungang Itim (Magic). Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: **"Iwasan ang pitong mapanganib na bagay."** Ang mga kasamahan ng Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagtanong: **'O, Sugo ng Allah, alin ang mga bagay na ito?' Siya ay sumagot: "Ang pagsamba sa iba bukod sa Allah, ang pagsasanay ng karunungang itim, ang pagpatay ng walang katarungan, ang pagpapatubo (interest), ang paglustay ng kayamanan ng mga ulila, ang pagtalikod mula sa mga**

kaaway ng Islam sa panahon ng digmaan. At ang paninirang puri sa mga malilinis at inosenteng babaing Muslim.” (Bukhari at Muslim)

3. Ipinagbabawal din ng Islam ang kawalang katarungan at pang-aapi sa pamamagitan ng pananalita o gawa at ipagkait ang karapatang nauukol sa iba. Ang Qur’an ay nagsabi:

“Ang daan (ng panunumbat) ay sa kanya lamang na nang-aapi sa mga tao at maling paghihimagsik sa kalupaan, at sa kanya ay isang mahapding kaparusahan.” (Qur’an 42:42)

Ang Qur’an ay nagsabi rin ng ganito:

“Ipahayag: Ipinagbabawal (higit) ng aking Panginoon ang mga makasalanang gawain, (lahat ng bawal na pakikipagtalik, ang kalaswaan, maging ito ay nalalantad o nakatago) ang di-makatarungang pang-aapi, pang-aabuso...” (Qur’an 7:33)

Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

“Ipinahayag sa akin ng Allah, ang Kataas-taasan, na kayo ay nararapat na maging mapagpakumbaba upang walang sinuman ang abusuhin o apihin, o itaas ang sarili kaysa sa iba pa.” (Muslim)

Sa isa pang Hadith ng Sugo ng Allah (ﷺ):

“**Ipinag-uutos ng Allah: O aking alipin, ipinagbawal Ko sa Aking sarili ang pang-aapi (pang-aabuso), at ito ay Aking ipinagbabawal sa inyo. Kaya huwag gumawa ng kasamaan sa iba.”** (Muslim)

Ito ay hindi naman nangangahulugan na maging matiisin na lamang sa pang-aapi o pang-aabuso ng ibang tao sapagkat ang Islam ay nagbabawal ng mga gawaing di makatarungan. Ang Qur’an ay nagsabi:

“…At sinumang nagtaboy sa inyo, itaboy rin sila sa paraan ng pagtaboy sa inyo…” (Qur’an 2:194)

Itinuturo rin ng Islam na dapat tulungan ang mga biktima ng pang-aapi at di makatarungang pang-aabuso maging siya man ay Muslim o kaanib ng ibang relihiyon. Ang Qur'an ay nagsabi:

"At kung ang isa sa mga 'Mushrik' (nang-iidolo, pagano at hindi naniniwala sa Kaisahan ng Allah) ay humingi ng pangangalaga, pangalagaan siya upang kanyang marinig ang mga salita ng Allah at pagkaraan nito, dalhin siya sa kanyang sariling pook ng kaligtasan." (Qur'an 9:6)

Sapagkat ang Islam ay hindi nagpapahintulot na ipagkait sa sinumang tao ang karapatan at kalayaan nito o ang kanilang damdamin ay hindi dapat saktan kahit sila ay di Muslim.

Ang Islam ay nag-aanyaya rin sa mga nang-aabuso o nang-aapi at sa mga naaapi o inaabuso ng ganitong aral:

"Tulungan ang inyong kapatid maging siya ay nang-aapi o naaapi." Isang kasamahan ng Sugo ng Allah ang nagtanong: 'O, Sugo ng Allah (tunay na totoo) aking tutulungan ang kapatid kung siya ay inaapi, nguni't sabihin mo sa akin kung paano ko tutulungan kung nagkataong siya ay mapang-api?' Ang Sugo ng Allah ay nagsabi: "Pigilin mo siya sa pang-aapi ng kapwa sapagkat ang pagpigil sa kanya mula sa paggawa ng pang-aapi ay tulong para sa kanya." (Bukhari)

Ipinagbabawal din ng Islam ang pagkitil ng buhay maliban sa makatarungang dahilan. Ang Qur'an ay nagsabi:

"Sinuman ang kumitil sa isang mananampalataya na may sadyang layon, ang kanyang gantimpala ay Impiyerno magpakailanman. At ang galit at sumpa ng Allah ay mapasakanya, at inihanda sa kanya ang matindi at malaking parusa." (Qur'an 4:93)

"Sa ganoong dahilan, Aming ipinag-utos sa angkan ng Israel na sinuman ang pumatay ng tao maliban sa kasamaan o katiwalian sa mundo, para na ring pinatay ang lahat ng sangkatauhan. At sinuman ang nagligtas ng buhay ng isang tao, para na ring iniligtas niya ang buhay ng sangkatauhan…" (Qur'an 5:32)

Ang sabi ng Propeta ng Allah (ﷺ):

“Ang isang Muslim ay nananatiling nagtatamasa ng kaligtasan at pangangalaga ng kanyang pananampalataya hanggang hindi nakagagawa ng di-makatarungang pagpatay.” (Bukhari)

Ang ligtas sa ganitong babala, ay yaong pumatay at napatay ng dahil sa pagtatanggol sa kanyang sarili, sa kanyang ari-arian, at dangal o inaping tao na humingi ng tulong sa kanya. Karagdagan nito, wala itong pagkakaiba kung ang pinatay ay Muslim o di-Muslim na may karapatan sa pangangalaga ng pamahalaang Muslim. Ang sabi ng Propeta ng Allah (ﷺ):

“Ang sinumang pumatay ng tao na may kasunduan (treaty) sa mga di-Muslim, ay hindi niya malalanghap ang amoy ng Paraiso; ang amoy nito ay malalanghap mula sa layong 40 taon (paglalakbay).” (Bukhari)

4. Ipinagbabawal rin ng Islam ang paghihiwalay ng magpapamilya at pagtalikod o pagtakwil sa kamag-anak. Ang sabi ng Dakilang Allah (ﷻ):

“Kung sa inyo ba ay ipagkaloob ang kapamahalaan, magkagayon hindi ninyo kaya magawa na maghasik ng kasamaan sa kalupaan at putulin ang inyong ugnayang pagkamag-anakan? Isinumpa ng Allah ang mga ganitong pangyayari, kaya ginawa silang mga bingi at bulag ang kanilang mga mata.” (Qur’an 47:22-23)

Ang sabi ng Sugo ng Allah (ﷺ):

“Walang sinuman na tumalikod o pumutol sa ugnayang pangkamag-anakan ang makapapasok sa Paraiso.” (Bukhari at Muslim)

Ang pagtakwil o pagtalikod sa ganitong ugnayan ay nagpapahiwatig ng di pagbibigay pansin sa pakikitungo na may bahid pagmamataas, hindi paglingap sa mga kamag-anakan na mahihirap o maysakit. Sa pagkamag-anakan, ang kawanggawa at magandang pakikipag-ugnayan ay isang tungkulin na dapat tuparin ng sinumang Muslim. Kung ang isang tao ay mahirap lamang, ang pananatili ng ugnayan ay magagampanan sa

pamamagitan ng masayang pagbati, paggalang at pagdalaw sa kanila upang alamin ang kanilang mga kalagayan. Ang sabi ng Propeta (ﷺ):

“Panatilihin ang (magandang) ugnayang pangkamag-anakan sa pamamagitan ng pagbati ng “Salaam”.

Ipinagbabawal ng Islam ang pagsuway at masamang pag-uugali sa mga magulang. Ang sabi ng Qur’an:

“At ang iyong Panginoon ay nag-utos na wala kang dapat sambahin maliban sa Kanya (Allah) At maging masunurin sa iyong mga magulang. Kung ang isa sa kanila o kapwa sila nasa katandaan huwag silang pagsalitaan ng kawalang galang at huwag silang sigawan subalit' ikaw ay mangusap sa kanila sa paraang magalang (may pitagan). At iyong ibaba para sa kanila ang diwa ng kapitagan at kababaang-loob sa pamamagitan ng Habag, at magsabi: "O Aking Rabb (Panginoon)! Igawad Ninyo sa kanila ang Inyong Habag sapagkat sila ang nangalaga sa akin nang ako ay musmos pa."” (Qur’an 17:23-24)

Ang sabi ng Propeta Muhammad (ﷺ):

“Ang Kasiyahan ng Allah ay batay sa kasiyahan ng magulang (sa kanyang anak) at ang Kanyang galit ay batay rin sa galit ng magulang.” (Tirmidhi)

Nang itanong kung ano ang ibig sabihin ng pagsuway sa magulang, ang sabi ni Ka’ab Al-Ahbar (رضي الله عنه):

“Ang ibig sabihin nito ay kung ang isang magulang ay umaasa sa pangako nguni't hindi tinutupad ang pangako; kung siya ay inuutusan ay hindi sumusunod; kung mayroong hinihingi ay hindi ito ibinibigay; at kung siya ay pinagkakatiwalaan ito ay nagtataksil (hindi matapat).”

5. Ipinagbabawal ng Islam ang pangangalunya at ang lahat ng bagay at gawain na magbibigay daan tungo sa pangangalunya at pakikipag-apid. Ang sabi ng Qu’raan:

“At huwag lalapit sa ipinagbabawal na pakikipagtalik, ito ay karumal-dumal at daan ng kasamaan.” (Qur’an 17:32)

Ang sabi ng Propeta (ﷺ):

“Walang mabigat na kasalanang kasunod ng pagsamba bukod sa Allah maliban sa isang taong nakiapid.” (Ahmad)

Nakasaad dito ang kaparusahan sa pakikiapid:

“Sa babae at sa lalaking nagkasala ng bawal na pakikipagtalik, hagupitin ng isang daang latay. Huwag awa ang mangibabaw sa kanilang pagkakasala sa parusang itinakda ng Allah, kung tunay nga na kayo ay naniniwala sa Allah at sa Huling Araw. Hayaang ang pangkat ng naniniwala ay saksihan ang kanilang kaparusahan.” (Qur’an 24:2)

Ang parusang ito ay para sa mga walang asawa na nagkasala sa nabanggit na kasalanan nguni't kung ang may asawa ang nagkasala, ang parusa ay ang batuhin sila hanggang kamatayan. Upang ipatupad ang ganitong parusa, mayroong dalawang pangangailangan ang nararapat.

- **Ang pag-amin ng nagkasalang lalaki at babae.**
- **Ang apat na saksi na may kakayahang isalaysay ang pangyayari sa pinakamaliwanag na detalye at walang namumuong alinlangan sa naganap na pagkakasala.**

Sa katotohanan, ito ay posible lamang maganap kung ginawa ng dalawang naki-apid ang kasalanan sa publiko at nasaksihan ng lahat ng saksi. Sa kasaysayan ng Islam, dalawa o tatlo lamang na pangyayari ang pinatawan ng parusa batay sa pag-amin ng nagkasala at pagkaraan lamang na ang mga nagkasala ay nagpumilit na sila ay patawan ng kaukulang parusa. Ang parusang ito ay nagpapahiwatig kung gaano kalubha ang kasalanang pakikiapid. Ito ay naglalayon na panatilihin ang dangal mula sa pagkadungis at pangalagaan ang mga tao at ang kanilang mga dangal laban sa katiwalian, at ang lipunan mula sa hidwaan at mga sakit, at ang

kanilang lahi laban sa dungis at alinlangan sa mga bagay na nauukol sa pamana at kakayahang pag-aasawa. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

"Kung ang kasalanang pangangalunya ay lumaganap mula sa mga tao sa publiko, ang mga salot at bagong mga sakit ay lalaganap din mula sa kanila." (Ibn Majah)

Ang kasuklam-suklam na uri ng ganitong kasalanan ay ang ugnayang sekswal ng magkapatid, mag-ina o mag-ama (incest). Isang Hadith na isinalaysay ni Al Hakeem (ﷺ) ay nagsabi ng ganito:

"Sinumang nagkasala ng 'incest' (pakiki-apid sa malapit na kamag-anak) ay dapat patayin."

Ipinagbabawal din ng Islam ang Sodomiya (ugnayang seksuwal ng kapwa lalaki o kapwa babae. Ang Qur'an ay nagsalaysay tungkol sa pangyayari na naganap sa mga mamamayang pinamunuan ni Propeta Lot (عليه السلام):

"Nang dumating ang Aming Kautusan, pinapangyari Namin (na ang bayan ng Sodom sa Palestine) ay bumaligtad (tumaob) at pinaulanan ng mga matitigas na bato sa itinakdang paraan. Tanda mula sa iyong Panginoon; at sila ay hindi nalalayo tulad ng mga makasalanan." (Qur'an 11:82-83)

Ito ay nagpapahiwatig na sinuman ang kumilos ng katulad ng mga tao sa panahon ni Propeta Lot (عليه السلام) ay nararapat mag-ingat sa maaaring parusang igawad sa ganitong kasalanan.

Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

"Mayroong apat na tao ang inihantad ang mga sarili sa galit (o sumpa) ng Allah bawat umaga at gabi: Ang mga lalaki na tinutularan ang kababaihan, ang mga babae na tinutularan ang mga kalalakihan, ang mga taong nakikipagtalik sa mga hayop at yaong nagkasala ng sodomiya." (Tabarani)

6. Ipinagbabawal din ng Islam ang paglustay ng mga yaman ng mga ulila sapagkat ito ay pagsira sa karapatan ng mga mahihinang tao. Ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi mula sa Qur'an ng ganito:

“Katotohanan, yaong naglustay ng walang kabuluhan sa mga ari-arian (o yaman) ng mga ulila, ay kumain ng apoy sa sarili nilang katawan; sasakanila ang naglalagablab na Apoy.” (Qur’an 4:10)

Ang hindi kabilang dito ay ang mahirap na tagapangalaga ng isang ulila. Siya ay pinahihintulutang kumuha ng kaukulang bahagi ng yaman ng ulila para sa kanyang pangangalaga, pag-aasikaso at paglilingkod sa mga ito kasama na rito ang pagpapakain, pananamit at pagpapaunlad ng mga ari-arian sa pinakamakabuluhang kabutihan ng mga ulila. Ang Qur’an ay nagsabi:

“At sinuman (mula sa mga tagapangalaga ng ulila) ang mayaman, siya ay hindi nararapat kumuha ng bayad sahod, nguni't kung siya (ang tagapangalaga) ay mahirap lamang, pinahihintulutang kumuha para sa kanyang sarili ng kaukulang bayad sa paraang makatarungan at makatuwiran (ayon sa kanyang pinagpaguran)…” (Qur’an, 4:6)

Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagbigay payo na dapat pangalagaan ang mga ulila at pakitunguhan ang mga ito ng may kabaitan, ؚsiya ay nagsabi:

“Ako at ang tagapangalaga ng mga ulila ay katulad nito. Itinuro niya ang kanyang hintuturo at gitnang daliri (at magkadikit).” (Bukhari)

“Kung ang isang tao ay nag-alaga ng isang ulilang Muslim at kanyang itinaguyod ito hanggang sa paglaki, siya ay may karapatang pumasok sa Paraiso hanggang hindi siya nakagawa ng walang kapatawarang kasalanan.” (Tirmidhi)

Ipinagbabawal din sa isang Namumuno na dayain ang kanyang mga mamamayan. Ang Qur’an ay nagsabi:

“Huwag isipin na hindi nalalaman ng Allah ang mga ginagawa ng mga makasalanan. Binibigyan lamang Niya ng maikling palugit hanggang sa Araw na ang kanilang mata ay nakatitig sa malaking takot (at sindak). (Sila ay) Madaliang sumusulong na ang kanilang mga leeg ay nangaghaba, kanilang mga ulo ay nakatungo sa itaas (nakatingin sa kalangitan), ang kanilang mga titig ay di bumabalik sa

kanila at ang kanilang mga puso ay walang laman (mula sa pag-iisip ng dahil sa malaking takot).” (Qur’an 14:42-43)

Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

“Kung ang isang namumuno ay pinagkatiwalaan ng Allah (para sa pangangalaga ng mga tao) nguni't hindi naging matapat sa kanila, siya ay pagkakaitan ng Paraiso. (Sa ibang Hadith, isinalaysay ng ganito); Kung siya ay mamatay habang nandadaya sa kanyang mga mamamayan, siya ay pagbabawalang pumasok sa Paraiso.” (Bukhari)

At siya (ﷺ) rin ay nagsabi:

“Ang di-makatarungang namumuno ay makatatanggap ng pinaka-mahapding parusa sa Araw ng Paghuhukom.” (Tabarani)

Palagian din niyang dinarasal ang ganito:

“O, Allah, sinuman ang namahala sa aking mamamayan at naging mabait siya sa mga ito, (idinadalanging kong) maging mabait Kayo sa kanya. Nguni't kung pinagmalupitan niya ang mga ito, (nawa ay) maging mahigpit Kayo sa kanya.” (Muslim)

7. Ipinagbabawal din ng Islam ang pagsaksi o pagpapahayag ng walang katotohanan (false witness) at panunumpa na walang katotohanan (false oath). Ito ay itinuturing na isa sa pinakamalaking kasalanan na ang ibubunga ay maaaring kawalan ng pananampalataya. Ang Qur’an ay nagsabi:

“At silang hindi nakikinig sa mga walang katotohanang pagsaksi (o pagpapahayag) at kung sila ay madaan sa mga masasamang gawain o pananalita, sila ay makikiraan ng may dangal.” (Qur’an 25:72)

Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagtanong sa kanyang mga kasamahan kung nais nilang malaman ang isa sa pinakamabigat na kasalanan. At nang sila ay sumagot ng paayon, siya ay nagsabi:

"Ang pagbibigay katambal sa Allah (sa pagsamba), ang pagsuway sa magulang. At pagkaraa'y siya ay umupo at humilig at nagsabi: Mag-ingat sa pananalita na walang katotohanan, mag-ingat sa pagpapahayag ng walang katotohanan (false testimony). Patuloy niyang sinasabi ito ng paulit-ulit hanggang nais namin na sana ay nanahimik na lamang (nang dahil sa awa namin sa kanya)." (Bukhari)

Ito ay sanhi ng siphayong idinudulot ng maling pagpapahayag sa lipunan kabilang na rito ang paninira ng mga karapatan ng mga tao at ang paglaganap ng mga di makatarungang gawa. Ito ay nagbibigay pasakit sa sumasaksi sapagkat tinutulungan niya ito sa gawaing di makatarungan at sa mga biktima ng maling pagsaksi (sa pagkakait ng kanilang kaukulang karapatan, maging pisikal o moral).

8. Ipinagbabawal din ng Islam ang Sugal at Alak maging ang mga ipinagbabawal na gamot. Ang Qur'an ay nagsabi:

> **"O kayong Mananampalataya! Ang lahat ng Khamr (inuming nakalalasing) at ang sugal at ang Ansab[63] at ang Azlam (panghuhula upang hanapin ang kapalaran o pagpapasiya) ay mga gawaing kasuklam-suklam mula sa Satanas. Kaya, (mahigpit na) iwasan ang lahat ng ito upang kayo ay magsipagtagumpay. Nais lamang ng Satanas na maghasik ng galit at poot sa pagitan ninyo sa pamamagitan ng Khamr (mga inuming nakalalasing) at sugal at (nais niyang) hadlangan kayo sa pagbibigay alaala sa Allah at mula sa pagtupad ng Salaah (pagdarasal). Kaya, hindi ba kayo kung gayon iiwas?** (Qur'an 5:90-91)

Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

"Sinumang sumusuway sa kanyang mga magulang at gumon sa alak ay hindi paroroon sa Paraiso." (Nasai'e)

---

[63] Mga hayop na kinakatay bilang pag-aalay sa mga An Nusub (mga altar na yari sa bato) na nakatayo sa mga pook tulad ng libingan na kung saan kinakatay ang mga hayop sa kanilang mga pagdiriwang sa ngalan ng kanilang mga sinasambang mga diyus-diyosan tulad ng santo, santa, rebulto, imahen, anghel at iba pa.

Upang hadlangan ang daan ng pangangalakal o pagtitinda ng mga inuming nakalalasing kahit hindi pa umiinom, ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

"Sumpa sa alak, sa mga umiinom, sa mga nagbibigay, sa mga nagtitinda, sa mga namimili, sa mga gumagawa nito, sa mga nagpapagawa nito, sa mga nag-aangkat, sa mga nagpapaangkat, at sa tumatanggap ng halaga nito." (Abu Dawood)

Sa ganitong babala, ang Islam ay nagsisikhay lamang ng pangangalaga sa kaisipan ng tao at damdamin na maaaring sirain nang dahil sa pagkagumon sa ganitong inumin. Ninanais ng Islam na ang tao ay manatiling marangal bilang tao na hindi nagpapakababa katulad ng hayop na walang ganap na pag-iisip. Hindi maipagkakaila na ang taong gumon sa alak o bawal na gamot ay maaaring gumawa ng anumang paraan upang magkaroon ng sapat na salapi na pambili ng alak o gamot. Ito ay maaaring umakay sa kanya sa iba pang masasamang bisyo. Samakatuwid, tinagurian ng Islam ang alak bilang ugat ng mabibigat na kasalanan.

Tungkol sa sugal, kung ang isang tao ay nanalo mula sa sugal, kanyang kinain ang pinagpagurang salapi ng iba sa paraang di-makatarungan at ang pagkahumaling sa panalo ay magdadala sa tao upang mandaya. Kung siya ay matalo, siya ay naglustay ng salapi ng walang katuturan at maaari siyang gumawa ng iba pang masamang gawain tulad ng pagnanakaw kung sakaling siya ay ganap na talunan.

9. Ipinagbabawal ng Islam ang pagnanakaw o panloloob sapagkat ito ay isang paraan ng pagkuha ng ari-arian ng iba sa paraang masama. Ang Qur'an ay nagsabi:

"At (para sa) lalaking magnanakaw at babaing magnanakaw, putulin (mula sa pulso) ang kanilang (kanang) kamay bilang kabayaran sa kasalanang ginawa, isang parusa bilang babala mula sa Allah. Ang Allah ay makapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan." (Qur'an 5:38)

Ang pagpapatupad ng ganitong parusa ay batay sa mga sumusunod:

1. Ang ninakaw na ari-arian ay dapat na nasa pag-iingat. Ang mga magnanakaw ay dapat na napatunayan na pumasok at sinira ang kaha upang nakawin ang laman nito.
2. Ang dahilan o nagbigay daan upang magnakaw ay hindi dahil sa marubdob na pangangailangan ng pagkain, inumin o pananamit. Magkagayon walang maaaring putulan ng kamay.
3. Ang ninakaw na ari-arian ay dapat katumbas ng pamantayang halaga upang putulin ang kamay ng isang magnanakaw.

Ang ilang pantas o iskolar ay nagsabi na walang pagsisisi na maaaring tanggapin mula sa mga magnanakaw hanggang hindi niya ibinabalik ang ninakaw na bagay sa may-ari nito. Nguni't kung siya ay walang salapi maaari siyang humingi ng paumanhin sa may-ari bago isampa ang kaso sa korte. Ito ang pasiya tungkol sa pagnanakaw kung ito ay hindi maiwasan.

10. Ipinagbabawal ng Islam ang pagiging tulisan o pananambang (highway robbery) na tinatakot ang mga mapayapang mamamayan o di kaya ay ninanakawan. Ang Qur'an ay nagsabi:

"Pagmasdan! Silang ipinagpalit (ipinagbili) sa maliit na halaga ang kanilang kasunduan sa Allah at ang kanilang pangako (panunumpa), sila ay walang bahagi sa kabilang buhay. Hindi sila kakausapin o titingnan man lamang ng Allah sa Araw ng Pagbabangong muli at hindi sila gagawing dalisay. Ang hantungan nila ay isang mahapdi at masakit na parusa." (Qur'an 3:77)

Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

"Sinuman ang kumuha sa karapatan ng isang Muslim sa pamamagitan ng panunumpa (na walang katotohanan) ay isinusumpa siya ng Allah tungo sa Impiyerno at ipagkakait sa kanya ang Paraiso." Ang isang tao ay nagtanong: "O, Sugo ng Allah, kahit ba ito ay munting halaga? Siya ay sumagot: Maging ito ay isang sanga ng punong kahoy." (Muslim)

Sapagkat ito ay nakaugnay sa pagkuha ng karapatan ng ibang tao sa paraang masama.

11. Ipinagbabawal ng Islam ang Pagpapatiwakal sapagkat ayon sa Qur'an:

"At huwag ninyong patayin ang inyong sarili, Alalahanin! Ang Allah ay lagi ng Maawain sa inyo. Sinuman ang gumawa nito sa pamamagitan ng pang-aabuso at di makatarungan, Aming itatapon siya sa Apoy at ito ay magaan para sa Allah." (Qur-an 4:29-30)

Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

"Kung ang isang tao ay nagpakamatay sa pamamagitan ng patalim, siya ay paroroon sa Impiyerno na may patalim sa kanyang kamay na sinasaksak ang sarili nang walang hanggan. Kung ang isang tao ay nagpakamatay sa pamamagitan ng lason, ang lason ay dadalhin niya sa Impiyerno na iinumin niya nang walang hanggan. Kung ang isang tao ay nagpakamatay sa pamamagitan ng paghulog ng sarili sa bangin, siya ay magpapatihulog sa Impiyerno nang walang hanggan." (Bukhari at Muslim)

12. Ipinagbabawal ng Islam ang kasinungalingan, pandaraya at panlilinlang. Ipinag-uutos ang maging matapat o makatotohanan, pagtupad sa mga pangako o kasunduan, ang pagsasauli sa may-ari ng anumang bagay na ipinagkatiwala. Binigyang babala laban sa di-pagtupad o pagtalikod ng mga kasunduan o pangako at ang pagkaila ng mga bagay na sa kanya ay ipinagkatiwala. Ang Qur'an ay nagsabi:

"O kayong mananampalataya! Huwag pagtaksilan ang Allah at ang Kanyang Sugo. Huwag tangkaing magtaksil sa mga nagtiwala sa inyo." (Qur'an 8:27)

Ipinag-uutos din ang pananatili ng mga lihim o bagay na dapat ilihim sapagkat ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

"Kung ang isang tao ay nagtapat sa iyo ng isang bagay at pagkaraan ay umalis, samakatuwid siya ay nagsabi sa iyo ng isang pagtitiwala." (Abu Dawood at Tirmidhi)

Ang Islam ay nag-aanyaya rin ng katapatan sa pagbibigay ng payo. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

“Ang nagbibigay ng payo ay pagbibigay tiwala.” (Abu Dawood at Tirmidhi)

Ang pagtitiwala ay kaugnay ng pananampalataya. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

“Walang pananampalataya sa isang kapos sa pagtitiwala at walang kabanalan kung walang katuparan sa kanyang pangako.” (Ahmed at Baihaqi)

At siya ay nagsabi rin:

“Mayroong apat na katangian na matatagpuan sa isang mapagkunwari. Kung ang isang katangian ng pagkukunwari ay matagpuan sa isang tao, mayroon siyang isang katangian ng pagkukunwari hanggang ito ay kanyang talikdan. Ang apat na katangian ay:
- Kapag siya ay pinagkatiwalaan, siya ay hindi nagiging matapat.
- Kapag siya ay nagsasalita, siya ay nagsisinungaling.
- Kapag siya ay nangako, siya ay hindi tumutupad.
- Kapag siya ay nakipag-away, siya ay nang-aabuso.” (Bukhari at Muslim)

Ipinagbabawal din ng Islam ang paninirang puri sapagkat ito ay nagpapalaganap ng galit sa mga tao ng isang lipunan. Ito ay isinalaysay mula sa isang Hadith:

“Alam ba ninyo kung ano ang paninirang puri?” Sila ay sumagot: Ang Allah at ang Kanyang Sugo ang nakakaalam ng higit. Siya ay nagsabi: “Ang pagsasalita ng mga bagay tungkol sa iyong kapatid na kanyang kinayayamutan. Ang isang kasamahan ay nagsabi: Kahit ba ang sinabi ay totoo? Siya ay nagsabi: Kung ang kapintasan niyaon ay totoo nga, magkagayon siya ay iyong inalipusta nguni't kung ito ay walang katotohanan, ito ay paninirang puri sa kanya.” (Bukhari at Muslim)

13. Ipinagbabawal ng Islam ang inggit o paninibugho sapagkat inilalantad nito ang layunin na nagbibigay daan sa isang tao upang maghiganti upang ang kanyang paninibugho at inggit ay maibsan. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

"Siya ay malinis ang puso, isang makatotohanan." Sila ay nagtanong: 'Aming nauunawaan ang makatotohanan nguni't anong ibig sabihin ng malinis ang puso?' Siya ay nagsabi: "Ito ay nangangahulugan ng matuwid, mabuting tao na ang puso ay malaya sa mga kasalanan, sa di makatarungan, sa mga masasamang hangarin at paninibugho."

Ipinaliwanag ng Sugo ng Allah (ﷺ) ang magiging bunga ng inggit at paninibugho na nagiging daan ng pagkamuhi at pangangalit. Siya ay nagsabi:

"Iwasan ninyo ang inggit, dahil ang inggit (o paninibugho) ay sumisira sa mabubuting gawa katulad ng apoy na tumutupok ng kahoy."

Ipinagbabawal ng Islam ang paghihiwalay o pagtalikod sa kapwa katulad ng pagsasalaysay ng Sugo ng Allah (ﷺ):

"Huwag putulin ang ugnayan sa isa't isa, huwag maghasik ng inggit o masamang hangarin sa bawat isa, O kayong alipin ng Allah- maging magkakapatid sa bawat isa. Hindi pinahihintulutan sa isang Muslim na manatiling galit at malayo (ang loob) sa kanyang kapatid ng higit sa tatlong araw." (Bukhari at Muslim)

14. Ipinagbabawal ng Islam ang Pagsumpa katulad ng salaysay ng Sugo ng Allah (ﷺ):

"Ang mga taong namihasa sa pagsumpa (cursing) ay hindi bibigyan ng tagamapagitan o saksi sa Araw ng Pagbabangong Muli." (Muslim)

Kahit sa mga hindi Muslim, ang Muslim ay nararapat ipagdasal ang mga ito sa Dakilang Allah para sa kanilang patnubay sa tuwid na landas at ipinag-uutos din na iwasan ang pagsumpa (cursing) sa kanila. Ayon kay Abu Hurayrah (رضي الله عنه) ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay may taong nagsabi sa kanya: 'O Sugo ng Allah (ﷺ), isumpa o idalangin mo sa Allah (عز وجل) ang mga walang paniniwala. Siya ay sumagot:

"Ako ay isinugo hindi upang sumpain ang sinuman kundi ako ay isinugo bilang Awa (o Habag)." (Muslim)

15. Ipinagbabawal ang pagiging maramot sapagkat isinasaalang alang ng Islam ang yaman bilang pagmamay-ari ng Allah (ﷻ) at ito ay ipinagkatiwala lamang ng Dakilang Allah sa tao upang gugulin sa kanyang sarili, sa kanyang pamilya at kamag-anakan at mahihirap. At ang nangangailangan na kapatid ay may karapatang bahagi nito. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagpahiwatig ng kasalanan ng isang kuripot o maramot:

"Walang mandaraya, walang maramot o manunumbat ang maaaring pumasok sa Paraiso." (Tirmidhi)

Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagbigay paliwanag sa magiging bunga o kahihinatnan ng pagiging maramot o kuripot sa pagsasalaysay ng isang Hadith:

"Iwasan ang gawang di makatarungan at kalupitan sapagkat sa Araw ng Paghuhukom ang ganoong gawain ay magiging malaking kadiliman at pangalagaan ang inyong sarili sa karamutan o kakuriputan sapagkat maraming nawasak na lipunan ng mga nagdaang panahon nang dahil dito. Ang karamutan ay nagbibigay daan sa pagdanak ng dugo at nagtuturing sa mga ipinagbabawal na bagay bilang pinahihintulutang bagay." (Muslim)

16. Ipinagbabawal ng Islam ang luho at paglustay ng salapi. Ang Qur'an ay nagsabi:

"At magbigay sa mga kamag-anakan ng kanilang karapatan at sa mga nangangailangan at naglalakbay. Nguni't huwag maglustay (ng inyong yaman) sa pamamagitan ng luho (at walang katuturan) Katotohanan, ang naglulustay ay mga kapatid ng mga demonyo at ang demonyo ay walang pasalamat sa kanyang Panginoon." (Qur'an 17:26-27)

At ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

"Ang Allah, ang Kataas-taasan, ay nag-uutos sa inyo na kayo ay maging masunurin at mabait sa inyong ina. Huwag pagkaitan (ng tulong) ang mga namamalimos. Huwag ilibing ng buhay ang inyong

mga anak na babae. Hindi Niya nais sa inyo na kayo ay maging masalita, mapagtanong at mapaglustay ng yaman." (Bukhari at Muslim)

17. Ipinagbabawal ng Islam ang labis ng higpit sa larangan ng Relihiyon. Ang Qur'an ay nagsabi:

"…Nilalayon ng Allah para sa inyo ang gaan (ng gawain). Hindi Niya nilalayon sa inyo ang kahirapan..." (Qur'an 2:185)

Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

"Magbigay ng magandang balita, at hindi ng masamang balita, gawing magaan ang mga bagay at huwag gawing mabigat o mahirap." (Bukhari at Muslim)

18. Ipinagbabawal ng Islam ang pagmamataas at makasarili. Ang Islam ay nagbigay babala at tuwirang ipinagbawal ang pagiging makasarili, pagmamayabang, pagmamataas at pagmamalaki. Ang Allah, ang Kataas-taasan, ay nagbigay utos sa tao ng ganito:

"At huwag ibaling ang iyong mukha mula sa mga tao ng may pagmamalaki at huwag lumakad sa kalupaan ng may pangmamataas (at pagyayabang) Katotohanan, hindi minamahal ng Allah ang mayabang (at mapagmalaki). At maging magalang (at kaaya-aya) sa iyong paglalakad at ibaba ang iyong tinig. Katotohanan, ang pinakamatigas na tinig sa lahat ng tinig ay ang atungal ng isang asno." (Qur'an 31:18-19)

Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagbababala laban sa pagmamayabang at pagmamalaki.

"Iwasan ang pagyayabang (at kapalaluan)". (Bukhari)

Ipinag-uutos din na dapat iwasan ang pangmamataas o pagmamalaki sapagkat ayon sa Sugo ng Allah (ﷺ):

"Sinuman na may katiting na pagmamalaki sa kanyang puso ay hindi makapapasok sa Paraiso." Ang isang tao ay nagtanong: "O, Sugo ng

Allah, ang isang tao na may ganitong pananamit at sapatos na mararangya. Ang Sugo ng Allah ay nagsabi: Ang Allah ay maganda, at nais Niya ang Kagandahan.”

Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi rin:

“Sinumang kinakaladkad ang pananamit sa kanyang likuran ng may pagmamalaki ay hindi papansinin ng Allah sa Araw ng Pagbabangong Muli.” (Bukhari at Muslim)

Ipinagbabawal din ng Islam ang anumang uri ng pakikipag-away o hidwaan at hiwalayan. Ang Qur’an ay nagsabi:

“At maging matatag, lahat kayo (ay magkakasamang humawak) sa lubid ng Allah at huwag maghiwa-hiwalay...” (Qur’an 3:103)

19. Ipinagbabawal din ng Islam ang kawalan ng tiwala at ang panghihinala, sapagkat ang Dakilang Allah ay nagsabi:

“O kayong mananampalataya! Iwasan ang labis na panghihinala. Tunay na ang mga ilang panghihinala ay kasalanan…” (Qur’an 49:12)

Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

“Mag-ingat sa panghihinala sapagkat ito ang pinakasinungaling na pananalita.” (Bukhari)

Ang Islam ay nagpapayo sa tao na dapat bigyang katiyakan ang isang balita bago ito ipalaganap. Ang Qur’an ay nagsabi:

“O kayong mananampalataya! Kung ang isang mapaggawa ng kasamaan ay maghatid sa inyo ng isang balita, tiyakin ang katotohanan nito. Maaaring inyong masaktan ang ibang tao nang walang kamalayan. At pagkaraan, ay inyong ikinalulungkot ang inyong ginawa.” (Qur’an 49:6)

20. Ipinagbabawal din ng Islam ang kawalan ng pagtitimpi at kalaswaan. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

“Ang tunay na Muslim ay hindi nang-aalipusta, hindi nanunuya, hindi nanunumpa (cursing) o nang-aabuso at hindi labis magsalita.” (Tirmidhi)

21. Ipinagbabawal din ng Islam ang galak sa kapaitang nararanasan ng iyong kapatid. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

"Huwag magpakita ng galak sa sakit na naranasan ng iyong kapatid upang ang Allah ay magkaroon ng Awa sa kanya at ikaw ay iligtas sa gayong pagsubok.” (Tirmidhi)

22. Ipinagbabawal din ng Islam sa tao ang pakikialam sa gawain ng ibang tao lalo na kung siya ay walang kaugnayan (sa gawaing ito). Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

“Bahagi ng magandang katangian ng isang pagiging Muslim na hindi niya dapat bigyang pansin ang mga bagay na walang kaugnayan sa kanya maging sa buhay dito o sa kabilang buhay.” (Tirmidhi)

23. Ipinagbabawal din ng Islam ang Pangangalit. Ang Qur’an ay nagbigay liwanag tungkol dito:

“At silang umiiwas sa mabibigat na kasalanan at sa bawal na pakikipagtalik at kung sila ay nagagalit, sila ay nagpapatawad.” (Qur’an 42:37)

At ang isa pa:

“…Iwaksi ang (gawaing) masama sa pamamagitan ng paggawa ng higit na mabuti, (i.e.: Ipinag-uutos ng Allah sa mga mananampalataya na maging matiisin sa oras ng pangangalit, at pagpaumanhin ang mga taong gumagawa ng di kanais-nais), kaya alalahanin! siya na sa pagitan niya at ikaw na may galit ay magiging malapit na magkaibigan.” (Qur’an 41:34)

Si Ibn Abbas (رضي الله عنه) ay nagpaliwanag:

“Ano ang ibig sabihin ng pagtitiis sa panahon ng pangangalit, pagpapatawad pagkaraan ng pagdaramdam? Kung sila ay umasal ng mahusay, pangangalagaan sila ng Allah at ang kanilang kaaway ay susuko sa kanila na tila ba mga kaibigan.” (Imam Bukhari)

Si Abu Hurayrah (ﷺ) ay nagsalaysay na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay hiningan ng payo ng isang tao, siya ay nagsabi:

“Huwag kang magalit. Nang ang tao ay inulit ang tanong: Siya ay nagsabi ng maraming ulit: Huwag kang magalit.” (Bukhari)

Ipinagbabawal din ng Islam ang paghamak sa kapwa tao. Ang Qur’an ay nagsabi:

“O kayong mananampalataya! Huwag ang ilang pangkat sa inyo ay hamakin ang ibang pangkat, maaaring sila ay higit na mabuti kaysa sa mga unang pangkat. Huwag ang ilang kababaihan ay hamakin ang ibang pangkat ng kababaihan, maaaring sila ay higit na mabuti kaysa sa mga unang pangkat. Huwag alipustain ang bawat isa sa inyo at huwag insultuhin ang iba (sa pamamagitan ng pagtawag sa kanya ng ibang bansag)...” (Qur’an 49:11)

Ipinagbabawal ng Islam ang anumang uri ng pagkamkam sapagkat ito ay di makatarungan at ito ay tiwali sa lipunan. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

“Itinakda ng Allah ang Apoy (bilang parusa) sa taong kumamkam sa ari-arian ng ibang Muslim sa pamamagitan ng pagpapahayag ng kasinungalingan. At siya ay pagkakaitan ng Paraiso. Ang Kasamahan ng Sugo ng Allah ay nagsabi: ‘Kahit ba ito ay maliit lamang?’ Ang Sugo ng Allah ay nagsabi: “Kahit ito ay isang sanga lamang ng isang kahoy.” (Muslim)

24. Ipinagbabawal din ng Islam sa isang Hukom ang paggawa ng di makatarungan maging siya ay mahusay o marunong sapagkat ang isang Hukom sa Islam ay itinuturing na isang responsableng tao para sa pagpapatupad ng Shariah. Kaya siya ang naatasang pairalin ang batas at hindi siya ang gumagawa ng batas. Samakatuwid, kung siya ay nakagawa

ng di makatarungan, kanyang pinagtaksilan ang lipunang kanyang kinasasaniban. Ang Qur'an ay nagsabi:

"…Sinuman ang naghusga (o humatol) ng hindi batay sa ipinahayag ng Allah, sila yaong mga hindi sumasampalataya." (Qur'an 5:44)

Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

"Ang mga Hukom ay tatlong uri: Isa sa Paraiso at dalawa sa Impiyerno; 1) Ang isang Hukom na nakaaalam ng katotohanan at nagbigay ng tamang paghusga. Siya ay paroroon sa Paraiso. 2) Ang isang Hukom na nakaaalam ng katotohanan at lumihis mula sa katarungan. Siya ay paroroon sa Impiyerno. 3) Ang isang Hukom na nagbigay ng paghusga nang walang kaalaman. Sila ay nagtanong: Ano ang kasalanan ng isang walang alam na hukom. Siya ay nagkasala sapagkat hindi siya dapat maging hukom hanggang siya ay maalam na tao." (Hakeem)

25. Ipinagbabawal ng Islam ang kawalan ng pitagan sapagkat ito ay nagpapahiwatig ng kawalan ng dangal at inaayunan ang mga labag o ipinagbabawal. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

"Tatlong uri ng tao ang pagkakaitan ng Paraiso: Ang taong gumon sa alak, ang taong sumusuway sa kanyang mga magulang at ang taong pinahihintulutang makipag-apid ang kanyang asawa sa iba." (Nasai'e)

26. Ipinagbabawal ng Islam ang paggaya ng lalaki sa katauhan ng isang babae gayun din naman ang babae na pamarisan ang katauhan ng isang lalaki.

Sa isang Hadith ng Sugo ng Allah (ﷺ) siya ay nagsabi:

"Isinusumpa ng Sugo ng Allah ang mga lalaking tinutularan ang mga babae at ang mga babaeng tinutularan ang mga lalaki." (Bukhari)

27. Ipinagbabawal ng Islam ang panunumbat pagkaraang gumawa ng kabutihan sa kapwa. Kapag ang isang tao ay nanumbat pagkaraang gumawa ng kabutihan o magandang loob sa kanyang kapwa ito ay isang

daan upang masaktan ang damdamin ng taong ginawan ng kabutihan. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

“Iwasan ang panunumbat sa pamamagitan ng pagpapaalaala sa kabutihang ginawa sa kanila sapagkat nawawalan ng kabuluhan ang pasasalamat at nawawalan ng halaga ang gantimpala (mula sa Allah).”

Pagkaraan ay binigkas niya ang isang talata ng Qur’an na may ganitong aral:

“O, kayong mananampalataya. Huwag hayaang ang inyong kawanggawa ay mawalan ng saysay sa pamamagitan ng panunumbat o pagmamarali ng iyong kabaitan…” (Qur’an 2:264)

Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi rin:

“Ang sinumang bumawi ng handog (na ipinagkaloob sa iba) ay katulad ng aso na kumakain ng sariling isinuka.” (Bukhari at Muslim)

Ang Mga Kautusan

Ang mga sumusunod ay ilan lamang sa mga kautusan ng Islam:

1. Ang Islam ay nag-aanyaya nang ganap na katarungan maging sa pananalita at sa gawa. Ang Qur'an ay nagsabi:

"Alalahanin! Katotohanan, Ang Allah ay nag-uutos ng Al-Adl (katarungan at pagsamba sa Allah lamang) at Ihsan (pagsasagawa ng inyong mga tungkulin sa Allah nang may kataimtiman at katapatan), nang ganap para sa (kasiyahan) ng Allah at naaayon sa Sunnah ng Sugo ng Allah at magbigay ng tulong sa mga kamag-anak at pagbabawal ng Al Fasha (mga makasalanang gawa tulad ng pangangalunya at ibang pang malalaswang pakikipag-ugnayan) at Al Munkar (mga makasalanag Gawain ukol sa kawalan ng pananalig sa Allah at Al Baghy (lahat ng uri ng pang-aabuso at pang-aapi). Kayo ay Kanyang binigyan ng babala upang sakali kayo ay magbigay pansin (tumalima)." (Qur'an 16:90)

Si Abu Bakr (ﷺ), ang unang pinuno (Khalifa) pagkaraang mamatay ang Sugo ng Allah (ﷺ), nang tanggapin niya ang tungkulin bilang pinuno (Khalifa) ay nagsabi:

"Yaong inyong itinuturing na malalakas ay mahihina para sa akin hanggang kuhanin ko ang kanilang karapatan at ang mga mahihina ay malalakas sa aking paningin hanggang maipagkaloob ko sa kanilang ang kanilang mga karapatan. Sumunod kayo sa akin hanggang ako ay nakikita ninyo sumusunod sa Allah sa pagtataguyod ng inyong mga pamumuhay (o gawain)."

Ang katarungan ay kailangan maging sa panahon ng pagsasaya o kalungkutan, sa mga Muslim o di Muslim. Ang Qur'an ay nagsabi:

"…At huwag hayaang ang galit (o pagkamuhi) sa kaninumang tao ang magbunsod sa iyo upang makipag-ugnayan nang di-makatarungan. Makipag-ugnayan nang makatarungan, yaon ay malapit sa kabanalan…" (Qur'an 5:8)

Ang katarungan ay kinakailangan sa pakikipag-ugnayan sa mga kamag-anakan at di-kamag-anak. Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

"…At kailan man na ipagkaloob ang inyong salita (paghatol sa pagitan ng dalawang tao o magbigay ng pagpapahayag) magsalita ng katotohanan maging sa malapit ninyong kamag-anakan at tuparin ang inyong kasunduan sa Allah. Ito ay ipinag-uutos sa inyo upang kayo ay (matutong) makaalala." (Qur'an 6:152)

Ang Dakilang Allah ay nag-uutos din sa atin na gamitin ang lakas kung kinakailangan upang ipatupad ang katarungan. Siya ay nagsabi:

"Tunay na Aming ipinadala ang Aming Sugo na may (dalang) maliwanag na katibayan at ipinahayag sa kanila ang Kasulatan at ang Batayan upang mapanatili ang katarungan sa Sangkatauhan. At Aming ipinagkaloob ang bakal na may dalang tibay na kapangyarihan (hinggil sa digmaan) at iba pang kabutihan para sa mga tao…" (Qur'an 57:25)

Si Imam Ibn Taymiyah (رضي الله عنه) ay nagsabi:

"Ang pagpapadala ng Sugo at kasulatan (kapahayagan) ay nakalaan para sa tao upang isagawa ang kanilang mga tungkulin na ipinag-uutos ng Allah batay sa katarungan. Sinuman ang lumihis mula sa Aklat siya ay dapat ituwid sa pamamagitan ng bakal (lakas)."

2. Ang Islam ay nanghihikayat na maging mabait at maalalahanin sapagkat ito ay naglalarawan ng tunay na pagmamahal at pagkakapatiran na may magandang bunga sa lipunan, sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng ugnayan sa pagitan ng mga kasapi ng lipunan at nagnanais na maglingkod sa isa't isa nang may katapatan. Ang Qur'an ay nagbigay papuri sa isang tao na binigyang pansin ang iba kaysa sa sarili sa bagay na kabaitan at kapakinabangan. Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

"At (may nakalaang bahagi din) sa mga naunang manirahan (sa Madinah) at yumakap sa pananampalataya, minamahal nila yaong nagsilikas patungo sa kanila, at walang paninibughong nadarama sa kanilang kalooban hinggil sa anumang (bagay na) ipinagkaloob sa

kanila (mula sa labi ng [tribu ng] Banu An-Nadir), at sila ay nagparaya sa kanila (mga Muhajir) nang higit sa kanilang mga sarili bagama't sila ay nagdaranas ng paghihikahos. At sinuman ang nakaligtas laban sa sariling kasakiman ay katiyakang sila yaong magtatagumpay." (Qur'an 59:9)

3. Nag-aanyaya na panatilihin ang magandang ugnayan o samahan at binabalaan laban sa masamang pangkat ng tao. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagbigay ng magandang halimbawa na ipinapalwanag ang mabuting bunga ng pagkakaroon ng magandang ugnayan:

"Ang kahalintulad ng pagkakaroon ng magandang ugnayan at masamang ugnayan ay tulad ng isang pabango at ng isang umiihip sa kalan ng apoy. Ang nagmamay-ari ng pabango ay maaaring may bumili sa kanya o di kaya ay maamoy man lamang ang kanyang kabanguhan. Tungkol naman sa umihip ng apoy sa kalan, maaaring sunugin ang inyong damit o maaaring malanghap ninyo ang (mabahong) usok mula sa kalan ng apoy." (Bukhari)

4. Ang Islam ay nanghihikayat ng pagmamalasakit at pagpupunyaging pagkasunduin ang tao sa gitna ng pagkakahidwaan. Ang Qur'an ay nagsabi:

"Walang higit na kabutihan ang kanilang lihim na pagpupulong maliban sa kanya na nag-aanyaya ng kawanggawa o kabaitan o kapayapaan mula sa mga tao at sinuman ang gumawa ng ganoon na may layong bigyang kasiyahan ang Allah, ipagkakaloob Namin sa kanya ang Dakilang gantimpala." (Qur'an 4:114)

Ang mabuting pagkakasundo sa pagitan ng mga tao ay nagbibigay ng mataas na antas ng karangalan na ang kahalagahan o katumbas na gantimpala ay hindi bababa sa antas ng gantimpalang tulad ng pagdarasal, pag-aayuno at iba pang uri ng pagsamba. Sa kahalagahan nito, ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

"Maaari ko bang sabihin sa inyo ang isang bagay na ang antas ay higit kaysa sa pag-aayuno, pagdarasal, at kawanggawa? Ito ay ang

pakikipagkasundo sa pagitan ng mga tao sapagkat ang hidwaan ay siyang sumisira (sa magandang ugnayan) ng Deen (o lipunan).”

Pinahihintulutan ng Islam ang pagsisinungaling sa kaso ng pagkakasundo ng dalawang taong may hidwaan upang ang puso ng bawat isa ay magkaroon ng pagmamahal sa isa’t isa at pangalagaan sila mula sa pag-aaway at paghihiwalayan.

“Hindi ko itinuturing na isang pagsisinungaling kung ang isang tao ay may layunin para sa kapayapaan (ng dalawang magkaaway), at sa panahon ng digmaan, at sa mag-asawa (upang mapanatili ang diwa ng pagkakasundo at pagmamahalan).” (Abu Dawood)

At sinabi rin niya ang ganito:

“Hindi sinungaling ang isang nagdala ng kapayapaan sa pagitan ng dalawang tao kung siya man ay nagsabi o nag-ugnay ng magandang salita (sa iba).” (Muslim at Bukhari)

5. Ang Islam ay nag-utos na mag-anyaya ng kabutihan at magbawal ng kasamaan sa lahat ng paraan ayon sa kakayahan sapagkat ito ay makapangangalaga laban sa di- makatarungan, katiwalian, pagkawala ng karapatan at pangingibabaw ng di pagkilala o pagsunod sa batas. Ang panghihikayat upang gumawa ng kabutihan at pagbabawal ng kasamaan ay nagtuturo sa mga walang kaalaman, ginigising ang mga taong nagpapabaya sa kanyang tungkulin sa Dakilang Allah, nagbibigay aral sa mga gumagawa ng kasamaan at tumutulong sa mga mabubuti. Ang Qur’an ay nagsabi:

“…Magtulungan ang bawat isa tungo sa kabutihan at banal na tungkulin. Huwag magtulungan sa paggawa ng kasalanan at pagsuway (sa Allah)…” (Qur’an 5:2)

Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

“Sinuman sa inyo ang nakapansin ng anumang kasamaan, dapat niya itong ituwid sa pamamagitan ng kanyang kamay. At kung hindi niya magawa, dapat niyang ipagbawal ito sa pamamagitan ng kanyang

dila. Kung hindi niya magawa ito, dapat niyang ituring ito sa kanyang puso bilang kasamaan; at ito ang pinakamababang antas ng pananampalataya."

Ang Qur'an ay nagpahayag ng kaparusahan para sa mga nagpapabaya ng kanilang tungkulin:

"Yaong mga Angkan ng Israel na hindi naniniwala ay isinumpa sa pamamagitan ng dila ni David at ni Hesus, anak ni Maria. Sapagkat sila ay laging sumusuway, naghihimagsik at palagiang nagmamalabis." (Qur'an 5:78)

Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagpaliwanag kung ano ang kahihinatnan o ibubunga ng di-pagtalima sa panghihikayat na gumawa ng kabutihan at magbawal ng mga kasamaan ayon sa isang Hadith:

"Ang kahalintulad ng isang tao na tumatalima at sumusunod sa kautusan ng Allah at ang isang tao na sumusuway sa hangganang itinakda ay katulad ng mga pasahero ng isang sasakyang dagat (barko) na nagpasiya kung sino ang dapat manatili sa itaas at kung sino ang mananatili sa ibabang bahagi ng sasakyan (barko). Yaong nasa ibabang bahagi ay kailangang dumaan muna sa itaas upang sumalok ng tubig na nagiging sanhi ng pang-aabala ng mga nasa itaas na bahagi ng barko. Kaya, sila ay nagmungkahi sa mga nananatili sa itaas na bahagi ng barko na pahintulutan silang gumawa ng butas sa ilalim na bahagi ng barko at sumalok ng tubig roon na walang pang-aabala sa mga nasa itaas. Kung ang mga nasa itaas ay hahayaan o pahihintulutan ang mungkahi ng mga nasa ibaba, maaari silang magkaroon ng sakuna na magiging sanhi ng kanilang kapahamakan, nguni't kung ito ay hindi nila pahihintulutan sa kanilang balak, sila ay magiging ligtas sa anumang kapahamakan."

Magkagayonman, ang Islam ay nagtakda ng mga alituntunin sa panghihikayat na gumawa ng kabutihan at pagbabawal ng kasamaan. Ang mga sumusunod ay ilan sa mga alituntunin:

1. Ang sino mang gumagawa ng tungkuling ito ay nararapat na may kaalaman kung ano ang dapat ipagbawal o pinahihintulutan.

2. Ang kanyang paraan ng pagbabawal ng kasamaan ay hindi dapat maging sanhi ng isa pang malaking kasamaan.

Hindi niya dapat gawin kung ano ang kanyang ipinagbabawal at hindi niya dapat pabayaan kung ano ang pinag-aanyaya niya sapagkat ayon sa Qur'an:

"O, Kayong mananampalataya! Bakit ninyo sinasabi yaong hindi ninyo ginagawa? Ito ang pinakamumuhi sa paningin ng Allah na inyong sinasabi ang hindi ninyo ginagawa." (Qur'an 61:2-3)

Siya ay nararapat na maging mahinahon at mabait kung siya ay nanghihikayat o nag-aanyaya ng kabutihan at nagbabawal ng kasamaan. At dapat handa niyang pasanin kung ano man ang ibubunga ng panghihikayat o pagbabawal niya sapagkat ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

"...At mag-anyaya ng kabaitan at magbawal ng di-makatarungan at magtiis kung ano ang (maaaring) ibunga nito sa iyo. Katotohanan! Ito ang ilang mahahalagang kautusan ng Allah na itinatagubilin nang walang pasubali." (Qur'an 31:17)

3. Siya ay hindi dapat humantong sa panghihinala sa iba upang kanyang matagpuan ang mga masasamang gawain. Ang Qur'an ay nagsabi:

"O kayong mananampalataya, iwasan ang labis na panghihinala…" (Qur'an 49:12)

4. Ang Islam ay nag-uutos ng magandang asal. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

"Mula sa mga Muslim, ang may taglay na ganap na pananampalataya ay yaong ang may mabuting asal at pinakikitunguhan ang asawa nang may kabaitan."

Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi kung ano ang gantimpala ng isang tao na may magandang asal o pag-uugali:

“Sa Araw ng paghuhukom, ang pinakamamahal at pinakamalapit sa akin hinggil sa aking pangkat ay yaong mga tao na may kagandahang asal at pag-uugali, at yaong mula sa inyo na kung magsalita ay may lakip ng pagmamahal. At silang Mutafaihiqoon (mayayabang at palasuway ang pinakamalayo sa akin sa Araw ng Paghuhukom.” Ang mga kasamahan ng Sugo ng Allah ay nagtanong: ‘Ano ang ibig sabihin ng “Mutafaihiqoon”?’ Ang Sugo ng Allah ay nagsabi: “Sila yaong mapagyabang o mapagmalaki.” (Tirmidhi)

5. Ang Islam ay nag-uutos din ng pagbibigay ng tapat na pagpapayo. Sa diwa at kahulugan nito, ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

“Ang (batayan ng) pananampalataya ay katapatan.” Kaming mga kasamahan ng Sugo ng Allah ay nagtanong: ‘O Sugo ng Allah! Para kanino (ang katapatan)?’ Siya ang Sugo ng Allah ay nagsabi: “Sa Allah, sa Kanyang Aklat (Ang Qur’an), sa Kanyang Sugo at sa mga Muslim, maging sa namumuno at sa mga mamamayang Muslim.” (Muslim)

Ang katapatan sa Dakilang Allah ay magkakaroon ng kaganapan sa pamamagitan ng paniniwala sa Kanya, pagsamba lamang sa Kanya at wala ng iba pa, at huwag magbigay ng anupamang kaugnay o katambal bukod sa Kanya. Pagpapahayag na Siya ay malayo sa anumang kakulangan hinggil sa Kanyang mga Pangalan at Katangian, na Siya ang tagapanustos ng lahat ng Kanyang nilikha. Ano man ang Kanyang naisin ay mangyayari at matutupad at anuman ang hindi Niya naisin ay hindi magaganap. At ang pagtalima at pagsunod sa lahat ng Kanyang Kautusan at pag-iwas sa lahat ng Kanyang ipinagbabawal.

Ang katapatan sa Kanyang Aklat, ang Qur’an, ay magkakaroon lamang ng tunay na kahulugan sa pamamagitan ng paniniwala na ito ay Salita ng Allah (ﷻ) na ipinahayag Niya at ito ay Huli sa lahat ng Banal na Kasulatan. Na ang lahat ng batas na matutunghayan sa Qur’an ay katotohanan. Na ang lahat ng ipinagbabawal ng Qur’an ay tunay na bawal at isinasaalang-alang ito bilang matuwid na Landas at isang pamamaraan ng buhay para sa Muslim.

Ang Katapatan sa Kanyang Sugo (ﷺ) ay magkakaroon lamang ng katuparan sa pamamagitan ng pagsunod sa kanyang ipinag-uutos, ang

maniwala kung ano ang kanyang sinasabi, ang pagtalikod sa mga bagay na kanyang ipinagbabawal, ang pagmamahal at paggalang sa kanya, ang pagtupad sa kanyang mga Sunnah at pagpapalaganap nito sa lahat ng tao.

Ang Katapatan sa mga Namumuo ay magkakaroon lamang ng tunay na diwa at kahulugan sa pamamagitan ng pagsunod sa kanila habang sila ay nag-uutos ng kabutihan, pag-iwas laban sa paghihimagsik sa kanila, pagbibigay ng payo sa paraang maayos at kaaya-aya. At pagbibigay paalala sa mga karapatan ng iba.

Ang katapatan sa mga mamamayang Muslim ay magkakaroon lamang na kaganapan sa pamamagitan ng pamamatnubay sa kanila kung ano ang mabuti para sa kanila sa larangan ng relihiyon at pamumuhay. Ang pagtulong sa kanila sa pamamagitan ng kawanggawa at anumang pangangailangan nila, pangangalaga sa kanila dahil sa mga kapinsalaan, pagmamahal sa kanila kung anong pagmamahal sa sarili at pakikitungo sa kanila ng maayos, kung anong pakikitungo ang nais sa sarili.

Ang Islam ay nag-aanyaya ng pagiging mapagbigay at maalalahanin sapagkat ito ay nagbibigay ng daan sa pagkakaroon ng mga kaibigan at pagmamahalan. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

"Dalawang katangian ang minamahal ng Allah, ang magandang pag-uugali at pagkamatulungin (mapagbigay) at ang dalawang katangian na kinamumuhian ng Allah: ang masamang pag-uugali at karamutan. Kung nais ng Allah na bigyan ng pagpapala ang Kanyang alipin, ginagamit niya ito upang matupad ang pangangailangan ng mga tao."

Ang batayan tungkol sa pagiging mapagbigay at matulungin ay inihayag ng Qur'an:

"At huwag hayaang ang inyong kamay ay magapos (tulad ng isang maramot) sa inyong leeg o di kaya ay mabuksan ito nang ganap (tulad ng isang mapaglustay), upang kayo ay hindi magsisi at magdaraop." (Qur'an 17:29)

Ang Dakilang Allah ay nagbabala laban sa paglustay ng kayamanan at lumagpas sa hangganan ng katamtamang paggugol. Siya ay nagsabi:

“At ang magbigay sa mga kamag-anakan ng kanilang karapatan at sa mga nangangailangan at naglalakbay. Nguni't huwag maglustay (ng inyong yaman) sa pamamagitan ng luho (at walang katuturang layaw) Katotohanan, ang naglulustay ay mga kapatid ng mga demonyo at ang demonyo ay walang pasalamat sa kanyang Panginoon.” (Qur’an 17:26-27)

Ang Islam ay nag-aanyaya ng Habag at Awa sapagkat ayon sa Sugo ng Allah (ﷺ):

“Yaong maawain ay karapat-dapat sa awa (at habag) ng Allah. Maging maawain sa lahat ng nasa lupa at ang Allah ay maaawa sa iyo.” (Abu Dawood at Tirmidhi)

Ang Islam ay nag-aanyaya rin ng kabaitan at kahinahunan, pagiging maginoo (para sa kalalakihan) o kahinhinan (para sa mga kababaihan). Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

“Kung may kahinahunan, pinagaganda nito ang isang bagay at kung kanino man ito naagaw, tunay na inagaw sa kanya ang ganda (ng katangiang ito).” (Muslim)

Nag-uutos din ang Islam ng pananakip sa kakulangan ng kapwa at ang pagtulong na mapawi ang kanilang kapighatian at pagdadalamhati.

“Sinuman ang tumulong sa kapwa Muslim sa pag-alis ng kahirapan niya dito sa mundo, aalisin ng Allah ang pighati sa kanya sa Araw ng Paghuhukom. Sinuman ang nag-alis ng kahirapan ng iba, aalisin ng Allah ang kahirapan niya sa mundong ito at sa kabilang buhay. Sinuman ang nagkubli ng pagkukulang ng ibang Muslim, ang kanyang mga pagkukulang ay ikukubli ng Allah sa mundong ito at sa kabilang buhay. Patuloy na tinutulungan ng Allah ang Kanyang alipin hanggang ito ay tumutulong sa kanyang kapatid na Muslim.” (Muslim)

Ang Islam ay nag-uutos din ng pagtitiis kalakip ng pagsasagawa ng pagsamba at ang pag-iwas sa mga ipinagbabawal. Ang Qur'an ay nagsabi:

"Kaya't maghintay ng may (lakip ng) pagtitiis sa itinakda sa iyo ng iyong Panginoon. Sapagkat katiyakan ikaw ay lagi ng nasa Aming paningin…" (Qur'an52:48)

Ito ay maaaring pagtitiis sa anumang pangyayari ng buhay katulad halimbawa ng kahirapan, gutom, sakit at pangamba. Ang Qur'an ay nagsabi:

"At katiyakan, Aming kayong susubukan ng bagay ng may pangangamba at gutom, at pagkawala ng yaman at buhay at pananim nguni't magbigay ng magandang balita sa mga matatag (at matiisin). Na nagsasabi, kung ang masamang pangyayari ay dumating sa kanila: Alalahanin! Kami ay sa Allah (lamang) at Alalahanin! Sa Kanya ang aming pagbabalik. Sila yaong ang pagpapala ay ipinagkaloob mula sa kanilang Panginoon at tumanggap ng Kanyang Awa at sila yaong napatnubayan." (Qur'an 2:155-157)

At sinabi ng Dakilang Allah kung ano ang gantimpalang kanilang tatanggapin ng dahil sa kanilang katatagan at pagtitiis.

"…Katotohanan, silang matiisin (at matiyaga) ay babayaran nang ganap na walang pagbilang". (Qur'an 39:10)

Nagtuturo rin ang Islam ng pagpipigil ng galit at pagpapatawad (pagpapaumanhin) lalo na kung ang isang tao ay may kakayahang gumanti para sa sarili. Ito ay nagsisilbing daan upang maging matibay ang pagbubuklud-buklod ng tao sa lipunan at tumutulong na maglaho ang lahat ng sanhi ng galit at away. Samakatuwid, pinupuri ng Allah (ﷻ) ang mga taong nag-aangkin ng ganitong pag-uugali. Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

"At mag-unahan kayo sa paghingi ng kapatawaran mula sa inyong Panginoon at para sa Paraiso na ang lawak ay abot sa mga kalangitan at kalupaan, inilaan para sa mga mabubuti. At silang nagkakawanggawa sa (sa panahon ng) kasaganaan at kahirapan;

silang pumipigil sa kanilang pangangalit at mapagpatawad sa sangkatauhan; minamahal ng Allah ang mabuti.” (Qur’an 3:133-134)

Tinatawagan din ng Islam ang mga Muslim na harapin ang kasamaan sa pamamagitan ng kabutihan upang linisin ang puso mula sa pangangalit at pagkamuhi. Ang Qur’an ay nagsabi:

“…Iwaksi ang (gawaing) masama sa pamamagitan ng paggawa ng higit na mabuti, (i.e.: Ipinag-uutos ng Allah sa mga mananampalataya na maging matiisin sa oras ng pangangalit, at pagpaumanhin ang mga taong gumagawa ng di kanais-nais), kaya alalahanin! siya na sa pagitan niya at ikaw na may galit ay magiging malapit na magkaibigan.” (Qur’an 41:34)

ISANG SULYAP SA MGA ILANG KAUGALIAN SA ISLAM

Ang Deen (relihiyon) ng Islam ay nagpakilala ng ilang kaugalian na ipinag-aanyaya sa Muslim na sundin upang taglayin ang ganap na larawan ng isang mabuting tao. Ilan sa mga ito ay ang sumusunod:

ANG KAUGALIAN SA HAPAG-KAINAN

1) Banggitin ang Pangalan ng Allah (ﷻ) (sa pagsabing 'Bismillah') bago kumain o uminom. Pagkatapos kumain at uminom ay dapat na magpasalamat sa Kanya [sa pamamagitan ng pagsabing 'Alhamdulillah' (papuri at pasasalamat ay para sa Allah (ﷻ)]. Kailangang unang kainin ang nasa inyong harapan (at hindi ang nasa harap ng iba), at gamitin ang kanang kamay kapag kumakain, sapagka't ang kaliwang kamay ay karaniwang ginagamit sa paglilinis ng mga marurumi (tulad ng maselang bahagi ng katawan pagkatapos gumamit ng palikuran at ibang katulad nito).

Si 'Umar bin Abi Salamah (ؓ) ay nagsabi; 'Noong ako ay bata pa, ako ay nasa hapag-kainan sa loob ng pamamahay ng Propeta ng Allah (ﷺ), at ang aking kamay ay umaabot ng pagkain sa lahat ng pinggan (habang kumakain). Kaya ang Propeta ng Allah (ﷺ) ay nagsabi sa akin;

"O bata, banggitin mo ang Pangalan ng Allah (bago magsimulang kumain), gamitin mo ang kanang kamay at iyong kainin muna ang nasa harapan mo." (Bukhari)

2) Hindi nararapat pintasan ang pagkain maging ito man ay hindi nakasisiya sa panlasa. Si Abu Hurairah (ؓ) ay nagsabi;

"Ang Propeta ng Allah ay hindi kailanman namintas sa anumang pagkain. Kung nais niya ito, ito ay kanyang kinakain at kung hindi naman niya nais, ito ay kanyang hahayaan (o hindi niya kakainin)." (Bukhari)

3) Iwasan ang pag-inom at pagkain nang labis. Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

"… at magsi-inom nguni't huwag maging mapagmalabis, katotohanan, hindi minamahal ng Allah ang mga taong Musrif (mga taong walang kabuluhang labis na paglulustay ng yaman)." (Qur'an 7:31)

Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi:

"Walang higit na masamang lalagyan na pinupuno ng isang tao kaysa sa tiyan. Sapat na kumain ng ilang subo ang isang tao upang magkaroon ng lakas na iunat ang kanyang likod, at kung siya ay kakain (nang higit), samakatuwid, panatilihin ang isang ikatlong bahagi para sa kanya pagkain, isang ikatlong bahagi para sa kanyang inumin at isang ikatlong bahagi para sa kanyang maluwag na paghinga." (Abu Dawud)

4) Huwag hingahan o hipan ang iniinumang lalagyan. Si Ibn Abbas ay nagsabi na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay ipinagbawal ang paghinga o pag-ihip sa mga lalagyang iniinuman. (Abu Dawud)

5) Hindi nararapat na dumihan ang pagkain o inumin para sa ibang tao.

6) Higit na nakalulugod na kumaing kasama ang ibang tao kaysa kumakaing nag-iisa. Ang isang tao ay nagsabi sa Sugo ng Allah (ﷺ):

"Katotohanan, kami ay kumain nguni't hindi nabusog." Siya ay nagsabi: "Ikaw ba ay kumakain magkakasalo o kumakaing mag-isa." Siya ay sumagot: "Nag-iisa." Siya ay nagsabi: "Magkihalubilo at kumaing magkakasama at banggitin ang Ngalan ng Allah, at ang inyong (pagkain) ay pagpapalain." (ibn Hibban)

7). Nararapat humingi ng pahintulot kung magsasama ng iba sa isang paanyaya. Ang isang tao mula sa Ansar na nangangalang Abu Shu'aib ay nag-anyaya sa limang katao na ang isang kabilang ay ang Sugo ng Allah (ﷺ). Ang isang tao ay dumating na kasama nila. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

"Itong isang tao ito ay sumama sa amin, kung ito ay pauunlakan mo, siya ay isasama naming pumasok; at kung hindi naman, siya ay

pababalikin." Ang nag-anyaya ay sumagot, "Huwag (siyang umalis), siya ay aking pinahihintulutang sumama (sa inyo)."

ANG KAUGALIAN SA PAGTUNGO SA PALIKURAN

Sa pagtungo sa palikuran, nararapat pumasok na una ang kaliwang paa at magsabi ng;

"Bismillah Allahumma inni a'oodhu bika min al-kubti wal-khaba'ith."
Ang kahulugan ay: **"Sa Ngalan Mo, O Allah, ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa mga lalaki at babaing demonyo."** (Bukhari)

Sa paglabas ng palikuran, lumabas na una ang kanang paa at magsasabi ng;
"Ghufraanak." Ang kahulugan ay: **"Ako ay patawarin Mo[64]."** (Iniulat ni Ibn Hibban at ni Ibn Maajah)

Habang nasa tawag ng kalikasan, huwag humarap sa dakong direksiyon ng Qiblah (ng Makkah). Si Abu Hurairah (ﷺ) ay nagsabi:

"Katotohanan, ako ay katulad lamang ng isang ama sa kanyang anak. Ikaw ay hindi nararapat na humarap sa (dakong direksiyon ng) Qiblah at hindi rin dapat ilagay ang likod sa gawin nito (sa oras ng tawag ng kalikasan) at hindi rin dapat na punasan ang sarili nang kulang sa tatlong bato kung hindi gumagamit ng isang pirasong buto o dumi." (Ibn Majah)

Nararapat na ikubli ang sarili sa oras ng tawag ng kalikasan. Si Jabir ay nagsabi: **"Kapag ang Sugo ng Allah ay nasa oras ng tawag ng kalikasan, siya ay magtutungo sa isang pook na walang nakakakita sa kanya."**

---

[64] Sinabi ni Shiekh Albani (nawa'y kaawaan siya ng Allah); ang salaysay (Hadith) na ito ay mapananaligan.

Hindi nararapat na gamitin ang kanang kamay upang maglinis ng dumi. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi:

"Kapag kayo ay umiinom, hindi ninyo dapat hingahan ang lalagyan ng inumin habang umiinom, kapag kayo ay nasa tawag ng kalikasan, hindi dapat hawakan ang maselang bahagi ng katawan ng kanang kamay, at hindi rin dapat punasan ang sarili (maselang bahagi) ng kanyang kanang kamay." (Bukhari)

ANG KAUGALIAN SA PAGHINGI NG PAHINTULOT

1. Ipinagbabawal ang pagpasok sa mga ibang bahay nang walang pahintulot. Ang Dakilang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

"O kayong mga Mananampalataya! (mga Muslim) Huwag kayong magsipasok sa mga tahanan maliban sa inyong sariling (tahanan) hanggang kayo ay humingi ng kapahintulutan at batiin yaong nasa loob nito; ito ay higit na makabubuti para sa inyo upang sakali kayo ay (matutong) makaalala." (Qur'an 24:27)

2. Ang isang taong nasa loob ng pamamahay at nais pumasok sa silid. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

"… At kung ang mga bata na kabilang sa inyo ay umabot na sa tamang gulang, hayaan silang humingi ng pahintulot sa nakatatanda sa kanila (sa gulang). (Qur'an 24:59)

Ito ay naglalayong pangalagaan at panatilihin ang mga pansariling karapatan o bagay na hindi dapat makita ng sinuman tulad ng sinabi ng Propeta (ﷺ).

"Isang tao ay sumilip sa silid ng Propeta mula sa isang butas ng pintuan, at ang Propeta ay may tangan ng isang ngipin ng suklay habang kinakamot ang kanyang ulo. Kanyang sinabi sa kanya, "Kung alam ko lang na ikaw ay nakasilip, sinundot ko sana ang iyong mata nito. Katotohanan, ang paghingi ng pahintulot ay ipinag-utos

upang hindi makita ng sinuman (ang pansariling gawain ng isang tao sa sariling pamamahay)." (Bukhari)

Huwag magpumilit sa paghingi ng pahintulot (nang higit sa tatlong ulit). Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi;

"Ang paghingi ng pahintulot ay hanggang tatlong ulit. Kung kayo ay pinahintulutan, magkagayon kayo ay pumasok, kung walang pahintulot, magkagayon, kayo ay dapat na umalis." (Iniulat ni Imam Muslim)

Ang isang taong humingi ng pahintulot ay dapat magpakilala. Si Jabir ay nagsabi:

"Ako ay nagtungo sa Propeta tungkol sa utang ng aking ama. Ako ay kumatok sa pintuan at kanyang sinabi: "Sino yan?" Sinabi ko" "ako po". Siya ay sumagot, "Ako, ako!!! Na tila hindi niya naibigan [kung ano ang aking sinagot]." (Bukhari)

ANG KAUGALIAN SA PAGBATI NG SALAAM

Ipinag-uutos ng Islam sa lahat ng kasapi ng lipunan na magbatian ng Salaam (as-Salaamu A'laykum) sapagkat ito ay nagbubunga ng pagmamahalan at pagkakaibigan sa bawat isa. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi;

"Kayo ay hindi maaaring makapasok sa Paraiso hanggang kayo ay hindi sumasampalataya, at kayo ay hindi magiging tunay na Mananampalataya hanggang hindi kayo nagmamahalan sa isa't isa. Aking sasabihin sa inyo ang isang bagay na kung ito ay inyong gawin, kayo ay magmamahalan sa isa't isa? Magbatian kayo ng 'Salaam' sa bawa't isa." (Muslim)

Isang tungkulin na kung kayo ay binati ng Salaam, nararapat na ito ay suklian nang gayon ding pagbati o mas higit na mainam pa roon[65]. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi,;

[65] Kung may bumati ng, **'As-Salaamo alaykum'**, dapat siyang suklian man lang ng, **'wa 'alaykum As-Salaam'**. Nguni't mas mainam na dagdagan ng, **'wa Rahmatullah'** o kaya higit pa dito ng, **'wa Barakatuh'**.

"At kung kayo ay batiin ng pagbati, sila ay inyong suklian ng pagbati nang higit na mainam (kaysa) rito, o di kaya'y suklian ito nang katumbas na pagbati…" (Qur'an, Kabanata An-Nisaa, 4:86)

Ipinaliwanag din ng Islam kung sino ang dapat maunang magbigay ng pagbati. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

"Ang isang nakasakay ay nararapat na maunang bumati sa isang naglalakad, ang isang naglalakad ay nararapat na maunang bumati sa isang nakaupo, at ang maliit na pangkat ay nararapat na maunang bumati sa isang higit na malaking bilang na pangkat." (Bukhari)

ANG KAUGALIAN KAUGNAY NG PAG-UPO

Nararapat na magbigay ng pagbati sa mga naroroon sa pagtitipon, sa sandaling pumasok at maging sa paglisan sa pagtitipon. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

"Sinuman sa inyo ang dumating sa isang pagtitipon, hayaang bumati siya sa kanila ng Salaam. Kung nakikita niya na siya ay nararapat na umupo, hayaan siyang maupo. Kapag siya ay tumayo (upang lumisan) magkagayon, nararapat siyang bumati sa kanila (ng As-salamu alaykum) muli, sapagkat ang isang nauna ay hindi nakahihigit sa kahalagahan kaysa sa iba." (Abu Dawud)

Ang mga tao ay nararapat magbigay ng kaluwagan para sa iba**.** Ang Dakilang Allah ay nagsabi;

"O kayong mga mananampalataya (Muslim)! Kung kayo ay pag-utusan na magbigay ng sapat na kaluwagan sa mga (pook ng) pagtitipon (magsikalat kayo) at magbigay ng puwang. Ang Allah ay magkakaloob sa inyo ng (sapat na) kaluwagan (mula sa Kanyang Awa). At kung kayo ay pag-utusang tumalima, magsitalima kayo (sa pagdarasal, o sa Jihad sa Landas ng Allah. Itataas ng Allah sa antas ng karangalan yaong sa inyo ay (tunay na) mananampalataya at

yaong pinagkalooban ng kaalaman. At ang Allah ay Ganap na Nakababatid ng lahat ninyong ginagawa." (Qur'an 58:11)

Hindi nararapat na pakiusapan ang iba na tumayo sa kanilang pagkakaupo upang sila ang maupo sa kanilang kinauupuan. Ang Sugo ng Allah ay nagsabi: "Hindi dapat patayuin ang isang tao sa kinauupuan nito upang ito ay kanya namang upan, bagkus nararapat na kayo ay magbigay kaluwagan at magkaroon ng puwang." (Muslim)

Kapag ang isang tao ay tumayo at umalis mula sa kanyang kinauupuan, siya ay may higit na karapatan dito kung siya ay muling magbalik dito. Ang Sugo ng Allah ay nagsabi:

"Kung ang isang tao ay tumayo mula sa kanyang kinauupuan at muling nagbalik dito, siya ay may higit na karapatan dito (sa upuan)." (Muslim)

Hindi dapat paghiwalayin ang dalawang magkasamang nakaupon malibang pagkaraang humingi ng pahintulot sa kanilang dalawa. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: **"Hindi pinahihintulutan sa isang tao na paghiwalayin ang dalawang tao (sa pamamagitan ng pag-upo sa pagitan ng mga ito) maliban sila ay nagbigay ng pahintulot."** (Abu Dawud)

Hindi nararapat na mag-usap ng sarilinan sa sinuman sa harap ng isa pang tao. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

"Kung kayo ay tatlo, ang dalawa sa inyo ay hindi nararapat na mag-usap nang sarilinan na hindi kasama ang ikatlo hanggang kayo ay makihalo sa ibang tao, sapagkat ito ay ikalulungkot niya." (Bukhari)

Hindi nararapat na maupo sa gitna ng pangkat ng tao. Si Hudhaifah ay nag-ulat na sinabi ng Sugo ng Allah (ﷺ):

"Sinuman ang maupo sa gitna ng pagtitipon (umpukan) ay isinumpa." (An-Nawawi)

Ang mga tao sa isang pagtitipon ay hindi nararapat na maging abala sa usapang walang kabuluhan o pag-uusap na hindi nagbibigay ala-ala sa

Dakilang Allah o anumang walang kapaki-pakinabang na bagay tungkol sa buhay o relihiyon. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:
"Walang tao ang tumayo mula sa pagtitipon (umpukan) na ang Ngalan ng Allah ay hindi nabanggit maliban na sila ay katulad ng mga taong nagsitayo mula sa paligid ng bangkay ng asno, at ang pagtitipon ay magiging sanhi ng kalungkutan para sa kanila." (Abu Dawud)

Ang isang tao ay hindi dapat gumawa ng anumang bagay na hindi kinalulugdan ng kanyang mga kasamahan sa pagtitipon.

ANG MGA KAUGALIAN SA PAGTITIPON

Isinasaalang-alang ng Islam ang damdamin ng mga tao na nagsisipagtipon sa alin mang pook; upang ang mga tao ay magkaroon ng sigasig na magtipon. Samakatuwid, itinatagubilin ng Islam sa mga tagasunod nito na maging malinis, na sila ay hindi nararapat na dumalo sa pagtitipon na may taglay na masamang amoy na nagiging sanhi na pagkayamot ng iba, at sila ay nararapat na dumalo na maayos ang pananamit upang sa gayon siya ay hindi nakaaabala sa mga tao. Itinatagubilin din ng Islam sa mga tao na makinig sa nagsasalita na hindi nakakaabala sa kanya at maupo sa lugar na makatatagpo ng puwang na hindi nakaaabala sa iba o maging sanhi ng pang-aabala o pananakit sa iba. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi tungkol sa pagtitipon sa Araw ng Biyernes (Salatul Juma'ah):

"Sinuman ang naligo sa araw ng Biyernes, naglagay ng pabango (kung mayroon), isinuot ang kanyang pinakamagandang damit at pagkaraan ay dumalo sa Salatul Juma'ah na hindi nakaabala sa ibang tao at nagsagawa ng rakah na kanyang makakayang gawin, at pagkatapos ay nanatiling tahimik nang ang Imam ay pumanhik sa Mimbar hanggang matapos ang pagdarasal, ang kanyang Salaah (pagdarasal) na yaon ay magiging kabayaran ng mga kasalanan na nagawa niya sa buong linggong iyon na sinundan ng pagdarasal na iyon." (Ibn Khuzaimah)

Sinumang ang nagbahing, siya ay nararapat na magsabi ng "**Al hamdulillah**." At yaong nakarinig sa kanya ay nararapat magsabi ng "**Yarhakumullahu** (Kaawaan ka ng Allah (ﷻ). Ang nagbahing ay nararapat na muling suklian ng sagot sa kanila sa pamamagitan ng pagsabi

ng :"**Yahdeekumullaah wa yuslihu baalakum** (nawa' patnubayan ka ng Allah (ﷻ) at gawing mabuti ang iyong puso, ang iyong pamumuhay at ang iyong mga gawain." Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: "Kapag ang isa sa inyo ay nagbahing, hayaan siyang magsabi ng "**al Hamdulillah,** at ang kanyang mga kapatid ay nararapat na magsabi ng "**Yarhamuk-Allahu**, at pagkatapos siya ay nararapat na magsabi ng "**Yahdeekumullaah wa yuslihu baalakum**." (Bukhari)

Mula sa ganitong kaugalian na siyang isinalaysay ni Abu Hurairah (رضي الله عنه), na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

"Kapag kayo ay nagbahing, ilagay ang inyong kamay sa inyong mukha at gawing mahina ang inyong tinig." (Haakim)

Kapag nakararamdam ng paghikab, nararapat nilang pigilin ito hanggang maaari nilang pigilin. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

"Katotohanan, kinalulugdan ng Allah ang pagbahing nguni't kinasusuklaman ang paghikab. Kapag ang isa sa inyo ay nagbahing at nagpsalamat at nagbigay papuri sa Allah, karapatan ng bawat Muslim na nakaririnig sa kanya na magsabi ng Yarhamukallah. At hinggil sa paghihikab ito ay mula sa Satanas, ito ay nararapat na pigilin ng isang tao hanggang makakaya niya. At kung siya ay nakapaghikab nang may ingay tulad ng 'Aahh**', ang Shaytaan ay hahalakhak."** (Bukhari)

Huwag dumighay sa publiko. Sinabi ni Ibn Umar (رضي الله عنهما);

"Nang ang isang tao na kasama ng Propeta ng Allah ay dumighay, sinabihan niya na ito nang ganito, 'Pangalagaan mo kami sa iyong pagdighay, sapagka't ang karamihan sa mga nagpapakabusog sa buhay dito ay makalalasap ng pagkagutom nang mahabang panahon sa Araw ng Pagkabuhay-Muli'." (Iniulat ni Tirmidhi)

ANG KAUGALIAN SA PAKIKIPAG-USAP

Ang isang tao ay nararapat na makinig nang tahimik sa nagsasalita, na hindi ito inaabala hanggang matapos. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsimulang magsalita sa kanyang Huling Hajj (Pilgrimahe) sa pamamagitan ng pagsasabi sa isa sa kanyang kasamahan.

"Sabihin sa mga tao na tumahimik." (Bukhari)

Ang isang tao ay nararapat na magsalita nang malinaw at magpaliwanag sa kanyang layon upang ang mga nakikinig ay makaunawa. Si A'shah na asawa ng Propeta (ﷺ) ay nagsabi: **"Ang mga salita ng Propeta ay malilinaw kaya sinumang makarinig sa kanya ay nakauunawa sa kanya."** (Abu Dawud)

Ang tagapagsalita at ang mga tagapakinig ay nararapat na maging masayahin at kaaya-aya sa kanilang mukha at pananalita. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

"Huwag ninyong maliitin ang anumang mabuting gawa, kahit na ito ay pakikipagharap sa inyong kapatid nang may kaaya-ayang mukha."

Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

"May (takdang) kawanggawa na dapat ipagkaloob para sa bawat hugpong ng bahaging katawan ng tao (bilang tanda ng pasasalamat sa Allah) sa bawat pagsikat ng araw. Ang humatol ng makatarungan sa pagitan ng dalawang tao ay isinasaalang-alang bilang kawanggawa, at ang magbigay ng tulong sa isang tao hinggil sa kanyang sasakyang hayop sa pamamagitan ng pagbuhat ng kanyang mga dalahin sa ibabaw nito ay isang kawanggawa at ang mabuting salita ay isa ring kawanggawa, at ang bawat hakbang patungong Masjid upang magsagawa ng pagdarasal ay isang kawanggawa at ang alisin ang nakapipinsalang bagay mula sa daan ay isa ring kawanggawa." (Bukhari)

ANG KAUGALIAN SA PAGBIBIRO

Ang buhay sa Islam ay hindi tulad ng ilang maling paniniwala ng di Muslim na ito ay walang anumang kasayahan o pagbibiro.

Isang kasamahan ng Propeta (ﷺ) na ang pangalan ay Handalah al Usaidi ay nagsabi:

"Nakasalubong ko si Abu Bakr at nagtanong: "Kumusta ka o Handalah? Siya ay sumagot, " Si Handalah ay naging mapagkunwari! Siya ay sumagot "Subhanallaah! Ano ba ang iyong sinasabi? Si Handalah ay nagsabi: "Kapag tayo ay kasama ng Sugo ng Allah, ipinaaalala sa atin ang tungkol sa Impiyerno at Paraiso, nguni't kapag tayo ay lumisan sa piling ng Sugo ng Allah, tayo ay nagiging abala sa ating mga asawa, mga anak at ari-arian at nakalimot tayo nang labis." Si Abu Bakr ay nagsabi" Sumpa man sa Allah, tunay na ang gayong damdamin ay nangyari sa akin. Kaya, ako at si Abu Bakr ay umalis hanggang makatagpo namin ang Sugo ng Allah. Ako ay nagsabi: 'si Handalah ay naging mapagkunwari O Sugo ng Allah. Sumagot ang Sugo ng Allah, "Paanong nangyari iyon? Ako ay nagsabi, O Sugo ng Allah kapag kami ay kasama mo, ipinaaalala mo sa amin ang tungkol sa Impiyerno at Paraiso na tila ba ito ay nasa aming paningin, nguni't kapag kami ay lumisan sa iyo, kami ay nagiging abala sa aming mga asawa, mga anak at mga ari-arian at nakalimot nang labis. Sa gayon, ang Sugo ay nagbigay puna: "Sumpa man sa Allah na Siyang may tangan ng aking kaluluwa, kung kayo ay mananatili sa gayong kalagayan kapag kayo ay kasama ko, ang mga anghel ay magsisipagbaba at babatiin ang inyong mga kamay sa inyong mga higaan at kapag kayo ay maglalakad, nguni't, O Handalah, may panahon para rito at may oras para roon (at sinabi niya ito nang tatlong ulit)." (Bukhari)

Ipinaliwanag ng Sugo ng Allah (ﷺ) na pinahihintulutan ang mabuting pagpapaligaya at pang-aaliw upang ang tao ay maging masigla ang pangangatawan at kaisipan. Tinuruan ng Sugo ng Allah (ﷺ) ang kanyang mga kasamahan ng pagbibiro nang sila ay nagtanong:

"O Sugo ng Allah, ikaw ay nakikipagbiruan sa amin?" Siya ay sumagaot: "Oo, nguni't ako ay hindi nagsasalita maliban kung ano ang tama at totoo." (Tirmidhi)

Ang Propeta (ﷺ) ay hindi lamang umaaliw at nakikipagbiruan sa kanyang mga kasamahan sa pamamagitan ng bibig; manapa'y, siya ay nakikipaglaro sa kanila. Si Anas b. Malik (رضي الله عنه) ay nagsabi: 'Isang Bedouin na nangangalang Zahir b. Haram (رضي الله عنه) ay nagbigay ng regalo sa Propeta

(ﷺ) at siya naman ay naghanda ng anumang bagay para sa kanya. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: **'Si Zahir ay ating disyerto, at tayo naman ay kanyang lungsod.'** Ang Propeta (ﷺ) ay lumapit sa kanya habang siya ay nagtitinda ng kanyang mga paninda, at ang Propeta (ﷺ) ay yumakap sa kanyang likuran at siya ay hindi niya makita. Kaya, sinabi niya: **'Bitiwan mo ako!'** Nang malaman niya na ito ay ang Propeta (ﷺ) na nakayakap sa kanya, idiniin niya ang kanyang likod sa dibdib ng Propeta! Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

'Sino ang bibili sa aliping ito mula sa akin?' Si Zahir (رضي الله عنه) ay nagsabi: **'O Sugo ng Allah, ako ay walang halaga!'** Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay sumagot: **'Ikaw ay hindi itinuturing na walang halaga ng Allah!' o kanyang sinabi: 'Ikaw ay mahalaga at mahal sa Allah.'** (Ibn Hibban)

Hindi nararapat na ang pagbibiro ay nakapipinsala o nakasasakit sa kapwa. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi:

"Hindi pinahihintulot para sa isang Muslim na takutin ang kapwa Muslim." (Abu Dawud)

Sinabi rin niya:

"Hindi dapat kuhanin ng sinuman ang gamit ng kanyang kapatid (upang galitin siya) maging ito man ay sa pagbibiro o totoo." (Abu Dawud)

Ang isang tao ay hindi nararapat magsinungaling kahit sa pagbibiro. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

"Kasawian sa isang sinungaling sa kanyang pananalita upang magpatawa sa tao. Kasawian sa kanya!" (Abu Dawud)

ANG KAUGALIAN SA PAKIKIRAMAY

Ang pakikiramay ay ipinag-utos upang damayan ang pamilya ng namatayan at upang maging magaan ang kanilang kalungkutan at siphayo. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

"Walang isang mananampalataya na dumamay sa kanyang kapatid sa sandali ng kanyang kalungkutan maliban na siya ay bibihisan ng Allah ng palamuti ng karangalan sa Araw ng Paghuhukom." (Ibn Majah)

Nararapat na ipagdasal ang pamilya ng namatay at patatagin sila na maging matiisin at ipaalala sa kanila ang gantimpala na kanilang matatanggap mula sa Allah (ﷻ) sa pagiging matiisin sa oras ng kanilang siphayo o kalungkutan. Si Osama bin Zaid (رضي الله عنه) ay nagsabi:

'Kami ay nakaupong kasama ng Sugo ng Allah. Ang isa sa kanyang anak na babae ay nagpadala ng isang tao na nagsasabing dalawin siya sapagka't ang kanyang anak na lalaki na nakaratay. Sinabihan ng Sugo ng Allah ang taong ito na sabihin sa kanya (sa anak na babae): 'Katotohanan, nasa Allah ang pagmamay-ari ng anumang Kanyang kinuha, at ipinagkaloob Niya ang lahat ng bagay na may takdang panahon. Sabihin mo sa kanya na maging matiisin at hanapin ang gantimpala ng Dakilang Allah. Ang kanyang anak na babae ay nagpadalang muli ng tao na nagsabing: 'O Propeta ng Allah! Ang iyong anak na babae ay nangako na ikaw ay nararapat pumunta.' Ang Sugo ng Allah ay tumayo, at siya ay sinamahan nina Sa'd bin Ubaadah at Mu'adth bin Jabal. Ang Sugo ng Allah ay umupo sa tabi ng bata habang siya ay naghihingalo. Ang mata ng bata ay nanlamig sa kanilang kinalalagyan tulad ng mga bato. Nang makita niya ito, ang Sugo ng Allah ay nanangis. Si Sa'd ay nagsabi sa kanya, 'Ano ba ito 'O Propeta ng Allah?' Siya ay nagsabi: 'Ito ay isang awa na inilalagay sa puso ng Kanyang mga alipin. Katotohanan, ang Allah ay Mahabagin sa mga mahabagin sa iba pa.' (Bukhari)

Nararapat na ipanalangin sa Allah (ﷻ) na kahabagan ang namatay. Si Imam Ash Saafi'I ay nalulugod sa isang nagsabi sa pamilya ng namatayan ng ganito:

"Naway ipagkaloob sa iyo ng Allah ang malaking gantimpala, igawad sa iyo ang pagtitiis, at kapatawaran ng iyong namatay (na kamag-anak)."

Nakabubuti na sila ay ipaghanda ng pagkain. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

"Ipaghanda ng pagkain ang pamilya ni Ja'far, sapagkat isang pangyayari ang dumating sa kanila na naging sanhi ng kanilang pagiging abala." (Abu Dawud)

ANG KAUGALIAN SA PAKIKIPAGTALIK SA ASAWA

At sinabi ng Propeta Muhammad (ﷺ);

"Sinuman ang may hangaring sumiping sa asawa at nagsabi (bago makipagtalik) ng; 'Sa Ngalan Mo, O Allah! pangalagaan Mo kami laban sa Satanas, at pangalagaan Mo ang (supling na) ipagkakaloob Mo sa amin'; at kung ang Allah ay magkakaloob ng anak, ang supling ay di-mapipinsala ng Satanas." (Iniulat ni Imam Bukhari).

ANG KAUGALIAN SA PAGLALAKBAY

Sinumang ang maglayong maglakbay, nararapat niyang tiyakin na ang lahat ng bagay na ipinagkatiwala sa kanya ay maibalik niya sa mga kinauukulan, bayaran ang mga pagkakautang, at iwanan ang pamilya nang sapat na kabuhayan. Nararapat din niyang ibalik ang mga bagay na kanyang kinuha sa pamamagitan ng di-makatuwirang paraan. Ang Propeta ng Allah (ﷺ) ay angsabi:

"Sinuman ang mayroong bagay na kinuha nang di-makatarungan mula sa kanyang kapatid, hayaang maging malaya siya mula rito sapagkat, katotohanan walang Dinar o Dirham (salapi) (na kinuha nang di-makatuwiran) maliban na ito ay magiging kapalit ng kanyang mabuting gawa at ito ay ipagkakaloob sa kanyang kapatid, at kung siya ay walang mabuting gawa, ang masamang gawa kukunin mula sa kanyang kapatid at ibibigay sa kanya." (Bukhari)

ANG KAUGALIAN SA PAGGAMIT NG MGA ARI-ARIAN PAMPUBLIKO

May mga kaugalian na dapat panatilihin kaugnay ng pangangalaga sa mga pampublikong ari-arian. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi kung paano ang maglakad sa mga daan. Sinabi niya:

"Mag-ingat at lumayo mula sa pag-upo sa mga daan. Sila ay nagsabi: "O Sugo ng Allah, wala kaming ibang pook na maaaring pagtipunan at mag-usap. Siya ay sumagot, "Kung ito ay inyong gawin,

ipagkaloob ang karapatan ng daan. Sila ay nagtanong "At ano ang karapatan ng daan? Siya ay sumagaot, "Ibaba ang inyong paningin (sa mga pangkat ng mga kababaihan), huwag magbigay ng pasakit sa mga (nagdaraang) iba, magbigay ng pagbati, at mag-anyaya ng kabutihan at magbawal ng kasamaan. " (Bukhari)

Nararapat ding pangalagaaan ang mga daan at huwag sirain ang mga ari-ariang pampubliko. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

"Dalawang bagay na kung saan ang tao ay isinumpa ng kapwa tao. Ang kanyang kasamahan ay nagtanong, "Ano ang dalawang bagay na kung saan isinusumpa ng tao ang kapwa tao, O Sugo ng Allah? Siya ay sumagot, "Siya na dumudumi sa mga pook na dinaraanan o (lilim na) pahingahan ng mga tao." (Muslim)

ANG KAUGALIAN SA PANGANGALAKAL

Sa pangkalahatan, ang kalakalan ay marapat at pinahihintulutan sa Islam sapagkat ito ay pagpapalitan ng mga bunga o ani sa pagitan ng namimili at nagtitinda. Nguni't kapag ang kapinsalaan ay nangyari sa isa o sa magkabilang panig, ang kalakalan ay isinasaalang-alang bilang di-marapat samakatauwid, ipinagbabawal.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

"O kayong Mananampalataya! Huwag lustayin (o sirain) ang inyong mga ari-arian nang di-makatarungan." (Qur'an 4:29)

Itinuturing ng Islam ang kinita mula sa kalakalan bilang pinakadalisay at pinakamabuting paraan ng paghahanap buhay. Ang Propeta ng Allah (ﷺ) ay tinanong kung ano ang pinakadalisay at pinakamabuting pinagkakitaan, at siya ay sumagot.

"Ang gawain ng isang tao mula sa paggamit ng kanyang sariling kamay at bawat makatotohanan at tapat na kalakal." (Haakim).

Ito ay nangangahulugan din ng anumang gawain sa pamamagitan ng pagpapatulo ng sariling pawis at pinahihintulutang hanap-buhay ay tunay na kalugod-lugod sa paningin ng Allah (ﷻ) at ito ay sadyang pinagpala.

Ipinag-uutos din ng Islam na maging makatotohanan at tapat sa pakikipagkalakalan.

"Ang isang Muslim na makatotohanan at mapagkakatiwalaan ay kasama ng mga Shaheed (martir) sa Araw ng Paghuhukom." (Haakim)

Hindi nararapat magbigay ng panunumpa kapag nakikipagkalakalan. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

"Maging maingat at iwasan ang labis na pagsumpa sa pakikipagkalakalan sapagkat kung ito ay kasinungalingan (o may bahid ng pandaraya), ang mga namimili ay bibili, nguni't gayon paman, ang pagpapala nito ay mawawala."

Ipinag-uutos din na maaaring ibalik ang binili kung hindi nasisiyahan sa biniling bagay. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

"Sinuman ang tinanggap (o kinuhang muli) ang ibinalik (na binili) ng kanyang kapatid, kukuning muli (ang parusa) ng pagkakamali niya sa Araw ng Pagkabuhay Muli." (Silsilah-AsSaheeh)

Maraming pang ibang kaugalian at asal na ipinag-uutos ng Islam. Subali't sanhi ng kakapusan, hindi namin maaaring banggiting lahat ito. Sapat na malaman na walang bagay sa buhay maliban na may mga talata ng Qur'an o Sunnah ng Propeta ang maaaring matunghayan ukol sa isang partikular na paksa. Ang dahilan dito ay sapagkat ang kabuuang buhay ng isang Muslim ay isinasaalang-alang bilang isang gawang pagsamba, at isang paraan ng pagpapaunlad ng kabutihan.

HULING PANANALITA

Ating bibigyang wakas ang aklat na ito sa pamamagitan ng pagbanggit ng mga pahayag ng dalawang tao na yumakap sa Islam. Si Ginoong Filweas ay nagsabi:

"Ang kanluran ay nagdurusa mula sa malaking ispirituwal na kahungkagan (o kakulangan) na walang prinsipiyo o pananampalataya ang maaaring magpuno nito at maghatid ng kaligayahan. Sa kabila ng kaunlaran, ang tinatawag na kaunlaran sa kabuhayan at ang kasiyahan sa pisikal na pangangailangan ng mga tao, silang mga tagakanluran ay patuloy na nagkakaroon ng kawalan ng pagpapahalaga sa buhay nito. Siya ay nagtataka: Bakit ako nabubuhay? Saan ako patutungo? Bakit? Wala pang nakapagbigay sa kanya ng kaukulang kasagutan. Hindi niya nababatid na ang lunas nito ay matatagpuan sa tamang relihiyon subali't wala siyang nalalaman tungkol dito maliban sa alinlangan at maling konsepto. Gayon paman, ang sinag ng liwanag ay nagsisimulang sumikat at ang bukang liwayway ay nagsimulang lumitaw pagkaraan na ang ilang pangkat ng tagakanluran ay nagsimulang yumakap sa Islam at ang mga tagakanluran ay nagsimulang makita ito sa kanilang sariling paningin. Lalaki at babae ay isinasabuhay ang batas ng Islam at sumusunod sa aral nito. Bawat araw, maraming tao ang yumayakap sa tunay na Relihiyon, at ito ay simula pa lamang…"

Si Deborah Potter ay nagsabi: **"Ang Islam, na Batas ng Diyos, ay isang saksi sa kalikasang nakapaligid sa atin. Ang mga kabundukan, karagatan, planeta at mga bituin ay gumagalaw sa pag-inog sa pamamagitan ng Kautusan ng Allah. Ang mga ito ay nasa kalagayan ng pagsunod (pagtalima) sa kautusan ng Allah, ang kanilang Tagapaglikha. Sila ay hindi nagsasalita o kumikilos maliban kung ano kapasiyahan ng Tagapaglikha para sa kanila. Tulad nito, ang mga nagliliitang bagay sa sanlibutan, maging ang walang buhay na bagay ay nasa kalagayan pa rin ng pagsuko (o pagtalima). Magkagayunman, ang tao ay ginawaran ng Allah ng kalayaan sa pagpili. Siya ay may kalayaang sumunod o tumalima sa kautusan ng Allah o may kalayaang talikdan ito at pumili ng sariling relihiyon. Nakalulungkot man, higit na pinili ng iba ang ikalawang pagpipilian.**

Kahit na yaong mga Kristiyano Orientalist at 'preachers' na nagtangkang sirain ang Islam sa simula ng kanilang gawain ay yumakap na rin sa Islam pagkaraang pag-aralan at maunawaan ang mga aral nito. Ito ay saksi sa katotohanan, na hindi kailanman mapag-aalinlanganan. "

TALASALITAAN

1. Aqeedah: Prinsipyo o Batayan ng Islam.

2. **Bid'aah: mga pagbabagong gawain na salungat sa aral ng Islam**.

3. Dinar & Dirham: uri ng salapi.

4. Fareedhah: isang uri ng pagsamba na dapat gampanan bilang pananagutan o tungkulin.

5. Fitnah: Mga pagsubok, kahirapan.

6. Hadeeth: Salaysay na pinagkukuhanan ng mga salita at gawain ng Propeta (ﷺ).

7. Hawdh: Ang lawa na iginawad sa Propeta (ﷺ) sa Araw ng Pagkabuhay Muli. Sinuman ang uminom mula rito nang minsan ay hindi na muling mauuhaw kailanman.

8. Hudood: Karampatang Parusa sa Islam.

9. Hukum: Hatol.

10. Ijtihaad: Sa pangkalahatang kahulugan, ito ay pagsusumikap o pagtatangka. Sa aklat na ito tinutukoy ang pagsusumikap na maabaot ang kapasiyahan tungkol sa isang kaso o pangyayari.

11. I'tikaaf: ito ay tumutukoy sa paglisan mula sa mga gawain upang mapag-isa. I'tikaaf ay isang uri ng pagsamba na ang isang tao ay nananatiling mag-isa sa loob ng Masjid at gumagawa ng iba't ibang uri ng pagsamba tulad ng Salaah, pagbasa ng Qur'an, pagbibigay papuri sa Allah (ﷻ).

12. Iman: Pananampalataya.

13. Jannah: Ang Pinagpalang Hardin sa Kabilang Buhay na ipinagkakaloob sa mga mabubuting alipin ng Allah (ﷻ). Kung minsan ay pahapyaw na isinasalin sa tawag ng 'Paraiso'.

14. Jawami al-Kalim: Maikli nguni't makahulugang salita. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsasalita lamang ng maikli nguni't malinaw at may mahalagang aral at kahulugan.

15. Kufr: Kawalan ng pananampalataya.

16. Nafl: Mga Kusang-loob na gawain sa pagsamba.

17. Shaitan: Satanas.

18. Shari'ah: Ang Batas ng Islam.

19. Shirk: Ang Pagbibigay katambal sa Allah (ﷻ) sa pagsamba sa Kanya.

20. Sunnah: May higit sa isang kahulugan. Tinutukoy nito ay:

a. Mga kaugalian ng Propeta Muhammad (ﷺ).

b. Mga Pinagtibay na Pasiya; i.e. mga gawaing sinang-ayunan ng Sunnah.

21. Taqwa: Mapitagang Takot sa Alah.

22. Taraweeh. Mga pagdarasal sa gabi sa buwan ng Ramadhan

23. Ummah: Pamayanan.

Paunawa mula sa mga Tagasalin ng Tagalog:

"Ang mga isinaling talata mula sa Banal na Qur'an at sa mga Hadith at Sunnah ng Sugo ng Allah (ﷺ) ay mga pawang paliwanag ng mga tagasalin na inaakalang pinakamalapit sa pagpapakahulugan. Ang mga orihinal na Salita ng Allah (ﷻ) (ang Qur'an) at ang mga Hadith at Sunnah ng Propeta (ﷺ) ay makikita lamang sa mga orihinal na Arabik na pagkasulat."

Nawa'y tanggapin ng Dakilang Allah ang aming hamak na pagsisikap at patawarin kami sa aming mga pagkakamali." **Amee**

والحمد لله رب العالمين

وصلى الله وسلم على نبينا محمد وآله وسلم

Lahat ng Papuri at pagsamba ay nauukol lamang sa Allah, ang Rabb (Panginoon) ng mga Daigdig at nawa'y purihin at itampok ng Allah ang pagbanggit sa Kanyang Propeta (ﷺ) at ang kanyang pamilya at iligtas siya mula sa anumang kasamaan.

Kung nais ninyong tumanggap ng anumang kaalaman tungkol sa Islam huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa amin:

- Email: **info@islamland.com**

